# PAGKASASERDOTENG AARON

## Manwal 3

# PAGKASASERDOTENG AARON

Manwal 3

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw

© 1995 ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.
Inilimbag sa Pilipinas.
Pagsang-ayon sa Ingles: 1/92
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 1/92
Pagsasalin ng Aaronic Priesthood Manual 3
Tagalog

# Mga Nilalaman


| Bilang at Pamagat ng Aralin | | Page |
|---|---|---|
| | Sa Tagapayo | v |
| 1 | Ang Panguluhang Diyos | 1 |
| 2 | Ang Plano ng Kaligtasan | 5 |
| 3 | Mga Anak na Lalaki ng Diyos na Buhay | 10 |
| 4 | Ako ay May Kakayahan at Kalayaang Pumili | 13 |
| 5 | “Paano Ka Nahulog Mula sa Langit, O Lucifer!” | 18 |
| 6 | Ang Pagkahulog ni Adan | 22 |
| 7 | Ang Pagbabayad-sala ay Nagdudulot ng Tagumpay sa Kamatayan at Impiyerno | 27 |
| 8 | Ang Pagkabuhay na Mag-uli at Paghuhukom | 31 |
| 9 | Katarungan at Awa | 34 |
| 10 | Isang Malaking Pagbabago | 40 |
| 11 | Sapat na Pananampalataya Upang Magtamo ng Buhay na Walang-hanggan | 43 |
| 12 | Pagsisisi | 47 |
| 13 | Pagtanggap ng Kapatawaran Habang Tayo ay Nagpapatawad | 52 |
| 14 | Ang Sakramento | 58 |
| 15 | Pagtitiis Hanggang sa Wakas | 63 |
| 16 | Jesucristo, ang Buhay at Liwanag ng Daigdig | 69 |
| 17 | Ang Espiritu Santo | 72 |
| 18 | Panalangin | 75 |
| 19 | Pag-aayuno | 81 |
| 20 | Ikapu—Isang Espirituwal na Pagsubok | 86 |
| 21 | Ang Ginagampanan ng Korum | 92 |
| 22 | Mga Tungkulin ng mga Saserdote | 96 |
| 23 | Paghahanda Para sa Pagkasaserdoteng Melquisedec | 100 |
| 24 | Sundin ang Propeta | 105 |
| 25 | Bawat Kabataang Lalaki ay Dapat Magmisyon | 112 |
| 26 | Mga Pagpapala ng Kalinisang Puri | 120 |
| 27 | Ang Katawan ay Isang Templo | 126 |
| 28 | Paglabanan ang Tukso | 131 |
| 29 | Pagtupad sa Sabbath | 138 |
| 30 | Ang Kababaihan ay Itinatangi ng Isang Maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron | 142 |
| 31 | Pagpili ng Magiging Kasama sa Walang-hanggan | 147 |
| 32 | Paghahanda Para sa Endowment sa Templo | 152 |
| 33 | Kasal na Selestiyal—Isang Paghahanda Para sa Kawalang-hanggan | 158 |

| | | |
|---|---|---|
| 34 | Pagsunod | 162 |
| 35 | Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo | 167 |
| 36 | Mga Basbas Patriyarkal | 171 |
| 37 | Mga Bunga at mga Kaloob ng Espiritu | 175 |
| 38 | Ang Dalisay na Pag-ibig ni Cristo | 179 |
| 39 | Pagpapakabusog sa mga Salita ni Cristo | 184 |
| 40 | Paggawa ng Gawaing Misyonero | 188 |
| 41 | Pagiging Higit na Katulad ng Ating Tagapagligtas | 193 |
| 42 | Pagiging Mapagpakumbaba at Madaling Turuan | 197 |
| 43 | Mga Kaisipan at Pananalita | 202 |
| 44 | Paglilingkod sa Iba | 206 |
| 45 | Pagpapatibay sa mga Patotoo sa Pamamagitan ng Pagbibigay ng mga Ito | 210 |
| 46 | Mabisang Pagtuturo sa Tahanan | 214 |
| 47 | Katapatan | 218 |
| 48 | Paghahanda sa Paglilingkod sa Pamamagitan ng Edukasyon | 221 |
| 49 | Tayo ay May Kahanga-hangang Pamana | 224 |
| 50 | Sa Tagapayo ng Korum: Pagbuo ng mga Aralin mula sa mga Talumpati sa Pangkalahatang Komperensiya | 228 |

# Sa Tagapayo

Ang mga araling ito ay nilayon upang tulungan ang mga kabataang lalaki na matutuhan ang ebanghelyo at tumulong na gawing kasiya-siya at makabuluhan sa kanila ang mga pulong ng Pagkasaserdoteng Aaron. Maaari mong naising gamitin ang manwal na ito upang turuan ang bawat korum ng mga saserdote, mga guro, at mga diyakono, o maaari mong gamitin ito upang turuan ang pangkat ng lahat ng tatlong korum. Sa pamamagitan ng may panalanging paghahanda ng mga aralin, matutulungan mo ang mga kabataang lalaki na ganaping mabuti ang kanilang mga tungkulin sa Pagkasaserdoteng Aaron at tunay na maging mga anak na lalaki ng Diyos (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:26–42 at Juan 1:12–13).

Ang manwal na ito ay naglalaman ng limampung aralin—higit sa maituturo mo sa buong taon. May pananalanging piliin ang mga aralin na tutugon sa mga pangangailangan ng mga kabataang lalaki na tinuturuan mo. Ang ilang mga aralin ay maaaring higit na angkop para sa mga saserdote, samantalang ang iba ay maaaring higit na angkop para sa mga diyakono o mga guro. Bagaman hindi mo magagamit ang lahat ng aralin at maaaring hindi mo maituro ayon sa pagkakaayos ng mga ito sa manwal, tiyakin na matatalakay mo ang lahat ng mga paksa sa ibang araw sa buong taon upang tiyakin ang pagkatimbang na halos katulad sa pag-aaral ng ebanghelyo.

**MGA SUSI SA MATAGUMPAY NA PAGTUTURO**

Upang magamit nang mabuti ang mga aralin sa manwal na ito, gamitin ang sumusunod na mga susi sa matagumpay na pagtuturo:

1. Ituon ang pansin sa Tagapagligtas. Tinuturuan mo ang mga kabataang lalaki na maging mga disipulo ni Cristo. Hindi sapat na turuan lamang sila ng tungkuling pagkasaserdote o isang tunay na alituntunin; kailangan nilang maunawaan na ito ang nais ng Panginoon na gawin nila bilang mga disipulo niya, sa pananampalataya sa kanya at pagmamahal sa kanya.
2. Hangarin ang Espiritu. Hilingin mo ang tulong ng Ama sa Langit habang inihahanda mo at inilalahad ang mga araling ito. Ipinangako ng Panginoon, "At ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng *pananalangin nang may pananampalataya;* at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo" (Doktrina at mga Tipan 42:14). Ang Espiritu ay magiging pinakamalakas kapag nagpapatotoo kayo kay Cristo, nagtuturo ng pagkadisipulo, at nagtuturo at nagpapatotoo mula sa inyong sariling karanasan bilang disipulo niya.
3. Isali ang mga pangulo ng korum. Dapat ituro ng mga pangulo ng korum ng Pagkasaserdoteng Aaron sa mga kasapi ng kanilang korum ang mga tungkulin ng pagkasaserdote (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 107:85–87). Ang mga pangulo ng korum, sa tulong mo, ay dapat magpasiya kung aling mga aralin ang ibibigay at sa anong pagkakasunud-sunod. Ang mga kalihim ng korum ay dapat mag-ingat ng mga talaan, marahil ay sa isang kalendaryo, upang maiwasan ang pag-uulit ng mga aralin.
4. Mahalin ang mga kabataang lalaki. Magkaroon ng isang wagas na pagmamahal para sa bawat kabataang lalaki na tinuturuan mo. Ipakita ang pagmamahal mo sa lahat ng iyong ginagawa maging sa loob at labas ng silid-aralan. Kilalanin ang bawat kabataang lalaki, ang kanyang mga hilig, at ang mga hamon sa kanya.
5. Maging handa. Pag-aralan ang bawat aralin ng mga dalawa o tatlong linggo man lamang bago ilahad ang mga ito. Kung patatagalin mo ang paghahanda ng mga araling ito hanggang Sabado bago ituro ang mga ito, hindi na magiging mabisa ang iyong klase. Pansinin lalo na ang bahaging "Paghahanda" sa simula ng bawat aralin.

Kung kasama ang mga kuwento, basahin ang mga ito ng ilang ulit habang inihahanda ang aralin upang maunawaan mo ang mga ito at maituro ito nang mahusay. Nilalayon ng mga kuwento at halimbawa na ibinigay sa mga araling ito na maunawaan ng mga kabataang lalaki kung paano maisasagawa ang mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuturo sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Habang may panalangin mong inihahanda at itinuturo ang iyong mga aralin, maaari mong madama na palitan ang mga kuwento ng mga halimbawa mula sa iyong sariling karanasan o ibang mapagkakatiwalaang pinagkukunan. Kapag ginagawa ang ganito, palaging isaisip ang layunin. Anumang mga kuwento na idaragdag mo ay dapat na tumulong at magturo ng alituntuning tinukoy sa layunin ng aralin.

Kapag naaangkop, gamitin ang polyeto at kard na *Para sa Lakas ng Kabataan* (34285 at 34287) upang madagdagan ang iyong mga aralin. Tulungan ang mga kabataang lalaki na masanay sa mga pamantayan na nasa polyeto. Himukin ang mga kabataang lalaki na basahin ito nang madalas at sundin ang mga pamantayan na ipinaliwanag dito.

---

**MGA KARAGDAGANG MUNGKAHI**

Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong na gawing higit na kawili-wili at mabisa ang bawat aralin:

1. Gamitin ang mga banal na kasulatan. Himukin ang mga kabataang lalaki na dalhin ang kanilang mga banal na kasulatan sa pulong pangsaserdote bawat linggo. Maghanda ng mga pangmarkang lapis upang magamit nila sa bawat aralin.
2. Himukin ang talakayan. Anyayahan ang mga kabataang lalaki na malayang tumugon at magtanong. Kilalanin ang naitutulong ng bawat kabataang lalaki upang naisin niyang makisali sa hinaharap.
3. Iangkop ang mga aralin sa inyong mga kalagayan. Gumamit ng mga paraan ng pagtuturo na makawiwili sa mga kabataang lalaking tinuturuan mo. Magmasid sa mga pangyayari sa buhay ng mga kabataang lalaki o sa buhay ng mga taong kilala nila na tutulong na maging napapanahon sa kanila ang mga aralin. Paminsan-minsan, maaari mong kailanganing iangkop ang mga kuwento at mga halimbawa upang maiangkop sa inyong mga kalagayang pangkultura.

   Upang tulungan ang mga kabataang lalaki na matutuhan ang mga salita ng buhay na propeta, maaari mong naising isaayos ang iyong sariling aralin na ginagamit ang isang talumpati na ibinigay sa pangkalahatang komperensiya. Sa paggamit ng mga patnubay na ibinigay sa aralin 50, makabubuo ka ng mga araling makatutugon sa mga pangangailangan ng mga kabataang lalaki sa inyong korum.

   Maaari mong malaman na ang ilan sa mga aralin ay nagtataglay ng napakaraming materyal upang ituro sa isang oras na klase. Sa mga kalagayang ito, piliin ang mga materyal na kailangan ng mga kabataang lalaki, o gamitin ang higit sa isang pulong upang ilahad ang aralin.
4. Gamitin ang mga larawang kasama sa manwal. Pamalagiing nakakabit sa likod ng manwal na ito ang mga larawang nasa likod ng manwal. Huwag pipilasin ang mga ito. Gamitin ang mga ito sa mga angkop na aralin. Karamihan sa mga larawan sa manwal ay makukuha rin bilang bahagi ng Pakete ng mga Larawan ng Sining ng Ebanghelyo (34730). Mahihiling mo ang pakete mula sa Sentro ng Pamamahagi ng Salt Lake o mailalabas ang mga larawan mula sa aklatan ng inyong bahay-pulungan. Maaari ring magkaroon ng mga larawan na magagamit mo upang dagdagan ang mga kuwento sa banal na kasulatan ang aklatan ng bahay-pulungan.
5. Gamitin ang tisa at pisara. Bago magsimula ang bawat klase, tingnan kung paano mo pinakamabuting magagamit ang pisara upang mapagbuti ang iyong aralin. Kapag ginagamit ang pisara, isulat lamang ang mga mahahalagang salita mula sa mahahabang pangungusap.
6. Magbigay ng mga hamon at sundan ang mga ito. Tapusin ang bawat aralin sa isang tiyak na hamon. Sundan ang mga kabataang lalaki, at himukin silang tugunin ang hamon. Anyayahan silang iulat ang kanilang mga tagumpay sa pagtugon sa mga hamon.

7. Gamitin ang mga makukuhang magasin ng Simbahan. Ang *New Era, Ensign*, at mga pandaigdig na magasin ay naglalaman ng maraming kilalang kuwento at mga lathalain na maaaring makatulong na mapagbuti ang ilang mga aralin sa manwal na ito. Ang tiyak na makatutulong ay mga lathalain na nagtataglay ng mga talumpati na ibinigay ng mga Pangkalahatang Awtoridad ng Simbahan sa pangkalahatang komperensiya.
8. Gamitin ang mga bigay-sipi. Ang mga bigay-sipi ay nakalagay sa hulihan ng ilang mga aralin upang tulungan ang mga kabataang lalaki na matuto at maalala ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Kapag angkop, gumawa ng mga kopya ng mga bigay-sipi upang magamit sa bawat aralin.

## ANG PANGULUHAN NG KORUM NG MGA DIYAKONO AY DUMADALAW SA KLASE NG PRIMARYA

May pananagutan ang panguluhan ng korum ng mga diyakono na ihanda ang ibang kabataang lalaki na tumanggap ng pagkasaserdote. Himukin ang panguluhan na gumawa ng ilang maiikling pagtatanghal sa klase ng Primarya na dinadaluhan ng mga nakababatang batang lalaking ito. Ang mga pagtatanghal na ito ay dapat na may tatlong layunin:

1. Upang bigyan ang panguluhan ng korum ng mga diyakono ng karanasan sa pagtuturo sa mga nakababatang batang lalaki.
2. Upang tulungan ang mga nakababatang batang lalaki na naghahandang tumanggap ng pagkasaserdote na maunawaan ang mga tungkulin at mga pagpapala ng Pagkasaserdoteng Aaron. Dapat bigyang-diin ng korum ng panguluhan ang kagalakan at kasiyahan na nagmumula sa paglilingkod, at ang kahalagahan ng pagiging isang mabuting halimbawa.
3. Upang tulungan ang mga nakababatang batang lalaki na maunawaan na sila ay malugod na tatanggapin sa korum.

Ang panguluhan ay maaaring magbigay ng mga paglalahad na katulad ng dalawang iminungkahi sa ibaba:

*Ang Diyakono ay Naglilingkod sa Iba*

Ang panguluhan ng korum ng mga diyakono ay maaaring maghanda ng isang dalawampung-minutong paglalahad na nagpapaliwanag kung paano naglilingkod ang mga diyakono sa iba sa pamamagitan ng pagtupad sa kanilang mga tungkulin sa pagkasaserdote; sa paglalahad na ito, maaari nilang ibahagi ang kagalakan at kasiyahan na nagmumula sa paglilingkod. Maipaliliwanag ng panguluhan ng korum kung paano pinagpapala ang buhay ng mga kasapi ng purok ng pagpapasa ng sakramento at paglikom ng handog-ayuno. Maaari rin silang mag-ulat sa mga tiyak na proyekto.

*Maging Isang Halimbawa*

Ang panguluhan ng korum ng mga diyakono ay maaaring maghanda ng isang dalawampung-minutong paglalahad tungkol sa kahalagahan ng pagiging isang mabuting halimbawa bilang isang nagtataglay ng pagkasaserdote na kumakatawan kay Jesucristo. Maipaliliwanag ng panguluhan ng korum ang kahalagahan ng pagpapakita ng isang mabuting halimbawa sa pananamit at kilos, lalo na kapag nagpapasa ng sakramento at naglilikom ng mga handog-ayuno.

Ang tagapayo at ang panguluhan ng korum ng mga diyakono ay dapat makipagkita sa guro sa Primarya upang magplano ng mga ilalahad bago ibigay ng panguluhan ang mga ito. Ang mga pagdalaw sa mga klase ng Primarya ay dapat na ipakipag-ugnayan sa pangulo ng Primarya.

## MGA NATATANGING PATNUBAY PARA SA PAGSASALI SA MGA MAY KAPANSANAN

Ipinakita ng Tagapagligtas sa atin ang damdamin at pagpapakita ng pagmamalasakit sa mga may kapansanan. Nang dalawin niya ang mga Nefita pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli ay sinabi niya:

"Mayroon bang maykaramdaman sa inyo? Dalhin sila rito. Mayroon ba sa inyong pilay, o bulag, o lumpo, o baldado, o ketongin, o mga may dinaramdam (natutuyo), o yaong mga bingi, o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo" (3 Nefias 17:7).

Bilang isang guro sa isang silid-aralan sa Simbahan, ikaw ay nasa pinakamabuting kalagayan upang magpakita ng pagmamalasakit. Bagaman hindi ka sinanay upang magbigay ng tulong ng isang dalubhasa, bilang isang guro ay makakikilos ka bilang nakauunawa at nangangalagang impluwensiya sa buhay ng mga may kapansanan. Kailangan mo ang pagmamalasakit, pang-unawa, at pagnanasang isali, hangga't maaari, ang bawat kasapi ng klase sa mga gawain sa pag-aaral.

Ang mga kasapi na may kapansanan ay maaaring hamunin ng mga kapansanan sa pag-aaral, mga kahinaang pangkaisipan, mga suliranin sa wika o salita, pagkawala ng paningin o pandinig, mga suliranin sa pag-uugali at panlipunan, sakit sa isipan, mga suliranin sa pagkilos, o mga paulit-ulit na masamang kalusugan. Sa kabila ng indibiduwal na kalagayan, ang bawat kasapi ng klase ay kabahagi sa iisang pangangailangan na mahalin at tanggapin, na matutuhan ang ebanghelyo, na makisali ng matagumpay, at maglingkod sa iba. Ang mga sumusunod ay mga ideyang dapat isaisip kapag nagtuturo sa mga batang may kapansanan.

- Huwag tumingin sa kapansanan at sa halip ay kilalanin ang tao. Maging natural, palakaibigan, at magiliw.

- Alamin ang mga tiyak na kalakasan gayundin ang mga hamon ng isang tao.

- Sikaping mabuti na turuan at paalalahanan ang bawat kasapi ng klase ng tungkol sa kanyang pananagutan na igalang ang bawat ibang kasapi ng klase. Ang pagtulong sa isang kasapi ng klase na may kapansanan ay maihahalintulad sa karanasan ni Cristo sa pag-aaral para sa buong klase.

- Alamin ang mga pinakamabuting paraan upang turuan ang kasapi ng klase sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga magulang, sa ibang mga kasapi ng mag-anak, at, kung naaangkop, sa taong nasa klase mo.

- Bago tawagin ang mga kasaping may kapansanan na bumasa, manalangin, o makisali sa ibang paraan, tanungin sila kung ano ang pakiramdam nila sa pakikisali sa klase. Bigyang-diin ang mga kakayahan at mga talino ng bawat tao at humanap ng mga paraan na ang bawat isa ay makasali nang maginhawa at matagumpay.

- Iangkop ang mga materyal at pisikal na kapaligiran ng aralin upang matugunan ang kani-kanyang mga pangangailangan ng mga kasaping may kapansanan.

# Ang Panguluhang Diyos

# 1

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki kung paano magkakahiwalay na nilalang ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo, ngunit iisa sa isipan, kapangyarihan, karunungan, at layunin.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 3:16–17; Juan 14:16–17; 17; Mosias 15:1–4; Eter 3:6–17; Doktrina at mga Tipan 130:22; 131:7–8; Moises 1:39; at Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–20.
2. Mga Kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**ANG PANGULUHANG DIYOS AY BINUBUO NG TATLONG MAGKAKAIBANG TAO**

Kalagayan at talakayan

Ipaliwanag na dalawang misyonero ang nagtuturo sa isang ministro ng ibang pananampalataya tungkol sa Simbahan at sa mga pangunahing doktrina. Habang tinuturuan nila siya tungkol sa Panguluhang Diyos at sa magkakahiwalay na nilalang—ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo—ang ministro ay humingi sa kanila ng Aklat ni Mormon. Ipinabasa niya sa kanila ang Mosias 15:1–4.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang siping ito.

Sinabi ng ministro na sa wari ay sinasabi ng mga talatang ito na si Jesucristo at ang Ama sa Langit ay iisang tao.

• Paano ninyo sasagutin ang ministro?

Ipatalakay ito nang maikli sa mga kabataang lalaki. Pagkatapos ay ituro na nagkaroon ng kalituhan tungkol sa puntong ito sa panahon ng Pagtalikod sa Katotohanan ng mga naunang simbahang Kristiyano. Isang kapulungan ng mga pinuno ng simbahan ang nagpasiya na ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay magkaibang pagpapakita ng iisang nilalang. Karamihan sa mga simbahang Kristiyano ngayon ay naguguluhan tungkol sa katangian ng Panguluhang Diyos. Ipaliwanag na ang araling ito ay tutulong sa kanila na higit na maunawaan ang tunay na katangian ng Panguluhang Diyos.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Basahin at talakayin ang pangitain ni Propeta Joseph Smith na nakatala sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–20.

Ipaliwanag na ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ay tatlong magkakahiwalay na nilalang, ngunit sila ay nagkakaisa sa isang layunin. Sinisikap nilang iligtas at padakilain ang bawat isa sa atin. Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Juan 17:20–23.

• Paano inilalarawan ng mga talatang ito ang pagkakaisa o kaisahan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo?

Anyayahan ang mga kabataang lalaki na talakayin ang ideyang ito. Tulungan silang makita na ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ay iisa sa layunin—nagkakaisa sa ginagawa nila. Ipaliwanag na ang kalooban ng Ama sa Langit ay kalooban ni Jesucristo at ng Espiritu Santo. Dahilan sa hindi tinatanggap ng ibang mga simbahan ang makabagong paghahayag na ito tungkol sa kaisahan ng Panguluhang Diyos, ang mga simbahang ito ay naguguluhan at naniniwala na ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ay iisang espiritu.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na ang Doktrina at mga Tipan 130:22 ay nagbibigay sa atin ng paglalarawan ng mga katangiang pisikal ng mga kasapi ng Panguluhang Diyos. Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang talatang ito habang minamarkahan ito ng iba sa kanilang mga banal na kasulatan.

- Ano ang mga pisikal na kaibahan ng mga kasapi ng Panguluhang Diyos? (Ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay may kani-kanyang katawang laman at buto. Maaaring mapansin ng mga kabataang lalaki na hindi binabanggit ng banal na kasulatan ang dugo, at maaari nilang naising pag-usapan ang bagay na ito. Maaari mong tukuyin na ang dugo ay dito lamang sa ating makalupang imortal na buhay. Dapat din nilang mapansin na ang Espiritu Santo ay isang persona na espiritu, na nagbibigay sa kanya ng kakayahang manahan sa atin. Mahalagang bahagi ito ng kanyang ginagampanan upang makipagtalastasan sa atin ng espiritu sa espiritu.)

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 131:7–8.

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang Espiritu Santo ay isang persona na espiritu at walang pisikal na katawang laman at buto. Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na ang espiritu ay kamukha ng isang katawan at binubuo ng bagay.

Basahin ang Eter 3:6–17.

Ipaliwanag na bago isinilang si Jesucristo sa daigdig, mayroon lamang siyang espiritu. Bago siya isinilang, nagpakita siya sa kapatid [na lalaki] ni Jared. Nagulat ang kapatid [na lalaki] ni Jared na nakikita niya ang Tagapagligtas. Ipinakita ni Jesucristo ang kanyang espiritu, na kamukha ng pisikal na katawan na tatanggapin niya sa daigdig.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na ang mga ulat sa banal na kasulatan hinggil sa pagbibinyag kay Jesucristo ay malinaw na nagpapakita na ang mga kasapi ng Panguluhang Diyos ay magkakahiwalay na tao. Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mateo 3:16–17.

- Paano inihayag ng bawat kasapi ng Panguluhang Diyos ang sarili niya sa oras na ito? (Si Jesucristo mismo ang nakatayo sa ilog, ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng kanyang tinig, at ang Espiritu Santo na bumababa katulad ng isang kalapati at dumadapo kay Jesucristo.)

Ipaliwanag na tinagubilinan ni Jesucristo ang kanyang mga disipulo na magbinyag "sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo." Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mateo 28:19.

Talakayan sa pisara

- Ano ang natutuhan natin tungkol sa Panguluhang Diyos mula sa mga banal na kasulatan na nabasa natin?

Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng—

1. May tatlong magkakahiwalay na Nilalang sa Panguluhang Diyos.
2. Sila ay nagkakaisa sa layunin.
3. Ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay may mga katawang laman at buto.
4. Ang Espiritu Santo ay isang persona ng espiritu.
5. Makapananahan ang Espiritu Santo sa atin.

---

**Mga Pananagutan at Pagkakaisa ng Panguluhang Diyos**

Talakayan sa mga banal na kasulatan at sa pisara

Ipabasa nang tahimik sa mga kabataang lalaki ang Moises 1:39.

- Ano ang pangunahing layunin ng bawat kasapi ng Panguluhang Diyos?

Linawin na ang mga kasapi ng Panguluhang Diyos ay sama-samang gumagawa upang tulungan tayong magtamo ng buhay na walang-hanggan. Ipaliwanag na bagaman sama-sama silang gumagawa, may magkakahiwalay silang ginagampanan.

Isulat sa pisara ang *Diyos Ama, Jesucristo*, at *Ang Espiritu Santo.* Mag-iwan ng puwang sa ilalim ng bawat pamagat upang sulatan ng mga puna.

- Paano naiiba ang ginagampanan ng Ama sa Langit sa mga ginagampanan ng ibang kasapi ng Panguluhang Diyos?

Talakayin ang mga sumusunod na bagay, at ibuod ang mga ito sa pisara sa ilalim ng Diyos Ama:

1. Siya ang Walang-hanggang Ama ng ating mga espiritu.
2. Nananalangin tayo sa kanya.

   Ipaliwanag na si Jesucristo ay nagpakita ng halimbawa ng madalas na pananalangin sa Ama sa Langit. Tiyak na kung ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay iisang nilalang, hindi maaaring nanalangin si Jesucristo sa sarili niya.

   Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang panalangin ni Jesucristo sa Halamanan ng Getsemani mula sa Mateo 26:39. Talakayin kung paano ipinakikita ng talatang ito na magkahiwalay na nilalang ang Ama sa Langit at si Jesucristo.
3. Pinangalanan siyang Elohim.

   Ipabasa sa isa pang kabataang lalaki ang panalangin ni Jesucristo habang nagdurusa siya sa krus mula sa Marcos 15:34. Muli, si Jesucristo ay nananalangin sa Ama sa Langit, na ang pangalan ay Elohim.
4. Siya ay "Diyos kaysa lahat ng mga Diyos."

   Ibahagi ang mga sumusunod na sipi:

   "Ang Elohim . . . ay ginagamit rin bilang dinakilang pangalan na katawagan ng Diyos na Walang-hanggang Ama, isang paggamit na nangangahulugan ng kanyang kataas-taasan at walang-hanggang kapangyarihan, siya sa pagiging Diyos higit sa lahat ng mga Diyos" (Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine,* ika-2 limbag [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1966], p.224).

- Ano ang dapat isama sa ilalim ng *Jesucristo* sa pisara?

Linawin na si Jesucristo ay—

1. Ang Panganay na Anak ng Ama sa Langit sa espiritu.
2. Ang Tanging Bugtong na Anak ng Ama sa Langit sa laman.
3. Ang Lumikha ng langit at lupa sa ilalim ng patnubay ng Ama sa Langit.
4. Ang Tagapagligtas at Manunubos ng sangkatauhan.

- Paano tiningnan ni Jesus ang sarili niya kaugnay ng Ama?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Juan 14:28 upang makatulong sa pagsagot ng tanong na ito.

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ipinakikita ng banal na kasulatang ito ang malapit na kaugnayan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo at nauunawaan ni Jesucristo na higit na dakila kaysa sa kanya ang Ama sa Langit. Handa si Jesucristo na ibigay ang lahat ng kaluwalhatian sa Ama sa Langit.

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Juan 14:16–17 at Juan 15:26.

- Ano ang mga pananagutan ng Espiritu Santo?

Tiyaking linawin at isulat sa pisara na ang Espiritu Santo ay—

1. Isang taga-aliw.
2. Isang saksi o tagapagpatotoo.
3. Isang guro.
4. Isang tagaganyak upang tulungan tayong maalala ang mga bagay.

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na bagaman maaari ring gawin ng ibang kasapi ng Panguluhang Diyos ang mga tungkuling ito, ang pangunahing pananagutan ay nasa Espiritu Santo.

Basahin at talakayin ang dakilang panalangin na inialay ni Jesucristo sa Ama sa Langit ayon sa pagkakatala sa Juan 17. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na sa banal na kasulatang ito, si Jesucristo ay nananalangin na lahat nawa tayo ay magkaisa sa pagmamahal katulad ng pagkakaisa nila ng Ama sa Langit.

## Katapusan

| | |
|---|---|
| Patotoo | Ibahagi ang iyong patotoo sa katunayan ng tatlong kasapi ng Panguluhang Diyos. Magpatotoo tungkol sa kanilang pagmamahal sa bawat kabataang lalaki at sa kanilang pagnanais na ang bawat kabataang lalaki ay magtamo ng buhay na walang-hanggan. Ipahayag kung gaano magiging kamangha-mangha kung mahal nating lahat ang isa't isa katulad ng pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo sa isa't isa. |
| Hamon | Hamunin ang mga kabataang lalaki na damahin ang pagkanaririto ng Ama sa Langit habang nananalangin sila sa kanya sa pangalan ni Jesucristo. Hamunin sila na magsikap na maging karapat-dapat sa palagiang pagsama ng Espiritu Santo. |

# Ang Plano ng Kaligtasan

# 2

**LAYUNIN**

Higit na mauunawaan ng bawat kabataang lalaki ang plano ng kaligtasan, na itinatag ng Ama sa Langit para sa kaluwalhatian at kadakilaan ng tao.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Job 38:7; Doktrina at mga Tipan 14:7; 27:15–18; 138:12–14, 20–21, 27, 30; Moises 1:39; at Abraham 3:24–28.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Lapis para sa bawat kabataang lalaki.
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Gawan ang bawat kabataang lalaki ng kopya ng tsart na "Ang Plano ng Kaligtasan" mula sa bigay-sipi sa hulihan ng aralin.
4. Ipalabas ang *videocassette* na *Our Heavenly Father's Plan* (53031) kung makukuha ito sa inyong pook.

**PAALALA**

Maaaring kailanganin mo ang higit sa isang linggo upang ilahad ang araling ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Mahalaga ang Pagpaplano para sa Tagumpay

Talakayan

• Kung ninais mong magtayo ng bahay, ano ang maaaring pinakamahalagang bagay na kakailanganin mo bago mo masimulan ang pagtatayo? (Isang plano para sa pagtatayo.)

• Ano ang marahil ay mangyayari kung wala kang plano?

Ipaliwanag na kung gaano tayo sadyang nangangailangan ng isang plano para sa pagtatayo ng bahay, gayundin natin kailangan ang isang plano para sa ating mga sariling buhay. Napakahalaga ng pagpaplano kung kaya ang Ama sa Langit ay naglahad ng isang tiyak na plano para sa ating buhay bago nilikha ang daigdig.

• Ano ang pangalan ng plano na inilahad sa atin ng ating Ama sa Langit? (Ang plano ng kaligtasan, o plano ng pagtubos.)

Sipi

Basahin ang sumusunod na pahayag mula kay Pangulong Spencer W. Kimball:

"Bago nilikha ang daigdig na ito, ang Panginoon ay gumawa ng plano, katulad ng gagawin ng sinumang malaking kontratista bago magtayo ng gusali. Ginawa niya ang mga plano, isinulat ang mga detalye, at inilahad ang mga ito. Binalangkas niya ito at tayo ay naugnay sa kanya. . . . Kasama tayong lahat sa kalipunang iyon" (*The Teachings of Spencer W. Kimball*, inihanda upang mailathala ni Edward L. Kimball [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1982], p. 29).

### Ang mga Bahagi ng Plano ng Kaligtasan

Bigay-sipi

Ipamigay ang kopya ng tsart na "Ang Plano ng Kaligtasan" at isang lapis sa bawat kabataang lalaki. Ipaliwanag na marahil ang plano ng ating Ama sa Langit ay katulad nito. Habang nagpapatuloy kayo sa talakayan, ipabigay sa mga kabataang lalaki ang mga tamang pangalan para sa iba-ibang bahagi ng plano at isulat ang kanilang mga sagot sa tabi ng tamang bilang sa tsart.

Ang sumusunod ay sagot para sa tsart:

1. Buhay bago ang buhay sa daigdig
2. Pagsilang (tabing)
3. Buhay sa daigdig
4. Kamatayan
5. Paraiso
6. Bilangguan
7. Pagkabuhay na mag-uli at Paghuhukom
8. Kaluwalhatiang selestiyal
9. Kaluwalhatiang terestriyal
10. Kaluwalhatiang telestiyal
11. Mga anak ng kapahamakan

Banal na kasulatan, talakayan at sipi

Sumangguni sa tamang bahagi ng tsart habang nagpapatuloy kayo sa sumusunod na talakayan.

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Job 38:7. Linawin na sinabi sa atin na sumigaw tayo sa kagalakan sa ating buhay bago ang buhay sa daigdig nang ilahad ng ating Ama ang planong ito.

- Bakit sa palagay ninyo napakaligaya natin?
- Ano ang sumunod na hakbang natin? (Pagsilang, na nagdulot ng pagkawala ng ating alaala sa buhay bago ang buhay sa daigdig.)

Basahin ang sumusunod na pahayag mula kay Pangulong Spencer W. Kimball, at iparinig sa mga kabataang lalaki ang mga layunin ng ating buhay sa daigdig:

"Naunawaan nating mabuti bago tayo pumarito sa lambak ng mga luha na magkakaroon ng mga kalungkutan, mga kabiguan, mahirap na gawain, dugo, pawis, at mga luha; subalit sa kabila ng lahat, tumingin tayo sa ibaba at nakita natin ang daigdig na ito na inihahanda para sa atin, at sa katunayan ay sinabi natin, Oo, Ama, sa kabila ng lahat ng mga bagay na iyon ay nakikita ko ang mga dakilang pagpapala na maaaring dumating sa akin; . . . sa pagkakaroon ng katawan ay natitiyak ko na sa dakong huli ay magiging katulad mo ako na walang kamatayan, na maaari kong mapagtagumpayan ang mga epekto ng kasalanan at magiging ganap, kaya nasasabik akong magtungo sa daigdig sa unang pagkakataon. At kaya naparito tayo. May layunin sa pagtatayo ng daigdig na ito at sa paglalang sa tao, upang maaari siyang magkaroon ng lugar na matitirahan, upang gawing ganap ang sarili niya, upang maging ganap siya at . . . itaas ang sarili niya, sa tulong ng kanyang Ama, sa pagkadiyos (*The Teachings of Spencer W. Kimball,* p. 31).

Mga banal na kasulatan at talakayan

Basahin at talakayin ang Abraham 3:24–28.

- Bakit tayo naparito sa daigdig? (Upang magkaroon ng katawang pisikal, makibahagi sa mga kailangang ordenansa, matuto, magsikap upang maging ganap, sundin ang mga utos, at subukin.)
- Ano ang nangyayari sa isang tao kapag namatay siya? (Ang katawang pisikal ay inililibing sa lupa, at ang espiritu ay nagtutungo sa daigdig ng mga espiritu.)

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 138:12–14.

- Aling mga espiritu ang nagtutungo sa paraiso pagkamatay?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 138:20–22.

- Aling mga espiritu ang nagtutungo sa bilangguan?
- May pagkakataon bang tumanggap ng ebanghelyo ang mga espiritu sa bilangguan?

Upang masagot ang tanong na ito, basahin ang Doktrina at mga Tipan 138:20, 27, at 30.

- Matapos magkaroon ang lahat ng pagkakataon na tanggapin at sundin ang ebanghelyo, ano ang mangyayari? (Tayo ay mabubuhay na mag-uli at huhusgahan.)

Sipi

Basahin ang sumusunod na pahayag mula kay Pangulong Spencer W. Kimball, at iparinig at ipapaliwanag sa mga kabataang lalaki ang mga salitang *pagkabuhay na mag-uli* at *paghuhukom*.

"Pagkatapos ng ilang panahon ay magkakaroon ng tunay na pagkabuhay na mag-uli, kapag ang buhay at may malay na espiritu ay babalik sa lupa upang kunin ang muling binuo at nabuhay na mag-uling katawan, na inalagaan sa kasibulang iyon ng pinakadakilang panlupang kaganapan; at ang kaluluwa na binubuo ng nabuhay na mag-uling katawan at ng walang hanggang espiritu, ay magiging handa para sa susunod nitong karanasan at bawat kaluluwa ay lalapit sa harapan ng dakilang hukom upang tanggapin ang pangwakas na takda para sa kawalang-hanggan. Ang bawat kaluluwa na isinilang ay tutubusin din sa laman at titindig sa pagkabuhay na mag-uli sa harapan ng kanyang lumikha para sa paghuhukom 'upang mahusgahan mula sa mga tala ayon sa kanilang mga ginawa' sa buhay" (*Teachings of Spencer W. Kimball*, p. 46).

- Ano ang mangyayari sa Pagkabuhay na mag-uli? (Ang espiritu at katawan ay muling magsasama, hindi kailanman mapaghihiwalay muli.)

- Ano ang kahulugan ng *paghuhukom*? (Tinatanggap natin ang ating pangwakas na takda para sa kawalang-hanggan ayon sa mga tala ng ating mga gawa.)

Mga ulat ng pangkat sa banal na kasulatan

Upang talakayin ang mga bahagi ng buhay pagkatapos ng paghuhukom, hatiin ang mga kabataang lalaki sa apat na pangkat. Pasangguniin sila sa mga banal na kasulatan na nakasulat sa ibaba ng tsart na "Plano ng Kaligtasan", at atasan ang bawat pangkat ng isa sa apat na nakahandang banal na kasulatan. Bigyan ng sapat na oras na basahin ng mga kabataang lalaki ang mga banal na kasulatan at maghanda ng maikling pasalitang ulat sa mga katangian ng iba-ibang kaluwalhatiang iyon. Papag-ulatin sa ibang kabataang lalaki ang mga pangkat sa sumusunod na ayos: (1) ang mga anak ng kapahamakan, (2) kaluwalhatiang telestiyal, (3) kaluwalhatiang terestriyal, at (4) kaluwalhatiang selestiyal. Himukin ang mga kabataang lalaki na markahan ang mga makabuluhang banal na kasulatan.

---

**Ang Plano ng Kaligtasan ay Para sa Ating Kaluwalhatian at Kadakilaan**

Banal na kasulatan, sipi, at talakayan

- Ano ang layunin ng plano ng kaligtasan?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Moises 1:39.

- Ano ang kahulugan ng imortalidad at buhay na walang-hanggan? (Ang imortalidad ay nangangahulugang pagkabuhay magpakailanman, at ang *buhay na walang-hanggan* ay nangangahulugang pagiging katulad ng Ama sa Langit at pamumuhay na kasama niya magpakailanman.)

Ibahagi ang sumusunod na pangungusap mula kay Pangulong Spencer W. Kimball. Habang nakikinig ang mga kabataang lalaki, ipaisip sa bawat isa ang tungkol sa kanyang sariling kakayahan.

"Kayo ay may mga dakilang kapangyarihang mag-isip at kakayahang magplano at magsaayos at magmahal. Ang lahat ng mga kapangyarihang ito na ibinigay sa inyo ay ibinigay sa layunin na balang-araw ay maaari kayong maging katulad ng inyong Ama sa Langit. Iyan ang posibilidad, at kung hindi kayo maging ganoon, iyon ay lubusang kasalanan ninyo.

"Maaari kayong maging reyna ng Olanda, ang *czar* ng Russia, o ang emperador ng Hapon. Maaari kayong maging alinman sa mga dakilang tao sa daigdig na ito, ngunit ikaw ay magiging napakaliit kung ihahambing sa kung ano ang maaaring maging katayuan mo sa Simbahan. Bawat isa sa inyo ay maaaring maging . . . isang hari na hindi mawawalan ng kanyang setro kapag namatay siya. Bawat isa sa inyo! Hindi lamang ang pinakamatalino sa inyo, kundi bawat isa sa inyo ay maaaring maging reyna o hari at magkaroon ng mga sarili ninyong prinsipe at prinsesa. Lahat ng ito ay batay sa ginagawa ninyo.

"Kung makapag-iisip kayo ng mga pinakadakilang tunay na kagalakan na ngayon lamang dumating sa inyo sa buhay na ito, kung gayon ay isipin ang susunod na buhay bilang karugtong ng isang ito na kasama ang lahat ng mga pinaraming malayuning bagay, pinalaki, at maging higit na kanais-nais. Lahat sa mga ugnayang ito sa ating buhay dito ay nagdulot sa inyo ng pag-unlad at galak at paglago at kaligayahan. Ngayon, kapag nagwakas ang buhay, babalik tayo sa isang kalagayang ibinatay sa ating buhay dito, lamang ang hangganan ay mas maliit, higit na maluwalhati, higit na maraming kagalakan" (*The Teachings of Spencer W. Kimball,* p. 52).

Mga banal na kasulatan at talakayan

Basahin at talakayin ang Doktrina at mga Tipan 14:7.

- Ano ang kailangan nating gawin upang magtamo ng buhay na walang-hanggan?
- Ano ang ilang mga bagay na iniutos na gawin natin?

Basahin at talakayin ang Doktrina at mga Tipan 27:15–18.

- Ano ang maaari nating gawin upang sundin ang mga utos at labanan ang mga tukso?
- Anong mga pagpapala ang natatanggap natin ngayon kapag sinusunod natin ang mga utos? (Bigyang-diin na nais ng Panginoon na pagpalain tayo ngayon, gayundin sa mga kawalang-hanggan.)


---


**Katapusan**

Patotoo at hamon

Magbigay ng patotoo ng layunin ng plano ng kaligtasan at ng pagpapala ng kadakilaan. Hamunin ang bawat kabataang lalaki na mamuhay upang makibahagi siya sa lahat na mayroon ang Ama sa Langit at maging katulad Niya.

# Ang Plano ng Kaligtasan




**Kaluwalhatiang Selestiyal**

1 Mga Taga Corinto 15:40–41; Doktrina at mga Tipan 76:50–70, 92–96; 88:25–26; 131:1–2

**Kaluwalhatiang Terestriyal**

1 Mga Taga Corinto 15:40–41; Doktrina at mga Tipan 76:71–80, 91, 97

**Kaluwalhatiang Telestiyal**

1 Mga Taga Corinto 15:40–41; Doktrina at mga Tipan 76:81–89, 98–106, 109–112

**Mga Anak ng Kapahamakan**

Doktrina at mga Tipan 76:30–49

# 3 Mga Anak na Lalaki ng Diyos na Buhay

**LAYUNIN**

Higit na mauunawaan ng bawat kabataang lalaki ang katangian ng Ama sa Langit at nanaisin na maging higit na katulad Niya.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Deuteronomio 32:4; Mga Awit 103:6–8; Juan 17:3; Mga Gawa 10:34–35; 17:24, 26, 28–30; Mga Taga-Roma 8:16–17; Mga Hebreo 1:10–12; 12:9; 1Juan 4:8, 16; 2Nefias 9:20; Alma 26:35; 3 Nefias 12:48; Eter 3:11–12; at Doktrina at mga Tipan 35:1.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Larawan 1, Isang Lalaking Mukhang Tatay
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**PAALALA**

Sikaping huwag magmadali sa materyal na ito ng aralin. Pag-aralang mabuti ang mga banal na kasulatan sa halip na madaliang basahin ang mga ito. Gumugol ng mga dalawang oras ng klase kung kinakailangan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pagpaparangal sa Ama sa Langit

Talakayan sa larawan

Ipakita ang larawan 1, Isang Lalaking Mukhang Tatay. Magbigay ng puna sa ating likas na pagnanais na igalang at mahalin ang ating mga ama.

- Bakit mahalaga na igalang ang ating mga ama?

Banal na kasulatan, sipi, at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mga Hebreo 12:9 habang minamarkahan ng iba ang talatang ito. Ituro na ang pangangailangan na igalang ang ating mga ama sa lupa ay wala kung ihahambing sa pangangailangan na igalang ang ating Ama sa Langit. Upang sambahin siya nang tama at manampalataya sa kanya, kailangan nating maunawaan kung sino siya at ano ang katulad niya.

Basahin ang mga sumusunod na pahayag mula kay Propeta Joseph Smith:

"Kung wala ang ideya ng pagkakaroon ng mga katangian na nasasa Diyos, ang mga isipan ng tao ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan na manampalataya sa kanya upang manghawakan sa buhay na walang-hanggan" *(Lectures on Faith* 4:2).

- Bakit napakahalaga sa atin na maunawaan kung ano ang katulad ng Ama sa Langit?

Bigyang-diin na kung wala ang ganitong kaalaman, hindi tayo magkakaroon ng tiwala sa Ama sa Langit. Basahin at talakayin sa mga kabataang lalaki ang Juan 17:3, at tulungan silang makita kung gaano kahalaga na tunay na makilala ang Ama sa Langit at si Jesucristo. Imungkahi na markahan nila ang talatang ito.

### Pagkatao at Mga Katangian ng Ama sa Langit

Talakayan sa pisara at sa banal na kasulatan

Ipaliwanag ang mga sumusunod na katangian ng Ama sa Langit. Ipabasa sa iba-ibang kabataang lalaki ang mga sipi sa banal na kasulatan na kasama sa bawat katangian. Pansinin na ang ilan sa banal na kasulatan ay maaaring tumukoy kay Jesucristo, subalit ang mga katangiang inilarawan ay ipinapalagay na sa ating Ama sa Langit. Sa pisara, isulat lamang ang mga bahaging nakahilig na titik ng bawat pangungusap.

Habang tinatalakay ninyo ang mga katangian, tanungin ang mga kabataang lalaki kung paano magiging higit na malakas ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng pagkilala sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Ibuod sa pisara ang mga puna ng mga kabataang lalaki kung may sapat na lugar.

---

**Ang Pagkatao ng Ama sa Langit**

1. Siya ay Diyos *bago at matapos likhain ang daigdig* (tingnan sa Mga Hebreo 1:10–12).

Isulat ang (*omniscient*) marunong sa lahat ng bagay sa pisara, at ipaliwanag na alam ng Ama sa Langit ang lahat. Ang *omni* ay nangangahulugang lahat, at ang *scient* ay tumutukoy sa kaalaman.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 2 Nefias 9:20.

Ipaliwanag na alam ng Ama sa Langit ang lahat. Ang pag-unawa nito ay makapagpapadali sa atin na lubusang magtiwala at manalig sa kanya.

2. Siya ay *puspos ng kahabagan* at mapagbiyaya, banayad sa pagkagalit at sagana sa kagandahang loob (tingnan sa Mga Awit 103:6–8).

Siya ay mabait, maunawain, at mapagpaumanhin sa ating mga kasalanan at mga di-kaganapan. Binibigyan niya tayo ng pag-asa upang tayo ay makapagsisi, mapatawad, at maging katulad niya.

3. *Hindi siya nagbabago*, at ang kanyang landas ay isang walang-hanggang pag-ikot (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 35:1).

Mapagkakatiwalaan natin siya nang lubusan. Hindi siya kailanman magbabago. Palagi siyang katulad ng dati.

4. Siya ay *Diyos ng katotohanan* at hindi magsisinungaling (tingnan sa Eter 3:11–12).

Ang sinasabi niya ay mangyayari. Makapagtitiwala tayo nang lubusan sa kanyang salita.

5. *Hindi siya nagtatangi ng mga tao* (tingnan sa Mga Gawa 10:34–35). Mahal niya tayo at hindi higit na pinahahalagahan ang isang tao kaysa sa isa pa.
6. *Ang Diyos ay pag-ibig* (tingnan sa 1 Juan 4:8, 16).

Mahal niya tayo at ninanais ang pinakamabuti para sa atin. Lahat ng ginagawa niya ay para sa ating ikabubuti.

7. *Taglay* niya *ang lahat ng kapangyarihan* (tingnan sa Alma 26:35).

Isulat ang *omnipotent* makapangyarihan sa pisara, at ipaliwanag na nangangahulugan ito ng makapangyarihan sa lahat. Ipaliwanag na tinutupad niya ang lahat ng kanyang mga pangako. Siya ay may higit na kapangyarihan kaysa kay Satanas o sa anumang ibang lakas.

8. Siya ay *lubos na makatarungan* (tingnan sa Deuteronomio 32:4).

Siya ay ganap na makatarungan, at tayo ay makatarungang gagantimpalaan para sa pagsunod at parurusahan sa hindi pagsunod.

---

**Ang Ating Kaugnayan sa Ama sa Langit**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Mga Gawa 17:24, 26, 28–30.

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na tayo ay tunay na anak ng Diyos. Ipaliwanag na kung paano lumalaking katulad ng mga magulang ang anak, tayo ay katulad ng Diyos at siya ay katulad natin. Tayo ang mga anak niya, at tayo ay may kakayahang maging katulad niya.

Sipi

Ibahagi ang sumusunod na puna ni Elder George Q. Cannon:

“Nagmumula tayo sa Amang ito. Tayo ang mga anak niya. Nasasa atin ang mga katangian Niya. Totoo na hindi ito umuusbong, ngunit nasasa atin ang mga ito; at ninanais Niyang akayin tayo pasulong hanggang tayo ay maging katulad Niya. Ito ang layunin ng Ebanghelyo” (*Gospel Truth*, pinili ni Jerreld L. Newquist, 2 tomo [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1957–74], 1:131).

Banal na kasulatan, sipi, at talakayan

Itinuro rin ni Apostol Pablo na tayo ay mga anak ng Diyos. Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mga Taga Roma 8:16–17.

- Ano ang tagapagmana? (Isa na nagmamana o may karapatang magmana ng ari-arian, ranggo, katawagan, o katungkulan.)

Bigyang-diin na yamang maaari tayong maging mga tagapagmana ng Diyos at mga kasamang tagapagmana ni Cristo, may posibilidad tayo na maging katulad nila. Bawat isa sa atin ay nagmana ng mga katangiang tulad ng diyos mula sa ating Ama sa Langit. At bilang mga nagtataglay ng pagkasaserdote, nakipagtipan tayo na higit pang paunlarin ang mga katangiang iyon.

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Brigham Young:

"Nais kong sabihin sa inyo . . . na kayo ay kilalang-kilala ng Diyos na ating Ama sa Langit. . . . Lahat kayo ay kilalang-kilala niya, sapagkat walang isa mang kaluluwa sa inyo na hindi nakipanirahan sa tahanan niya at nakipanahanan kasama niya sa maraming taon. . . .

"Tayo ang mga anak ng mga Nilalang na selestiyal, at ang binhi ng Maykapal ay nananahanan sa atin" *(Discourses of Brigham Young,* pinili ni John A. Widtsoe [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1954], p. 50).

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 3 Nefias 12:48.

- Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa ating banal na kakayahan?

Talakayan sa pisara

- Ano ang magagawa ninyo ngayon upang mapaunlad ang inyong banal na kakayahan at maging katulad ng Ama sa Langit? Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara.

---

**Katapusan**

Sipi at patotoo

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Robert L. Simpson:

" 'Ano ang tao, upang iyong alalahanin siya?' [Mga Awit 8:4] Isang mapagmahal na Ama sa Langit, na nagmamalasakit sa kapakanan ng kanyang anak, ang makasasagot ng: 'Aba, anak [na lalaki] kita, . . . Mahal na mahal kita. Mataman akong nakikinig bawat araw, na umaasang makabalita sa iyo. Gustung-gusto kong balang-araw ay narito ka sa kinabibilangan mo' " (sa Conference Report, Abr. 1970, p. 89; o *Improvement Era*, Hunyo 1970, p. 83).

Magbigay ng patoto na dahil sa ang Ama sa Langit ay nagmamahal sa atin at Ama natin, minana natin ang kanyang mga katangian, at ninanais niyang lubusan nating paunlarin ang mga iyon sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na alalahanin na kapag nananalangin sila ay nakikipag-usap sila sa kanilang literal na Ama sa Langit. Hamunin silang lumuhod sa pag-iisa at manalangin bawat umaga at gabi sa darating na linggo. Ipaulat sa kanila ang kanilang mga damdamin sa susunod na Linggo.

# Ako ay May Kakayahan at Kalayaang Pumili

# 4

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na siya ay isang espiritung anak [na lalaki] ng Diyos, na matalino niyang ginawa ang kanyang pagpili at sinang-ayunan ang kanyang pananagutan sa buhay bago ang buhay na ito, at siya ay paunang inordenan sa pagkasaserdote.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Genesis 1:26–27; Malakias 2:10; Mateo 11:28–30; Mga Gawa 17:28–29; Apocalipsis 12:7–9; 2 Nefias 2:25–30; Alma 13:3; 30; 41:10; Helaman 14:30–31; Doktrina at mga Tipan 29:36–38; 93:2, 30–31; Moises 4:1–3; at Abraham 3:22–23.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Ipakita ang "Man's Search for Happiness," sa *videocassette* na *Come unto Me* (53146) kung makukuha ito sa inyong pook.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Kapangyarihan sa Pagpili—Ang Kalayaang Pumili

Talakayan sa pisara at sipi

Isulat sa pisara ang, *Ang Kapangyarihan sa Pagpili ay.* Hilingan ang mga kabataang lalaki na magmungkahi ng mga salita upang punuan ang pangungusap.

Pagkatapos ng isang maikling talakayan, sabihin sa mga kabataang lalaki na ipinaliwanag ni Elder Bruce R. McConkie ang kapangyarihan sa pagpili sa pamamagitan ng pagbanggit sa dalawang mahahalagang bahagi ng alituntuning ito. Tapusin ang pangungusap sa pisara sa pamamagitan ng pagsusulat ng *kakayahan at kalayaang pumili ng mabuti o masama* (tingnan sa *Mormon Doctrine,* ika-2 limbag [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1966], p.26).

• Ano ang dalawang bahagi ng kapangyarihan sa pagpili na binabanggit ni Elder McConkie? (Ang *kakayahang* pumili at *kalayaang* pumili.)

Salungguhitan ang mga salitang *kakayahan* at *kalayaan* sa pisara.

• Ano ang kahulugan ng *kakayahan*? (Ang *kakayahan* ay nangangahulugang makagawa. Upang makagawa kailangan nating magkaroon ng sapat na kapangyarihan at kaalaman na gumawa ng isang bagay.)

Banal na kasulatan at talakayan

Hilingin sa isang kabataang lalaki na basahin ang Doktrina at mga Tipan 93:2. Ipaliwanag na ang kakayahang pumili ay kinabibilangan ng ilang kaalaman sa mga pagpipilian—mabuti at masama, o tama at mali. Ang bawat tao na pumaparito sa daigdig ay binigyan ng Liwanag ni Cristo na nakapagpapakilala sa kanya ng mabuti sa masama. Ipaliwanag na ang kakayahang pumili sa mabuti at masama ay madaragdagan sa pamamagitan ng dagdag na kaalaman ng mga batas ng Ama sa Langit.

• Sa pakahulugan ni Elder McConkie sa kapangyarihan sa pagpili, ano ang kahulugan ng salitang *kalayaan*? (Ang kalayaan ay nangangahulugan ng kakayahang gumawa ng mga pagpili nang hindi napipilitan o pinipilit.)

Isulat ang Helaman 14:30–31 sa pisara. Pabuksan sa mga kabataang lalaki ang siping ito, pamarkahan ito, at sundan habang binabasa mo nang malakas ang banal na kasulatan. Bigyang-diin ang ideya na ang kakayahang pumili ay kinabibilangan ng kaalaman at binigyan tayo ng Diyos ng kalayaang pumili.

### Ang Kapangyarihan sa Pagpili ay Isang Mahalagang Bahagi ng Plano ng Kaligtasan

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Moises 4:1–3. Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang banal na kasulatang ito kung hindi pa nila nagagawa. Tulungan silang maunawaan na (1) sa katotohanan ay nagmumungkahi si Satanas ng pagtanggi sa plano ng Ama at na (2) isang mahalagang bahagi ng plano ng Diyos ang kalayaang pumili.

- Bakit sa palagay ninyo nagkaroon ng pagkakasalungatan o digmaang pinaglalabanan sa alituntunin ito ng kapangyarihan sa pagpili? (Ninais ni Satanas na pigilin ang mga tao at tanggapin ang pagkilala at kaluwalhatian para dito. Ninais ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na maging malaya tayong pumili sapagkat kung walang pagpili ang tunay na katuwiran at kaligayahan ay hindi maaari.)

Ipaliwanag na ninanais pa ni Satanas na mapigil hangga't maaari ang karamihan sa mga anak ng Ama sa Langit hangga't makakaya niya; sa gayon, ang digmaang nagsimula sa buhay bago ang buhay sa daigdig ay nagaganap pa. Ang lugar ng larangan ng digmaan ay nalipat sa daigdig.

Banal na kasulatan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 93:30–31. Bigyang-diin na ang kapangyarihan sa pagpili ay ibinigay sa atin sa ating buhay bago ang buhay sa daigdig bilang mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan at walang magiging pag-iral nang wala ito.


### Tayo ay May Pananagutan sa Kahihinatnan ng Ating mga Gawa

Talakayan sa banal na kasulatan at sa pisara

Isulat ang 2 Nefias 2:25–30 sa pisara. Ipabasa nang tahimik sa mga kabataang lalaki ang mga talatang ito at markahan ang mga mahahalagang salita.

- Ano ang sinasabi ni Nefias sa atin tungkol sa mga huling kahihinatnan ng ating mga pagpili? (Aani tayo nang alinman sa kagalakan, kalayaan, at buhay; o kalungkutan, pagkabilanggo, at kamatayan, ayon sa ating mga pagpili.)

Isulat as pisara ang *Kalayaan at Buhay na Walang-hanggan* at *Pagkabilanggo at Kamatayan*. Tanungin ang mga kabataang lalaki kung alin sa mga ito ang gusto nila. Habang tahimik nilang iniisip, gumuhit sa pisara ng tandang pananong at mga panturo katulad ng nakapakita:




Ipaliwanag na maraming tao ngayon ang naniniwala na walang mga kahihinatnan ang mga masasama sapagkat walang masama. Kung mapaniniwala ni Satanas na walang bagay na tulad nang masama o walang Ama sa Langit, iisipin nila na walang dahilan upang maging moral o matwid.

Banal na kasulatan at talakayan

Tanungin kung may sinuman sa mga kabataang lalaki ang nakakikilala kung sino si Korihor. Pahintulutan sila na ikuwento kung ano ang naaalala nila tungkol sa kanya. Tulungan sila kung kinakailangan. (Tingnan sa Alma 30.) Kung hindi nila naaalala kung paano nagwakas ang mga gawain niya bilang isang anti-Cristo, ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Alma 30:59–60.

Tiyaking ituro na itinuro ni Korihor na walang masama at samakatwid ay walang mga kahihinatnan ang paggawa ng mali.

- Anong mga kahihinatnan ang magiging bunga para doon sa lumilinlang sa sarili nila at tumatanggi na may mabuti at masama? (Sa wakas ay pababayaan sila ni Satanas at magiging kahabag-habag.)

Ipaliwanag na isa pang paniniwala na karaniwan sa daigdig ay, na ang tao ay mga biktima ng mga pangyayaring hindi nila kagustuhan at samakatwid ay walang pananagutan sa mga ginagawa nila sa buhay na ito. Bigyang-diin na samantalang marami sa mga pangyayari ang maaaring hindi natin kagustuhan, mapipili pa rin natin kung paano tayo tutugon sa mga ito. Kung minsan ay madaling sisihin ang mga kaibigan, lipunan, o maging si Satanas mismo para sa ating mga pagkakamali.

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento:

Si Ron ay ninenerbiyos habang hinihintay niya ang hatol mula sa hukom. Si Ron ay nasangkot na sa gulo sa maraming pagkakataon. Naharap na siya sa hukom ding ito ngunit palaging tumatanggap ng mababang parusa. Subalit sa pagkakataong ito ay nagtatagal ang hukom at mabalasik ang mukha niya.

Nalaman ni Ron na sa pagkakataong ito ay makaaasa siya ng mabigat-bigat na parusa kaysa karaniwan.

Pagkaraan ng ilang sandali, pinagsabihan siya ng hukom sa mga maling pagpiling ginawa na niya upang mapasama siya sa gulo at pagkatapos ay ibinigay ang inakala ni Ron na napakabigat na parusa.

"Hindi ito makatarungan," ang naisip ni Ron. "Marami na akong napagdaanan sa buhay ko. Ang buhay ko sa tahanan ay hindi maligaya. Hindi ako nauunawaan ng aking mga guro. Ang mga kaibigan ko ay hindi kasing palakaibigan katulad ng dati. Naging napakahirap ng buhay para sa akin. Mahirap ang mga panahon. Bakit hindi maunawaan ng hukom?"

Talakayan

Kahit na mahirap na hatulan ang iba, isaalang-alang ang mga sumusunod na tanong upang magkaroon ng talakayan:

- Maaari bang isisi ang mga suliranin ni Ron sa kanyang mga kalagayan?
- Nawala ba kay Ron ang kanyang kapangyarihan sa pagpili?
- Paano tayo dapat tumugon sa kahirapan?
- Paano natin magagamit ang ating kapangyarihan sa pagpili upang maging maligaya kahit na ang ating mga kalagayan ay maaaring mapaghamon?

Sipi at talakayan

Bigyang-diin na malaya tayong gawin ang dapat gawin sa kabila ng lahat ng ating mga kalagayan. Maaaring may mga oras na pinaniniwalaan natin na ang ating mga kalagayan ay isang dahilan para sa hindi mabuting pagpili. Maaaring may mga oras na ninanais nating sisihin ang Ama sa Langit, si Satanas, o ang iba para sa ating mga kamalian.

Ipaliwanag na sinabi ni Joseph Smith na kung pinilit tayo ng Ama sa Langit o ni Satanas na gumawa ng mabuti o masama, hindi tayo magkakaroon ng ating kapangyarihan sa pagpili. Pagkatapos ay basahin ang sumusunod na ulat ng isang sermon na ibinigay ni Joseph Smith noong 16 Mayo 1841:

"Sinimulan niya ang mga pagmamasid niya sa pamamagitan ng pagsasabing ang kabaitan ng ating Ama sa Langit ay humihingi ng ating taos-pusong pasasalamat. Pagkatapos ay napansin niya na si Satanas ang karaniwang sinisisi sa lahat ng mga kasamaan na nagawa natin, ngunit kung siya ang dahilan ng lahat ng ating kasamaan, hindi masisisi ang mga tao. Hindi mapipilit ng diyablo ang sangkatauhan na gumawa ng masama; lahat ay kusang-loob. Ang mga lumalaban sa Espiritu ng Diyos, ay manganganib na matukso, at sa gayon ang pakikipag-ugnayan ng langit ay aalisin mula sa mga tumatanggi na gawing kabahagi ng ganitong dakilang kaluwalhatian. Hindi magpipilit ang Diyos ng anumang sapilitang pamamaraan, at hindi magagawa ng diyablo" (*History of the Church*, 4:358).

- Bakit hindi tayo mapipilit ni Satanas na gumawa ng mga bagay na hindi natin ninanais gawin?

- Bakit hindi tayo pipilitin ng Ama sa Langit na gawin ang mga bagay na hindi natin nais na gawin?

Bigyang-diin na *hindi kaya* ni Satanas at *hindi gagawin* ng Diyos na pilitin tayong gawin ang anumang bagay. Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na dapat nating palaging alalahanin na ang ating pagsubok sa buhay ay piliin ang mabuti sa masama maging anuman ang mga kalagayan. Sa katotohanan, palagian nating dapat hanapin ang mabuti.

---

### Ang Matatapat ay Paunang Inordenan Upang Tumanggap ng Pagkasaserdote

Banal na kasulatan at talakayan

Sa isang pangitain, nakita ni Abraham ang maraming kaluluwa habang sila ay nasa unang kalagayan pa nila. Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Abraham 3:22–23.

- Ano ang kahulugan ng si Abraham ay pinili bago pa siya isinilang? (Siya ay paunang inordenan, o hinirang, upang magsagawa ng misyon sa daigdig, na alam ng Panginoon na kayang gawin ni Abraham.)
- Ano pa ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito? (Maraming iba pang espiritu ang paunang inordenan upang maging mga propeta at mga pinunong espirituwal.)
- Ano ang kaugnayan ng kapangyarihan sa pagpili at paunang pag-oordena?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na kapag paunang inordenan ang isang tao sa isang tiyak na pananagutan, siya ay binibigyan ng pagkakataon na maglingkod sa Diyos sa pamamagitan ng pamumuhay sa mga pamantayan na alam ng Panginoon na kaya niyang ipamuhay. May kalayaan pa sa pagpili ang tao at malayang pumili kung magiging matapat at tutupad siya sa kanyang paunang pag-oordena.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Alma 13:3.

- Sino ang tumatanggap ng pagkasaserdote sa daigdig?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang pagkakaordena sa pagkasaserdote sa daigdig ay dumarating sa mga tinawag at inihanda mula pa sa buhay bago ang buhay sa daigdig (paunang inordenan ayon sa paunang kaalaman ng Diyos). Ang pagtanggap ng pagkasaserdote sa daigdig ay dumarating bilang bunga ng ating katapatan at pagiging karapat-dapat.

Patotoo

Magpatotoo na kilala na ng Ama sa Langit ang bawat maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron nang matagal na panahon. Ang bawat kabataang lalaki ay pinili ng Ama sa Langit upang tulungan siyang gawin ang gawain niya. Kabilang dito ang pagmimisyon at maraming iba pang mga tungkulin ng pagkasaserdote, na ang pinakamahalaga ay ang maging ama at patriyarka sa tahanan.

Sipi

Basahin at talakayin ang sumusunod na pahayag mula sa Propeta Joseph Smith:

"Ang bawat lalaki na may tungkulin na magministeryo sa mga naninirahan sa daigdig ay inordenan sa pinakalayuning iyon sa Malaking Kapulungan ng langit bago pa ang daigdig na ito. Palagay ko ay inordenan ako sa pinakatungkuling ito sa Malaking Kapulungang iyon" *(Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1938, p.365).

---

### Katapusan

Hamon at patotoo

Hamunin ang mga kabataang lalaki na tuparin ang kanilang paunang pagkakaordena sa pamamagitan ng pananatiling matapat sa kanilang mga tungkulin sa pagkasaserdote at sa pamamagitan ng paghahanda para sa Pagkasaserdoteng Melquisedec at iba pang mga pananagutan.

Magpatotoo na ang mga kabataang lalaki ay hindi mga karaniwang kabataang lalaki kundi mga anak na lalaki ng Diyos na paunang inordenan na maging mga nagtataglay ng pagkasaserdote sa daigdig. Ipaliwanag na hindi ito nangangahulugan na iniisip ng Ama sa langit na higit silang magaling kaysa sa iba niyang mga anak kundi umaasa siya sa kanila na magiging mga pinuno at tutulungan siya na iligtas ang iba pa niyang mga anak. Pinili silang mamuno sa katuwiran at magkaroon ng pananagutan sa pagpapahayag

ng ebanghelyo. Gaano kalunus-lunos kung pahihintulutan nila ang anumang bagay na makasagabal sa pagsasakatuparan nila ng kanilang mga paunang inordenang pananagutan.

Sipi

Inihalintulad ni Elder Vaughn J. Featherstone ang ating buhay sa isang takbuhan. Basahin ang sumusunod:

"Ang karaniwang mananakbo ay tumatakbo hanggang mawala ang hininga niya,
Subalit ang kampeon ay may matigas na kalooban na nagpapapatuloy sa kanya.
Nakikiusap na mamahinga ang karaniwang tumatakbo kapag nanghihina na ang mga kalamnan niya,
Subalit ang kampeon ay tumatakbo sa mga namimigat na binti, ang tibay ng loob niya ang nagpapalakas sa kanya.

Nasisiyahan na ang karaniwang tao kapag nagawa niya ang pinakamabuti upang magkamarka, Subalit ginagawa ng kampeon ang pinakamagaling niya, at pagkatapos ay gumagawa ng kaunti pa." ("The Champion," sinipi sa *A Generation of Excellence* [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1975], p. 52.)

Hamon

Ipahayag ang pagtitiwala mo sa mga kabataang lalaki, at sabihan sila na alam mo na sila ay magigiting at pinili bago sila pumarito sa daigdig. Hamunin sila na maging magiting din dito at magpasiya na hanapin ang Espiritu at huwag pahintulutan ang anumang bagay na makasagabal sa pagtatamo ng kanilang mga banal na tadhana.

# 5 "Paano Ka Nahulog Mula sa Langit, O Lucifer!"

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng mga kabataang lalaki na si Satanas ay buhay at malalaman nila kung paano niya nililinlang ang mga tao.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Isaias 14:12–16; Mateo 4:1–11 (tingnan din ang Joseph Smith Pagsasalin—Mateo 4:1, 5–6, 8–9); 1 Mga Taga Corinto 10:13; Santiago 4:7; Apocalipsis 12:4, 7–9; 2 Nefias 28:15–16, 20–22; Helaman 14:30; 3 Nefias 18:15; Moronias 7:16–17; at Doktrina at mga Tipan 76:25–27.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

## Sino si Satanas?

Mga sipi at talakayan

- Ano ang alam ninyo tungkol kay Satanas?

Ipaliwanag na may mga bagay tungkol kay Satanas na dapat nating malaman at maaaring maraming bagay na hindi natin kailangang malaman. Bagaman kapaki-pakinabang na maunawaan kung sino si Satanas at kung bakit kalaban natin siya, may maaaring panganib sa pag-iisip at pagsasalita ng napakarami tungkol kay Satanas.

Basahin ang sumusunod na payo na ibinigay ni Elder Francis M. Gibbons, at pagkatapos ay magpatuloy sa aralin:

"Higit na napakabuti na sundin ang mga paalala ng Tagapagligtas, magsalita nang may kabutihan at pagmamahal, at lumikha sa mga tahanan natin ng mga kanlungan mula sa mga kaguluhan ng daigdig, na palagiang ginugulo ng mga pailalim na gawa ng ating karaniwang kalaban. At higit na mabuti na bigyang-diin at pagtuunan ang mabubuti kaysa sa masasamang mga bagay upang patatagin at ipagtanggol ang bawat isa, at paliitin ang pagkakataon ng pakikialam ng mga makasatanas na impluwensiya sa ating buhay" (*Ensign*, Nobyembre 1991, p. 79).

Ibinigay ni Pangulong Spencer W. Kimball ang sumusunod na paglalarawan kay Satanas:

"Si Satanas ay talagang katauhan, isang taong espiritung nilalang, ngunit walang katawang motal. Ang mga pagnanais niyang tatakan ang bawat isa sa atin bilang kanya ay kasingrubdob sa kasamaan sa pagnanais ng ating Ama sa pagkamakatwiran upang akitin tayo sa kanyang sariling walang-hanggang kaharian. . . .

"Siya ay tuso at sanay rin. Sa libu-libong taong karanasan, naging napakahusay niya at higit na determinado" (*The Miracle of Forgiveness* [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1969], p.21).

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Isaias 14:12–16 at Doktrina at mga Tipan 76:25–27. Ang mga kabataang lalaki ay maaaring magnais na markahan ang mga bahagi ng mga talatang ito.

- Sino si Satanas bago siya nahulog?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na si Satanas ay isang espiritung anak [na lalaki] ng Ama sa Langit na isinilang sa umaga ng buhay bago ang buhay sa daigdig. Pinili niya ang kasamaan mula sa simula (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:25) at nagtamo ng dakilang kapangyarihan at pansariling impluwensiya. Siya ay inilarawan sa mga banal na kasulatan bilang "ang anghel ng Diyos na siyang may kapangyarihan sa

harapan ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 76:25). Ang paghihimagsik at pagkahulog niya sa dakong huli ay nakalulunos at lubos na nawalan siya ng lahat ng pag-asa sa anumang antas ng kaligtasan, kung kaya tumangis ang mga langit sa kanya (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:26).

- Ano ang naging sanhi ng pagkahulog ni Lucifer?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na Si Satanas ay nasilo sa sarili niyang layunin at kasalanan ng maling pagpapahalaga sa sarili. Ninais niyang "itataas ang [kanyang] luklukan sa itaas ng mga bituin ng Diyos" at "sasampa sa itaas ng mga kaitaasan ng mga alapaap" (Isaias 14:13–14). Siya ay nahikayat ng karamutan at ng pagnanais sa kapangyarihan at nagnais na maging katulad ng Pinakamataas sa Lahat. Nang tanggihan siya sa lahat ng ito dahilan sa hinangad niya ito nang hindi matwid, buong kabatirang naghimagsik siya at naging ama ng lahat ng mga kasinungalingan.

- Bakit isang kaaway sa bawat maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron si Satanas, at bakit nais niyang alipinin tayo sa kasalanan?

Paglalahad ng tagapayo

Bigyang-diin na nagagalit si Satanas sa katuwiran. Siya at ang mga anghel niya, na nawalan ng sarili nilang kaligtasan, ay nagnanais na gawin ang bawat tao na kahabag-habag tulad nila (tingnan sa 2 Nefias 2:18, 27). Hindi nila nadarama ang mga matutuwid na damdamin na katulad ng pagmamahal, pag-ibig sa kapwa-tao, kadalisayan, katapatan, pagpapakumbaba, tapang, at pag-asa. Sa halip, ninanais ni Satanas na madama lamang natin ang poot, galit, kawalang-pag-asa, paninibugho, at pagmamataas. Ninanais niyang mawalan tayo ng ating kaligtasan. Ang layunin niya ay sirain ang ating mga pagkakataon na maging katulad ng Ama sa Langit at magtatag ng mga walang-hanggang kaharian na sariling atin.

Ituro na ang ilang tao ay hindi makatitiis sa kabutihan ng iba kundi sa bawat paraan ay sikaping sirain ang mga mabubuting pagkakilala at gawing kasinglungkot nila ang iba. Ang ganitong mga tao ay maaaring tawaging may pagkadiyablo.

Banal na kasulatan

Upang tulungan silang higit na maunawaan kung paano nahulog si Lucifer, ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Apocalipsis 12:7–9 at 12:4. Ituro na naimpluwensiyahan ni Satanas ang ikatlong bahagi ng ating mga kapatid sa espiritu upang sumunod sa kanya at tanggihan ang ating Ama sa Langit.

---

### Ang mga Pamamaraan ni Satanas

Talakayan sa banal na kasulatan at sa pisara

Basahin ang 2 Nefias 28:15–16, 20–22, kasabay ng mga kabataang lalaki, na tumutukoy sa mga paraan ng panlilinlang ni Satanas. Habang tinutukoy ng mga kabataang lalaki ang mga paraang ito, isulat ang mga ito sa pisara. Pagkatapos ay magpabigay sa mga kabataang lalaki ng mga tiyak na halimbawa sa bawat kategorya kung paano isinasagawa ni Satanas ang mga pamamaraang iyon sa ating panahon. Ang mga sumusunod ay ilang mga halimbawa:

1. Pagmamataas sa ating puso (kapalaluan, pagkamakasarili, pagmamayabang).
2. Mga maling doktrina (mga huwad na guro, mga huwad na relihiyon).
3. Pagpapatotot (imoralidad, kalaswaan, pagnanasa, mga silakbo).
4. Paglait sa mabuti (pagkutya sa Diyos, sa relihiyon, sa kalinisang puri, o sa kasal).
5. Galit sa mabuti (pag-uusig sa matwid).
6. Mahalay o makamundong kasiguruhan (labis na pagnanasa sa salapi o iba pang mga makamundong pag-aari).
7. Labis na papuri (hindi matapat na papuri).
8. Panlilinlang at mga kasinungalingan (pagpapahayag na walang Diyos, diyablo, kasalanan, o impiyerno).

Banal na kasulatan at mga sipi

Ipabasa nang tahimik sa mga kabataang lalaki ang Mateo 4:1–11 o ang Joseph Smith Pagsasalin—Mateo 4:1–11, at pamarkahan ang mga mahahalagang salita sa mga talatang ito.

Ituro na ipinaliwanag ni Pangulong David O. McKay na tinutukso tayo ni Satanas sa tatlong katulad na paraan na tinukso niya si Cristo:

"Pangkatin ang mga iyon, at matutuklasan ninyo na sa ilalim ng isa sa tatlong iyon, halos bawat tukso na nakasisira sa inyo at sa akin, maging napakaliit man nito, ay dumarating sa atin bilang, (1) isang tukso sa pagkahilig o pagkahumaling; (2) isang pagsuko sa kapalaluan at kausuhan o kayabangan ng mga nahiwalay sa mga bagay ng Diyos; (3) isang pagnanasa sa mga kayamanan ng daigdig, o kapangyarihan sa mga tao" (Gospel Ideals [Lungsod ng Salt Lake: Improvement Era, 1953], p.154).

Ipinaliwanag ni Elder Howard W. Hunter kung paano ginagamit ni Satanas ang mga bagay na ito upang tuksuhin tayo:

"Nang matapos ni Jesus ang pag-aayuno ng apatnapung araw at nakipag-usap na sa Diyos, siya, sa kalagayang ito na gutom at mahina sa pangangatawan, ay naiwan upang matukso ng diyablo. . . . Ang ganitong panahon ang palaging sandali ng manunukso—kapag tayo ay pagal na pagal sa damdamin at sa pangangatawan, kapag napapagod tayo, mahina, at pinaka hindi handa upang labanan ang mga tusong mungkahing ibinibigay niya. Ito ang oras ng panganib—ang uri ng sandali na maraming tao ang nahuhulog at sumusuko sa mga tusong pang-aakit ng diyablo" (sa Conference Report, Okt. 1976, p.21; o *Ensign*, Nob. 1976, p. 17).

---

Mga banal na kasulatan, mga sipi, at talakayan

**Mapaglalabanan Natin ang mga Tukso ni Satanas**

Basahin at talakayin ang sumusunod na mga banal na kasulatan at mga sipi na nagtuturo kung paano ipagsasanggalang ang ating mga sarili mula sa kapangyarihan ni Satanas at hindi tayo mapipilit na sumuko sa mga pang-aakit ni Satanas. Habang binabasa ninyo ang bawat banal na kasulatan, isulat ang pinagkunan nito sa pisara:

1. Moronias 7;16–17
2. 1 Mga Taga Corinto 10:13
3. Helaman 14:30
4. 3 Nefias 18:15
5. Santiago 4:7

Ibinigay ni Propeta Joseph Smith ang ganitong paliwanag sa kapangyarihan ni Satanas: "Ang lahat ng nilalang na may mga katawan ay may kapangyarihan sa mga wala nito. Walang kapangyarihan sa atin ang diyablo kundi natin siya pahihintulutan. Sa sandaling maghimagsik tayo sa anumang bagay na nagmumula sa Diyos, nakapangyayari ang diyablo" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1938], p.181).

Ipinaliwanag ni Elder Spencer W. Kimball kung paano tayo matutulungan ng Ama sa Langit na magapi si Satanas:

"Siya na higit na malakas kaysa kay Lucifer, siya na moog at lakas natin, ang makapagtataguyod sa atin sa mga panahon ng malaking tukso. Samantalang hindi sapilitang aalisin ng Panginoon ang sinuman palabas sa kasalanan o palabas sa mga bisig ng mga manunukso, ginagamit niya ang kanyang Espiritu upang hikayatin ang makasalanan na gawin ito na may banal na tulong. At ang taong sumusuko sa matamis na impluwensiya at pakiusap ng Espiritu at gumagawa ng lahat na nasa kapangyarihan niya upang manatili sa nagsisising saloobin ay nakatitiyak sa pagsasanggalang, kapangyarihan, kalayaan at kagalakan" (*The Miracle of Forgiveness* [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1969], p.176).

Ito ang nasabi ni Pangulong Harold B. Lee:

"Gumawa minsan ng isang siga at masdan ang mga magagandang gamu-gamo at kulisap na lumalapit dahilan sa pagkaakit sa mga maningning na liwanag. Paikut-ikot,

palapit nang palapit umiikot ang mga ito hanggang ang kanilang kawalang takot ay mag-udyok sa isang pumapatay na pagkakamali at sila ay nahuhulog na may nadarang na mga pakpak sa kanilang kamatayan sa nagliliyab na hurno ng mapanuksong gayuma. Nakakita na ako ng magagandang kabataang babaeng paru-paro na naglalaro sa mga mapanuksong apoy ng kasalanan. Nais nilang makita ang maliliwanag na lugar ng isang malaki, makasalanang lungsod habang malayo sila sa tahanan. . . . Sa pamamagitan ng hindi tamang pananamit at hitsura at malaswang usapan, nagpapalabas sila ng mga paanyaya sa mga pagsasamantala ng hindi banal. Sila ay nakikinig at nag-uulit ng marumi at mahalay na kuwento. Sinasabi sa mga sarili nila na kailangang paghahanda ang karanasan sa mga bisyo at kasalanan upang maging pananggalang laban dito. Ipinakikita nila ang kaibahan ng mga uri ng kasalanang 'pumatay, magnakaw, at mandaya' at ang 'kawili-wiling uri ng pagkakasala,' na ipinapalagay nilang hindi gaanong malubha. Nakalilimutan nila ang babala ng matalinong tao na nagsabi na 'Ang kaalaman sa kasalanan ay tumutukso sa paggawa nito,' at hindi kayo magkakasala sa anumang anyo nang hindi nawawalan ng pagkadalisay ng isipan. Bahagya nilang nauunawaan na:

" 'Ang bisyo ay isang napakalaking halimaw na may lubhang nakatatakot na hitsura,
Na, upang kapootan, ay kailangang makita;
Subalit napakadalas makita, sanay na sanay na sa mukha niya,
Sa una tayo ay nagtitiis, pagkatapos ay naaawa, pagkatapos ay yumayakap.'
[Alexander Pope, *Essay on Man*, mga taludtod 217–20]

"Marami sa mga magagandang taong paru-parong ito na may pakpak para sa pagtungo sa langit ang nangahulog na may nadarang na pakpak at labis na napaso dahilan sa kanilang pagka-usyoso tungkol sa mga ipinagbabawal" *(Decisions for Successful Living* [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1973], p. 87–88).

Talakayan sa pisara

- Ano ang inaasahan ni Satanas na gawin sa inyo?
- Ano ang ilan sa mga pinakamabisang tukso ni Satanas para sa mga kabataan?

Ibuod ang mga tugon ng mga kabataang lalaki sa pisara.

Banal na kasulatan at talakayan

Sabay-sabay na basahin ang Moises 1:12–22.

- Paano sinikap ni Satanas na linlangin si Moises? Paano pinaglabanan ni Moises ang mga tuksong iyon?
- Bakit sa wakas ay iniwan ni Satanas si Moises? Paano naiba sa unang tatlong utos ang pang-apat na utos ni Moises kay Satanas na lumisan?

Bigyang-diin sa mga kabataang lalaki na si Jesucristo ay higit na napakamakapangyarihan kaysa kay Satanas. Sa tulong niya, palagi nating mapagtatagumpayan si Satanas.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na si Satanas ay tunay at kailangan nating maunawaan ang mga paraan niya upang maiwasan ang mailigaw niya. Hindi siya katawa-tawang tao katulad ng pagpapakita ng iba sa kanya, kundi ang pinakamatinding anti-Cristo. Si Satanas ay isang tusong kalaban. Maaari tayong maging higit na malakas sa kanya kung matalino tayo at gagamitin natin ang lakas na espirituwal na nagmumula sa pagsunod kay Cristo, sa pakikinig sa mga paghimok ng Espiritu Santo, at sa paggalang sa pagkasaserdote.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na hangarin at sundin ang patnubay ng Espiritu Santo at manalangin para sa kalakasan na lumayo sa lahat ng mga tukso na gumawa ng masama. Hamunin ang mga kabataang lalaki na iwasan ang lahat ng masasama, maging ito ay nasa hindi tamang pananalita, mga saloobin, mga kilos, o mga kalagayan.

# 6 Ang Pagkahulog ni Adan

**LAYUNIN**

Magiging higit na sanay ang bawat kabataang lalaki sa ulat sa banal na kasulatan tungkol sa pagkahulog ni Adan at mga kinahinatnan nito.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 2 Nefias 2:15–18, 22–25; 9; Doktrina at mga Tipan 29:39–41; 93:38–39; Moises 2:28; 3:15–17; 4:5–12; 5:10–12; at Abraham 3:25.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
   c. Larawan 2, Adan at Eva (62461; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 101).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad

Tanungin ang mga kabataang lalaki kung paano sila tutugon sa isang nagsabi ng: "Masisisi natin sina Adan at Eva sa lahat ng mga kahirapan natin sa buhay. Kung hindi sila nagkasala, tayo ay magiging higit na maligaya at nakaririwasa. Hindi tayo palalayasin ng mga tinik at mga sukal na damo. Hindi tayo magkakaroon ng sakit at kamatayan. Hindi tayo mapaaalis sa harapan ng Diyos. Sa wari ay hindi makatarungan na magdusa tayo dahil sa ginawa nila."

Maglaan ng ilang minuto upang tumugon ang mga kabataang lalaki.

Larawan, mga banal na kasulatan, at talakayan

Ipakita ang larawan 2, Adan at Eva.

• Ano ang maaaring nangyari kung hindi kumain ng ipinagbabawal na bunga sina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden?

Patulungin ang ilang mga kabataang lalaki sa pagbabasa ng 2 Nefias 2:22–25 at Moises 5:10–12.

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na kung sina Adan at Eva ay hindi kumain ng ipinagbabawal na bunga—

1. Hindi sila magkakaroon ng mga anak. Bilang bunga, hindi tayo makapupunta sa daigdig na mortal upang magtamo ng isang pisikal na katawan.
2. Hindi nila malalaman ang mabuti at masama. Bilang bunga, walang sinumang makagagawa ng mabuti o masama, makaaalam ng kagalakan o kalungkutan, o matututo ng pagsunod sa harap ng pagsasalungatan.
3. Hindi nila malalaman ang kagalakan ng kanilang pagkatubos o kaligtasan. Kung walang pagkahulog, hindi magkakaroon ng pangangailangan para sa Pagbabayad-sala, at hindi tayo maaaring umunlad.

Dahil sa ang pagkahulog ni Adan ay isang mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan, sinasabi ng mga banal na kasulatan na "ang kamatayan ay napasalahat ng tao, upang matupad ang maawaing plano ng dakilang Lumikha" (2 Nefias 9:6).

### Ang Pagkahulog ni Adan

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na matapos mailagay sa Halamanan ng Eden sina Adan at Eva, binigyan sila ng Panginoon ng dalawang utos. Habang binabasa ng mga kabataang lalaki ang mga sumusunod na talata, pamarkahan sa kanila ang mga mahahalagang salita sa bawat isa sa mga utos.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Moises 2:28.

- Ano ang kahulugan ng utos na ito? (Magkaroon ng mga anak.)

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Moises 3:15–17.

- Ano ang kahulugan ng utos na ito kina Adan at Eva? (Kung kinain nila ang ipinagbabawal na bunga, mamamatay sila o mapapasailalim sa kapwa temporal at espirituwal na kamatayan.)

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na si Satanas, na pinalayas sa harapan ng Diyos dahilan sa paghihimagsik, ay pinahintulutang pumarito sa daigdig. Sinisikap niyang "linlangin at bulagin ang mga tao, at akayin silang bihag sa kanyang kagustuhan, maging kasindami ng hindi makikinig [sa salita ng Diyos]" (Moises 4:4). Matapos ibigay kina Adan at Eva ang dalawang utos, tinukso ni Satanas sina Adan at Eva na kumain ng ipinagbabawal na bunga.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang 2 Nefias 2:15–18 at Moises 4:5–12.

- Ang Moises 4:6 ay nagsasabi na "hinangad ding linlangin si Eva" ni Satanas. Ano ang kahulugan ng "linlangin"? (Dayain, lansihin, o akitin sa pamamagitan ng isang kasinungalingan.)
- Paano nilinlang ni Satanas si Eva? (Sinabihan niya si Eva na kung kakain siya ng ipinagbabawal na bunga ay malalaman niya ang mabuti at masama ngunit hindi siya mamamatay.)
- Paano tayo nililinlang ni Satanas sa ating panahon?

---

**Ang mga Kinahinatnan ng Pagkahulog**

Talakayan

- Ano ang mga kinahinatnan ng Pagkahulog?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na linawin na dahilan sa Pagkahulog—

1. Tinanggap nina Adan at Eva ang kapangyarihan ng pag-aanak.
2. Nagtamo ng kaalaman ng mabuti at masama sina Adan at Eva sa pamamagitan ng sarili nilang karanasan.
3. Ang mga katawan nila ay napasailalim sa pagkasira, na sa wakas ay natutungo sa kamatayang pisikal.
4. Sila ay pinaalis o pinalayas sa kinaroroonan ng Diyos. Ang pagpapaalis na ito ay tinawag na kamatayang espirituwal.

Pisara, talakayan, at paglalahad ng tagapayo

Ilagay sa pisara ang bawat bagay sa sumusunod na tsart sa tamang punto ng talakayan, na ginagamit ang mga talata na sumusunod katulad ng kinakailangan upang ipaliwanag ang bawat punto:

| Kalagayan bago ang Pagkahulog | Kalagayan matapos ang Pagkahulog |
| --- | --- |
| 1. Walang kapangyarihang mag-anak | 1. Kapangyarihang mag-anak |
| 2. Walang kaalaman ng mabuti at masama | 2. Kaalaman ng mabuti at masama sa isang daigdig ng salungatan |
| 3. Walang pisikal na kamatayan (walang kamatayan) | 3. Kamatayang pisikal |
| 4. Walang espirituwal na kamatayan (namuhay sa kinaroroonan ng Diyos) | 4. Kamatayang espirituwal |

### Kapangyarihang Mag-anak

Bago ang Pagkahulog, hindi magkakaroon ng mga anak sina Adan at Eva. Dahil dito kumain si Adan ng ipinagbabawal na bunga: "Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon" (2 Nefias 2:25). Itinuro ni Propeta Joseph Smith na "pinabuksan kay Adan ang mga daan ng daigdig" (*History of the Church*, 1:283). Sa pamamagitan ng pagkain ng ipinagbabawal na bunga, binuksan nina Adan at Eva ang daan upang pasukan natin tungo sa kawalang-kamatayan.

Pagkatapos ng Pagkahulog, natupad nina Adan at Eva ang utos ng Diyos na magpakarami at punuin ang lupa, at "sila . . . ay nagkaroon ng mga anak; oo, maging ang mag-anak ng buong mundo" (2 Nefias 2:20).

### Ang Kaalaman ng Mabuti at Masama

Ang isang pangunahing layunin ng buhay sa daigdig ay upang patunayan ng mga anak ng Diyos "kung gagawin nila ang lahat ng bagay na iuutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos" (Abraham 3:25). Upang patunayan ang kanilang pagiging handang gawin ang lahat ng iuutos ng Diyos sa kanila, mahalaga na pahintulutan si Satanas na tuksuhin ang tao o maglaan ng kailangang kasalungat ng Diyos upang maging maaari ang pagpili. Ang kaalaman ng mabuti at masama ay matatamo lamang sa isang daigdig ng mga magkakasalungat, kung saan sinasalungat ng kasamaan ang kabutihan; mabuti, masama; kabulukan, kawalang-kabulukan; kaligayahan, kalungkutan; mapait, matamis (tingnan sa Nefias 2:11–12).

Ipaliwanag na dahilan sa kinain nina Adan ang ipinagbabawal na bunga, ang mga mata nila ay nabuksan sa daigdig ng mga pagsasalungatan. Ang Panginoon mismo ang nagpahayag, "Masdan, ang tao ay naging tulad natin na nakakikilala ng mabuti at masama" (Moises 4:28).

Ipaliwanag na ang punong pinagkunan ng ipinagbabawal na bunga ay tinawag na puno ng kaalaman ng mabuti at masama, sapagkat ang pagkain ng bunga ang nagbukas ng daan sa daigdig ng mga pagsasalungatan kung saan ang mga lalaki at babae ay matututo sa pamamagitan ng sarili nilang mga karanasan upang malaman ang mabuti sa masama.

### Kamatayang Pisikal

Ipaliwanag na ang kamatayang pisikal, kilala din bilang kamatayang temporal, ay ipinakilala sa mundo bilang isang kinahinatnan ng Pagkahulog. Bilang bunga ng Pagkahulog, lahat ng tao at lahat ng anyo ng buhay sa daigdig ay kailangang magdusa ng isang kamatayang pisikal, isang paghihiwalay ng espiritu at katawan.

### Kamatayang Espirituwal

Banal na kasulatan at talakayan

Habang nasa Halamanan ng Eden, sina Adan at Eva ay namuhay sa kinaroroonan ng Diyos. Sila ay lumakad at nakipag-usap sa kanya.

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 29:39–41.

- Sa pagsuko sa mga tukso ni Satanas, sa ano ipinasailalim nina Adan at Eva ang mga sarili nila? (Napasailalim sila kay Satanas at pinaalis sa kinaroroonan ng Diyos.)

Ipaliwanag na tinatawag itong "kamatayang espirituwal" sapagkat walang sinumang nasa kalagayan ng paglabag ang makapaninirahan sa kinaroroonan ng Diyos. Ipinaliwanag ni Pangulong Joseph F. Smith ang kamatayang espirituwal sa pagsasabing:

"Nang si Adan, ang ating unang magulang, ay kumain ng ipinagbabawal na bunga, lumabag sa batas ng Diyos, at napasailalim kay Satanas, siya ay pinaalis sa kinaroroonan ng Diyos, at inihagis sa labas ng kadilimang espirituwal. Ito ang unang kamatayan. Gayunman, nabubuhay [sa pisikal], siya ay patay—patay sa Diyos, patay sa liwanag at katotohanan, patay sa espirituwal; pinaalis sa kinaroroonan ng Diyos; pinutol ang

pakikipagtalastasan sa Ama at sa Anak. Siya ay lubusang inihagis mula sa kinaroroonan ng Diyos katulad nina Satanas at ng pulutong na sumunod sa kanya. Iyon ang kamatayang espirituwal" (*Gospel Doctrine,* ika-5 limbag [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1939], p.432).

---

**Ang Pagkahulog at Pagsisisi**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 93:38–39.

• Ano ang kahulugan ng maging walang-malay? (Malaya mula sa kasalanan o masama, hindi napasasailalim sa anumang uri ng paghatol.)

Ipaliwanag na sina Adan at Eva ay walang-malay sa Halamanan ng Eden bago sila sumuway. Dahil sa kanilang pagsuway, nahulog sila mula sa kalagayang walang-malay tungo sa kalagayang kawalang-katwiran. Kinailangan nilang matubos mula sa kanilang nahulog na kalagayan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, sa kondisyon na sila ay magsisisi. Sa katulad na paraan, nagkakasala tayo, at sa pamamagitan lamang ng pagsisisi at ng pagbabayad-sala ni Jesucristo tayo matutubos.

• Ayon sa Doktrina at mga Tipan 93:38–39, ano ang mga paraan na tayo ay mapapasailalim ni Satanas at mahuhulog mula sa ating kalagayang dalisay at walang-malay? (Sa pamamagitan ng pagsuway at dahil sa mga kaugalian o mga maling turo ng mga nagtuturo sa atin.)

• Ano ang pamamaraan na maaaring mapagtagumpayan natin ang mga bisa ng ating pansariling pagkahulog? (Pagsisisi, na maaaring magawa sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo.)

---

**Ang Pagkahulog ay Dakilang Pagpapala**

Talakayan

• Dapat ba tayong matuwa o malungkot sa pagkahulog ni Adan? Bakit?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang pagkahulog ni Adan ay kailangan sa plano ng kaligtasan katulad ng pagbabayad-sala ni Jesucristo. Kung wala ang Pagkahulog, hindi tayo, mabubuhay at hindi magkakaroon ng pangangailangan sa isang Tagapagligtas. Kung wala ang Pagkahulog, hindi tayo magiging mortal ni malalaman natin ang kaganapan ng kagalakan na nagmumula sa pagkakaroon ng katawang mortal at mula sa pagpili ng mabuti sa masama.

Sipi at talakayan

Ipinahayag ni Pangulong Brigham Young ang tamang saloobin na dapat mapasaatin hinggil sa Pagkahulog:

"Ang ilan ay maaaring nalungkot na nagkasala ang ating mga unang magulang. Walang katuturan ito. Kung naroon tayo, at hindi sila nagkasala, maaaring tayo ang nagkasala. Hindi ko sisisihin sina Adan at Eva. Bakit? Sapagkat kinakailangan na pumasok sa daigdig ang kasalanan; walang sinumang tao ang makauunawa sa alituntunin ng kadakilaan nang wala ang kasalungat nito. Walang sinuman ang makatatanggap ng kadakilaan nang hindi nakikilala ang kasalungat nito. Paano nagkasala sina Adan at Eva? Sila ba ay tahasang sumalungat sa Diyos at sa kanyang pamahalaan? Hindi. Subalit lumabag sila sa isang utos ng Panginoon, at sa pamamagitan ng paglabag na iyon ay pumasok sa daigdig ang kasalanan. Alam ng Panginoon na gagawin nila ito, at binalangkas niya na dapat nilang gawin" (*Discourses of Brigham Young,* pinili ni John A. Widtsoe [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1941], p. 103).

• Ano ang kaibahan ng paglabag sa batas ng Diyos katulad ng ginawa nina Adan at Eva at ang tahasang pagsalungat sa Diyos katulad ng ginawa ni Satanas? (Saloobin o motibo. Naghimagsik si Satanas laban sa Diyos at nagsikap na sirain ang mga layunin ng Diyos, samantalang sina Adan at Eva at lumabag sa isa sa mga batas ng Diyos upang isagawa ang iba.)

• Maraming relihiyon ang nagpaparatang kina Adan at Eva ng pagiging makasalanan, masasamang tao. Dahilan sa nauunawaan natin ang kanilang paglabag sa tunay nitong liwanag, ano ang dapat nating maging damdamin tungkol sa mga ito? (Dapat tayong

lubos na magpasalamat sa kanilang pagiging handang gawing maaari ang pagiging mortal. Nakikita natin ang mga ito bilang dalawa sa pinakadakila at pinakamatwid na tao na nakilala ng daigdig.)

---

**Katapusan**

Banal na kasulatan at sipi

Ituro na tiningnan nina Adan at Eva ang kanilang pagkahulog bilang isang dakilang pagpapala. Muling ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Moises 5:10–12.

Ibinigay din ni Pangulong Joseph Fielding Smith ang kanyang patotoo tungkol sa mga pagpapala ng Pagkahulog:

"Nang palayasin si Adan sa Halamanan ng Eden, binigyan siya ng parusa ng Panginoon. Ang ilang tao ay tumingin sa parusang iyon bilang isang kakila-kilabot na bagay. Hindi; iyon ay isang pagpapala. Hindi ko alam na tunay na maituturing iyon maging bilang isang nakakubling parusa. . . .

"Ang pagkahulog ng tao ay dumating bilang isang nakakubling pagpapala, at ang paraan ng pagpapasulong sa mga layunin ng Panginoon sa pagsulong ng tao, sa halip na isang paraan ng paghadlang sa mga ito" (*Doctrines of Salvation,* tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1954–56], 1:113–14).

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na basahin ang lahat ng 2 Nefias 2 at 9 bilang isang pag-aaral na muli ng pagkahulog ni Adan at isipin, habang nagbabasa sila, kung gaano mahabagin at makatarungan ang plano ng pagtubos ng Panginoon.

# Ang Pagbabayad-sala ay Nagdudulot ng Tagumpay sa Kamatayan at Impiyerno

# 7

**LAYUNIN**

Higit na mauunawaan ng bawat kabataang lalaki ang walang-hanggang pagbabayad-sala ni Jesucristo.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Lucas 22:39–44; 2 Nefias 9:4–10; Mosias 3:7; 14:3–6; Alma 12:12–18; 34:8–14; Helaman 14:15–19; at Doktrina at mga Tipan 19:16–19.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
   c. Larawan 3, Si Jesus ang Cristo (62572; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240).
3. Maghandang sabay-sabay na awitin sa isang tamang oras sa aralin ang: "Kaydakilang Karunungan at Pag-ibig" (*Mga Himno at Awit Pambata*) o "How Great Thou Art," *Hymns,* blg. 86).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Ang Pangangailangan ng Walang-hanggang Pagbabayad-sala

Sipi, larawan, at talakayan

• Ano sa palagay ninyo ang pinakamahalagang turo ng ebanghelyo?

Sabihin sa mga kabataang lalaki na madalas tinatanong si Propeta Joseph Smith kung ano ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon. Sa isang pagkakataon ay ipinaliwanag niyang, "Ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at mga Propeta, hinggil kay Jesucristo, na Siya ay namatay, inilibing, at muling bumangon nang ikatlong araw, at umakyat sa langit; at lahat ng iba pang bagay na tumutukoy sa ating relihiyon ay mga dagdag lamang dito" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1938], p. 121).

Ipakita ang larawan 3, Si Jesus ang Cristo.

• Bakit sentro ng ating relihiyon ang kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo? (Kung wala ang Pagbabayad-sala at ang Pagkabuhay na mag-uli, hindi tayo magkakaroon ng relihiyon. Dahilan sa pagkahulog ni Adan, tayo ay maliligaw at mahuhulog magpakailanman.)

• Ano ang magiging kalagayan ng sangkatauhan kung walang naging pagkabuhay na mag-uli?

Mga banal na kasulatan at talakayan

Pagkatapos ng maikling talakayan sa mga tanong na ito, ipabasa sa mga kabataang lalaki ang 2 Nefias 9:4–10.

• Anong dalawang uri ng kamatayan ang naging bunga ng pagkahulog ni Adan? (Kamatayan ng katawan, o kamatayang pisikal; at kamatayan ng espiritu, o kamatayang espirituwal [na kung minsan ay tinatawag na impiyerno], na paghiwalay o pagkaalis sa kinaroroonan ng Diyos.)

• Kung walang naging pagbabayad-sala, ano ang maaaring nangyari sa ating lahat? (Ang dalawang kamatayan ay mamamalagi. Ang ating katawang pisikal ay "malilibing upang mabulok at maagnas sa inang lupa, upang hindi na bumangon pang muli" [2 Nefias 9:7]. Ang ating mga espiritu ay mapapasailalim ng diyablo, at mawawala tayo sa kinaroroonan ng Diyos magpakailanman.)

• Ayon sa talata 7, ano ang kailangan upang mapagtagumpayan ang dalawang kamatayang ito? ("Talagang kailangang ito ay maging walang-hanggang pagbabayad-sala.")

• Ano ang *walang-hanggang* pagbabayad-sala? (Ang isang walang-hanggang pagbabayad-sala ay isa na walang katapusan o sumasakop sa lahat.)

Patulungin ang ilang mga kabataang lalaki sa pagbasa ng Alma 34:8–14.

• Sino ang ipinropesiya ni Amulek na tutubos sa sangkatauhan mula sa kanilang nahulog na kalagayan? (Si Jesucristo, ang Anak ng Diyos.)

• Ano ang kahulugan ng pariralang "dakila at huling sakripisyo"?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang batas ng sakripisyo ay nagsimula kay Adan at nagpatuloy sa ilalim ng batas ni Moises. Mga hayop at mga ibon ang isinakripisyo sa mga natatanging dambana sa pamamagitan ng pagbubuhos ng kanilang dugo. Isang anghel ng Panginoon ang nagsabi kay Adan na siya at ang mga anak niya ay dapat mag-alay ng mga sakripisyo ng dugo bilang "kahalintulad ng sakripisyo ng Bugtong ng Ama" (Moises 5:7). Ang batas ni Moises ay nagpatuloy hanggang sa panahon ni Jesucristo, nang ito ay matupad o matapos. Si Jesucristo ang dakila at huling sakripisyo, sa gayon ay winakasan ang sakripisyo sa pamamagitan ng pagbubuhos ng dugo.

Gamitin ang mga sumusunod na tanong kung kailangan upang tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan ang kaugnayan ng sakripisyo at Pagbabayad-sala.

• Ang sakripisyo ba ng isang tupa o iba pang hayop ay makabubuo ng walang-hanggang pagbabayad-sala? (Hindi.)

• Ang sakripisyo ba ng isang tao maliban kay Jesus ay makapagsasagawa ng walang-hanggang pagbabayad-sala? (Hindi.)

• Anong uri ng sakripisyo ang kailangan upang magkaroon ng walang-hanggang pagbabayad-sala? ("Walang katapusan at walang-hanggang sakripisyo" [Alma 34:10]. Ang salitang *walang katapusan* ay nangangahulugang walang hangganan o walang wakas.)

• Ano ang hinihingi ng walang katapusan at walang-hanggang sakripisyo? (Ang sakripisyo ng isang diyos, ni Jesucristo, ang Anak ng Diyos, na "walang katapusan at walang-hanggan" [Alma 34:14].)

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang *Walang katapusan* at *Walang-hanggan* ay ibang mga pangalan para kay Jesucristo. Si Jesus ang Kordero ng Diyos, na ang dugo ay ibinuhos bilang ang dakila at huling sakripisyo. Tanging isang Diyos lamang ang maaaring magbayad-sala para sa mga kasalanan ng lahat ng sangkatauhan at mabayaran ang batas ng katarungan. Tanging isang Diyos lamang ang makapananatiling walang kasalanan at makapagtitiis sa pagdurusang hinihingi ng katarungan upang bayaran ang halaga ng mga kasalanan ng daigdig.

---

**Ang Paghihirap ng Pagbabayad-sala ni Cristo**

Paglalahad ng tagapayo

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na bagaman ang Pagbabayad-sala, o ang dakila at huling sakripisyo, ay naisagawa ng Diyos, ang sakripisyo ay hindi madali o hindi masakit. Sa kabaligtaran, ang walang katapusang pagbabayad-sala ni Cristo ay kinabibilangan ng higit na dakilang paghihirap sa katawan at espiritu kaysa sa naranasan o maaaring danasin ng sinumang ibang tao.

Ang ulat ng pagdurusa ng Panginoon sa Halamanan ng Getsemani ay nakatutulong sa atin na maunawaan ang dakilang pag-ibig ng Tagapagligtas sa kanyang Ama at sa atin.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa nang tahimik at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Lucas 22:39–44. Pagkatapos ay ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang mga talata.

Bigyang-diin ang pagdurusa ni Jesus para sa atin katulad ng ipinakikita sa pariralang "ang kanyang pawis ay gaya ng malalaking patak ng dugo" (Lucas 22:44). Napakalaki ng paghihirap niya na ipinanalangin niya na ang saro (pagdurusa niya) ay maalis sa kanya

kung may iba pang paraan upang maisagawa ang Pagbabayad-sala. Subalit handa siyang gawin ang kalooban ng kanyang Ama.

Upang tulungan ang mga kabataang lalaki na higit na maunawaan ang pagdurusa ni Jesus, basahin ang Doktrina at mga Tipan 19:16–19.

Hilingan ang mga kabataang lalaki na isipin ang pinakamatinding sakit na dinanas nila sa katawan o espiritu. Ituro na ang kanilang pinakamatinding sakit ay walang saysay kung ihahambing sa sakit na tiniis ng Tagapagligtas, na naging sanhi upang magdugo siya sa bawat butas ng balat.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mosias 3:7.

- Maaari ba sa isang mortal na tao na magdusa ng katulad ng antas ng sakit at paghihirap na katulad ng dinanas ng Tagapagligtas? (Hindi. Ang ganoong sakit at pagdurusa ay magiging sanhi ng kamatayan ng mortal na tao.)

- Ano ang naging sanhi ng ganitong matinding pagdurusa ng Tagapagligtas na ang dugo ay nagmula sa bawat butas ng balat? ("Napakasidhi ng kanyang magiging pagdurusa dahil sa kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng kanyang mga tao" [Mosias 3:7]; ang ibig sabihin, ang pangkaisipan at espirituwal na pagdurusang dinanas niya dahilan sa tinaglay niya sa kanyang sarili ang mga kasalanan ng lahat ng mga kalalakihan at kababaihan.)

---

**Nagdusa si Cristo Para sa Atin**

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na nagdusa ng espirituwal na parusa si Jesucristo para sa mga kasalanan ng lahat ng sangkatauhan. Kahit paano ang parusa sa mga kasalanan ng lahat ng sangkatauhan ay nakasentro sa kanya upang ang mga nagsisisi at lumalapit sa kanya ay hindi na kailangang magdusa para sa mga kasalanan nila. Ang dakila at huling sakripisyong ito ni Jesus ay nagpapakita ng kanyang pag-ibig para sa bawat isa sa atin. Buong kagandahang inilarawan ni Propeta Isaias ang pagdurusa ni Jesus alang-alang sa iba para sa ating lahat. Ang mga salita ni Isaias ay inulit sa Aklat ni Mormon. Basahin nang malakas ang Mosias 14:3–6.

- Ano ang nadarama ninyo sa pagkaalam na nagdusa si Jesus para sa mga kasalanan ninyo?

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Helaman 14:15–19.

- Ano ang nagagawa para sa atin ng kamatayan at pagkabuhay na mag-uli ng Tagapagligtas? (Dinadaig ng mga ito ang pisikal na kamatayan upang tayo ay mabuhay na mag-uli.)

- Paano tayo tinutubos ng Pagbabayad-sala? (Lahat tayo ay maaaring makabalik sa kinaroroonan ng Ama sa Langit, na napagtatagumpayan ang kamatayang espirituwal. Katulad ng pagkawaksi sa lahat mula sa kinaroroonan ng Diyos sa pamamagitan ng pagkahulog ni Adan, ang lahat ng magsisisi sa kanilang mga kasalanan ay maipanunumbalik sa kinaroroonan ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo.)

Ipabasa sa isa o higit pang kabataang lalaki ang Alma 12:12–18.

- Ano ang nangyayari matapos na bumalik tayo sa kinaroroonan ng Diyos? (Tayo ay hahatulan.)

- Paano tayo hahatulan? (Ayon sa ating mga puso, mga salita, mga gawa, at mga kaisipan.)

- Ano ang magiging kalagayan ng mga namatay na may matigas at hindi nagsisising mga puso? (Sila ay hahatulan sa pamamagitan ng kanilang mga salita, mga gawa, at mga kaisipan at magnanais na magtago mula sa Diyos subalit hindi makapagtatago.)

- Pararatangan ba ng masasama ang Panginoon sa pagiging hindi makatarungan? (Hindi, lahat ay kikilala na ang mga paghatol ng Diyos ay makatarungan at mahabagin.)

- Ano ang kahulugan ng maging matwid?

Ipaliwanag sa mga kabataang lalaki na itinuturo ng Aklat ni Mormon na ang pagiging matwid ay ang tanggapin si Jesucristo, maniwala sa kanya, magsisi, tumanggap ng mga ordenansa, magtiis hanggang sa wakas at maging mga tagapagmana ng kahariang selestiyal (tingnan sa Mosias 4:5–11). Ang mga masasama ay tumatangging tanggapin si Cristo at ang kanyang pagkamatwid sa pamamagitan ng pagtanggi na maniwala sa kanya, magsisi, tumanggap ng mga ordenansa at magtiis hanggang sa wakas.

- Mananatili ba ang masasama sa kinaroroonan ng Diyos? (Hindi, iwawaksi sila sa kanyang kinaroroonan—hindi dahilan sa paglabag ni Adan kundi sa sarili nilang paglabag.)
- Ano ang kalagayan ng masasama matapos na sila ay iwaksi sa kinaroroonan ng Diyos? (Sila ay pahihirapan at magdurusa maging katulad ng pagdurusa ni Jesus. Sila ay mabubuhay na parang walang ginawang pagtubos o pagbabayad-sala, maliban sa hindi sila mamamatay.)

Ipaliwanag na magdurusa ang masasama hanggang makabayad sila sa halaga ng kanilang mga kasalanan.

- Sino ang magtatamasa ng mga ganap na pagpapala ng Pagbabayad-sala?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang mga magtatamasa ng mga ganap na pagpapala ng Pagbabayad-sala ay ang mga—

1. Hindi nagmamatigas sa kanilang mga puso laban sa Panginoon at sa kanyang katotohanan.
2. Tumatanggap ng nagbabayad-salang dugo ni Jesucristo sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya at pagsisisi.
3. Nag-uukol ng kanilang mga kaisipan, mga salita, at mga gawa sa paglilingkod at kaluwalhatian ng Panginoon, na nagdusa para sa kanila.

---

**Katapusan**

Gawain

Upang higit na mabisang maituro ang mahalagang araling ito, maaari mong naising magkaroon ng isa pang oras ng klase upang “pagdugtung-dugtungin” ng mga kabataang lalaki ang mga banal na kasulatan sa araling ito.

Ang pagsusunud-sunod sa mga banal na kasulatan ay kinabibilangan ng pagsisimula sa unang banal na kasulatan (2 Nefias 9:4–10) at pagsusulat ng sanggunian para sa susunod na banal na kasulatan (Alma 34:8–14) sa hulihan ng una, upang ang bawat sangguniang banal na kasulatan ay nagsasabi kung saan makikita ang susunod na banal na kasulatan sa pagkakasunud-sunod. Pagkatapos ng talata 14 ng Alma 34, halimbawa, isusulat ng mga kabataang lalaki ang sanggunian para sa pangatlong banal na kasulatan sa pagkakasunud-sunod, Lucas 22:39–44, at iba pa hanggang sa lahat ng mga banal na kasulatan sa kaayusan ng mga ito sa aralin.

Ang pagkakasunud-sunod ng banal na kasulatan ay katulad ng sumusunod:

1. 2 Nefias 9:4–10
2. Alma 34:8–14
3. Lucas 22:39–44
4. Doktrina at mga Tipan 19:16–19
5. Mosias 3:7
6. Mosias 14:3–6
7. Helaman 14:15–19
8. Alma 12:12–18

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na magkaroon ng higit na pananampalataya kay Jesucristo at ipakita sa Tagapagligtas ang kanilang pagpapahalaga sa Pagbabayad-sala sa pamamagitan pagsisisi ng kanilang mga kasalanan.

# Ang Pagkabuhay na Mag-uli at Paghuhukom

# 8

**LAYUNIN**

Matututuhan ng bawat kabataang lalaki na lahat tayo ay mabubuhay na mag-uli at dadalhin sa harapan ng hukumang luklukan ni Cristo upang hatulan sa ating mga gawa.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Lucas 24; Juan 11:19–27, 37–46; Apocalipsis 21:4; Alma 11:40–44; 34:32; 3 Nefias 11:14–15; 18:39; Doktrina at mga Tipan 20:23–24; 45:51–52; 63:49; 88:104; 129:1–8; at Moises 1:36–39.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Larawan 4, Ang Nabuhay na Mag-uling Jesucristo (62187; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 239); at larawan 5, Binubuhay ni Jesus si Lazaro mula sa mga Patay (62148; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 222).
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Isang linggong pauna, magtalaga ng isang kabataang lalaki na magsasalaysay ng kuwento ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo katulad ng matatagpuan sa Lucas 24.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang Pangako ng Pagkabuhay na Mag-uli ay Para sa Lahat**

Larawan, mga banal na kasulatan, at talakayan

Ipakita ang larawan 5, Binubuhay ni Jesus si Lazaro mula sa mga Patay.

Ipaliwanag na may malaking pagmamahal si Jesus para kay Lazaro at sa mga kapatid [na babae] nito, sina Maria at Marta. Nang mamatay si Lazaro, nalaman ni Jesus na ito ang panahon upang ipakita niya na may kapangyarihan siya sa buhay at kamatayan.

Patulungin ang isa o higit pang kabataang lalaki sa pagbabasa ng Juan 11:19–27. Ipaliwanag na sa mga talata 25 at 26, nagpatotoo si Jesus na gagawin niyang maaari ang Pagkabuhay na Mag-uli at ang buhay na walang-hanggan.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Juan 11:37–46.

Ipaisip sa mga kabataang lalaki kung ano kaya kung makakita sila ng isang tao na binuhay mula sa mga patay.

- Si Lazaro ba ay binuhay na mag-uli? (Hindi, ibinalik siya sa buhay na mortal, hindi buhay na imortal. Muling mamamatay si Lazaro.)
- Sino ang unang taong binuhay na mag-uli?

Muling ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Juan 11:25–26.

- Ano ang kahulugan ng banal na kasulatang ito para sa ating lahat?
- Ano ang nadarama ninyo tungkol sa banal na kasulatang ito?

Larawan at ulat

Ipakita ang larawan 4, Ang Nabuhay na Mag-uling Jesucristo. Pagkatapos ay ipasalaysay sa paunang itinalagang kabataang lalaki ang ulat mula sa Lucas 24 ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo.

Pagbabasa at talakayan

- Ano ang pagkabuhay na mag-uli?

Upang matulungang sagutin ang tanong na ito, ipabasa sa isang kabataang lalaki mula sa Bible Dictionary na limbag ng Banal sa Huling-araw ng Salin na King James ng Bibliya sa ilalim ng pamagat na "Pagkabuhay na Mag-uli."

- Ano ang nagbigay-halaga sa Pagkabuhay na Mag-uli?

Pahintulutang tumugon ang mga kabataang lalaki; kung kailangan, muling pag-aralan ang ulat ng pagkahulog nina Adan at Eva (tingnan sa Moises 4). Bigyang-diin na dahilan sa dinala nina Adan at Eva ang kamatayang pisikal sa daigdig, kinailangan natin ang isang Tagapagligtas upang magdulot sa atin ng Pagkabuhay na Mag-uli.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Moises 1:36–39.

- Paano bahagi ng katuparan ang Pagkabuhay na Mag-uli ng banal na kasulatang ito? (Nagdudulot ng imortalidad sa lahat ng sangkatauhan ang Pagkabuhay na Mag-uli.)
- Kailan nagaganap ang pagkabuhay na mag-uli? (Nagsimula ito sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo at nagpapatuloy hanggang ang lahat ng mga anak ng Diyos na isinilang na sa mortalidaday mabuhay na mag-uli.

Gawain sa banal na kasulatan

Ipaliwanag na may ilang mga bagay sa mga banal na kasulatan tungkol sa pagkabuhay na mag-uli na hindi nauunawaan ng maraming tao.

Upang palawakin ang pang-unawa ng mga kabataang lalaki tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, hatiin ang klase sa mga pangkat. Itakda sa bawat pangkat ang sumusunod na mga banal na kasulatan upang basahin. Tagubilinan ang bawat pangkat na tukuyin ang isang alituntunin tungkol sa pagkabuhay na mag-uli na itinuturo sa mga banal na kasulatang ito:

1. 3 Nefias 11:14–15; Doktrina at mga Tipan 45:51–52
2. Lucas 24:39; Doktrina at mga Tipan 129:1–8
3. Doktrina at mga Tipan 20:23–24; 3 Nefias 18:39
4. Apocalipsis 21:4; Doktrina at mga Tipan 63:49
5. Lucas 24:41–43

Bigyan ang mga kabataang lalaki ng oras na magbasa ng mga banal na kasulatan at tukuyin ang isang alituntunin ng pagkabuhay na mag-uli.

Isulat ang mga katugunan sa pisara habang ibinabahagi ng mga pangkat ang natutuhan nila tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, katulad ng—

1. Ang talagang katawang pisikal ay nabuhay na mag-uli.
2. Ang katawang nabuhay na mag-uli ay nahahawakan, na imortal na katawan.
3. Ang katawang nabuhay na mag-uli ay hindi mauuwi sa lupa.
4. Ang katawang nabuhay na mag-uli ay hindi napasasailalim sa sakit o kamatayan.
5. Ang isang nabuhay na mag-uling nilalang ay nakakakain.

Sipi

Ipaliwanag na sinabi ni Propeta Joseph Smith:

"Pinapangyari ng Kordero ng Diyos ang pagkabuhay na mag-uli, upang ang lahat ay bumangon mula sa mga patay. . . .

"Kapag ang ating laman ay binuhay sa espiritu, hindi magkakaroon ng dugo sa tabernakulong ito" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1938], p.367).

Idagdag sa pisara na ang mga nabuhay na mag-uling katawan ay walang dugo.

Paglalahad ng tagapayo

Ituro na dalawang pangkalahatang pagkabuhay na mag-uli ang binabanggit sa mga banal kasulatan: (1) ang unang pagkabuhay na mag-uli, o pagkabuhay na mag-uli ng mga matwid, at (2) ang pangwakas na pagkabuhay na mag-uli, o pagkabuhay na mag-uli ng hindi matwid.

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na ang kanilang sariling pagkabuhay na mag-uli ay magaganap sa hinaharap at sa pagpapanatili sa mga sarili nilang karapat-dapat ay makakabahagi sila sa unang pagkabuhay na mag-uli.

### Lahat Tayo ay Hahatulan

Mga banal na kasulatan at talakayan

- Anong dakilang pangyayari ang kasunod ng ating pagkabuhay na mag-uli? (Ang huling paghuhukom.)
- Bakit hindi natin dapat katakutan ang huling paghuhukom? (Sa pamamagitan ng wastong paghahanda ng ating sarili, tunay na makaaasam tayo sa huling paghuhukom.)

Ituro na pangangasiwaan ng Tagapagligtas ang huling paghuhukom at iyon ay magiging ganap na walang kinikilingan at makatarungan. Kung sinusunod natin ang mga kautusan at tayo ay namumuhay nang kaayon ng Espiritu, makaaasam tayo dito nang may pagtitiwala.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Alma 34:32.

Upang tulungan ang mga kabataang lalaki na higit na maunawaan ang Paghuhukom at ang bahagi ng Tagapagligtas sa pangyayaring ito, ipabasa nang malakas sa kanila ang Alma 11:40–44. Talakayin ang kahulugan ng mga talatang ito habang ang mga ito ay binabasa.

- Ano ang ibig sabihin ng "malinaw na alaala ng lahat ng ating mga pagkakasala"? (Isang malinaw na pag-alala sa ating mga kamalian.)

Bigyang-diin na dumarating sa lahat ang pagkabuhay na mag-uli, subalit ang kadakilaan ay dumarating lamang sa mga taong ang pananampalataya at mga gawa ay nagpapagindapat sa kanila na mamuhay sa kinaroroonan ng Diyos. Ipaliwanag na hahatulan tayo sa pamamagitan ng ating mga gawa, maging ang mga ito ay mabuti o masama, at ang Paghuhukom ay magiging maganda at kapana-panabik na pangyayari kung namumuhay tayo nang tama upang maging marapat dito.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na ang ikalabing-isang kabanata ng Alma ay naglalaman ng mga salita ni Amulek sa masamang taong si Zeezrom. Nakatulong ang mga salita ni Amulek kay Zeezrom upang magsimulang magsisi. Pagkatapos ay idinagdag ni Alma ang kanyang patotoo sa plano ng kaligtasan.

Himukin ang mga kabataang lalaki na pag-aralan ang Alma 12 sa kanilang pansariling pag-aaral ng banal na kasulatan.

---

### Katapusan

Banal na kasulatan at talakayan

Ituro na ang mga banal na kasulatan ay maraming itinuturo sa atin tungkol sa mga alituntunin ng pagkabuhay na mag-uli at ng paghuhukom. Ang Topical Guide sa limbag ng Banal sa Huling-araw na Salin ng Bibliyang King James ay naglalaman ng maraming sanggunian ng mga paksang ito. Dapat nating basahin at pag-aralan ang salita ng Panginoon at manalangin araw-araw para sa patnubay upang maging handa para sa paghuhukom.

Upang ibuod, ipabasa at ipatalakay sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 88:104. Bigyang-diin na bawat tao ay magkakaroon ng bahagi sa Paghuhukom.

Hamon

Ipaliwanag na hinahatulan natin ang ating mga sarili bawat araw sa pamamagitan ng mga bagay na ginagawa natin o hindi ginagawa. Ang pangwakas na paghuhukom ang magiging kabuuan ng ating pang-araw-araw na buhay. Hamunin ang mga kabataang lalaki na magtakda ng layunin upang gawin araw-araw upang ang pansarili nilang paghatol ay isa na magdadala sa kanila sa kahariang selestiyal.

# 9 Katarungan at Awa

**LAYUNIN**

Higit na mauunawaan ng bawat kabataang lalaki ang kaugnayan ng katarungan at awa ng Diyos.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 2 Nefias 2:6–8, 26–29, at Alma 42.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Isang Talinghaga Tungkol sa Katarungan at Awa**

Sipi

Basahin nang malakas ang sumusunod na talinghaga na inilahad ni Elder Boyd K. Packer:

"Hayaan ninyong isalaysay ko sa inyo ang isang kuwento—isang talinghaga.

"Minsan ay may isang tao na masidhi ang pagnanais sa isang bagay. Ito ay tila mas mahalaga kaysa sa anupamang bagay sa buhay niya. Upang makamit niya ang kanyang ninanais, siya ay pumasok sa isang malaking pagkakautang.

"Binabalaan na siya tungkol sa pagpasok sa ganito kalaking utang, lalo't higit ang tungkol sa nagpautang sa kanya. Subalit tila napakahalaga para sa kanya na gawin ang nais niyang gawin at makamit kung ano ang nais niya kaagad-agad. Nakatitiyak siya na mababayaran niya ito sa darating na panahon.

"Kaya lumagda siya sa isang kasunduan. Babayaran niya ang utang sa darating na mga araw. Hindi siya gaanong nag-alala tungkol dito, sapagkat ang takdang araw ng pagbabayad ay tila matagal pa. Nakamit na niya ngayon ang ninanais niya at iyan sa palagay niya ang mahalaga.

"Ang nagpautang ay laging nasa kanyang isipan, at siya ay nagbayad nang paunti-unti paminsan-minsan, inaakala kahit paano na ang araw ng pagtutuos ay hindi na kailanman darating.

"Subalit tulad ng palaging nangyayari, dumating ang araw, at ang kasunduan ay dapat nang isakatuparan. Hindi nabayaran nang buo ang utang. Dumating ang nagpautang sa kanya at humihingi ng buong kabayaran.

"Noon lamang niya naisip na ang nagpautang sa kanya ay hindi lamang may kapangyarihan na samsamin ang lahat ng ari-arian niya, kundi mayroon ding kapangyarihan upang ipakulong siya.

" 'Hindi kita mababayaran, sapagkat wala akong kakayahan na gawin iyon,' ang kanyang pag-amin.

" 'Kung ganoon,' sinabi ng nagpautang, 'tutuparin natin ang kasunduan, kukunin ang mga ari-arian mo at makukulong ka. Sumang-ayon ka sa ganyan. Iyan ang pinili mo. Nilagdaan mo ang kasunduan, at ngayon, dapat ipatupad ito.'

" 'Hindi mo ba maaaring palugitan ang takdang araw o patawarin ang pagkakautang?' ang pagmamakaawa ng may-utang. 'Gawan mo naman ng paraan upang manatiling nasa akin ang mga ari-arian ko at huwag akong makulong. Tiyak na naniniwala ka sa awa? Hindi ka ba magpapakita ng awa?'

"Sumagot ang nagpautang, 'Ang awa ay palaging isa lamang ang pinapanigan. Ikaw lamang ang makikinabang nito. Kung magpapakita ako ng awa sa iyo, hindi ako mababayaran. Katarungan ang aking kailangan. Naniniwala ka ba sa katarungan?'

" 'Naniwala ako sa katarungan nang nilagdaan ko ang kasunduan,' ang sabi ng may-utang. 'Nasa panig ko ito noon, sapagkat inakala ko na pangangalagaan ako nito. Hindi ko kailangan ang awa noon, at hindi ko rin inakala na kakailanganin ko ito kailanman. Inakala ko na ang katarungan ay magsisilbi sa ating dalawa nang pantay.'

" 'Ang katarungan ang humihingi na bayaran mo ang nasa kasunduan o pagdusahan ang kaparusahan,' ang tugon ng nagpautang. 'Iyan ang batas. Sumang-ayon ka rito at ganyan ang dapat na mangyari. Hindi maaaring pagnakawan ng awa ang katarungan.'

"Ganyan ang katayuan nila: Ang isa ay naghahangad ng katarungan, at ang isa ay humihingi ng awa. Walang maaaring manaig maliban sa kapinsalaan ng isa.

" 'Kung hindi mo patatawarin ang pagkakautang, walang magaganap na awa,' ang pagsusumamo ng may-utang.

" 'Kung patatawarin ko, wala namang katarungan,' ang naging katugunan.

"Ang dalawang batas, sa pakiwari, ay kapwa hindi maaaring tugunan. Ang mga ito ay dalawang walang-hanggang batas na tila sumasalungat sa isa't isa. Wala bang paraan upang ang katarungan ay ganap na matugunan, at gayundin naman ang awa?

"May paraan! Ang batas ng katarungan ay *maaaring* ganap na matugunan at ang awa ay *maaaring* lubusang ipagkaloob—ngunit mangangailangan ng ibang tao. At ganito nga ang nangyari sa pagkakataong ito.

"Ang may-utang ay may kaibigan. Dumating siya upang tumulong. Kilalang-kilala niya ang may-utang. Kilala niya siya bilang isang taong walang malawak na pananaw. Iniisip niyang ang may-utang ay hangal sa paglalagay sa kanyang sarili sa isang alanganing katayuan. Gayunman, ninais niyang tumulong dahil mahal niya siya. Namagitan siya sa dalawa, hinarap ang nagpautang, at ibinigay ang ganitong alok.

" 'Babayaran ko ang utang kung palalayain mo ang may-utang sa pagtupad sa kasunduan upang manatili sa kanya ang kanyang mga ari-arian at hindi makulong.'

"Samantalang pinag-iisipang mabuti ng nagpautang ang alok, idinagdag ng tagapamagitan, 'Humihingi ka ng katarungan. Bagamat hindi ka niya mababayaran, gagawin ko ito. Maibibigay na sa iyo ang hinihingi mong katarungan at wala ka nang mahihiling pa. Hindi iyon magiging makatarungan.'

"Kaya't pumayag ang nagpautang.

"Bumaling sa gayon ang tagapamagitan sa may-utang. 'Kung babayaran ko ang utang mo, tatanggapin mo ba ako bilang nagpautang sa iyo?'

" 'Oo, oo,' ang sigaw ng may-utang. 'Iniligtas mo ako sa pagkakabilanggo at nagpapakita ka ng awa sa akin.'

" 'Kung ganoon,' wika ng tagapagpala, 'babayaran mo ang utang sa akin at ako ang magtatakda ng mga kasunduan. Hindi magiging madali ito, subalit maaaring mangyari. Gagawa ako ng paraan. Hindi mo kailangang mabilanggo.'

"At ganoon nga ang nangyari na ang nagpautang ay ganap na nabayaran. Naibigay sa kanya ang katarungang hinihingi niya. Walang kasunduang nasira.


"Ang may-utang, sa kabilang dako, ay nabigyan ng awa. Ang kapwa batas ay natugunan. Sapagkat may tagapamagitan, nakamit ng katarungan ang kaganapan nito, at ang awa ay natugunan" (sa Conference Report, Abr. 1977, p. 79–80; o *Ensign,* Mayo 1977, p. 54–55).

Talakayan

- Ano ang kaugnayan ng nagpautang at nangutang bago lumitaw ang tagapamagitan? (Ang nangutang ay may utang sa nagpautang ng higit sa mababayaran niya.)
- Paano binago ng tagapamagitan ang kaugnayan ng may-utang at nagpautang? (Tumayo sa pagitan ng nangutang at nagpautang ang tagapamagitan. Sa nagpautang, binayaran ng tagapamagitan ang buong hinihingi ng katarungan. Sa may-utang, nagbigay ng awa ang tagapamagitan.)

Talakayan sa pisara

Ilagay ang sumusunod na banghay sa pisara habang tinatalakay ninyo ang mga kaugnayan ng nagpautang, ng may-utang, at ng tagapamagitan sa talinghaga:




- Sa talinghaga, pinipilit ba ng sinuman ang may-utang na mangutang? (HIndi, pinili ng may-utang na mangutang upang makakuha ng isang bagay na napakamahal at napakahalaga sa kanya.)
- Ano ang inaasahan ng nagpautang hinggil sa muling pagbabayad ng utang? (Inaasahan ng nagpautang na mababayaran siya ng buo, 100 bahagdan.)
- Ano ang ipinapangako ng may-utang sa nagpautang? (Na babayaran niya ng buo ang utang, ang lahat ng 100 bahagdan.)
- Ano ang makatutugon sa katarungan? (Walang kulang sa 100 bahagdang kabayaran ng utang.)

Ipaliwanag na ang katarungan ay kadalasang inilalarawan bilang isang may piring na babae na may hawak na isang pares ng timbangan. Siya ay nakapiring upang isagisag na wala siyang kinikilingang tao, na hindi niya mabibigyan ng kalamangan ang kanyang mga kaibigan.

- Pinakikialaman pa ba ng katarungan kung sino ang magbabayad ng utang? (Hindi, pinakikialaman lamang ng katarungan na mabayaran ang utang.)
- Aasahan ba o hihingin ng katarungan na ibang tao maliban sa may utang ang magbayad ng utang? (Hindi, hindi magiging makatarungan iyon. Tatanggapin ng katarungan ang kabayaran mula sa sinuman, subalit hindi pipilitin ng katarungan ang isa pang tao na bayaran ang utang ng may-utang.)
- Gaanong utang ang binabayaran ng tagapamagitan? (Lahat ng ito.)
- Ano ang ipinapangako ng may-utang sa tagapamagitan? (Gagawin ang lahat ng hinihingi ng tagapamagitan upang muling mabayaran ang utang.)
- Maibibigay ba ang awa sa may-utang kung hindi tinupad ng may-utang ang kanyang mga pangako sa tagapamagitan? (Sa wari ay hindi. Ang awa ng tagapamagitan ay ibinigay lamang sa kasunduan ng pagsunod sa kagustuhan ng tagapamagitan.)

---

**Ang Katarungan at Awa ng Ama sa Langit**

Sipi

Ipaliwanag na ang talinghaga ng may-utang at ng nagpautang ay tunay na paliwanag ng pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ipinaliwanag ni Elder Packer:

“Bawat isa sa atin ay nabubuhay sa isang uri ng espirituwal na utang. Isang araw ay isasara ang aklat, hihingin nang sapilitan ang pagkikipag-ayos. Gaano man kakaraniwan

nating tingnan ito ngayon, kapag dumating na ang araw na iyon at ang pag-iilit ay nalalapit, balisang naghihirap tayong maghahanap ng isang tao, maging sinuman, upang tulungan tayo.

"At, sa pamamagitan ng walang-hanggang batas, hindi maibibigay ang awa maliban na may isang kapwa handa at may kakayahang balikatin ang ating utang at bayaran ang halaga at isaayos ang mga kasunduan para sa ating katubusan.

"Malibang may tagapamagitan, malibang may kaibigan tayo, ang buong bigat ng katarungan na hindi mapahinuhod, hindi maawain, ay kailangan, talagang kailangang bumagsak sa atin. Ang buong kabayaran para sa bawat paglabag, gaano man kaliit o gaano man kalalim, ay kukunin sa atin sa pinaka kaliit-liitan.

"Subalit alamin ito: Ang katotohanan, ang maluwalhating katotohanan, ay nagpapahayag na may ganitong tagapamagitan.

" 'Sapagkat may isang Diyos at may isang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus.' (1 Kay Tim. 2:5.)

"Sa pamamagitan niya ay maibibigay nang lubusan ang awa sa bawat isa sa atin nang hindi nasisira ang walang-hanggang batas ng katarungan.

"Ang katotohanang ito ang pinakaugat ng doktrinang Kristiyano. Maaaring marami kayong malaman sa ebanghelyo sa pagsasanga nito mula roon, subalit kung alam lamang ninyo ang mga sanga at ang mga sangang iyon ay hindi nakadikit sa ugat na iyon, kung pinutol ang mga iyon mula sa katotohanan, mawawalan ng buhay ni sustansiya ni katubusan sa kanila.

"Ang pagbibigay ng awa ay hindi kusa. Ito ay magiging sa pamamagitan ng tipan sa Kanya. Ito ay magiging sa mga kondisyon Niya, ang mga bukas-palad Niyang kondisyon, na kinabibilangan ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa pag-aalis ng mga kasalanan, bilang lubhang kailangang-kailangan.

Lahat ng sangkatauhan ay maipagtatanggol ng batas ng katarungan, at kaagad ay maaaring isa-isang mabibigyan ang bawat isa sa atin ng pantubos at panlunas na pagpapala ng awa.

"Ang kaalaman ng sinasabi ko ay talagang may kapakipakinabang na halaga. Ito ay lubhang pinakikinabangan at lubhang nakatutulong sa sarili; ito ay nagbubukas ng daan para sa bawat isa sa atin upang mapanatiling bayad ang kanyang mga espirituwal na pagkakautang.

"Maaaring kayo, marahil, ay kabilang sa mga nababahalang tao. Kapag naharap kayo sa sarili ninyo sa mga sandaling iyon ng tahimik na pagmumuni-muni—na marami sa atin ay nagsisikap na iwasan—may ilang mga hindi maayos na bagay ba na gumugulo sa inyo?

"May itinatago ba kayo sa inyong budhi? Kayo ba ay may kasalanan pa ng anumang maliit o malaki, gaano man kalubha?

"Kadalasan nating sinisikap na lutasin ang mga suliranin sa kasalanan sa pamamagitan ng pagsasabi sa isa't-isa na walang anuman ang mga iyon. Subalit kahit paano, sa kaloob-looban, hindi tayo naniniwala sa isa't-isa. Ni pinaniniwalaan natin ang ating sarili kung sinasabi natin ito. Higit ang nalalaman natin. Mahalaga ang mga iyon!

"Ang ating mga paglabag ay idinaragdag sa ating pagkakautang, at isang araw kung hindi ito naisaayos ng tama, ang bawat isa sa atin, katulad ni Belshazzar ng Babilonia, ay titimbangin sa timbangan at makikitang kulang.

"May isang Manunubos, isang Tagapamagitan, na naninindigang handa at may kakayahan na palubagin ang mga hinihingi na katarungan at magbigay ng awa sa mga nagsisisi, sapagkat, "Inihandog niya ang kanyang sarili na isang sakripisyo para sa kasalanan, upang tugunin ang layunin ng batas para sa lahat ng yaong may bagbag na puso at nagsisising espiritu; at walang sinumang maaaring makatugon sa mga layunin ng batas.' (2 Nefias 2:7).

"Naisakatuparan na Niya ang pagtubos sa lahat ng sangkatauhan mula sa kamatayang mortal; ang pagkabuhay na mag-uli ay ibinigay sa lahat nang walang pasubali.

"Ginagawa rin Niyang maaari ang pagkatubos mula sa pangalawang kamatayan, na kamatayang espirituwal, na paghiwalay sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit. Ang pakatubos na ito ay maaari lamang dumating sa malilinis, sapagkat walang maruming bagay ang makapaninirahan sa kinaroroonan ng Diyos.

"Kung iniuutos ng katarungan na hindi tayo karapat-dapat dahil sa ating paglabag, ang awa ay naglalaan ng isang pagsubok, isang pagsisisi, isang paghahanda na pumasok" (sa Conference Report, Abr. 1977, p.80–81; o *Ensign*, Mayo 1977, p. 55–56).

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na sa tulong ng talinghaga ni Elder Packer, dapat nating higit na maunawaan ang mga sipi sa banal na kasulatan na nagsasabi ng tungkol sa kaugnayan ng katarungan at awa.

Basahin at talakayin ang Alma 42.

- Ano ang ikinababalisa ni Corianton? (Ang "pagpaparusa sa mga makasalanan" [talata 1].)

Ipaliwanag na sa Halamanan ng Eden, itinanim ng Ama sa Langit ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama at ang puno ng buhay. Tinagubilinan niya sina Adan at Eva na makakakain sila ng bunga ng anumang puno maliban sa bunga ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama. Kung kumain sila ng bungang ito, tiyak na sila ay mamamatay. Ibinigay ng Ama sa Langit ang batas at ipinaliwanag ang mga kahihinatnan sa paglabag dito.

- May pumilit ba kina Adan at Eva na kumain ng ipinagbabawal na bunga? (Wala. Lalabag iyon sa kanilang kapangyarihan sa pagpili. Pinili nilang kumain.)
- Ano ang kinahinatnan ng pagkain ng ipinagbabawal na bunga? (Ayon sa talata 7, sila ay "nawaksi kapwa sa temporal at espirituwal mula sa harapan ng Panginoon.")
- Makatarungan ba na magdusa sina Adan at Eva ng temporal at espirituwal na kamatayan? (Oo. Ibinigay ang batas, pinahintulutan ang kapangyarihan sa pagpili, at ang mga kahihinatnan ay lubusang ipinaliwanag.)

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na sa pamamagitan ng pagkain ng bunga ng kaalaman ng mabuti at masama, ginawa nina Adan at Eva na maaari tayong isilang.

Ipaliwanag na inilagay ng Ama sa Langit ang kerubin, na mga makalangit na nilalang, at isang nagbabagang espada upang pigilan ang sinuman sa pagkain ng bunga ng puno ng buhay.

- Bakit ginawa ito ng Ama sa Langit?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na kung nakakain sina Adan at Eva sa puno ng buhay pagkatapos ng kanilang paglabag, maaari silang mabuhay magpakailanman sa kanilang mga kasalanan. Maaaring hindi sila nagkaroon ng panahon upang magsisi at maghandang muling mamuhay kasama ng Ama sa Langit. Maaaring nabigo nito ang plano ng kaligtasan at nasira ang plano ng kaligayahan. Binigyan tayo ng Ama sa Langit, sa kanyang awa, ng panahon na makapagsisi at makapaglingkod tayo sa kanya bago maligtas sa kamatayang temporal. Binigyan tayo ng panahon "upang maghanda sa pagharap sa Diyos" (Alma 34:32), isang panahon upang mapagtagumpayan natin ang ating nahulog na katayuan.

- Ano ang maaari nating nagawa upang maligtas ang ating sarili mula sa nahulog na kalagayang ito? (Wala. Dinadala natin ang mga kahihinatnan sa ating sarili sa ating sariling pagsuway, at tayo ay "walang paraan upang mabawi" ang ating sarili [Alma 42:12, 14].)
- Ano ang batas ng katarungan ng Ama sa Langit? (Na walang maruming bagay na makapaninirahan sa kinaroroonan niya. Ang sinumang sumusuway sa mga utos niya ay "iwawaksi mula sa kanyang harapan" [Alma 42:14].)
- Ilang mga tao ang nasa kamay ng katarungan—ilan ang nasa nahulog na kalagayan, iwinaksi mula sa kinaroroonan ng Diyos? (Lahat ng tao [tingnan sa Alma 42:14].)
- Paano tayo pinaglaanan ng Diyos na makaligtas sa sakmal ng katarungan? (Sa pamamagitan ng plano ng awa, kung saan pagbabayaran ni Jesucristo ang mga kasalanan ng daigdig, sa ganoon tinutugunan ang mga hinihingi ng katarungan. Sa gayon kailangan nating magsisi upang maging karapat-dapat sa kapatawaran. [Tingnan sa Alma 42:15].)

- Bakit may nakakabit na parusa, at bakit ibinigay ang isang batas? (Upang tulungan tayong makadama ng paggiyagis ng budhi at upang akayin tayong magsisi sa halip na magdusa ng mga kahihinatnan ng kasalanan [tingnan sa Alma 42:18].)
- Paano natutugunan ng awa ang katarungan?

Ipaliwanag na sa pamamagitan ng plano ng awa ang mga hinihingi ng katarungan ay lubusang natutugunan. Ipinatutupad ng katarungan ang batas at ipinapataw ang parusa para sa nilabag na batas. Subalit inililipat ng awa ang parusa sa Tagapagligtas para sa mga nagsisisi. Ang mga hindi nagsisisi ay hindi makakukuha ng awa at naiiwanang magdusa ng parusa. Ang mga nagsisisi ay sakop ng pagbabayad-sala ni Cristo. Hindi pinahihintulutan ng batas ng katarungan ang awa na maibigay sa sinuman kundi sa tunay na nagsisisi.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 2 Nefias 2:6–8, 26–29.

- Ano ang ating mga pagpipilian sa kalagayang pagsubok na ito? (Mayroon lamang tayong dalawang pagpipilian. Mapipili natin ang pagkabilanggo at kamatayan o kalayaan at buhay na walang-hanggan. Ang plano ng katarungan ay naglalantad sa atin sa labis na kalungkutan, pagkabilanggo, at kamatayan. Ang plano ng awa ay tumutubos sa atin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala mula sa pagsunggab ng katarungan at nagdudulot sa atin ng kaligayahan, kalayaan at buhay na walang-hanggan.)

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na upang matanggap ang plano ng awa, kailangan tayong—

1. Maging mapagpakumbaba. Kailangan nating maunawaan na hindi natin matatakasan ang pagsunggab ng katarungan sa ating sariling kabutihan.
2. Magsisi sa lahat ng ating mga kasalanan sa pamamagitan ng paglapit kay Cristo, na pagmamakaawa, pananampalataya sa Pagbabayad-sala, at pagpapasailalim sa mga ordenansa ng pagbibinyag at pagpapatibay.
3. Magtiis hanggang sa wakas ng ating kalagayang pagsubok, na may bagbag na puso at nagsisising espiritu.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo na dapat tayong maghangad ng awa, hindi katarungan, sa pamamagitan ng pagsunod sa plano ng awa, na siya ring plano ng kaligtasan.

# 10 Isang Malaking Pagbabago

**LAYUNIN**

Higit na mauunawaan ng bawat kabataang lalaki ang Pagbabayad-sala at ang kahalagahan ng pagpapatawad sa iba.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Ezekiel 18:21–22, 31–32; Mateo 18:32–35; Marcos 14:32–34; 2 Nefias 2:6–9; 9:21–23; Mosias 4:2–8; Alma 5:11–16; 11:40–42; 34:14–32; 36:5–21; 3 Nefias 9:20–22; Moronias 6:2; at Doktrina at mga Tipan 19:16–19; 59:8; 76:40–42; 132:23–24. Hindi lahat ng ito ay ilalahad sa aralin, subalit ang pag-aaral ng mga ito ay makatutulong sa iyo na ituro ang aralin.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Ipalabas ang “What Think Ye of Christ?” sa *Family Home Evening Video Supplement 2* (53277) kung makukuha ito sa inyong pook.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Isang Malaking Pagbabago ng Puso

Paglalahad ng tagapayo

Madalas nakaririnig ang mga kabataang lalaki ng mga pahayag na katulad ng “Namatay si Jesucristo upang mabuhay tayo”; “Binayaran niya ang halaga ng kasalanan”; “Binuksan niya ang pinto sa buhay na walang-hanggan”; at “Nagbayad-sala siya para sa ating mga kasalanan.” Tanungin ang mga kabataang lalaki kung ano sa palagay nila ang kahulugan ng mga pahayag na ito.

Sipi

Sinabi ni Joseph Smith na, “Ang Pagbabayad-sala ang nag-iisang pinakamahalagang bagay na kailanman ay naganap sa buong kasaysayan ng mga bagay na nilikha; ito ang batong [buo] pundasyon na kinapapatungan ng ebanghelyo at ng iba pang mga bagay. Tunay na lahat ng ‘bagay na may kinalaman sa ating relihiyon ay mga karagdagan lamang dito’ “(*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1976], p. 121 tingnan din sa Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine* [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1966], p. 60).

Mga banal na kasulatan at talakayan

Basahin at talakayin ang Doktrina at mga Tipan 76:40–42.

- Ano ang kahulugan ng banal na kasulatang ito sa iyo mismo?
- Ano ang kailangan ng bawat isa sa atin upang tanggapin ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala?

Basahin ang 2 Nefias 2:7–9.

- Ano ang kahulugan ng magkaroon ng bagbag na puso at nagsisising espiritu?

Basahin at talakayin ang Mosias 5:2 at Alma 5:14–16.

- Ano ang kahulugan ng dumanas ng isang “malaking pagbabago ng puso”?

Basahin ang 2 Mga Taga Corinto 7:4–16.

- Ano ang kaibahan ng taong nakalabas ang kasalanan sa isa na kusang-loob na nagtatapat ng kanyang kasalanan, nakadarama ng makadiyos na kalungkutan, at matapat na nagsisikap na magsisi?

Muling basahin nang magkakasabay ang 2 Nefias 2:7–9.

- Ano ang mga mahahalagang bahagi ng makadiyos na kalungkutan?

Basahin nang sabay-sabay ang Ezekiel 18:21–22.

- Ano ang ibig sabihin ng tumalikod sa kasalanan?
- Paano tayo pinapatay ng kasalanan? (Mapapatay nito ang katawan sa pamamagitan ng mga karamdaman na dulot ng mga makasalanang gawa, at mapapatay nito ang ating espiritu sa pamamagitan ng paggawa dito na hindi nararapat sa kinaroroonan ng Diyos at ni Jesucristo.)

Banal na kasulatan at talakayan

Isalaysay sa mga sarili mong salita ang kuwento ni nakababatang Alma at ng mga anak [na lalaki] ni Mosias (Alma 36:–5–21).

Talakayin ang mga talata 17–19 sa mga kabataang lalaki. Bigyang-diin kung ano ang nadama ni Alma nang maunawaan niya ang kahulugan nang magkaroon ng isang “bagbag na puso at nagsisising espiritu” (tingnan din sa 3 Nefias 20:22; Moronias 6:2; at Doktrina at mga Tipan 59:8).

---

**Ang Unang mga Alituntunin ay Kailangang-kailangan**

Saligan ng pananampalataya

Ipabigkas nang sabay-sabay sa mga kabataang lalaki ang ika-apat na saligan ng pananampalataya.

Talakayan

Talakayin ang mga alituntunin at mga ordenansang ito sa mga kabataang lalaki, na binibigyang-diin ang pagkakasunud-sunod ng kanilang pagkakalahad.

1. Ang pananampalataya ay kailangang nakatuon sa Panginoong Jesucristo na naniniwalang mayroon siyang kapangyarihan na padalisaying muli ang ating mga kaluluwa.
2. Ang pagsisisi ay kailangang maging isang tunay na pagtalikod sa kasalanan, kasama ng makadiyos na kalungkutan.
3. Ang pagbibinyag ay kailangang maging sa pamamagitan ng paglulubog ng mga maytaglay ng wastong awtoridad at kailangang sumagisag sa ating pagiging handang sumaksi para kay Jesucristo.
4. Ang kaloob na Espiritu Santo ay kailangang maibigay sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga nagtataglay ng awtoridad na gawin ito at kailangang samahan ng isang matapat na hangarin na tanggapin ang impluwensiya ng Espiritu Santo.

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol kay Jane Snyder Richards, na nagpakita ng kanyang pananampalataya sa pamamagitan ng pagpapabinyag.

Si Jane ay isinilang noong 1823 sa Estados Unidos. Nabasa sa Bagong Tipan ng kanyang kapatid na [lalaking] si Robert, na nabingit na sa kamatayan, ang tungkol sa pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog at nanalangin upang malaman kung sino ang maaaring wastong magsagawa ng ordenansang ito. Maliwanag niyang narinig ang pangalang “John E. Page” na sinabi sa kanyang isipan. Nang lumaon lamang niya natuklasan na si John E. Page ay isang misyonero ng Simbahan. Matapos na humiling ng pagbibinyag at pagtanggap ng pangsaserdoteng pagbabasbas mula kay Elder Page, gumaling si Robert at nagpatuloy sa pagbibinyag ng daan-daang mga tao.

Noong 1939 ang lahat sa mag-anak ni Jane ay nabinyagan maliban kay Jane.

Sa gulang na labing anim si Jane ay malubhang nagkasakit, at walang manggagamot na makahanap ng lunas. Bumalik mula sa kanyang gawaing misyonero si Robert upang dalawin ang nakababatang kapatid [na babae] niya. Sa mga salita ni Jane:

“Nang . . . makita niya akong malubha, siya . . . ay nag-ayuno at nanalangin para sa akin . . . walang pagkain o tubig sa loob ng tatlo o apat na araw. . . . Pumasok siya sa aking silid at inilagay ang mukha niya sa tabi ko sa unan, na sinabi, ‘O kapatid, sana ay nabinyagan ka.’

“Kinaumagahan . . . ako ay nalumpo at waring mamamatay na. Hindi ako makapagsalita ni makagalaw. . . . Ang kapatid ko ay umiyak . . . at nagtanong kung maaari siyang magpahid ng langis at manalangin para sa akin. . . . Samantalang siya ay nananalangin, may liwanag na dumating sa aking isipan at malinaw kong nakita na waring isang aklat ang nabuksan sa harap ko na kinasusulatan ito ng pangangailangan ko ng binyag. Kung

si Cristo na walang kasalanan ay kinailangang mabinyagan, dapat ko bang ituring ang sarili ko na mahigit kaysa kanya?

"Sa sandaling iyon, nawalang lahat ang sakit ko. Ang pagkalumpo ay nawala. Nanghihina lamang ako. Habang tumitindig ang kapatid ko, ako . . . ay nagsumamo para mabinyagan. Siya [ay nag-atubili] sapagkat ngayon ay kalahatian na ng taglamig at kakailanganing basagin ang yelo at ang pagkakalantad ay maaaring makamatay. Subalit hindi ako takot sa kamatayan—lamang ay kailangan kong mabinyagan."

Nang araw na bibinyagan ni Robert si Jane, isang pulutong ng tatlong daang taong-bayan ang nagtipon sa tabi ng lawa kung saan bumutas siya sa isang-talampakang lalim ng yelo. Binantaan nilang huhulihin si Robert sa paglalantad sa kanyang malubha at mamamatay nang kapatid [na babae] sa napakalamig na hangin at tubig. Humanga ang mga tao nang lumitaw si Jane sa tubig at sinabi sa mga tao na "lahat ng ito ay kusang-loob ko, na hindi ako pinilit na gawin ito, . . . at hindi nila dapat saktan ang kapatid ko sapagkat ginagawa niya ang gawain ng Diyos at parurusahan sila ng Diyos kung makikialam sila." Si Robert ay hindi hinuli, at si Jane, na hindi nagdusa sa pagkalantad, ay mahimalang napagaling. (Hango sa Jane Snyder Richards, *Reminiscences of Mrs. F. D. Richards* [hindi nailimbag na manuskrito, 1880], p. 1–7.)

- Bakit kinailangan ni Jane ang pananampalataya upang mabinyagan?
- Paano niya ipinakita na handa siyang maging isang saksi ni Jesucristo?

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na kung susundin natin ang mga hakbang na ibinalangkas sa mga unang alituntunin at mga ordenansa ng ebanghelyo, balang araw ay makababalik tayo sa kinaroroonan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo na makatatanggap tayo ng kapatawaran sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo kung magpapakumbaba tayo sa ating sarili, tatanggapin si Jesucristo sa ating buhay, at aalalahanin na ang mga pagdurusa niya sa Getsemani at sa krus ay para sa ating mga kasalanan.

*Videocassette*

Kung may oras pa, ipalabas ang "What Think Ye of Christ?" sa *Family Home Evening Video Supplement 2* (53277).

# Sapat na Pananampalataya Upang Magtamo ng Buhay na Walang-hanggan

# 11

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na ang pananampalataya niya kay Jesucristo ay dapat na umakay sa kanya na umasa sa Panginoon sa lahat ng kalagayan.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 11:28–30; Mga Hebreo 11:32–40; 1 Nefias 3:31–4:1; 2 Nefias 9:18; 31:19–20; Alma 5:12–14; Moronias 6:4; at Doktrina at mga Tipan 75:5; 98:11–13.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

## Kailangan Tayong Umasa sa Panginoon

Talakayan sa pisara

Bago magpulong ang korum, isulat ang sumusunod na tsart sa pisara:

Maniwala → Pananampalataya kay Cristo → Umasa →

Tiwala → Pag asa →

Hilingan ang mga kabataang lalaki na ipaliwanag ang tsart sa iyo. Tulungan silang linawin na ang pagtanggap sa mga turo ng Panginoon bilang totoo ay simula ng pananampalataya. Ang paniniwala kay Cristo ay tumutulong sa atin na magkaroon ng pananampalataya kay Cristo bilang ang tanging makapagliligtas sa atin. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang pagkakaroon ng pananampalataya kay Cristo ay nangangahulugan na umaasa tayo sa kanya at sa kanyang mga pangako sa atin. Ang ganitong pananampalataya ay nagbibigay sa atin ng tiwala na humarap sa anumang hamon o kalagayan sa buhay. Kung tapat tayo sa kanya, makaaasa tayo sa isang maluwalhating hinaharap.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa, pamarkahan, at patingnan ang siping-sanggunian ng 2 Nefias 31:19–20 at Moronias 6:4. Isulat ang dalawang sanggunian sa pisara. Itanong ang mga sumusunod upang tulungan silang maunawaan ang 2 Nefias 31:19–20.

- Ano ang kahulugan ng pagkakaroon ng hindi natitinag na pananampalataya kay Cristo?

Ipaliwanag na ang bawat isa sa atin ay kailangang magkaroon ng lubos na tiwala kay Cristo at kabatiran na hindi tayo nakasasapat sa ating sarili. Upang magtamo ng buhay na walang-hanggan, kailangan natin ang tulong niya, at matatanggap natin ito kung magsisisi tayo, palagiang mananalangin, at pananatilihing dalisay at malinis ang ating mga kaisipan.

• Ano ang kailangan nating gawin matapos dumaan sa matuwid at makitid na daan upang magtamo ng buhay na walang-hanggan?

Ipaliwanag na ang kahulugan ng sumulong nang may katapatan kay Cristo ay hindi manghina o magbago. Kailangang pangunahing isaisip natin siya palagi. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng araw-araw na pagbabasa ng mga banal na kasulatan, na iniisip, at ipinananalangin ang mga iyon. Pagkatapos ay kailangan nating sikaping mamuhay nang katulad ng nanaising pamumuhay ni Jesucristo.

Itanong ang mga sumusunod upang matulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan ang Moronias 6:4.

• Matapos sumapi ang mga taong ito sa Simbahan, ano ang mga bagay na ginawa para sa kanila? (Sila ay inalala at inaruga sa pamamagitan ng mabubuting salita ng Diyos.)

• Ano ang isang paraan ng pagbabantay at pagpapalakas ng mga nagtataglay ng pagkasaserdote sa mga kasapi ng Simbahan? (Sa pamamagitan ng pagtuturo sa tahanan [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:46–57].)

• Saan kailangang umasa ang mga naniniwala kay Jesucristo? (Sa mga kagalingan lamang ni Cristo.)

Ipaliwanag na kailangan nating umasa sa mga kagalingan lamang ni Cristo upang magtamo ng buhay na walang-hanggan, hindi sa ating sariling kagalingan o sa mga kagalingan ng ating mga kaibigan o mag-anak.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na itinuro ni Alma na ang pananampalataya ay nagdudulot ng isang malaking pagbabago ng puso. Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Alma 5:12–14. Ipaliwanag na kailangan nating lahat na itanong sa ating sarili ang itinatanong ni Alma: "Inyo bang naranasan ang malaking pagbabagong ito sa inyong mga puso?" (Alma 5:14). Tunay bang nagtitiwala tayo kay Jesucristo at umaasa sa kanya? Ituro na dumarating ang malaking pagbabago sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pagsama ng Espiritu Santo kapag namumuhay tayo nang matwid.

---

### Ang Tunay na Pananampalataya ay Nangangailangan ng Tiwala at Pananalig

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na kapag nagkaroon na tayo ng tiwala kay Jesucristo, mahaharap na natin ang buhay nang may pananalig anuman ang ating mga kalagayan. Ang mga naunang Kristiyano ay sinunog hanggang sa mamatay o sinila ng mababangis na hayop at namatay sa ganap na kapayapaan dahilan sa may pananalig sila kay Cristo at sa kanilang hinaharap. Bagaman maaaring hindi natin kailanman haharapin ang ganitong mga kalagayan, kailangan pa rin nating umasa kay Jesucristo na tulungan tayo anuman ang idulot sa atin ng buhay.

Sabihin sa mga kabataang lalaki na noong minsang may sakit si George A. Smith, dumalaw ang pinsan niyang si Propeta Joseph Smith sa kanya. Isinalaysay ni Pangulong George A. Smith ang sinabi sa kanya ng Propeta:

"Sinabihan niya ako na hindi ako dapat mawalan ng pag-asa kailanman, anuman ang mga kahirapang pumapalibot sa akin. Kung nabaon ako sa pinakamalalim na hukay sa Nova Scotia at tumabon sa akin ang lahat ng Rocky Mountains, hindi ako dapat mawalan ng pag-asa subalit manangan, manampalataya, at manatiling matapang at dapat akong bumangong matagumpay" (*Ancestry, Biography, and Family of George A. Smith,* tinipon ni Zora Smith Jarvis [Provo: Zora Smith Jarvis, 1962], p. 55).

• Saan nagmula ang pananalig ni Joseph Smith? (Sa kanyang pananampalataya kay Cristo.)

Mga banal na kasulatan, kuwento, at talakayan

Anyayahan ang mga kabataang lalaki na basahin at markahan ang 1 Nefias 3:31 at 4:1.

• Saan kinuha ni Nefias ang tapang na ipinakita sa mga talatang ito? (Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoon, na nagdulot sa kanya ng lubos na pananalig.)

Ang sumusunod na kuwento na isinalaysay ni Matthew Cowley ay naglalarawan ng pananalig na maaaring dumating kapag nabubuhay tayo nang may pananampalataya:

"Nahilingan akong mangasiwa sa isang sanggol sa New Zealand. Hinilingan akong basbasan ito. Lumapit sa akin ang ama na dala ang batang ito, na labing-apat na buwang gulang, at sinabi niya, 'Hindi pa nababasbasan ang aming anak, kaya nais kong bigyan ninyo siya ng pangalan.' Sinabi ko, 'Sige. Ano ang pangalan?' Ibinigay niya sa akin ang pangalan ng bata, at pagkatapos ay tahasan niyang sinabi, 'Habang ibinibigay ninyo sa kanya ang pangalan niya, bigyan ninyo siya ng paningin.' Ang bata ay isinilang na bulag. Sinabi niya, 'Dinala na namin siya sa mga dalubhasa sa Wellington. Sinabi nila na isinilang siyang bulag at wala na silang magagawa para sa kanya. Kaya habang binibigyan ninyo siya ng pangalan, sa pamamagitan ng karapatang ginagamit ninyo upang bigyan siya ng pangalan ay bigyan ninyo siya ng paningin.' Ganoon lamang kasimple!

"Mangyari pa, natakot ako. Hindi ako kailanman nagkaroon ng ganoong pananampalataya. Ito ay dumating sa akin nang biglang-bigla lamang katulad ng kidlat na nagmula sa kung saan. Subalit nagpatuloy ako at binigyan ng pangalan ang sanggol sa pamamagitan ng pagbabasbas. Sa palagay ko ay iyon na ang pinakamahabang pagbabasbas na kailanman ay naibigay ko. Ginagamit ko ang lahat ng mga salitang naiisip ko at nalalaman ko. Sinisikap kong kumuha ng sapat na inspirasyon—sapat na tatag ng loob, kung nais ninyong tawaging ganoon, upang bigyan ng paningin ang bata sa pamamagitan ng pagbabasbas. Sa wakas ay nagawa ko.

"Makaraan ang walong buwan ay nakita ko ang bata at nakita ako ng bata. . . . Huwag kailanman bayaang ang simpleng pananampalatayang ito ay mawala sa inyong buhay, huwag kailanman bayaang lumayo ito sa inyo. Ito ang pinakamahalagang bagay na nasa inyo sa buhay" (binanggit ni Henry A. Smith, *Matthew Cowley: Man of Faith* [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1954], p. 138–39).

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na kung minsan ang ating pananampalataya kay Jesucristo ay hindi ginagantimpalaan ng mga kaagad-agad na pagpapala. Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Mga Hebreo 11:32–40 upang ilarawan kung ano ang nangyari sa ilang taong may pananampalataya at tiwala kay Jesucristo. Ipaliwanag na ipinakikita ng mga talata 38 at 39 na hindi karapat-dapat ang daigdig sa mga kalalakihan at kababaihang ito. Ipinakikita ng talata 39 na kusang-loob silang nagdusa upang tumanggap ng mabuting ulat sa pamamagitan ng pananampalataya, subalit hindi nila natanggap ang pangako sa mortalidad. Ang gantimpala nila ay naghihintay sa kanila sa isang higit na mabuting daigdig.

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Mateo 11:28–30.

- Ano ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin niya na ang kanyang pamatok ay malambot at ang kanyang pasan ay magaan?
- Paano ito naaangkop sa mga taong binanggit sa Mga Hebreo 11?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang pahayag ni Jesus sa Mateo 11 ay may kahulugan lamang sa pananampalataya. Kung sapat ang ating pananampalataya upang magtiwala sa kanya kahit na tayo ay pinahihirapan at pinagtatawanan, sa gayon ang ating pananampalataya ay sapat upang magtamo ng buhay na walang-hanggan kasama niya. Anuman ang gawin ng iba sa atin, ang ating pananalig sa kanya ang nagpapalambot sa ating mga pamatok at nagpapagaaan sa ating mga pasan. Ang pagpapahirap at kamatayan ay hindi ang pinakamasasamang bagay na maaaring mangyari sa atin. Ang pagkawala ng pananampalataya at pananalig ay magiging higit na masama, sapagkat sa gayon ay mawawala sa atin ang buhay na walang-hanggan na kasama ng Panginoon.

---

### Ang Matatapat ay Pinangangakuan ng Buhay na Walang-hanggan

Talakayan sa banal na kasulatan at pisara

Ipaliwanag na kumikilos tayo ng kaiba kapag may pananampalataya tayo sa Panginoon. May pag-asa tayo sa Panginoon, at nagtitiwala tayo sa mga pangako niya sa hinaharap.

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 75:5 at 98:11–13. Ituro ang mga pangakong karangalan, kaluwalhatian, at buhay na walang-hanggan sa matatapat.

- Bakit dapat tayong maging handang ibigay ang ating buhay para sa ebanghelyo ni Jesucristo?

Paulit-ulit na ipinangako ng Panginoon ang buhay na walang-hanggan sa matatapat. Basahin ang 2 Nefias 9:18. Binabalangkas ng talatang ito ang kailangang gawin natin at ang gantimpalamg tatanggapin natin. Isulat ang mga pangunahing paksa ng banal na kasulatan sa pisara:

*Ang Kailangan Nating Gawin*

1. Maniwala sa Banal ng Israel.
2. Tiisin ang mga krus ng daigdig.
3. Kamuhian ang kahihiyan ng daigdig.

*Ang mga Pagpapalang Tatanggapin Natin*

1. Manahin ang kaharian ng Diyos.
2. Tanggapin ang kaganapan ng kagalakan magpakailanman.

---

**Katapusan**

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na ipakita na may pananampalataya sila kay Jesucristo at nagtitiwala sa kanya. Ipasaalang-alang sa kanila ang mga sumusunod na mungkahi at subukin ang mga ito sa linggong ito:

1. Sikaping tularan ang Tagapagligtas. Magsikap na maging karapat-dapat upang maging palagiang makasama ang Espiritu Santo. Tugunin ang mga hamon at mga kahirapan nang may mabuting pananaw, na nalalamang tutulungan kayo ng Panginoon.
2. Pumili ng kahinaan o ugali na nanaisin ninyong baguhin, at hangarin ang tulong ng Panginoon upang magbago, na may pananalig na tutulungan niya kayo.

Ipaulat sa mga kabataang lalaki ang kanilang mga karanasan sa susunod na linggo.

# Pagsisisi

# 12

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na pinahihintulutan siya ng pagsisisi na alisin ang mga saloobin at mga ugali na humahadlang sa kanyang pag-unlad at kapayapaan ng kalooban.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Isaias 1:18; Mga Gawa 9:1–22; Mosias 5:2; Alma 22:15–18; 36:6–26; Helaman 3:35; at Doktrina at mga Tipan 58:42–43.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Dalawang lapis.
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Gumawa ng dalawang kopya ng pagsasanay sa banal na kasulatan sa aralin. Huwag isama ang mga salita sa panaklong na kasunod ng bawat tanong.
4. Maghandang ipalabas ang “Repentance; It’s Never Too Late,” sa *Family Home Evening Supplement* 2 (53277), o “The Gift of Repentance,” sa *Family Home Evening Video Supplement* (53276), kung makukuha ang mga ito sa inyong pook.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Magpapatawad ang Diyos**

Banal na kasulatan at talakayan

Basahin kasabay ng mga kabataang lalaki ang Isaias 1:18, at pamarkahan ito sa kanila.

• Ano ang itinuturo ng banal na kasulatang ito tungkol sa kapatawaran ng mga kasalanan? (Bagaman malaki ang ating mga kasalanan, mapagtatagumpayan ang mga ito.)

Sabihin sa mga kabataang lalaki na kung minsan, pagkatapos gumawa ang mga tao ng malubhang kasalanan iniisip nila na hindi sila mapatatawad. Ipaliwanag na bagaman ang daan ay napakahirap, may paraan upang mapatawad ang mga tao sa malulubhang kasalanan.

Pangkatang gawain sa banal na kasulatan

Ipaliwanag na nagsasalaysay ang mga banal na kasulatan ng ilang kapansin-pansing kuwento tungkol sa alituntunin ng pagsisisi. Hatiin ang mga kabataang lalaki sa dalawang pangkat, at magtalaga ng isang tagatala upang magsulat para sa bawat pangkat. Bigyan ng lapis at kopya ng pagsasanay sa banal na kasulatan ang tagatala ng bawat pangkat. Pasagutan sa unang pangkat ang mga bahaging isa at tatlo, at pasagutan sa pangalawang pangkat ang mga bahaging dalawa at tatlo ng pagsasanay. Ipatala sa mga tagatala ang mga tamang sagot. Imungkahi na markahan ng bawat kabataang lalaki ang mga banal na kasulatang ito sa kanyang sariling kopya ng mga banal na kasulatan.

1. Ipabasa sa unang pangkat ang Alma 36:6–26.
   a. Ano ang ginagawa ni Alma bago dumating ang anghel? (Masigasig na kinakalaban ang Simbahan.)
   b. Ano ang nadama ni Alma habang kinikilala niya ang kanyang pagkakamali? (Sakit, hirap, at pagdurusa.)
   c. Ano ang susi sa pagbabago ng damdamin ni Alma? (Naalala niya ang pagbabayad-sala ni Jesucristo katulad ng itinuro ng kanyang ama at hiniling kay Jesus na kaawaan siya.)

d. Ano ang nadama niya matapos niyang tanggapin ang Pagbabayad-sala? (Kagalakan na kasingtindi ng kanyang sakit.)

e. Upang mapunuan ang mga kamalian niya, ano ang ginawa ni Alma sa mga buwan at taong sumunod matapos ang pagpapakita ng anghel? (Dinala niya ang ebanghelyo sa maraming kaluluwa at naging isang dakilang misyonero [tingnan sa mga talata 24–26]. Ang pinakamabuting paraan upang maituwid ang ating kamalian ay sa pamamagitan ng masigasig na paggawa ng kabutihan.)

2. Ipabasa sa pangalawang pangkat ang Mga Gawa 9:1–22.

   a. Ano ang ginagawa ni Saul (na sa huli ay kilala bilang si Pablo) noong una? (Pag-uusig sa mga Banal.)

   b. Ano ang kaagad na naging saloobin ni Pablo (Saul) matapos magsalita ang anghel sa kanya? (Nalungkot siya at ninais na malaman ang dapat niyang gawin.)

   c. Gaano kahanda ang Tagapagligtas na patawarin si Pablo?

   d. Matapos kilalanin ni Pablo ang kamalian niya at nagsisi, naging ano siya? (Isang dakilang mangangaral para kay Cristo at isang Apostol.)

3. Ipabasa sa dalawang pangkat ang Doktrina at mga Tipan 58:42–43.

   a. Ano ang kahulugan ng magsisi? (Ipagtapat ang ating mga kasalanan at talikuran ang mga ito.)

   b. Ano ang ginagawa ng Panginoon matapos nating talikuran at pagsisihan ang ating mga kasalanan? (Hindi na niya inaalala ang mga ito.)

Gawain at talakayan

Ipaulat sa mga kasapi ng bawat pangkat ang kanilang mga natuklasan. Talakayin ang tatlong banal na kasulatan, na tinutulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan ang pag-asa ng pagsisisi at binibigyan sila ng higit na malaking pananaw sa pamamaraan ng pagsisisi.

---

**Mga Alituntunin ng Pagsisisi**

Sipi at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang sumusunod na pahayag ni Elder Spencer W. Kimball:

"Ang misyon ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw ay tawagin ang mga tao sa lahat ng dako na magsisi. Ang mga tumutugon sa tawag, maging kasapi o hindi kasapi ng Simbahan, ay maaaring makibahagi sa himala ng kapatawaran. Papawiin ng Diyos mula sa kanilang mga mata ang luha ng paghihirap at pagsisisi, at panghihilakbot, at takot, at kasalanan. Papalitan ng mga tuyong mata ang mga luhaan, at papalitan ng mga ngiti ng kasiyahan ang mga mukhang nag-aalala at balisa.

"Anong ginhawa! Anong kaaliwan! Anong kagalakan! Ang mga tigib ng paglabag at kalungkutan at kasalanan ay maaaring mapatawad at malinis at madalisay kung magbabalik sila sa kanilang Panginoon, mag-aaral ng tungkol sa kanya, at susunod sa mga utos niya. At lahat tayo na nangangailangan na magsisi sa araw-araw na mga pagkakamali at kahinaan ay maaari ding makibahagi sa himalang ito" (*The Miracle of Forgiveness* [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1969], p. 367–68).

- Ano ang ibig sabihin ng tumalikod sa kasalanan at bumaling kay Cristo?

Bigyang-diin na ang pagsisisi ay higit pa sa pagdaig sa mga tiyak na kasalanan. Kinabibilangan ito ng pagtalikod sa lahat ng kasalanan. Kinapapalooban ito ng pagdating sa puntong hindi na natin nais na magkasala. Sa pamamagitan ng pagsisisi ay lubusan tayong tumitigil sa pagkakasala.

Banal na kasulatan at talakayan

Basahin at talakayin ang Alma 22:15–18. Maaaring naising markahan ng mga kabataang lalaki ang ilang bahagi ng mga talatang ito.

Ituro na ang tamang saloobin sa pagsisisi ng kasalanan ay ipinakita ng ama ni Lamonias, na nagsabi, "Ipamimigay ko ang lahat ng aking mga kasalanan." Kapag inuutusan tayo ng Panginoon na magsisi, hinihingi niya na isuko natin ang ating mga kasalanan.

Ipaliwanag na ang mga banal na kasulatan at ang mga propeta ay nagbigay-diin na ang pagsisisi ay isang pamamaraan. Tanungin ang mga kabataang lalaki kung ano ang nakapaloob sa pagsisisi. Tulungan silang makita na ang pamamaraan ng pagsisisi ay hinihilingan tayong—

1. Matapat na aminin ang kasalanan.
2. Buong pagpapakumbabang ipagtapat ang kasalanan.
3. Magsauli kung maaari.
4. Talikuran ang kasalanan.
5. Tanggapin ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo.

---

**Ang Tunay na Pagsisisi ay Pagbabago ng Puso**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Mosias 5:2.

Ipaliwanag na ang pagkakaroon ng pagbabago ng puso at pagkawala ng lahat ng pagnanais na gumawa ng masama ay dumarating bilang isang kaloob mula sa Panginoon sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang Espiritu. Ang ganitong pagbabago ay maaaring kaagad na maganap, katulad ng naganap sa mga tao ni Haring Benjamin, o maaaring unti-unti itong dumating habang tinutupad natin ang mga utos nang higit na masigasig.

- Paano dinalisay ng Espiritu Santo ang mga puso ng mga tao ni Haring Benjamin?

Bigyang-diin na ang pagiging handa ng mga tao na maniwala at bumaling sa Panginoon ang susi sa pagbabago ng kanilang mga puso. Gayon din ito sa atin.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Helaman 3:35.

Ipaliwanag na sa pamamagitan ng ating pagiging handang isuko ang ating mga puso sa Ama sa Langit napagbabago at napadadalisay niya ang ating mga puso. Kung ang mga makamundong kaabalahan, mga pansariling interes, o anumang iba pa ay higit na mahalaga kaysa sa pagbaling kay Cristo, hindi niya tayo mapadadalisay. Ang tunay na pagsisisi ay kinabibilangan ng pagkakaroon ng pagbabago ng puso: pagtalikod sa kasalanan at pagbaling sa Panginoon.

Sipi

Ang sumusunod na kuwento na isinalaysay ni Elder Vaughn J. Featherstone ay naglalarawan ng pangangailangan ng pagbabago ng ating mga puso at mga saloobin sa panahon ng tunay na pagsisisi:

“Nang anyayahan ko ang kabataang lalaki sa aking tanggapan, matapos kapanayamin ng kanyang obispo at pangulo ng istaka [bilang isang kandidato sa pagkamisyonero], sinabi ko sa kanya: ‘Sa wari ay nagkaroon ng malaking paglabag sa buhay mo. Kaya ako ay nakasama sa panayam na ito. Maaari ka bang maging lubos na matapat at hayagang sabihin sa akin kung ano ang naging paglabag na iyon?’

“Sumagot siya na taas ang noo na may pagmamalaki, ‘Walang *anumang* bagay na hindi ko nagawa.’

“Tumugon ako: ‘Kung gayon, isa-isahin natin. Nasangkot ka ba sa pangangalunya?’

“May labis na panunuyang sinabi niya, ‘Sinabi ko na sa inyo na nagawa ko na ang *lahat*.’

“Nagtanong ako, ‘Ito ba ay minsan mo lamang ginawa, o nangyari ba ito nang higit sa isang babae at higit sa minsan?’

“At muli ay sinabi niya nang may panunuya, ‘Maraming babae at maraming ulit, hindi ko na mabilang ang mga iyon.’

“Sinabi ko, ‘Sana naman ay hindi gaanong malubha ang iyong paglabag.’

“ ‘Malubha iyon,’ ang tugon niya.

“ ‘Tungkol naman sa bawal na gamot?’

“ ‘Sinabi ko na sa inyo na nagawa ko na ang *lahat*.’

“Sa gayon ay sinabi ko, ‘Bakit sa palagay mo karapat-dapat kang magmisyon?’

“ ‘Dahil nagsisi na ako,’ ang tugon niya, ‘Hindi ko na ginawa ang anuman sa mga bagay na ito sa loob ng isang taon. Alam kong magmimisyon ako dahil sinasabi ng aking basbas patriyarkal na magmimisyon ako. Inordenan ako bilang isang elder, namuhay ako nang ayon sa nararapat sa loob ng nakaraang taong ito, at alam kong magmimisyon ako.’

“Tiningnan ko ang kabataang lalaking nakaupo sa kabila ng mesa: dalawampu’t isang taong gulang, nagtatawa, nanunuya, palalo, na may saloobin na malayung-malayo sa matapat na pagsisisi. At sinabi ko sa kanya: ‘Mahal kong kaibigan, ikinalulungkot kong sabihin ito sa iyo, subalit *hindi* ka magmimisyon. Sa palagay mo ba ay maipadadala ka namin na taglay ang mapagpalalo mong saloobin tungkol sa nakaraang buhay mo, na nagmamalaki tungkol sa mga kapilyuhan mo? Sa palagay mo ba ay maipadadala ka namin na kasama ng mabubuti, malilinis na kabataang lalaki na hindi kailanman lumabag sa alituntuning moral, na pinanatiling malinis at dalisay at karapat-dapat ang kanilang buhay upang makapagmisyon sila?’

“Inulit ko: ‘Hindi ka magmimisyon. Sa katunayan,’ ang sabi ko, ‘hindi ka dapat inordenan na isang elder at tunay na dapat kang nilitis sa pagkakasapi mo sa Simbahan.’

“ ‘Ang nagawa mo ay isang sunud-sunod na napakalalaking paglabag,’ ang pagpapatuloy ko. ‘Hindi ka nagsisi; tumigil ka lamang sa paggawa ng isang bagay. Balang araw, matapos kang magtungo at manggaling sa Getsemani, mauunawaan mo kung ano ang tunay na pagsisisi.’

“Sa ganito ay nagsimulang umiyak ang kabataang lalaki. Umiyak siya sa loob ng limang minuto, at sa panahong iyon ay wala akong sinabi ni isang salita. . . . Naupo lamang ako at naghintay habang umiiyak ang kabataang lalaking ito.

“Sa wakas ay tumingala siya at nagsabing, ‘Sa palagay ko ay hindi pa ako umiyak nang ganito simula nang ako ay limang taon.’

“Sinabi ko sa kanya: ‘Kung umiyak ka nang ganyan nang unang matukso kang labagin ang alituntuning moral, maaaring nasa misyon ka na ngayon. Ngayon, ikinalulungkot ko, ayaw kong ako ang maging hadlang sa pagtupad mo sa iyong layunin. Alam kong mahirap bumalik sa mga kaibigan mo at sabihin sa kanilang hindi ka magmimisyon.

“ ‘Matapos kang magtungo at manggaling sa Getsemani,’ ang pagpapatuloy ko, ‘mauunawaan mo ang ibig kong sabihin nang sabihin kong ang bawat taong nakagagawa ng malaking paglabag ay kailangan ding magtungo sa Getsemani at bumalik bago siya mapatawad.’

“Lumisan ang kabataang lalaki sa tanggapan, at natitiyak kong hindi siya gaanong nasiyahan; nakahadlang ako sa kanya at napigilan siyang magmisyon.

“Pagkaraan ng mga anim na buwan, nasa Arizona ako na nagtatalumpati sa dalubhasaan sa Tempe. Pagkatapos ng aking talumpati ay maraming kasapi ng dalubhasaan ang lumapit at nakipagkamay. Sa pagtingala ay nakita ko ang kabataang lalaking ito—ang hindi nagsisising makasalanan—na naglalakad sa gitna palapit sa akin, at sa sandaling iyon ay nagbalik sa aking isipan ang mga detalye ng aking pakikipanayam sa kanya. Naalala ko ang pagmamalaki niya, ang kanyang pang-uuyam, ang kanyang kapalaluan.

“Yumuko ako upang makipagkamay sa kanya, at habang tumitingala siya sa akin ay nakikita ko na may kahanga-hangang pangyayaring naganap sa kanyang buhay. Dumaloy ang mga luha sa pisngi niya. Isang halos banal na kasiglahan ang nagmula sa katauhan niya. Sinabi ko sa kanya, ‘Naparoon ka, hindi ba?’

“At sa pagluha ay sinabi niya, ‘Opo, Obispong Featherstone, nakarating na ako sa Getsemani at nakabalik.’

“ ‘Alam ko,’ ang sabi ko, ‘Nakikita sa mukha mo. Naniniwala na ako ngayon na pinatawad ka na ng Panginoon.’

“Tumugon siya: ‘Higit akong nagpapasalamat sa inyo nang lingid sa inyong kaalaman sa hindi pagpapahintulot sa akin na magmisyon. Maaaring naging kapinsalaan iyon sa akin. Salamat sa pagtulong ninyo sa akin’ ” (*A Generation of Excellence: A Guide for Parents and Youth Leaders* [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1975], p. 156–59).

Talakayan

• Bagaman ang kabataang lalaki sa kuwento ay hindi nagkasala sa loob ng isang taon, ano ang naging kulang sa pagsisisi niya? (Hindi niya binago ang kanyang saloobin. Hindi siya nakadama ng pagsisisi. Kulang siya ng tunay na kababaang-loob: hindi pa siya bumaling kay Cristo nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu.)

• Bakit napakahalaga ng saloobin sa pagsisisi? (Ang ating mga saloobin ang humuhubog sa ating ugali at nagpapakita sa ating mga tunay na damdamin. Ang mga tamang saloobin ang nagpapabaling sa atin kay Cristo.)

• Ano ang ibig sabihin ni Elder Featherstone nang sabihin niya, "Matapos mong magtungo at manggaling sa Getsemani, mauunawaan mo kung ano ang tunay na pagsisisi"?

Sipi at talakayan

Inilarawan ni Pangulong David O. McKay ang pangangailangang magbago ng ating likas na ugali kapag nagsisisi tayo:

"Karaniwan sa mga tao ang mataos na magsisi sa mga kamaliang nagawa, sa mga kapilyuhan at mga kasalanang nagawa, subalit hindi ang tumalikod sa ganitong mga kahinaan at kasamaan. Maaari pa silang makadama ng pagsisisi; subalit 'ang pagsisisi' ang sabi sa atin, 'ay pansamantala, at maaaring walang pagbabago ng pagkatao o asal.' Ang tunay na pagsisisi, sa kabilang dako, 'ay kalungkutan para sa kasalanan na may *paghatol sa sarili,* at lubusang pagtalikod sa kasalanan.' Ito samakatwid, ay higit pa sa mataos na pagsisisi lamang; 'saklaw nito ang pagbabago ng likas na ugali' " (*Gospel Ideals* [Lungsod ng Salt Lake: *Improvement Era,* 1953], p. 13).

• Ano ang magiging saloobin ng isang taong tunay na nagsisisi?

---

**Katapusan**

Hamon at sipi

Hamunin ang bawat kabataang lalaki na magsimula ngayon na alisin iyong mga saloobin at ugaling humahadlang sa kanyang pag-unlad. Himukin ang mga kabataang lalaki na alisin ang pasanin ng kasalanan, sapagkat katulad ng sinabi ni Pangulong Harold B. Lee: "Kung tatanungin ko kayo kung ano ang pinakamabigat na pasanin na maaaring pasanin ng isang tao sa buhay, ano ang isasagot ninyo? Ang pinakamabigat na pasaning kailangang pasanin ng isang tao sa buhay na ito ay ang pasanin ng kasalanan" (sa Conference Report, Abr. 1973, p. 177; o *Ensign,* Hulyo 1973, p. 122).

# 13 Pagtanggap ng Kapatawaran Habang Tayo ay Nagpapatawad

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na ang pamamaraan ng pagsisisi ay kinabibilangan ng pagpapatawad sa iba at kung hindi niya patatawarin ang iba ay hindi siya patatawarin ng Panginoon.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 18:23–35, Juan 3:16, at Doktrina at mga Tipan 64:8–10.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Larawan 6, sina Glenn Kempton at Tom Powers.
   c. Isang papel at lapis para sa bawat kabataang lalaki.
   d. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Sipi

Isalaysay ang sumusunod na kuwento na sinabi ni Obispo H. Burke Peterson:

“Halos buong buhay namin ay nanirahan kami sa gitnang Arizona. Mga ilang taon na ang nakalilipas, isang pangkat ng mga kabataan mula sa mataas na paaralan sa lugar na iyon ang nagpiknik nang buong araw sa disyerto sa labas ng Phoenix. Katulad ng alam ng iba sa inyo, ang mga halaman sa disyerto ay madalang lamang—karamihan ay mga punong *mesquite, catclaw,* at *palo verde,* na may mangilan-ngilang kaktus na nakakalat sa paligid. Sa kainitan ng tag-araw, kung saan may kasukalan ang mga sibol na ito sa disyerto, maaari kayong makakita ng mga ahas (rattlesnake) bilang mga hindi kanais-nais na naninirahan. Ang mga kabataang ito ay nagpipiknik at naglalaro, at sa kanilang pagsasaya, isa sa mga batang babae ang nakagat ng ahas sa bukung-bukong. Sa kaso ng mga ganitong kagat, ang mga pangil ng ahas ay halos kaagad na naglabas ng kamandag sa mga ugat na daluyan ng dugo.

“Ang sandaling ito ay oras ng mahalagang pagpapasiya. Maaari nilang agad-agad alisin ang lason mula sa binti niya, o maaari nilang hanapin ang ahas at patayin ito. Buo na ang pasiya nila, hinabol ng batang babae at ng mga kabataang kaibigan niya ang ahas. Madali itong nakapagtago sa kasukalan at nakaiwas sa kanila sa loob ng mga labinlima o dalawampung minuto. Sa wakas, nakita nila ito, at ang malalaki at maliliit na bato ay kaagad gumanti sa pagpapahirap.

“Pagkatapos ay naalala nila: nakagat ang kaibigan nila! Nalaman nila ang paghihirap niya, dahil sa ngayon ay nakapasok na ang kamandag mula sa labas ng balat tungo sa mga himaymay ng kanyang paa at binti. Sa loob ng tatlumpung minuto pa ay nasa *emergency room* na sila ng pagamutan. Noon, ang kamandag ay kasalukuyan nang nagdudulot ng pinsala.

“Pagkaraan ng dalawang araw ay nasabihan ako tungkol sa nangyari at nahilingan ng ilang kabataang kasapi ng Simbahan na dalawin ang kanilang kaibigan sa pagamutan. Sa pagpasok ko sa silid, nakita ko ang isang tanawing kahabag-habag. Ang kanyang paa at binti ay nakataas—magang-maga na halos hindi na makilala. Ang himaymay sa kanyang binti ay nasira na ng lason, at makaraan ang ilang araw ay natuklasang kailangang putulin ang kanyang binti sa ibaba ng tuhod.

“Walang kabuluhang sakripisyo iyon, ang halagang ito ng paghihiganti. Higit na mabuti sana ang nangyari kung, matapos makagat ang kabataang babae, ay inalis nila ang kamandag mula sa binti niya sa paraang alam ng lahat ng naninirahan sa disyerto. . . .

"May mga tao ngayon na nakagat—o nasaktan ng iba, kung inyong mamarapatin. Ano ang maaaring gawin? Ano ang gagawin ninyo kapag nasaktan ng iba? Ang ligtas na paraan, ang tiyak na paraan, ang tamang paraan ay tumingin sa kalooban at kaagad simulan ang pamamaraan ng paglilinis. . . . Habang tumatagal ang lason ng hinanakit at hindi pagpapatawad sa isang katawan, higit na malaki at matagal ang nakapipinsalang epekto nito. . . . Ang lason ng paghihiganti, o ng hindi nagpapatawad na mga kaisipan o saloobin, kapag hindi inalis, ay sisira sa kaluluwa na nagkikimkim nito" (sa Conference Report, Okt. 1983, p. 83–84; o *Ensign,* Nob. 1983, p. 59).

Talakayan

- Paanong tulad ng lason sa kalooban natin ang mga damdamin ng hindi pagpapatawad?
- Paano natin malilinis ang ating sarili mula sa lason ng hindi pagpapatawad?

---

**Pagpapatawad, ang Dakilang Kaloob ng Pag-ibig**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Juan 3:16.

- Ano ang ginawa ng Ama sa Langit upang magkaroon tayo ng buhay na walang-hanggan? (Sa kanyang pag-ibig at awa sa mga tao, ibinigay ng Ama sa Langit ang kanyang Tanging Bugtong na Anak upang makapagsisi tayo at tumanggap ng pag-aalis ng ating mga kasalanan.)

Sipi

Anyayahan ang isang kabataang lalaki na basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Marion D. Hanks:

"Ang pagdating ni Jesucristo sa kalagitnaan ng panahon ay pinakadakilang pagsisikap ng Diyos na ipaalam at gawing mabisa ang kanyang pagmamahal sa kanyang mga anak. Ang Ama ay palaging kumikilos dahilan sa pagmamahal, subalit ang plano ng mga bagay ay nangangailangan ng isang Tagapagligtas na ang buhay ang magiging pinakamataas na pagpapahayag ng pagmamahal ng Diyos at ang sakripisyo ay kakatawan sa higit na dakilang pagmamahal para sa kanyang Ama at mga kapatid na hindi mapapantayan. Ginawa niya ang sakripisyo at tinapos ang kanyang misyon. . . .

Tinanggap ng mga disipulo niya mula sa kanya hindi lamang ang kabuluhan ng kanyang walang hanggang kapangyarihan at pagka-Diyos, kundi malinaw na patnubay tungkol sa kung paano dapat mabuhay ang isang anak ng Diyos" ("Failing Never," *Ensign,* Set. 1975, p. 74).

Ipaliwanag na ang pagdating ni Jesucristo ay pagkilos ng pagmamahal at awa at isang kaloob na pagmamahal sa lahat ng tao. Ang pagbabayad-salang sakripisyo niya ay naglaan ng daan para sa atin upang minsan pang muling pumasok sa kinaroroonan ng Ama sa Langit at tanggapin ang buhay na walang hanggan. Sa pamamagitan ng halimbawa niya, inihayag ni Jesus sa atin kung ano talaga ang katulad ng Ama sa Langit: mabilis magpatawad, puno ng pagmamahal at awa, matiyaga, mapagtiis, mabait, at makatarungan. Ipinakita ni Jesucristo ang isang ganap na halimbawa upang itulad ang ating buhay.

---

**Pagpapatawad, ang Tanda ng Pagkadisipulo**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na tinuruan ni Jesus ang kanyang mga tagasunod na patawarin ang lahat at mahalin ang kanilang mga kaaway at pagpalain ang mga sumusumpa sa kanila. Ipinaliwanag pa niya na kung hindi magpapatawad ang isang tao, higit na malaki ang nagiging kasalanan niya kaysa sa nagkasala.

Hilingan ang isang kabataang lalaki na basahin ang Doktrina at mga Tipan 64:9–10. Imungkahing markahan ng mga kabataang lalaki ang mga talatang ito.

- Gaano kalubha ang mabigong magpatawad sa iba?
- Sino ang kinakailangan ninyong patawarin?

Sipi

Ipaliwanag na ibinigay ni Jesus ang pinakamataas na halimbawa sa pagpapatawad sa mga nagkakasala at nakasasakit sa atin. Sinabi ni Obispo Robert L. Simpson:

"Ang kasaysayan ng Bibliya ay nagsasabi sa atin na walang mortal na tao ang kailanman ay napasailalim sa kaabahan, sakit, pagdurusa na dinanas ng Tagapagligtas ng daigdig sa mga huling sandali ng kanyang pagiging mortal.

"Kasunod ng maraming maling paratang, siya ay ipinagkanulo ng isa sa itinuturing na kabilang sa mga pinakamalapit niyang kaibigan. Siya sa gayon ay napasailalim sa isang sinasabing paglilitis, na nagdulot ng hatol na idinikta ng kaginhawahang politikal at damdamin ng mamamayan sa halip na katarungan."

- Ano ang damdamin ng ipinagkanulo ng isang kaibigan?
- Paano ka tutugon sa isang taong pinaratangan ka ng mali tungkol sa isang krimen?

Ipaliwanag na ang pagdurusa ni Jesus ay hindi nagwakas matapos na paratangan siya ng mali at ipagkanulo ng isang kaibigan. Magpatuloy sa pagbabasa:

"Pagkatapos, sa napakabilis na magkakasunod na lubhang paghihirap: naroon ang mahabang paghihirap patungo sa Kalbaryo habang pasan niya ang mabigat na krus; siya ay kinutya at dinuran ng maraming tao sa buong kahabaan ng daan; naroon ang pagbibigay ng suka, na pinatindi ng malulupit na malalaking pako; at sa huli, naroon siyang nakapako, ang katawan niya ay sugatan at nagdurugo, na tinutuya pa rin ng kanyang mga kaaway; at sa gitna ng lahat ng ito nakiusap marahil nang tahimik si Jesus na may taimtim na pamimitagan, 'Ama, patawarin mo sila; sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa. . . . ' (Lucas 23:34.)" (sa Conference Report, Okt. 1966, p. 128; o *Improvement Era,* Dis. 1966, p. 1148).

- Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 64:8.
- Ano ang isang disipulo? (Isang tagasunod ni Cristo, isang naniniwala kay Cristo.)

Ituro na ang salitang *disipulo* ay mula sa salitang *disiplina,* na nangangahulugang kumilos ayon sa isang iniatas na huwaran. Tiyaking bigyang-diin na ang isang disipulo ni Cristo ay isa na hindi lamang naniniwala o sumusunod kundi kumikilos at namumuhay rin ayon sa halimbawa ng Tagapagligtas.

- Bakit pinarusahan at labis na kinastigo ng Panginoon ang mga disipulo? (Nagkaroon sila ng mga pagtatalu-talo, pag-aalitan, at pag-aaway sa halip na magkaroon ng mapagpatawad na espiritu at nagkakaisang puso na dapat pagkakilanlan sa mga disipulo ni Cristo.)

Pagbabasa at talakayan sa banal na kasulatan

Ipabasa sa tatlong kabataang lalaki ang talinghaga ng hindi nagpapatawad na alipin sa Mateo 18:23–35. Maaari mong naising ipabasa sa mga kabataang lalaki ang mga bahagi ng sumusunod na tatlong tauhan:

1. Ang hari, na noong una ay nanakot at pagkatapos ay nagpatawad sa kanyang alipin.
2. Ang alipin na pinatawad subalit hindi magpatawad sa kanyang kapwa alipin.
3. Ang kapwa alipin.

Maaaring naisin mong muling basahin at talakayin ang mensahe ng Mateo 18:23–35 na ginagamit ang mga sumusunod na tanong:

- Sino ang kinakatawan ng hari sa talinghaga? (Ang ating Ama sa Langit.)
- Sino ang kinakatawan ng walang awang alipin? (Tayong mga hindi madaling magpatawad.)
- Sino ang kinakatawan ng isa pang alipin? (Sinuman na nakasakit sa iba.)
- Ayon sa talinghagang ito, ano ang kailangan nating gawin upang magtamo ng kapatawaran mula sa ating Ama sa Langit?
- Anong mga aral para sa ating buhay ang itinuturo sa talinghagang ito?

---

**Magpatawad Upang Mapatawad**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 64:9.

- Bakit nasa taong hindi magpapatawad sa kanyang kapatid ang higit na malaking kasalanan?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na kapag hindi tayo nagpapatawad sa iba ay hindi natin sinusunod ang pinakadakilang utos, na ibigin ang Diyos at ang iba. Samakatwid, sa pagtangging magmahal at magpatawad, pinananatili natin sa atin ang higit na malaking kasalanan.

Sipi at talakayan

Itinanong ni Elder Marion D. Hanks, "Hindi ba malaking kawalang-galang na humiling at umasang patatawarin ng Diyos samantalang hindi tayo nagpapatawad?—nang hayagan? at 'sa ating puso'?" (sa Conference Report, Okt. 1973, p. 15; o *Ensign,* Ene. 1974, p. 20). Ipaliwanag na sa pamamagitan ng pagpapatawad sa iba, tayo ay mapatatawad.

- Paano natin mapatatawad ang isang tao nang hayagan at sa ating puso?
- Paano natin madadaig ang paghihinanakit, galit, o paghihiganti sa mga nakasakit sa atin upang tunay na makapagpatawad tayo?
- Paano makatutulong sa atin ang panalangin upang magpatawad?
- Paano makatutulong sa atin ang pag-unawa sa halimbawa ng Tagapagligtas upang magpatawad sa iba?

Talakayan sa banal na kasulatan at pisara

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 64:10.

- Bakit kailangan nating patawarin ang lahat ng tao nang walang itinatangi? (Upang mapatawad ng Panginoon, kailangan tayong maging mabilis sa pagpapatawad sa mga nakasasakit sa atin.)

Isulat ang *Pagpapatawad* sa itaas ng pisara.

- Ninais mo na bang mapatawad sa isang kamaliang nagawa mo laban sa isang tao?

Ipabahagi sa mga kabataang lalaki ang kanilang mga damdamin bago at pagkatapos mapatawad.

Maikling pagsusulit

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng isang pirasong papel at lapis. Palagyan sa kabataang lalaki ang pahina ng pamagat na "Nagtatanim ba Ako ng Sama ng Loob?" Palagyan ng bilang mula isa hanggang walo ang pahina. Ipaliwanag na bibigyan mo sila ng isang maikling pagsusulit tungkol sa pagpapatawad sa kanilang mga puso. Ang lahat ng tanong ay dapat na matapat na sagutin nang simpleng oo o hindi. Huwag pasagutin nang malakas ang mga kabataang lalaki; hindi nila dapat ipaalam ang kanilang mga sagot kaninuman.

Basahin ang mga sumusunod na tanong:

1. Sinasabi mo ba kailanman na, "Magpapatawad ako, subalit hindi ako kailanman makalilimot"?
2. Ikaw ba ay lihim na natutuwa kapag may isang masamang bagay na nangyari sa isang taong hindi mo gusto?
3. Naghahangad ka bang makaganti sa isang tao dahil sa isang bagay na ginawa niya sa iyo?
4. Mayroon ka bang iniiwasan o tinatanggihang kausapin?
5. Kapag nagagalit ka sa isang tao, nagtatampo ka ba at nagpapalipas ng ilang araw upang kalimutan ito?
6. Nagsasalita ka ba ng hindi mabuti sa iba tungkol sa isang taong nakasakit sa iyo?
7. May isa ka bang kamag-anak na pinaghihinanakitan mo dahilan sa isang bagay na nagawa niya?
8. Kapag nakikipagtalo ka sa mga kapatid mo, inuungkat mo ba ang mga bagay na nagawa nila noon na nakapagpagalit sa iyo?

Ipaisip sa mga kabataang lalaki ang mga tanong na kinailangan nilang sagutin ng oo. Ipaliwanag na ang pagpapatawad ay hindi madali. Ito ay isa sa mga pinakamalaking hamon natin at sumusubok sa ating tunay na pagmamahal sa iba.

Larawan at kuwento

Sabihin sa mga kabataang lalaki na ang kapayapaan na nagmumula sa pagpapatawad sa iba ay ipinakita sa kuwento na minsan ay isinalaysay ni Elder Spencer W. Kimball. Ipaliwanag na noong 1918, tatlong pulis ang pinatay nang sinikap nilang hulihin ang

ilang mga kriminal. Ang ama ni Glenn Kempton ang isa sa mga napatay. Pagkaraan ng ilang panahon, ang mga pumatay ay nahuli, nilitis, at ikinulong nang habambuhay.

- Ano ang madarama mo sa isang taong kumitil sa buhay ng iyong ama?
- Bakit magiging mahirap na patawarin ang ganitong tao?

Inilarawan ni Kapatid na Kempton kay Elder Kimball ang kanyang karanasan sa ganitong paraan:

"Bilang isang kabataang lalaking nasa mga unang taon ng pagbibinata, nagkaroon ng kapaitan sa aking puso at galit sa nagtapat na pumatay sa aking Tatay, sapagkat si Tom Powers ay umamin sa pagpatay sa aking Tatay.

"Lumipas ang mga taon, nagbinata ako, subalit nanatili sa akin ang mabigat na damdaming iyon. Natapos ang pag-aaral sa mataas na paaralan, at pagkatapos ay tumanggap ako ng tawag na magmisyon sa Misyon sa Eastern States. Doon ay mabilis na lumago ang aking kaalaman at patotoo tungkol sa ebanghelyo, sapagkat lahat ng oras ko ay ginugol sa pag-aaral at pangangaral nito. Isang araw, habang nagbabasa ng Bagong Tipan, nabasa ko ang Mateo, ikalimang kabanata, mga talatang 43 hanggang 45. . . .

"Narito ang mga salita ng Tagapagligtas na nagsasabing dapat tayong magpatawad. Naging angkop ito sa akin. Binasa ko ang mga talatang iyon nang paulit-ulit at nangahulugan pa rin ito ng pagpapatawad. Hindi nagtagal pagkatapos nito, natagpuan ko sa ika-64 na bahagi ng Doktrina at mga Tipan, mga talata 9 at 10, ang marami pang salita ng Tagapagligtas. . . .

"Hindi ko alam kung nagsisi o hindi si Tom Powers subalit alam ko na may kailangan akong pakipagkitaan pagkauwi ko, at nagpasiya ako bago lisanin ang larangan ng misyon na gawin ito.

"Pagkauwi ko, nakakilala ako at nagpakasal sa isang mabuting babaeng Banal sa Huling-araw, at pinagpala ng Panginoon ang aming tahanan ng limang magagandang anak. Mabilis na lumilipas ang mga taon at ang Panginoon ay naging mabuti sa amin, subalit nakadarama ako ng kasalanan sa aking kalooban sa tuwing maiisip ko ang pakikipagtagpo na hindi ko natupad.

"Mga ilang taon na ang nakalilipas, bago magpasko, isang panahon na ang pag-ibig ni Cristo ay masagana at ang diwa ng pagbibigay at pagpapatawad ay napasasaatin, ang aking maybahay at ako ay nasa Phoenix sa isang maikling paglalakbay. Pagkatapos ng aming gawain sa kalagitnaan ng pangalawang hapon, nagsimula kaming umuwi. Habang naglalakbay kami, nagpahayag ako ng pagnanais na umiba ng daan at umuwi sa pamamagitan ng pagdaan sa Florence, sapagkat naroon ang bilangguan ng estado. Kaagad na sumang-ayon ang aking maybahay.

"Tapos na ang oras ng pagdalaw nang dumating kami subalit pumasok ako at itinanong ang tanod. Itinuro ako sa kanyang tanggapan.

"Matapos kong maipakilala ang aking sarili at magpahayag ng pagnanais na makita at makausap si Tom Powers, pagtataka ang gumuhit sa mukha ng tanod, subalit pagkatapos lamang ng bahagyang pag-aatubili, sinabi niya, 'Natitiyak kong maisasaayos iyan.' Pagkatapos ay inutusan niya ang isang tanod patungo sa looban na bumalik kaagad kasama si Tom. Ipinakilala kami sa isa't isa, at inihatid sa silid ng paglayang may pasubali kung saan kami nag-usap nang matagal. Ginunita namin ang malamig, malungkot na umagang iyon ng Pebrero, tatlumpung taon na ang nakalilipas, na muling isinasaganap ang buong kalunus-lunos na malungkot na pangyayari. Nag-usap kami sa loob marahil ng isang oras at kalahati. Sa wakas, sinabi ko, 'Tom, nakagawa ka ng kamalian na utang mo sa lipunan na sa palagay ko ay kailangan mong patuloy na bayaran, katulad lamang ng kailangan kong patuloy na magbayad sa pagkapalaking walang ama.' "

Ipakita ang larawan 6, sina Glenn Kempton at Tom Powers. Pagkatapos ay magpatuloy:

"Pagkatapos ay tumayo ako at iniabot ang aking kamay. Tumayo siya at inabot ito. Nagpatuloy ako, 'Buong puso kitang pinatatawad sa kasindak-sindak na bagay na ito na naganap sa ating buhay.'

"Yumuko siya at iniwan ko siya doon. Hindi ko alam kung ano ang nadama niya noon, at hindi ko alam kung ano ang nadarama niya ngayon, subalit ang patotoo ko sa inyo ay isang maluwalhating bagay kapag ang kapaitan at pagkapoot ay nawala sa puso ninyo at pumapasok ang pagpapatawad.

"Pinasalamatan ko ang tanod sa kanyang kabutihan, at habang lumalabas ako sa pintuan at pababa sa mahabang hagdanang iyon, nalaman ko na ang pagpapatawad ay higit na mabuti kaysa paghihiganti, sapagkat nadama ko iyon.

"Habang naglalakbay kami pauwi sa pagtatakipsilim, isang kalugud-lugod at payapang katiwasayan ang napasa akin. Dahil sa dalisay na pasasalamat, inakbayan ko ang aking maybahay, na nakaunawa, sapagkat sa ngayon ay alam ko na nakatagpo kami ng higit na malawak, mayaman at higit na masaganang buhay" (*The Miracle of Forgiveness* [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1969], p. 291–93).

---

## Katapusan

Patotoo at Hamon

Magpatotoo na pagkatapos nating mabinyagan, pinatatawad tayo ng ating Tagapagligtas sa ating mga kasalanan kapag nagsisisi tayo. Sa pagbibinyag at tuwing nakikibahagi tayo sa sakramento, nakikipagtipan tayo na sundin ang Tagapagligtas at gawin ang lahat na hinihingi niya sa atin. Ang isa sa mga bagay na inaasahan niyang gawin natin ay patawarin ang iba. Kapag ginawa natin ito, pinangakuan niya tayo ng kagalakan at kapayapaan, na tinuturuan tayo na kapwa ang pagpapatawad at ang mapatawad ay mahalaga sa ating walang-hanggang kaligtasan.

Ipataob sa mga kabataang lalaki ang kanilang mga papel at ipasulat ang isang bagay na handa nilang gawin sa darating na linggo upang tulungan silang magpatawad at palakasin ang kanilang pag-ibig sa isang tao. Hamunin ang mga kabataang lalaki na magkaroon ng diwa ng pagpapatawad sa lahat ng pakikisalamuha nila at lalung-lalo na sa mga kasapi ng sarili nilang mag-anak. (Maging madaling makadama sa mga pangangailangan ng mga kabataang lalaki. Ang diwa ng pagpapatawad ay hindi dapat pumigil sa kanila sa pagtalakay sa obispo sa anumang nagaganap na pagmamalabis na maaaring tinatanggap nila.)

Imungkahi na isipin nila ang kanilang buhay. May nakasakit o nagkasala ba sa kanila sa anumang paraan? Kung gayon, hamunin sila na linisin ang kanilang kaluluwa sa anumang kapaitan sa pamamagitan ng lubusang pagpapatawad sa taong iyon. Hamunin silang daigin ang anumang masama at hindi nagpapatawad na damdamin na mayroon sila sa pamamagitan ng paghahangad sa tulong ng Espiritu.

# 14 Ang Sakramento

**LAYUNIN**

Higit na mauunawaan ng bawat kabataang lalaki ang kahulugan ng sakramento at ang kanyang ginagampanan bilang kinatawan ng Panginoon sa ordenansang iyon.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Levitico 10:8–11; Mateo 26:26–28; 1 Mga Taga Corinto 11:26–29; Mosias 18:10; 3 Nefias 18:1–12; at Doktrina at mga Tipan 20:46, 77, 79; at 27:2.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Isang Ordenansa ng Pag-aalaala at Muling Pakikipagtipan

Paglalahad ng tagapayo

Ipahayag sa mga kabataang lalaki kung ano ang nadarama ninyo tungkol sa sakramento. Ipaliwanag na ito ay isa sa mga pinakasagradong ordenansa ng pagkasaserdote. May malaking tiwala ang Ama sa Langit sa mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron. Pinahintulutan niya sila ng pribilehiyong mangasiwa sa mga banal na sagisag ng sakramento. Hilingan silang sikaping isipin kung paano ang maging nasa hapag nang basbasan ng Tagapagligtas ang sakramento.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at ipatalakay sa mga kabataang lalaki ang 3 Nefias 18:1–12.

• Ano ang matututuhan natin tungkol sa sakramento at sa ating pananagutan bilang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron mula sa mga talatang ito?

Ang mga sumusunod ay maaaring makatulong sa talakayan:

1. Iniutos ni Jesus na ang sakramento ay pangasiwaan sa Simbahan (mga talata 3–4, 6–8, at 10–12).
2. Ang mga saserdote ay kailangang wastong maordenan at mabigyang-karapatan na mangasiwa ng sakramento (talata 5); ang mga guro at diyakono ay maaaring maghanda at magpasa ng sakramento.
3. Ang pakikibahagi sa sakramento ay isang pag-alaala kay Jesus (mga talata 7 at 11).
4. Ang mga palaging umaalala kay Jesus ay pinangangakuan na palaging mapapasa kanila ang kanyang Espiritu (mga talata 7 at 11).
5. Ang lahat ng nakikibahagi sa sakramento ay sumusunod sa isang utos (talata 10).
6. Sa pamamagitan ng pakikibahagi sa sakramento, ang mga kasapi ng Simbahan ay nangangako na susundin ang lahat ng mga utos ni Jesus (talata 10).

Ipaliwanag na ang pagkakaroon ng palagiang pagsama ng Espiritu ng Panginoon ay isa sa pinakamahahalagang bagay sa ating buhay dahil kailangan nating lahat na mapatnubayan at masang-ayunan ng Espiritu Santo. Ang tanging paraan upang mapadalisay tayo ay sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

• Anong susi sa pagkakaroon ng palagiang pagsama ng Espiritu ang inihahayag ng Panginoon sa mga talatang ito? (Na palagi siyang aalalahanin.)

• Ano ang kahulugan ng palagi siyang alalahanin? (Na patuloy siyang isipin, na sinisikap na maging katulad ng sa kanya ang ating mga kaisipan, salita, at kilos.)

• Kung talagang nauunawaan natin at pinahahalagahan ang pagbabayad-sala ni Cristo para sa atin, dapat bang maging mahirap na alalahanin siya?

Pasangguniin ang mga kabataang lalaki sa Mateo 26:26–28 sa kanilang mga Bibliya, at pagkatapos ay basahin ang Mateo 26:22, 24–25 sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Bibliya. Ipahambing sa kanila ang mga talatang ito.

- Ano ang mga pagkakaiba sa mga saling ito? (Ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Bibliya ay tumitiyak na ang katawan ay ibinigay bilang isang pantubos para sa atin, ang mga sagisag ay ibinigay para sa pag-alaala sa sakripisyong iyon, at kasingdami ng naniniwala kay Cristo ang magkakaroon ng pag-aalis sa kanilang mga kasalanan.)

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang sakramento ay isang ordenansa na tumutulong sa atin na alalahanin si Jesucristo at ang ginawa niya para sa atin. Binayaran niya ang pantubos upang matakasan natin ang maninira, o si Satanas. Ang sakripisyo ni Jesus ay nagpapahintulot sa bawat isa sa atin na mapatawad sa ating mga kasalanan kung maniniwala at magsisisi tayo. Ang sakramento ay tumutulong sa atin na alalahanin siya at sariwain ang mga tipan na ginawa sa pagbibinyag na sundin ang kanyang mga utos.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mosias 18:10. Bago siya magbasa, ipaliwanag na ang mga ito ay mga salita ni Alma habang nagtuturo siya sa mga mananampalataya sa mga Tubig ni Mormon.

- Anong mga salita ang sa wari ay katulad ng mga panalangin sa sakramento? (Sinabi ni Alma na dapat taglayin ng mga tao ang pangalan ni Jesucristo at sumaksi na pumasok na sila sa isang tipan, o kasunduan, na sundin ang kanyang mga utos. Sa gayon ay ibubuhos ni Jesucristo ang kanyang Espiritu sa kanila, na nangangahulugan na pagpapalain, papatnubayan, at sasang-ayunan sila.)

Paglalahad ng tagapayo

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na kapag nakikibahagi tayo sa tinapay at tubig, sumasaksi tayo na ninanais nating gawin ang lahat ng itinagubilin ni Jesucristo sa atin na gawin at magpatotoo na magiging kinatawan niya tayo sa pamamagitan ng ating ugali. Mahalaga na sariwain ang ating mga tipan linggu-linggo sapagkat kung minsan ay nakakalimutan natin ang ating mga pangako habang abala tayo sa mga bagay ng daigdig.

Sipi

Sa pagtatalaga ng Templo sa Jordan River, binigyang-diin ni Elder Mark E. Petersen ang kahalagahan ng sakramento:

“Ang sakramento ay nagpapaalala sa pinakasagrado at pinakamahalagang bagay na kailanman ay nangyari—ang pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo. Walang kasingsagrado ang Pagbabayad-sala. Walang kasinghalaga.

“Inaalala natin ang pagdurusa at kamatayan ni Cristo sa krus sa pamamagitan ng pakikibahagi sa sakramento. At habang ginagawa natin, muli ay pumapasok tayo sa isang tipan habang tinatanggap natin kapwa ang tinapay at tubig. At ano ang tipang ito, at gaano kahalaga ito?

“Nauunawaan ba natin kung gaano talaga kahalaga ito?

“Tanging isang diyos lamang ang makapagsasagawa ng Pagbabayad-sala. At si Cristo ay banal, ang Anak ng Diyos, ang ating Manunubos, maging ang Lumikha ng lahat ng bagay.

“Nang magsalita siya tungkol sa pagdurusa niya sa krus, sinabi niya:

“ ‘Masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi;

“ ‘Subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko;

“ ‘Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinkamakapangyarihan sa lahat, na nanginig dahil sa sakit, at dumugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at nagdusa maging sa katawan at sa espiritu—na kung maaari ay hindi ko na lagukin ang mapait na saro at manliliit—

“ ‘Gayunpaman, ang kaluwalhatian ay napasa Ama, at ininom ko at tinapos ang aking paghahanda para sa mga anak ng mga tao’ “ (Doktrina at mga Tipan 19:16–19).

“Napakalaki ng kanyang paghihirap! Tayong mga tao ay hindi kailanman makasusukat sa lawak nito. Subalit namatay siya para sa atin, nagdusa siya para sa atin, at inaalala natin ang kanyang kamatayan at pagdurusa sa pamamagitan ng sakramento ng Hapunan ng Panginoon.

"Habang tumatanggap tayo sa sakramento, dapat nating maunawaan kung tunay na gaano kahalaga at kasagrado ito, sapagkat habang ginagawa natin ang ganito, ipinahahayag natin sa Pinakamakapangyarihang Diyos, ang ating Ama sa Langit, na palagi nating aalalahanin ang Cristo. Sumasaksi tayo sa ating Ama, nagpapatotoo tayo sa ating Ama, nakikipagtipan tayo sa ating Ama, na handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ng Cristo at palaging aalalahanin siya, at palaging susundin ang mga utos na ibinigay niya sa atin.

"Iyon ang tipan na ginagawa natin tuwing nakikibahagi tayo sa sakramento. Nauunawaan ba natin ang ginagawa natin? Nauunawaan ba natin kung gaano kahalaga ang tipan na tinataglay natin sa ating sarili?" (talumpati na ibinigay sa pagtatalaga sa Templo sa Jordan River, 16 Nob. 1982).

---

**Ang mga Saserdote ay Kumikilos Para sa Kongregasyon**

Talakayan

Ipaliwanag na sa mga panahon ng Lumang Tipan isang saserdote ang nagsagawa ng sakripisyo para sa mga tao sa templo.

• Anong pagkasaserdote ang taglay ng mga saserdote sa Lumang Tipan? (Ang Pagkasaserdoteng Aaron.)

Bigyang-diin na nangasiwa ang mga sinaunang saserdote dahil sila ay maytaglay ng pagkasaserdote at sila ay mga opisyal na kinatawan ng Panginoon.

Ituro na ang mga saserdote sa Lumang Tipan ay kumatawan sa mga tao sa altar na pinag-aalayan ng sakripisyo. Ang mga kasapi ay hindi pinahihintulutan sa altar. Ni hindi rin pinahihintulutan ang mga tao na isagawa ang kanilang sariling mga ordenansa sa templo. Gayundin, bilang isang kasapi ng Simbahan, hindi tayo pinahintulutang basbasan at pangasiwaan ang sakramento kailanman natin nadarama na nais nating gawin ang ganito. May itinakdang kaayusang ipinahayag ng Panginoon, na binalangkas sa mga banal na kasulatan.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 20:46.

Ipaliwanag na ang isang saserdote ang may tungkuling pangasiwaan ang sakramento. Kumikilos siya para at sa pangalan ng mga kasapi na tulad ng ginawa ng mga saserdote noong sinauna.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Levitico 10:8–11.

• Saan tumutukoy ang mga talatang ito? (Ito ay mga tagubilin sa mga saserdote na nangasiwa sa altar na pinag-aalayan ng sakripisyo.)

• Ano ang kahulugan ng "malagyan ng pagkakaiba ang banal at ang karaniwan" sa talata 10? (Si Aaron ay dapat maging kaiba sa kongregasyon, upang maging karapat-dapat na mangasiwa.)

• Mula sa sinasabi ng banal na kasulatang ito, ano ang pananagutan ng isang saserdote sa pagiging karapat-dapat na mangasiwa sa hapag ng sakramento?

• Paano natin maihahanda ang ating mga sarili na mangasiwa sa sakramento?

Ang mga sagot ay dapat kabilangan ng isang talakayan ng kung paano namumuhay ang mga saserdote sa buong linggo—ano ang iniisip nila at paano sila kumikilos. Ituro na kung ang sinuman sa kanila ay nakadarama na hindi sila karapat-dapat na mangasiwa sa hapag ng sakramento, dapat silang makipag-usap sa obispo.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 1 Mga Taga Corinto 11:26–29.

• Ano sa palagay ninyo ang sinasabi ni Pablo tungkol sa sakramento? (Ito ay isang sagradong ordenansa. Hindi tayo dapat makibahagi nito nang hindi karapat-dapat, na nangangahulugang walang pagsisisi.)

Ituro na hindi natin kailangang maging ganap, kundi dapat nating sikaping sundin ang mga utos.

• Anong pananagutan mayroon tayo bilang mga kinatawan ng pagkasaserdote ng Panginoon kapag binabasbasan at pinangangasiwaan natin ang sakramento? (Dapat tayong maging mga halimbawa at magsikap na maging karapat-dapat.)

Talakayan at paglalahad ng tagapayo

- Paano dapat manamit ang mga saserdote habang nangangasiwa sila sa hapag ng sakramento?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang mga saserdote ay dapat manamit sa kanilang pinakamaayos na pananamit at maging maayos sa paraan na nagbibigay galang sa kanilang tungkulin.

Ipaliwanag na, bilang mga nangangasiwa sa hapag ng sakramento, ang mga saserdote ay kumakatawan sa mga taong nagsisikap na sariwain ang kanilang mga tipan at nagsisikap na mapasa kanila ang Espiritu ng Panginoon. Isinasagawa ng mga saserdote ang katulad na ordenansa na isinagawa ng Panginoon sa Huling Hapunan. Ituro na sila ay lumalapit sa Panginoon sa katulad na paraan na ang mga sinaunang saserdote ay lumapit sa Panginoon. Ang mga saserdoteng ito ay sinabihan kung ano ang isusuot sa pinakamaliit na detalye upang parangalan ang Panginoon (tingnan sa Exodo 28:2–4). Binigyan tayo ng mga pangkalahatang patnubay.

- Ano ang isusuot ninyo kung kayo ay may tipanan na makipagkita sa namumuno ng isang bansa, o isang hari, o sa Pangulo ng Simbahan?

Kuwento

Ipaliwanag na ang saserdote (at ang mga guro at diyakono) ay may kakayahan na gawing makahulugan ang sakramento para sa mga dumadalo upang sariwain ang kanilang mga tipan at upang masariwa sa espirituwal. Makagagawa sila ng kaibahan.

Isalaysay o basahin ang sumusunod na kuwento:

Ilang taon na ang nakalilipas, dumalo ako sa isang pulong sakramento ng isang pook. Nang dumating ang oras para sa ordenansa ng sakramento, bigla akong pinahanga ng panalanging narinig kong inuulit.

Ito ang siya ring panalangin na narinig ko na sa loob ng maraming taon, subalit may katapatan dito na nagpabago dito at nagbigay ng kahalagahan sa akin. Nadama ko na ako ay nasa isang banal na lugar, at ang panalangin ay nagsasabi ng mga salitang nais kong sabihin. Pagkatapos ng panalangin sa tinapay, tumingala ako sa saserdote na bumigkas ng panalangin. Siya ay malinis at nakasuot ng kanyang pinakamaayos na damit. Nakatulong iyon sa kanya na magmukhang mabuti. Subalit ang bagay na gumawang katangi-tangi ng panalangin sa akin ay ang damdamin na inilagay niya dito. Nang araw na iyon ay natutuhan ko kung paano manalangin at kung paano impluwensiyahan ang kongregasyon na mag-isip tungkol sa Panginoon. Tinuruan ako ng isang kabataang lalaki na nagmalasakit na maging kinatawan ng mga tao sa harapan ng Panginoon.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang mga saserdote ay may pananagutan na sabihin ang mga panalangin sa sakramento nang may kahulugan at damdamin. Nangangahulugan ito na sinasabi nila ang mga panalangin nang may sapat na lakas, linaw at damdamin upang tulungan ang kongregasyon na magkaroon ng nakapagpapasiglang karanasan. Kapag binigyan nila ng damdamin ang mga panalangin, magiging higit itong makahulugan sa mga nasa kongregasyon.

Banal na kasulatan at gawain

- Saan makikita sa mga banal na kasulatan ang mga panalangin sa sakramento? (Doktrina at mga Tipan 20:77,79; at Moronias 4–5.)

Dapat salungguhitan at isaulo ng mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 20:77, 79.

Ituro na ang lahat ng mga sangguniang ito ay bumabanggit ng alak, subalit ipinaliliwanag ng Doktrina at mga Tipan 27:2 na hindi mahalaga kung ano ang ginagamit sa sakramento kung ito ay ginagawa na ang mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ni Cristo.

Maaaring naisin mong talakayin ang mga panalangin nang taludtod sa taludtod upang higit na maunawaan ng mga kabataang lalaki ang kahalagahan ng mga panalangin.

Ipabasa nang malakas sa ilang mga kabataang lalaki ang mga panalangin. Tiyaking tumpak ang pagkabigkas. Tulungan silang ipahayag nang malinaw ang kanilang sarili. Tulungan silang maunawaan na ang kanilang layunin ay hindi ang masabi nang mabilis ang mga panalangin, kundi sabihin ang mga panalangin nang makahulugan at tumpak. Ang ganap na kawastuan at damdamin ay higit na madaling dumarating sa pamamagitan ng hindi pagmamadali. Ang damdamin ay dumarating mula sa pag-iisip nang malalim tungkol sa sakripisyo ng Tagapagligtas at sa kahulugan ng panalangin.

### Katapusan

Talakayan sa pisara

• Ano ang ilang bagay na magagawa ng mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron upang matiyak na ang pulong sakramento ay isang sandali ng espirituwal na pagsariwa para sa kongregasyon?

Isulat ang mga tugon ng mga kabataang lalaki sa pisara. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng sumusunod:

1. Maagang dumating sa hapag ng sakramento.
2. Tiyakin na ang sakramento ay inihanda sa oras.
3. Maging mapitagan sa panahon ng pulong.
4. Manamit nang angkop at maayos.
5. Dapat sabihin ng mga saserdote ang mga panalangin nang may kahulugan at pagpipitagan; dapat ihanda ng mga guro ang sakramento nang may pagpipitagan; at ang mga diyakono ay dapat magpasa nito nang may katulad na saloobin ng pagpipitagan.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na gawin ang lahat ng magagawa nila bawat linggo upang maghanda, makibahagi, at mangasiwa ng sakramento sa paraan na nagbibigay dito ng kahulugan hangga't maaari para sa kanilang sarili at sa kongregasyon na pinaglilingkuran nila.

# Pagtitiis Hanggang sa Wakas

# 15

**LAYUNIN**

Matututuhan ng bawat kabataang lalaki kung ano ang kahulugan ng magtiis hanggang sa wakas at mauunawaan na ang mga kahirapan ng mortalidad ay makatutulong sa atin upang matuto.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 27:46; Lucas 23:34; 2 Nefias 2:11, 15–16, 22–24; 28:21; 31:16; Helaman 6:9–17; at Doktrina at mga Tipan 121:1–3, 6–8; 122:7–8.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Isang pirasong papel at isang lapis para sa bawat kabataang lalaki.
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Maghanda ng paskil ng 2 Nefias 31:16.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento

Si David Merrell ay bumaba sa eroplano sa Tokyo, na sabik na magsimula sa kanyang misyon. Si David ay balingkinitan, malinis tingnan, at may bahagyang pekas. Si David ay espirituwal at may magandang saloobin, subalit sa ibang paraan ay isa siyang karaniwang elder. Kinailangan niyang gumawa ng katulad na mga pag-aakma sa isang misyon na ginagawa ng ibang elder. Unti-unti siyang nakatagpo ng tunay na kagalakan at tagumpay habang nagpapakumbaba siya sa harapan ng Panginoon.

Isang araw, napansin ni David na lubhang lumaki ang isang maliit na bukol sa kanyang balikat. Nagtungo siya sa manggagamot upang patingnan ito. Tumanggap siya ng kalunus-lunos na balita sa tanggapan ng manggagamot na iyon. Siya ay may *melanoma,* isang nakamamatay na uri ng kanser. Inalis ng mga dalubhasang siruhanong Hapones ang bukol, subalit pinauwi siya para sa karagdagang operasyon, na nag-alis ng mga kalamnan ng kanyang balikat at leeg. Ang malalaki at maliliit na ugat ay inalis din, at nagdanas ng matinding sakit si David habang ang dugo ay pinadaan sa ibang bahagi patungo sa utak.

Ang paggaling niya ay mabagal at masakit, subalit matigas ang kanyang kalooban. Nagsimula niyang matuklasan kung gaano siya kalakas sa espirituwal. Ang tangi niyang kaisipan ay bumalik sa larangan ng misyon. Lumangoy siya araw-araw upang madagdagan ang kanyang pisikal na lakas. Sa wakas ay naging handa siya. Si David ay nakadama ng malaki, nakatatangay na damdamin ng tagumpay habang bumababa siya sa eroplano, sa pagkakataong ito ay sa Oregon, kung saan siya magpapatuloy ng kanyang mga gawaing misyonero.

Natapos ni David Merrell ang kanyang misyon sa Oregon, at pagkaraan ng isang taon ay natapos niya ang kanyang misyon sa daigdig.

Talakayan sa pisara

Ipaliwanag na sa wari ay dapat pangalagaan mula sa lahat ng sakit at karamdaman ang isang kabataang lalaki na naglilingkod sa Panginoon sa larangan ng misyon.

- Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ni David Merrell?

Ibuod ang mga kaisipan ng mga kabataang lalaki sa pisara.

Gawaing pagsusulat

Ipamahagi ang mga papel at lapis. Ipasulat sa bawat kabataang lalaki ang isang laban, salungatan, o suliranin na hinaharap niya ngayon. Ipaliwanag na walang sinumang makakikita ng papel niya. Imungkahi na magsulat ang mga kabataang lalaki kung paano nila mapagtatagumpayan ang suliranin na isinulat nila.

## Salungatan sa Lahat ng Bagay

Talakayan sa banal na kasulatan at sa pisara

Ipaliwanag na higit nating mauunawaan kung bakit tayo may pagdurusa at kamatayan kung nauunawaan natin ang katangian at layunin ng mortalidad. Ipaliwanag na sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan kung bakit mayroon tayong pagdurusa at mga suliranin. Pagbalik-aralan ang natutuhan ng mga kabataang lalaki tungkol sa pagkahulog ni Adan. Ipaliwanag na ang Pagkahulog ang nagdala sa daigdig ng posibilidad para sa *pagsasalungatan,* o pagdurusa at kagipitan.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang 2 Nefias 2:11, 22–24.

- Anong mga dahilan ang ibinigay ni Lehias para sa pangangailangan ng salungatan sa ating buhay? (Kung walang salungatan, walang magiging katuwiran o kasamaan, kabanalan o labis na kahirapan, mabuti o masama.)

Talakayin sa mga kabataang lalaki kung bakit walang magiging katwiran, kabanalan, o kabutihan kung walang salungatan.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 2 Nefias 2:15–16. Isulat ang mga salitang *kapangyarihan sa pagpili* sa pisara, at hilingan ang isa sa mga kabataang lalaki na basahin muli ang talata 16.

- Ano ang kinalaman ng salungatan sa alituntunin ng pagpili? (Kung walang salungatan, hindi maaaring mamili; kung walang pamimili, walang magiging katwiran. Ang katwiran ay nangangailangan ng pagpili sa mabuti at masama at ng pagpili ng mabuti.

## Ang Pagdurusa Nang Walang Kasalanan ay Nagdudulot ng Espirituwal na Pag-unlad Kapag Nagtiis Tayo Nang may Pananampalataya

Kuwento

Hilingan ang mga kabataang lalaki na makinig sa ilang kahirapang sinuong ng mga naunang pinuno ng Simbahan sa sumusunod na ulat:

"Si Joseph Smith at ang lima niyang kasama ay ibinilanggo sa Liberty, Clay County, sa loob ng anim na buwan. Dito ay dumanas sila ng maraming hindi masabing kahirapan, nang panahong iyon. Kalimitan ay nakatanikala sila. Ang pagkain nila ay kadalasang hindi makain, at hindi kailanman masustansiya. . . . Maraming ulit na nilason sila sa kanilang pagkain, na nagbigay ng sakit sa kanila na halos makamatay, at tanging ang mga ipinangakong pagpapala ng Panginoon ang nagligtas sa kanila. Ang higaan nila ay sa sahig, o sa lapat na bahagi ng pinutol na troso ng puting *oak*, at sa ganitong paraan sila pinilit na magdusa. Nakapagtataka ba na dumaing sila sa pagdadalamhati ng kanilang mga kaluluwa sa Panginoon, para sa kaginhawahan mula sa hindi makataong pakikitungong iyon?" (Joseph Fielding Smith, *Essentials in Church History* [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1979], p. 120).

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na ibinigay ang mga bahaging 121 at 122 ng Doktrina at mga Tipan kay Joseph Smith samantalang siya ay isang bilanggo sa Piitan ng Liberty. Basahin at talakayin ang Doktrina at mga Tipan 121:1–3, 6–8, at 122:7–8 kasabay ng mga kabataang lalaki.

- Bakit sinabi ng Panginoon na binayaan niya si Joseph Smith at ang matatapat na Banal na dumanas ng maraming pagdurusa?

Kuwento

Sa sarili mong mga salita, isalaysay ang sumusunod na kuwento ng isang kabataang babae na nagdusa para sa ebanghelyo. Ang kuwento ay isinalaysay ni Pangulong Gordon B. Hinckley.

"Madalas kong mabasa ang mga salita ng isang labintatlong-taong-gulang na batang babae, ang lola ng aking maybahay. . . . Ang mag-anak niya ay nagbalik-loob sa Brighton, Inglatera, noong 1856. Ipinagbili nila ang kanilang mga ari-arian at naglakbay mula Liverpool kasama ng 900 iba pa sa barkong *Horizon.* Pagkatapos ng anim na linggo sa dagat, dumaong sila sa Boston at pagkatapos ay naglakbay sa pamamagitan ng tren (steam train) patungo sa lungsod ng Iowa para sa pagsubok sa paninirahan.

"Doon ay bumili sila ng dalawang pamatok ng mga kapong baka, isang pamatok ng mga baka, isang bagon, at isang kubol. Sila ay itinalagang maglakbay upang sumama at tumulong sa isa sa mga pangkat na naglakbay sa pamamagitan ng karomata.

"Sa Lungsod ng Iowa ay naganap din ang unang malungkot na kapahamakan nila. Ang pinakabatang anak nila, na wala pang dalawang taon, na nagdurusa mula sa pagkabilad, ay namatay at inilibing sa isang libingan na hindi na muling nadalaw ng isa mang kasapi ng mag-anak. Ang lola ng aking maybahay, na noon ay labintatlong-taong-gulang na batang babae, ay nagsulat ng kanilang mga karanasan:

" 'Naglakbay kami ng mula sa labinlima hanggang dalawampu't limang milya sa isang araw . . . hanggang sa makarating kami sa Ilog Platte. . . . Inabot namin ang mga pangkat na naglakbay sa pamamagitan ng karomata nang araw na iyon. Pinanood namin sila sa pagtawid sa ilog. May malalaking tipak ng yelo na nakalutang sa ilog. Napakalamig noon. Kimaumagahan ay may labing-apat na patay. . . . Bumalik kami sa kampo at nanalangin at . . . umawit ng "Mga Banal, Halina't Maglakbay." Nagtaka ako kung ano ang nagpaiyak sa Nanay ko nang gabing iyon. . . . Kinaumagahan ay isinilang ang aking munting kapatid [na babae]. Iyon ay ika-dalawampu't tatlo ng Setyembre. Pinangalanan namin siyang Edith. Nabuhay siya ng anim na linggo at namatay. . . . Siya ay inilibing sa huling krus na daan ng Sweetwater.

" 'Nang makarating kami sa Devil's Gate ay napakalamig. Iniwan namin ang marami sa mga kasangkapan namin doon. . . . Ang aking kapatid na si James . . . ay kasing lakas naman tulad ng dati nang matulog siya nang gabing iyon. Kinaumagahan ay patay na siya. . . .

" 'Ang aking mga paa ay nanigas sa lamig; gayundin ang sa aking mga kapatid. Walang iba kundi niyebe (yelo). Hindi namin maibaon ang mga talasok sa aming mga kubol. . . . Hindi namin alam kung ano ang mangyayari sa amin. Pagkatapos ay dumating ang isang lalaki sa aming kampo isang gabi at nagsabi sa amin . . . na si Brigham Young ay nagpadala ng mga tao at pangkat upang tulungan kami. . . . Umawit kami; ang ilan ay sumayaw, at ang ilan ay umiyak. . . .

" 'Hindi na gumaling ang aking nanay. . . . Namatay siya sa pagitan ng Maliliit at Malalaking Bundok. . . . Siya ay nasa gulang na apatnapu't tatlo. . . .

" 'Dumating kami sa Lungsod ng Salt Lake nang ika-siyam ng gabi noong ika-labing-isa ng Disyembre, 1856. Tatlo sa apat na buhay ay nanigas sa lamig. Ang aking nanay ay patay sa bagon. . . .

" 'Maagang-maaga kinabukasan ay dumating si Brigham Young. . . . Nang makita niya ang kalagayan namin, na nanigas sa lamig ang aming mga paa at patay ang aming nanay, tumulo ang mga luha sa kanyang mga pisngi. . . .

" 'Pinutol ng manggagamot ang aking mga hinlalaki sa paa . . . samantalang binibihisan ng mga kapatid [na babae] ang nanay, para sa libingan niya. . . . Nang hapong iyon ay inilibing siya.

" 'Madalas kong naiisip ang mga salita ng aking nanay bago kami umalis ng Inglatera. "Polly, nais kong magtungo sa Zion habang maliliit ang aking mga anak upang mapalaki sila sa Ebanghelyo ni Jesucristo.' " (Mary Goble Pay, Manuskrito nasa pag-aari ng may-akda.)

"Kailangang-kailangan natin ang isang matinding pag-aalab ng pananampalatayang iyon sa buhay na Diyos at sa kanyang nabubuhay, nabuhay na mag-uling Anak, sapagkat ito ang dakila, nagpapakilos na pananampalataya ng ating mga ninuno sa ebanghelyo" ("The Faith of the Pioneers," *Ensign,* Hulyo 1984, p. 5–6).

Ipaliwanag na si Mary Goble Pay ay nagkaroon ng isang malaki at kahanga-hangang mag-anak, na ang ilan ay naging mga dakilang pinuno ng Simbahan.

Tumulong na linawin na ang mga umusig at sumalungat sa mga Banal ay may pagpili, gayundin ang mga Banal na yumakap at nagtanggol sa ebanghelyo. Kung pinagtiisan nating mabuti ang pagsalungat, kadalasang ang mga pinakamahalagang karanasan sa pag-aaral ng ebanghelyo ay dumarating sa atin sa pamamagitan ng mga pagsubok at kahirapan.

Sipi at talakayan

Hilingan ang mga kabataang lalaki na makinig sa mga kaisipan ni Spencer W. Kimball:

"Ang pangunahing batas ng Ebanghelyo ay Kalayaan sa Pagpili. Ang pilitin tayo na mag-ingat o maging matwid ay pagpapawalang-halaga sa pangunahing batas na iyon, at ang pag-unlad ay hindi maaaring mangyari.

"Dapat ba tayong palaging pinangangalagaan sa kahirapan, sakit, pagdurusa, sakripisyo o paggawa? Dapat bang pangalagaan ng Panginoon ang matwid? Dapat ba Niyang parusahan kaagad ang masasama? Kung ang pag-unlad ay nagmumula sa kasayahan at kaluwagan at mga walang layuning pananagutan, sa gayon ay bakit kailangan pa nating magsikap gumawa o matuto o magtagumpay? . . .

"Hindi ba karunungan ang pagbibigay Niya sa atin ng mga pagsubok upang mapagtagumpayan natin ang mga ito, mga pananagutan upang magsikap tayong magtagumpay, gawain upang patigasin ang ating mga kalamnan, mga kalungkutan upang subukin ang ating mga kaluluwa?" (*Tragedy or Destiny,* Brigham Young University Speeches of the Year [Provo, 6 Dis. 1955], p. 2).

- Paano nagkakaroon ng espirituwal na lakas mula sa mga pagsubok sa ating buhay?
- Paano makapagbibigay sa atin ng pagdamay ang pagdaranas ng karamdaman o kapinsalaan?
- Paano makatutulong ang pansariling paghihirap na palakasin ang ating pag-ibig sa Tagapagligtas? (Tinutulungan tayo nitong pahalagahan ang kanyang paghihirap para sa atin.)

---

## Sa Pamamagitan ng Pagtitiis, Mapagtatagumpayan ng Bawat Isa sa Atin ang Kalungkutan at Kabiguan

Talakayan sa pisara

Ipaliwanag na nagbigay si Pangulong Ezra Taft Benson ng talumpati sa pangkalahatang komperensiya na tumatalakay sa labindalawang paraan upang mapagtagumpayan natin ang kalungkutan, kabiguan, at kalumbayan (sa Conference Report, Okt. 1974, p. 91–93; o *Ensign,* Nob. 1974, p. 65–67). Isulat ang bawat mahalagang salita sa pisara at talakayin ito, na ginagamit ang sipi kung kailangan. Ipaliwanag na maraming suliranin ang maaaring mangailangan lamang ng isa o dalawa sa mga kalutasang ito.

1. *Pagsisisi:* "Ang kasalanan ay lumilikha ng hindi pagkakasundo sa Diyos at nakalulumbay sa espiritu. . . . Ang bawat batas na tinutupad ay nagdudulot ng tiyak na pagpapala. Ang bawat batas na nilalabag ay nagdudulot ng tiyak na pagkawasak. Ang mga nangabibigatang lubha sa kawalang-pag-asa ay dapat lumapit sa Panginoon, sapagkat malambot ang kanyang pamatok, at magaan ang kanyang pasan. (Tingnan sa Mateo 11:28–30.)"
2. *Panalangin:* "Ang panalangin sa oras ng pangangailangan ay malaking tulong. Mula sa mga simpleng pagsubok hanggang sa ating mga Getsemani, ang panalangin ay makapaglalapit sa atin sa Diyos, ang ating pinakamalaking pinagkukunan ng ginhawa at payo."
3. *Paglilingkod:* "Ang abalahin ang sarili mo sa matwid na paglilingkod sa iba ay makapagpapasigla sa iyong mga pananaw at makapag-aalis sa isipan mo sa mga pansariling suliranin, o ilagay man lamang ang mga ito sa tamang pagtutuong-pansin. 'Kapag natatagpuan ninyo ang inyong mga sarili na tila mapanglaw,' ang sabi ni Pangulong Snow, 'tumingin sa paligid ninyo at humanap ng isang taong nasa higit na masamang kalagayan kaysa sa sarili mo; lumapit sa kanya at alamin kung ano ang suliranin, pagkatapos ay sikaping alisin iyon sa pamamagitan ng karunungang ipinagkakaloob ng Panginoon sa inyo; at ang unang bagay na malalaman ninyo, wala na ang inyong kapanglawan, magaan ang pakiramdam ninyo, ang Espiritu ng Panginoon ay nasasa inyo, at lahat ay tila lumiliwanag.' (Conference Report, 6 Abr. 1899, p. 2–3.)"
4. *Paggawa:* "Ang paggawa ay ating pagpapala, hindi ang ating wakas. . . . Dapat tayong gumawa sa pangangalaga sa mga pangangailangang espirituwal, pangkaisipan, panlipunan, at pisikal sa ating sarili at sa mga iniatas sa ating tulungan. Sa simbahan ni Jesucristo ay maraming gawain upang pasulungin ang kaharian ng Diyos. Ang bawat kasapi ay isang misyonero, ang gawain sa talaangkanan ng mag-anak at sa templo, mga gabing pantahanan, pagtanggap ng tungkulin sa Simbahan at pagganap nang mabuti dito ay ilan lamang sa ating hinihinging paggawa."

5. *Kalusugan:* "Ang kalagayan ng pisikal na katawan ay makaaapekto sa espiritu. Kaya ibinigay sa atin ng Panginoon ang Salita ng Karunungan. Sinabi rin niya na dapat tayong matulog nang maaga at bumangon nang maaga (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:124). . . . Ang pagkain ay makaaapekto sa isipan, at ang mga kakulangan sa ilang sangkap sa katawan ay makapagdudulot ng kapanglawan ng isipan. . . . Mahalaga ang pahinga at pisikal na ehersisyo."
6. *Pagbabasa:* "Maraming tao ang bumaling sa Aklat ni Mormon at naliwanagan, napasigla, at naaliw sa oras ng kanyang pagsubok.

   "Ang mga awit sa Lumang Tipan ay may natatanging pagkain para sa kaluluwa ng isang namimighati. . . . Ang mga salita ng mga propeta, lalo na ng buhay na pangulo ng Simbahan, ay mahalagang binabasa at makapagbibigay ng patnubay at ginhawa sa oras na nalulumbay ang isang tao."
7. *Pagbabasbas:* "Sa isang tiyak na oras ng pagkapagal . . . ang isa ay makahahangad ng pagbabasbas mula sa mga kamay ng pagkasaserdote. . . . Ang sakramento ay 'magpapala [rin] . . . sa mga kaluluwa' (Doktrina at mga Tipan 20:77, 79) ng lahat na nakikibahagi nito nang karapat-dapat."
8. *Pag-aayuno:* "Ang manaka-nakang pag-aayuno ay makatutulong na malinis ang isipan at mapalakas ang katawan at espiritu. . . . Upang maging lubos na kapaki-pakinabang ang ayuno, dapat itong samahan ng panalangin at pagninilay-nilay; . . . at isang pagpapala kung makapagninilay-nilay ang isang tao sa mga banal na kasulatan at sa dahilan ng pag-aayuno.
9. *Mga Kaibigan:* "Ang pakikipagkaibigan ng mga tunay na kaibigan na nakauunawa sa iyo, nakikibahagi sa mga kagalakan mo, tumutulong na pasanin ang iyong mga suliranin, at pinapayuhan ka nang tunay ay napakahalaga. . . .

   "Karaniwan, dapat na ang mag-anak mo ang iyong maging mga pinakamalapit na mga kaibigan. Higit sa lahat, kailangang hangarin natin na maging kaibigan ng ating Ama sa Langit at ng ating kapatid na si Jesus ang Cristo."
10. *Musika:* "Ang mga nakapagpapasiglang musika ay maaaring pumuno sa kaluluwa ng mga makalangit na kaisipan, makapagpakilos sa isang tao tungo sa matwid na pagkilos, o makapaghatid ng kapayapaan sa kaluluwa. . . . May katalinuhang iminungkahi ni Elder Boyd K. Packer ang pagsasaulo ng ilang nakapagpapasiglang awitin ng Sion at pagkatapos ay awitin nang malakas, kapag ang isipan ay pinahihirapan ng mga tukso. . . . Magagawa rin ito upang pawiin ang mga nakapanghihina, nakalulungkot na kaisipan."
11. *Pagtitiis:* "May mga panahon na kailangan mo lamang manatiling matwid at daigin ang diyablo hanggang umalis sa iyo ang kanyang nakalulungkot na espiritu. . . .

    "Habang dinaranas mo ang iyong pagsubok, maaari mong alalahanin ang iyong mga nakaraang tagumpay at bilangin ang iyong mga pagpapala nang may tiyak na pag-asa na may higit pang darating kung ikaw ay matapat."
12. *Mga Layunin:* "Ang bawat may pananagutang anak ng Diyos ay nangangailangang magtakda ng mga layunin, mga pangmaikli at panghabang panahong layunin. Ang isang taong nagpipilit sumulong upang matupad ang mga karapat-dapat na layunin ay makapaglalagay agad sa paanan niya ng kawalang-pag-asa, at kapag ang isang layunin ay naisakatuparan, ang iba ay maihahanda."

    Ipaliwanag na sa pamamagitan ng paggamit ng isa o higit pa sa mga paraang ito, mapagtatagumpayan natin ang kalungkutan, kabiguan, kawalan ng pag-asa, o panghihina ng loob. Matututuhan nating mapagtagumpayan ang pagsalungat.

---

**Ipinakikita ng Tagapagligtas kung Paano Magtiis Hanggang sa Wakas**

Paskil

Ipakita ang sumusunod na banal na kasulatan sa isang paskil: "Maliban sa ang tao ay magtiis hanggang wakas, sa pagsunod sa halimbawa ng Diyos na buhay, siya ay hindi maaaring maligtas" (2 Nefias 31:16).

Talakayan sa pisara

- Sa anong mga paraan naging mahirap ang buhay ng Tagapagligtas?

Isulat ang mga tugon ng mga kabataang lalaki sa pisara. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng mga sumusunod:

1. Bagaman isang hari, siya ay isinilang sa isang hamak na sabsaban.
2. Siya ay isinilang sa daigdig na walang mga makabagong kaginhawahan.
3. Siya ay hinamak ng sarili niyang mga kababayan at pinalayas mula sa kanyang tahanan.
4. Tinupad niya ang kanyang misyon nang walang "supot ng salapi o supot ng pagkain."
5. Ipinapatay siya ng sarili niyang mga tao, gayunman ay pinatawad niya sila.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mateo 27:46 at Lucas 23:34.

- Bakit sa palagay ninyo lumayo ang Ama sa Langit mula sa Tagapagligtas sa oras na ito? (Upang maisagawa niya ang kanyang misyon at magtiis hanggang sa wakas, katulad ng kailangan nating gawing lahat.)

---

**Kung Minsan ang Pagsubok sa Pagtitiis ay Kasaganaan**

Mga banal na kasulatan at talakayan

Pabuksan sa mga kabataang lalaki ang Helaman 6:9–17, at ipabasa sa kanila nang tahimik ang mga talata.

- Ano ang nangyari sa mga taong ito na sa wari ay mayroon ng lahat ng ninanais nila at lubhang pinagpala?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 2 Nefias 28:21.

Ipaliwanag na hinulaan ni Nefias ang mga kalagayan sa mga huling araw. Ang isa sa mga dakilang mensahe ng Aklat ni Mormon sa ating panahon ay karaniwang nagbubunga ng kasamaan ang kasaganaan. Ang kasamaan ay isang higit na trahedya kaysa kamatayan, sakit, pagdurusa, o anumang ibang kalagayan sa buhay na mortal. Ang pananatiling mapagpakumbaba at matwid sa gitna ng kasaganaan ay maaaring isa sa mga pinakamalaking hamon sa pagtitiis hanggang sa wakas.

---

**Katapusan**

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na sa pamamagitan ng panalangin at matwid na pamumuhay ay lumalapit tayo sa Panginoon upang kapag dumarating ang mahihirap na karanasan ay magkakaroon tayo ng lakas na harapin ang mga ito. Kailangan tayong palaging maging mapagbantay upang ang kasaganaan ng ating panahon ay huwag maging sanhi upang malimutan natin ang ating kaugnayan sa Panginoon at sa mga bagay sa buhay na tunay na mahalaga.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na magtakda ng layunin para sa kanilang sarili upang mamuhay sa kahariang selestiyal at ituon ang kanilang buhay sa layuning iyon. Hamunin silang pumili ng isa o higit pang mga bagay na nakatala sa dakong simula ng aralin mula sa talumpati ni Pangulong Benson sa pangkalahatang komperensiya upang tulungan silang mapagtagumpayan ang suliranin o alitan na isinulat nila sa kanilang papel.

# Jesucristo, ang Buhay at Liwanag ng Daigdig

# 16

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na si Jesus ang tunay na buhay at liwanag ng daigdig.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Juan 1:1–16; 3:16; 14:6; 1 Mga Taga Corinto 15:40–42; Mosias 3:8; Helaman 14:12; Mormon 9:13; Moronias 7:15–19; at Doktrina at mga Tipan 11:28; 19:16–19; 76:70–71, 81, 96–98; 84:44–47; 88:7–13; 93:6–20, 39.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Maghanda ng dalawang listahan ng mga banal na kasulatan para sa pangkatang gawain sa aralin.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Ang Kaugnayan ng Buhay at Liwanag

Talakayan

• Ano ang mangyayari sa buhay sa daigdig kapag ang daigdig ay inalis mula sa lahat ng pinagkukunan ng liwanag?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na linawin na lahat ng mga uri ng buhay ay mamamatay kung walang liwanag. Kung walang liwanag, mamamatay ang mga halaman; kung walang mga halaman, mamamatay ang mga hayop; kung walang mga halaman at hayop, mamamatay ang mga tao. Kung walang liwanag, ang daigdig ay magyeyelo.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na katulad ng pagkakaroon ng kaugnayan ng liwanag at buhay sa likas na daigdig, may kaugnayan din ang liwanag at buhay sa mga bagay na espirituwal. Inihahambing ng Panginoon ang mga nabuhay na mag-uling katawan at mga antas ng kapangyarihang espirituwal at kaluwalhatian na may magkakaibang antas ng liwanag.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 76:70–71, 81, 96–98, at 1 Mga Taga Corinto 15:40–42. Habang tinatalakay ninyo ang mga talatang ito, ilagay ang sumusunod na tsart sa pisara:

| Uri ng Buhay na Nabuhay na Mag-uli | Uri ng Liwanag |
|---|---|
| Selestiyal | Araw |
| Terestriyal | Buwan |
| Telestiyal | Mga Bituin |

Ipaliwanag na ang mga taong nabuhay na mag-uli na may katawang selestiyal ay tumatanggap ng kaluwalhatian o buhay na inihahambing sa liwanag ng araw, na kaganapan ng liwanag. Ang mga nabuhay na mag-uli na may katawang terestriyal ay inihahambing sa buwan, na ang liwanag ay nanggagaling lamang sa araw. Sila ay tumatanggap ng kaluwalhatian ng Diyos "subalit hindi ng kaganapan nito." Ang mga nabuhay na mag-uli na may katawang telestiyal ay inihahambing sa mga bituin, na ang liwanag ay nagmumukhang madilim kung ihahambing sa araw at sa buwan.

### Si Jesus ang Buhay at Liwanag ng Daigdig

Mga banal na kasulatan at talakayan

- Ano ang pinagkukunan ng pisikal at espirituwal na liwanag at buhay?

Kung iminumungkahi ng mga kabataang lalaki na ang araw ang pinagkukunan ng pisikal na liwanag, itanong kung saan kumukuha ng liwanag ang araw.

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 88:7–13.

- Ano ang sinasabi ng mga talatang ito tungkol sa pinagmumulan ng liwanag? (Na si Jesucristo ang pinagmumulan ng liwanag at buhay ng lahat ng bagay.)

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 11:28.

- Paano nagiging liwanag at buhay ng daigdig si Jesucristo?

Gawain ng pangkat

Hatiin ang mga kabataang lalaki sa dalawang pangkat, at ibigay sa bawat pangkat ang isa sa mga sumusunod na listahan ng mga banal na kasulatan. Bayaan ang mga sampung minuto upang hanapin nila ang mga banal na kasulatan at maging handang ipaliwanag ang itinuturo ng bawat sipi tungkol kay Jesus sa pagiging liwanag at buhay ng daigdig.

1. *Pangkat A*

   Mosias 3:8

   Juan 1:1–16

   Doktrina at mga Tipan 88:7–10

   Doktrina at mga Tipan 19:16–19

2. *Pangkat B*

   Helaman 14:12

   Doktrina at mga Tipan 93:6–17

   Moronias 7:15–19

   Juan 3:16

   Mormon 9:13

Hilingan ang bawat pangkat na ibuod ang natutuhan nila mula sa mga banal na kasulatang ito. Ilagay ang bawat isa sa mga sumusunod na binilangang bagay sa pisara habang ang mga ideya ay ibinubuod, na ginagamit ang mga tanong kung kailangan upang patnubayan ang talakayan:

1. Si Jesucristo ang liwanag ng araw, buwan at mga bituin.

- Ano ang sinasabi ng Doktrina at mga Tipan 88:7–10 tungkol sa liwanag ng araw, buwan, at mga bituin?

Ipaliwanag na bagaman hindi natin nauunawaan kung paano, alam natin na si Jesus ang pinagmumulan ng liwanag ng araw, buwan, at mga bituin.

2. Si Jesucristo ang Ama ng langit at lupa.

- Ano ang itinuturo ng Juan 1:3 at Doktrina at mga Tipan 93:10 tungkol kay Jesucristo?

Ipaliwanag na dahil sa si Jesus ang Lumikha, siya ay tinawag na Ama ng langit at lupa (tingnan sa Mosias 3:8 at Helaman 14:12). Kung wala ang mga nilikhang ito ay walang magiging liwanag o buhay.

3. Si Jesucristo ang pinagmumulan ng buhay na pisikal na nasa atin at nasa lahat ng mga buhay na bagay.

- Ano ang itinuturo ng Juan 1:4 tungkol kay Cristo?

4. Si Jesucristo ang liwanag ng katwiran, pang-unawa, at budhi.

- Ayon sa Moronias 7:15–19, ano ang isa pang paraan na si Jesus ay liwanag?

5. Si Jesucristo ang pinagmumulan ng pagkabuhay na mag-uli, o imortalidad.

- Ayon sa Mormon 9:13, ano ang ginawa ni Jesus?

6. Si Jesucristo ang pinagmumulan ng buhay na walang-hanggan.

- Ano ang sinasabi ng Juan 3:16 tungkol sa buhay na walang-hanggan?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na si Jesus ay hindi lamang Ama ng Pagkabuhay na mag-uli kundi ang ama, o nagbibigay rin ng buhay na walang-hanggan. Si Jesus ay nagdusa para sa mga kasalanan ng lahat ng tao, na ginagawang maaari para sa atin ang pagpapatawad at buhay na walang-hanggan sa lahat ng magsisisi (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:16–19).

### Tinatanggap Natin ang Buhay at Liwanag Habang Lumalapit Tayo kay Cristo

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 93:11–20.

- Paano nakatanggap si Jesus ng kaganapan ng buhay, liwanag, at kaluwalhatian?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Juan 14:6.

- Paano natin matatamo ang kaganapan ng buhay, katotohanan, liwanag, at kaluwalhatian?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na kailangan nating lumapit sa Ama sa pamamagitan ng paglapit kay Jesucristo. Itinuro ni Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan at ang buhay: sinuman ay di makapaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko" (Juan 14:6). Kailangan nating lumapit kay Cristo katulad ng paglapit niya sa kanyang Ama. Pagkatapos, luluwalhatiin tayo kay Cristo katulad nang niluluwalhati siya sa Ama.

- Ano ang kahulugan ng lumapit kay Cristo? (Kilalanin ang tinig niya sa mga banal na kasulatan, manalangin sa Ama sa pangalan niya, magsisi sa ating mga kasalanan, tanggapin ang mga ordenansa ng kaligtasan, at tiisin ang lahat ng pagsubok at mga tukso para sa kapakanan niya.)

Ipaliwanag na maiwawala natin ang liwanag at katotohanang nasa atin. Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 93:39.

- Sa anong mga paraan natin maiwawala ang liwanag at katotohanan?

Sa kabilang dako, nagtatamo tayo nang higit na liwanag at kaalaman sa pamamagitan ng pagtanggap sa mga katotohanan ng ebanghelyo ni Cristo at pagpapatuloy sa ating pagsamba sa Diyos. Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 84:44–47.

---

### Katapusan

Patotoo

Magpatotoo na dahilan kay Cristo kaya may buhay tayo, katotohanan at liwanag. Utang natin ang ating mga buhay at pagkakataon sa buhay na walang-hanggan kay Jesucristo; at dapat nating ilagay ang ating tiwala at pananampalataya sa kanya, hindi sa ating sarili o sa iba. Ito ang dahilan kaya sinusunod natin ang mga utos niya at nananalangin tayo sa Ama sa Langit sa pangalan ni Cristo. Ito ang dahilan kung bakit tayo nagpapakumbaba at nananalangin sa Ama na tulungan tayo na maging katulad ni Cristo. Si Cristo lamang ang tanging daan na sa wakas ay makababalik tayo sa Ama sa Langit.

# 17 Ang Espiritu Santo

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na ang Espiritu Santo ay isang persona na espiritu na nagpapatotoo sa Ama at sa Anak at umaakay sa atin sa kanila.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Marcos 1:9–11; Lucas 3:22; 1 Nefias 11:27; 2 Nefias 32:4–5; Moronias 10:5; at Doktrina at mga Tipan 88:3–4; 130:22.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Isang lapis at isang piraso ng papel para sa bawat kabataang lalaki.
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Kung makukuha sa inyong pook, ipalabas ang "Following the Spirit," sa Family Home Evening Video Supplement (53276).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Ang Espiritu ay Isang Persona na Espiritu

Mga tanong at talakayan

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng isang lapis at isang piraso ng papel, at pasagutan sa mga kabataang lalaki ang mga sumusunod na tama o maling mga tanong (ang mga sagot ay ibinigay sa mga panaklong):

1. Ang Espiritu Santo ay isang banal na impluwensiya o kapangyarihan na pumupuno sa kalawakan. (Mali.)
2. Ang Espiritu Santo ay kasapi ng Panguluhang Diyos. (Tama.)
3. Ang Espiritu Santo ay "ang Banal na Espiritu ng Pangako." (Tama.)
4. Ang Espiritu Santo ay maaaring mag-anyong kalapati. (Mali.)

Sabihin sa mga kabataang lalaki na ang araling ito ay makatutulong ipaliwanag ang mga sagot sa mga tanong na ito.

Mga sipi, banal na kasulatan, at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 130:22.

Ipaliwanag na ang Espiritu Santo ay tunay na tao. Isa siyang persona na espiritu at hiwalay at iba sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Basahin at talakayin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at sipi.

Ipaliwanag na itinuro ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod:

"Palagi kong ipinahahayag na ang Diyos ay isang katangi-tanging persona, si Jesucristo ay isang hiwalay at katangi-tanging persona mula sa Diyos Ama, at ang Espiritu Santo ay isang katangi-tanging persona at isang Espiritu: at ang tatlong ito ay bumubuo ng tatlong magkakaibang persona at tatlong Diyos" (*History of the Church,* 6:474).

- Ano ang natututuhan natin mula sa siping ito tungkol sa Espiritu Santo?
- Bakit walang katawang laman at buto ang Espiritu Santo? (Upang makapanahan siya sa atin; tingnan sa Doktrina at mga Tipan 130:22.)

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Marcos 1:9–11 (o Lucas 3:22 o 1 Nefias 11:27).

- Ano ang maaaring nakalilito tungkol sa mga talatang ito? (Ang ilang tao ay maaaring magkamali sa pagpapasiya na ang Espiritu Santo ay maaaring magsakatawan, hugis o anyo ng isang kalapati.)

Ituro na ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith na ang Espiritu Santo ay isang persona na may anyong tao at ang kalapati ay panlabas na sagisag lamang o tanda ng Espiritu Santo. Sinabi ni Propetang Joseph na bumaba ang Espiritu Santo kay Cristo sa oras ng pagbibinyag niya "sa anyo ng kalapati, o sa halip ay sa *tanda* ng kalapati, bilang saksi sa pangangasiwang iyon." Ipinaliwanag niya:

"Ang tanda ng kalapati ay sinimulan bago pa nilikha ang daigdig, isang saksi para sa Espiritu Santo, at ang diyablo ay hindi maaaring dumating sa tanda ng kalapati. Ang Espiritu Santo ay isang persona, at nasa anyo ng isang persona. Hindi nito tinatakdaan ang kanyang sarili sa *anyo* ng kalapati, subalit sa *tanda* ng kalapati. Ang Espiritu Santo ay hindi maaaring magbagong anyo na isang kalapati; subalit ang tanda ng kalapati ay ibinigay kay Juan upang maging tanda ng katotohanan ng gawa, yamang ang kalapati ay sagisag o palatandaan ng katotohanan at kawalang-malay" (*History of the Church,* 5:260–61).

---

**Ang Kapangyarihan o Impluwensiya ng Espiritu Santo**

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na sa mga banal na kasulatan, kadalasang ginagamit ng mga propeta ang mga salitang *Espiritu Santo, Banal na Espiritu, Espiritu, Espiritu ng Katotohanan, Espiritu ng Panginoon,* at *Banal na Espiritu ng Pangako* nang nagkakapalit-palit. Kung minsan, ang mga pariralang ito ay ginagamit upang tukuyin ang mismong Espiritu Santo; kung minsan ang mga ito ay ginagamit upang tukuyin ang kapangyarihan o impluwensiya niya. Tanging ang maingat na pagbabasa ng sipi na pinaggamitan ng parirala ang magpapakita kung aling kahulugan ang nilalayon.


Sipi, banal na kasulatan, at paglalahad ng tagapayo

Sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith ang kaibahan ng persona sa impluwensiya ng Espiritu Santo:

"Ang Espiritu Santo bilang isang persona na Espiritu ay hindi maaaring maging nasa lahat ng dako nang personal na tulad sa Ama o sa Anak, subalit sa pamamagitan ng kanyang katalinuhan, kaalaman, kapangyarihan at impluwensiya, sa lahat at sa mga batas ng kalikasan, siya ay maaaring mapasa lahat ng dako sa lahat ng gawain ng Diyos" (*Gospel Doctrine,* ika-5 limbag, [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1939], p. 61).

Ituro na ang katauhan ng Espiritu Santo ay maaari lamang mapasa-isang lugar sa isang panahon, subalit ang kapangyarihan at impluwensiya niya ay maaaring nasa lahat ng dako—nasasa lahat ng lugar sa iisang oras.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 88:3–4. Pagkatapos ay iguhit ang sumusunod sa pisara:




Ipaliwanag na ang pagkakaiba ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan at impluwensiya ng Espiritu Santo ay mailalarawan sa pamamagitan ng paghahambing sa araw at sa liwanag na nagniningning mula rito. Alam natin na ang araw mismo ay maaaring nasa isang lugar lamang sa isang oras. Subalit ang init, liwanag, at lakas na nagmumula rito ay makapagbibigay ng liwanag at nakapupuno sa buong sansinukob nang sabay-sabay. Katulad nito, ang Espiritu Santo bilang isang persona ay maaari lamang nasa isang lugar sa isang oras, subalit ang impluwensiya at kapangyarihan niya ay maaari at pumupuno sa kalawakan.

## Ang Bisa ng Espiritu Santo sa mga Taong Mortal

Mga banal na kasulatan at talakayan

Basahin ang 2 Nefias 32:4–5 at Moronias 10:5.

- Ano ang natututuhan natin mula sa mga banal na kasulatang ito tungkol sa ginagampanan ng Espiritu Santo? (Kung hahangarin natin ang pagsama ng Espiritu Santo, ituturo niya sa atin ang katotohanan ng lahat ng bagay at ipakikita sa atin ang lahat ng bagay na dapat nating gawin upang magtamo ng buhay na walang-hanggan.)

Mga sipi

Ituro na mahalagang matutuhan na makilala ang pagkanaroroon ng Espiritu Santo sa ating mga buhay. Ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith:

"Ang unang Taga-aliw na ito o Espiritu Santo ay walang ibang bisa kundi dalisay na katalinuhan" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1938], p. 149).

Inilarawan din ni Elder Parley P. Pratt ang mga bisa ng Espiritu Santo:

"[Ang kanyang impluwensiya] ay nagbibigay-buhay sa lahat ng mga kakayahang pangkaisipan, nagdaragdag, nagpapalaki, nagpapalawak at nagpapadalisay sa lahat ng likas na silakbo ng damdamin at pagmamahal; at iniaangkop ang mga iyon, sa pamamagitan ng kaloob na karunungan, sa kanilang makatarungang gamit. Ito ay nagpapasigla, nagpapaunlad, lumilinang at nagpapahusto sa lahat ng taimtim na pakikiramay, kagalakan, panlasa, magkakaugnay na damdamin at pagmamahal na tulad ng sa atin. Ito ay nag-uudyok ng kabanalan, kabaitan, kabutihan, pagiging magiliw, kahinahunan at pag-ibig sa kapwa-tao. Ito ay nagpapaganda sa isang tao, anyo at mga katangian. Inaalagaan nito ang kalusugan, lakas, sigla at damdaming panlipunan. Pinasisigla nito ang lahat ng kakayahan ng pisikal at pangkaisipang tao. Ito ay nagpapalakas at nagbibigay ng kalusugan sa mga ugat. Sa madali't sabi, ito ay katulad ng utak sa buto, galak sa puso, liwanag sa mga mata, tugtugin sa mga tainga, at buhay sa buong pagkatao" (*Key to the Science of Theology,* ika-9 na limbag [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1965], p. 101).

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na dapat nating hangaring tanggapin ang impluwensiya ng Espiritu Santo katulad ng inilarawan ni Elder Pratt. Maraming ulit na ang Espiritu Santo ay kikilos bilang isang taga-aliw, na naghahatid ng kapayapaan sa ating mga isipan at puso. Sa ibang mga panahon, ang impluwensiya ng Espiritu Santo ay magbibigay sa atin ng mga biglaang bugso ng kaisipan o inspirasyon, na sa wari ay sinindihan ang isang ilaw sa ating mga isipan at puso, at sa liwanag ay nakikilala natin ang ilang bagong katotohanan. Ito ang dalisay na katalinuhan na sinabi ni Joseph Smith. Ito ang payapang maliit na tinig na nagsasalita, "sa inyong isipan at sa inyong puso" (Doktrina at mga Tipan 8:2), ang pag-iinit sa inyong dibdib (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 9:8).

---

## Katapusan

Buod

- Ano ang kailangan nating gawin upang tamasahin ang palagiang pagsama ng Espiritu Santo, ang pangatlong kasapi ng Panguluhang Diyos? (Manampalataya kay Cristo, magsisi, manalangin, mag-aral ng mga banal na kasulatan, at sundin ang payapang maliit na tinig.)

Ituro na bilang mga kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw, tayo ay nabinyagan at tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Ang pinto ay nabuksan sa atin upang tanggapin ang Espiritu Santo bilang isang palagiang kasama ayon sa ating pagiging karapat-dapat. Kailangan nating sundin ang mga panghihikayat ng Espiritu Santo upang makabalik sa kinaroroonan ng Ama at ng Anak. Tinuturuan tayo ng Espiritu Santo ng katotohanan ng lahat ng bagay at inaakay tayo tungo sa buhay na walang-hanggan.

# Panalangin 18

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na sa pamamagitan ng palagian, matapat na panalangin ay matatagpuan natin ang mga kalutasan sa mga suliranin, matatanggap ang patnubay at lakas, at tahimik na makapamumuhay sa isang magulong daigdig.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 2 Nefias 23:8; Enos; Alma 34:17–27; 37:35–37; Eter 3:1–15; at Doktrina at mga Tipan 8:2, 9:8–9.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Larawan 7, Isang Sasakyang Pangkalawakan.
   c. Isang lapis para sa bawat kabataang lalaki.
   d. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Maghanda ng isang kopya ng bigay-sipi na "Listahan ng Pagsusuri sa Sarili," na matatagpuan sa hulihan ng aralin para sa bawat kabataang lalaki.
4. Magtalaga ng dalawang kabataang lalaki upang magbasa at mag-ulat sa mga pangyayari sa Eter 3:1–15 at Enos 1:1–27. Himukin sila na talakayin ang mga siping ito sa kanilang mga magulang, mga tagapagturo ng tahanan, o ibang mga pinuno ng Simbahan habang naghahanda silang mag-ulat sa korum.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Larawan at talakayan

Ipakita ang larawan 7, Isang Sasakyang Pangkalawakan. Ipaliwanag na isa sa mga himala ng makabagong siyensiya ay makapagpapadala na tayo ngayon ng mga tao nang mabilis sa kalawakan sa mga libu-libong milya bawat oras at makapagpapadala ng mga tagubilin at patnubay sa kanila habang libu-libong milya ang layo nila.

• Paanong ang kakayahan ng tao na makipagtalastasan ng katulad nito ay nakaragdag sa inyong paniniwala na makapagpapadala sa atin ang Diyos ng mga mensahe sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu habang nananalangin tayo sa kanya?

Ipaliwanag na isinugo tayo ng Ama sa Langit sa daigdig upang isagawa ang ating misyon sa buhay. Nananatili siyang handa, sa kabila ng lahat ng oras o layo, upang tulungan tayong magtagumpay. Makatatanggap tayo ng patnubay at tagubilin upang makabalik sa kanya kung lalapit tayo sa kanya sa panalangin.

**Isang Matapat na Puso at Tunay na Layon**

Talakayan

• Gaano katagal na ang huli ninyong pakikipag-usap sa isang malapit na kaibigan? Gaano kayo katagal nag-usap? Ano ang pinag-usapan ninyo?

Itanong ang sumusunod na pangkat ng mga tanong, subalit huwag hingin sa mga kabataang lalaki na sagutin nang malakas ang mga ito.

• Gaano katagal na ang huli ninyong panalangin? Gaano kayo katagal nanalangin? Ano ang ipinanalangin ninyo?

Sipi

Basahin ang sumusunod na pahayag:

"Ang bawat isa sa atin ay maguguluhan kung ang isang kaibigan ay magsasabi ng magkakatulad na ilang salita sa atin bawat araw, itinuturing ang pakikipag-usap bilang isang gawain, at hindi halos makapaghintay na makatapos upang mabuksan ang

telebisyon at kalimutan tayo (Ezra Taft Benson, “Improving Communication with Our Heavenly Father,” sa *Prayer* [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1977], p. 111).

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa nang tahimik sa mga kabataang lalaki ang Alma 37:35–37.

- Paanong maipakikita ng kilos ng isang tao kung sino ang gumawa sa sinasabi ng talata 36? Bakit?
- Ano ang kahulugan ng “makipagsanggunian sa Panginoon”?

Ituro na ang salitang *makipagsanggunian* ay nagpapahiwatig ng pagpapalitan o pagsasanggunian. Samakatwid, sa ating mga panalangin, dapat tayong kapwa makinig at magsalita habang tinatalakay natin ang ating mga layon, layunin, at pag-aalala sa ating Ama sa Langit.

Ipaliwanag na ang karaniwang paraan ng pagtanggap natin ng mga sagot kapag nakikinig tayo sa Ama sa Langit ay sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga ideya sa ating mga isipan o damdamin sa ating mga puso.

- Ano ang kahulugan ng “sa lahat ng iyong mga gawain”?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Alma 34:17–27. Ipaliwanag na ninanais ng Panginoon na ibahagi natin sa kanya ang lahat at hangarin ang kanyang patnubay sa lahat ng bagay, katulad ng ginagawa ng mga malalapit na magkakasama.

- Ayon sa mga banal na kasulatang ito, gaano dapat kahalaga ang panalangin sa ating mga buhay?

Ipaliwanag na kung ninanais ng Panginoon na makipagsanggunian tayo sa kanya sa lahat ng ating mga gawain, kung gayon ay walang hindi mahalaga sa kanya.

Sipi

Basahin ang sumusunod na sipi:

“Hindi napakahirap na bagay ang matutong manalangin. . . . Ang panalangin ay hindi kinabibilangan ng mga salita, lamang. Ang isang tunay, matapat, taimtim na panalangin ay kinabibilangan higit sa lahat ng damdamin na nagmumula sa puso at sa masidhing pagnanais ng ating mga espiritu na magsumamo sa Panginoon nang may pagpapakumbaba at pananampalataya” (Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine,* ika-5 limbag [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1939], p. 219).

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang tunay na panalangin ay isang masinsinang pakikipag-usap sa Ama sa Langit. Ang susi sa tamang pag-uugali ay palaging pag-aalaala at paghahangad sa Panginoon upang manatili tayo sa matuwid at makitid na daan. Sa pamamagitan ng madalas na pakikipag-ugnayan sa Panginoon, magagawa natin ang lahat ng pagtatama o pagsasaayos na kailangan upang manatili sa landas patungo sa ating huling patutunguhan. Dapat tayong manatili sa pakikipag-ugnayan sa Ama sa Langit. Papatnubayan Niya tayo pabalik sa kanya kung susundin natin ang kanyang mga paghimok.

Mga ulat at talakayan

Tawagin ang dalawang paunang itinalagang mga kabataang lalaki upang ibigay ang kanilang mga ulat tungkol sa Eter 3:1–15 at Enos 1:1–27.

- Paano nagkakatulad ang mga pangyayari sa dalawang ulat na ito? (Ang mga pangyayari sa bawat kalagayan ay kasunod ng matapat, taimtim na panalangin at tunay na pakikipag-ugnayan sa Panginoon.)

Talakayin kung gaano katapat, kahayag, at kataos-puso nanalangin sina Enos at ang kapatid [na lalaki] ni Jared.

Gawain at talakayan sa pisara

Hilingan ang mga kabataang lalaki na alalahanin ang kanilang mga pinakahuling pansariling panalangin. Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng isang kopya ng “Listahan ng Pagsusuri sa Sarili,” at hilingan siya na tahimik na suriin ang katangian ng kanyang mga panalangin. Hindi niya dapat markahan ang anumang mga sagot kundi gamitin ang mga tanong bilang isang paraan ng pagsusuri kung gaano kabisa ang mga panalangin niya.


- Paano naiba ang inyong mga karaniwang panalangin sa mga panalanging inihandog nina Enos at ng kapatid [na lalaki] ni Jared?

Habang itinatanong ninyo ito, iguhit sa pisara ang hugis na pinamagatang “Ako”, at isulat ang salitang *Panalangin* sa itaas nito. (Tingnan ang paglalarawan.)

Himukin ang mga kabataang lalaki na talakayin nang tahasan at tiyakan ang mga paraan na ikinaiba ng kanilang mga panalangin sa mga panalangin nina Enos at ng kapatid [na lalaki] ni Jared.

- Ano ang makasasagabal sa ating kakayahan na manalangin nang mabisa?

Isulat ang mga sagot nila sa pisara sa ilalim ng *Mga Suliranin:*




---

**Ang Susi sa mga Pagpapala ng Langit**

Paglalahad sa pisara

Ipaliwanag na pagkatapos ng ilang panalangin, kung hindi tayo nakadarama ng sagot, maaari tayong mawalan ng pag-asa at tumigil sa pananalangin tungkol sa ating tiyak na suliranin. Maaari pa tayong lubusang tumigil sa pananalangin. Ipaliwanag na sa mga oras na ito ay kailangan nating higit na manalangin.

Isulat sa pisara ang *Patuloy na manalangin* sa ilalim ng *Mga kalutasan.*

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kasapi ng korum ang 2 Nefias 32:8 at ang unang bahagi rin ng talata 9.

- Bakit patuloy tayong hinihimok ni Satanas na huwag manalangin? (Ang layunin niya ay sirain ang ating kaligayahan at gawin tayong kahabag-habag na katulad niya.)

Himukin ang mga kabataang lalaki na huwag pahintulutan si Satanas, ang ibang tao, o mga pangyayari na himukin silang huwag manalangin.

Sipi

Ipaliwanag na nagpahayag ng kuru-kuro si Pangulong David O. McKay tungkol sa pangangailangan na magtiyaga sa panalangin nang sabihin niyang:

"Umaasa ako na balang araw kayo ay . . . makatatagpo ng isang pader na sa wari ay hindi maaakyat, hindi mapapasok; subalit kung ang tungkulin ay nasa kabila ng pader na iyon, huwag mag-atubili at magsabing, 'Hindi ko magagawa ito.' Maaari kayong magsikap na gawin ito, subalit hindi ito sapat. Gawin ang . . . sinasabi ni Santiago: Humiling ng kapangyarihan sa Diyos, subalit dagdagan iyon ng pananampalataya, isang pagkilala sa iyong sariling kakayahang gawin ang kaya mong gawin.

"Makalalakad ka mula sa kinatatayuan mo, hanggang sa itaas ng pader. Kapag nandoon ka na, at nakarating ka na hanggang sa makakaya mo, matatagpuan mo bilang sagot sa iyong panalangin na may nakatagong hagdanan na sa pamamagitan nito ay maaakyat mo ito, o may pinto na hindi mo nakikita mula sa unang kinatatayuan mo. Ang kamay ng Diyos ay ipinakikita" (*Treasures of Life,* tinipon ni Clare Middlemiss [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1962], p.303–4).

Kuwento

Basahin o isalaysay ang sumusunod na kuwento:

Si John ay labingsiyam na taong gulang. Habang unti-unti siyang lumalapit sa harapan sa gitna ng palakpakan upang tanggapin ang gantimpala sa palakasan sa larangan ng ping-pong, naalala niya ang maraming taon ng pangungutya at panghihiya na tinanggap niya mula sa mga kaklase niya. Nagkasakit siya ng *cerebral palsy* mula sa pagsilang, na nakabulag sa isa niyang mata, na hindi nakaririnig nang walang tulong ng dalawang kakatwang hitsurang pantulong sa pandinig, at hindi magamit ang kaliwa niyang kamay. Sa kabila ng lahat ng ito, napagtagumpayan ni John ang lahat ng mga kapansanan niya.

Makalipas ang pagtatapos, nagtuloy si John sa pagmimisyon. Ngayon ay naglilingkod siya bilang tagatugtog ng organo ng purok, isang kahanga-hangang gawa na nangangailangan ng maraming taon ng pagsasanay maging sa pagtataglay ng dalawang walang kapansanang kamay.

Napagtagumpayan ni John ang kanyang mga hamon sapagkat nagpasiya siya bilang kabataan na kung hindi siya mamahalin at tatanggapin ng iba, marahil ay tatanggapin siya ng Diyos. Ang paniniwala at pag-asam na ito ang nagpaluhod sa kanya sa mga taimtim na panalangin. Bilang sagot sa mga panalangin niya, natagpuan ni John ang walang katulad na pagmamahal, pang-unawa, at kapayapaan na tanging ang Diyos lamang ang makapagbibigay sa kaluluwa. Ito ang nagbigay sa kanya ng lakas at tapang na daigin ang kanyang kapansanan at maging ang uri ng tao na nais niyang maging.

Talakayan sa pisara

Ipaliwanag na karamihan sa atin ay hindi nahaharap sa ganitong mga kapansanang pisikal, ngunit nahaharap tayo sa iba-ibang hamon na nangangailangan ng pananampalataya at tiwala sa Panginoon. Sa pamamagitan ng pagbaling sa Panginoon at paggawa sa ating bahagi, matutugunan natin ang lahat ng ating hamon.

Isulat sa pisara ang *Manalangin* tungkol sa mga tiyak na pangangailangan sa ilalim ng *Mga kalutasan.*

• Ano ang maaaring nangyari kay John kung hindi siya bumaling sa Panginoon para sa kaaliwan at patnubay? (Maaaring humantong siya sa pagkalungkot at puno ng pagkaawa sa sarili sa halip na paunlarin ang kanyang mga talino at hanapin ang kaligayahan at kapayapaan na nagmumula sa paghahangad at pagtitiwala sa Panginoon.)

• Anong mga suliranin ang nagiging sanhi ng pagkapagal sa buhay ng mga kabataan?

Ginagamit ang isa sa mga suliranin na binanggit ng mga kabataang lalaki, talakayin kung paano makatatanggap ng tulong ang isang kabataang lalaki sa pagdaig sa suliranin sa pamamagitan ng panalangin. Ibuod sa pisara ang mga tugon ng mga kabataang lalaki. Ang mga ito ay maaaring kabilangan ng—

1. Taimtim na pag-iisip nang may panalangin tungkol sa suliranin.
2. Pag-aayuno at panalangin.
3. Pagsisisi, paghingi ng kapatawaran tuwing tayo ay nakagagawa ng isang bagay na mali.
4. Pananalangin para sa patnubay sa pagtanggap ng payo mula sa mga magulang, obispo, at ibang mga pinuno.
5. Pagsasaliksik nang may panalangin sa mga banal na kasulatan.
6. Paghingi ng tulong sa pagdaig sa mga kahinaan.

Patnubayan ang talakayan upang tulungan ang mga kabataang lalaki na maging higit na tiyak sa kanilang mga panalangin. Halimbawa, kung ang suliranin ay tungkol sa isang tiyak na klase o kurso sa paaralan, maaaring tanungin ng kabataang lalaki ang sarili niya: "Gaano kahalaga ang pag-aaral sa akin? Gaano kahalaga ang klaseng ito na nagpapahirap sa akin? Ano ang aking mga ugali at kahinaan na pumipigil sa akin sa pagtatapos? Ano ang aking kaugnayan sa guro?" Matapos pag-isipang mabuti ang mga tanong na ito, magiging higit siyang handa na hilingin ang tulong ng Panginoon sa mga tiyak na paraan.

• Ano, kung gayon, ang magiging higit na tiyak na paraan ng paghingi ng tulong sa Panginoon para sa tiyak na suliraning ito? (Ang humingi ng lakas upang maagang magising kinabukasan at isulat ang sanaysay o basahin ang aklat na ipapasa, ang humingi ng tiyaga na muling isulat ang sanaysay kung kailangan, o ang humingi ng tulong sa pag-alala ng mahahalagang kaalaman habang nag-aaral.)

Ituro na ang panalangin ay dapat na kabilangan ng karaniwang pagpapahayag ng pangangailangan na may maingat na pinagnilay-nilay na mga hakbang upang lutasin ang suliranin, at sa huli, ay isang matibay na pangako sa Panginoon na gagawin ng kabataang lalaki ang bahagi niya.

### Pagkilala sa mga Sagot sa mga Panalangin

Banal na kasulatan at talakayan

- Paano natin makikilala ang isang sagot sa panalangin?

Himukin ang mga kabataang lalaki na isalaysay ang anumang mga pansariling halimbawa na kaya nila. Pagkatapos ay ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 8:2 at ang isa ay ang Doktrina at mga Tipan 9:8–9. Pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang mga banal na kasulatang ito at suriin ang mga kalagayan na pumapalibot sa mga paghahayag na ito. Kung kailangan, paalalahanan sila na ang Panginoon ay nagsasalita kay Oliver Cowdery. Sa unang banal na kasulatan, sinabihan si Oliver na maaari siyang tumulong na isalin ang mga lamina; sa pangalawa, sinabihan siya kung bakit hindi niya nagawa.

Ibuod sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na tutulungan tayo ng Panginoon na malaman kung ang isang alituntunin ay tama sa pamamagitan ng isang mainit na damdamin o isang tiwala, payapang damdamin. Kung mali ang isang alituntunin, makadaranas tayo ng pagkatuliro ng isipan o magulo at hindi palagay na damdamin.

### Katapusan

Sipi at paglalahad ng tagapayo

Basahin ang sumusunod na pahayag:

"Ang mga sagot mula sa Panginoon ay dumarating nang tahimik—napakatahimik. Sa katunayan, kakaunti ang nakaririnig sa sagot niya sa pamamagitan ng kanilang mga tainga. Kailangan tayong makinig nang mabuti o hindi natin kailanman makikilala ang mga ito. Karaniwan sa mga sagot mula sa Panginoon ay nadarama sa ating puso bilang mainit at maginhawang pahayag, o maaaring dumating ang mga ito bilang mga kaisipan. Dumarating ang mga ito sa mga handa at matiyaga" (H. Burke Peterson, sa Conference Report, Okt. 1973, p. 13; o *Ensign*, Ene. 1974, p. 19).

Magbigay ng mga pansariling halimbawa ng pagdanas ng pagtanggap ng mga panghihimok ng Espiritu, at hilingan ang mga kabataang lalaki para sa iba pang mga halimbawa.

Bigyang-diin na kailangan nating madalas na magtiyaga kung ang sagot ay hindi agad-agad dumarating. Sa ilang mga pagkakataon, maaari nating kailanganing muling suriin ang ating buhay. Ipaliwanag ang kaibahan ng pagtanggap bilang inspirasyon sa pinakamimithi natin at pananalangin hanggang sa matanggap natin ang pagpapatibay sa kawastuhan (katumpakan) nito.

Bigyang-diin na ang ganitong mga saksi ay pansarili at hindi dapat ituring na basta-basta ni sinasabi sa mga hindi naniniwala. Ituro na ang isang kabataang lalaki ay kailangang palaging sumusunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo upang maging karapat-dapat sa inspirasyon sa pamamagitan ng panalangin.

Patotoo at hamon

Magbigay ng patotoo sa kapangyarihan ng panalangin. Hamunin ang mga kabataang lalaki na iwanang nakabukas ang mga linya ng pakikipag-ugnayan sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng palagian, patuloy na panalangin.

# Listahan ng Pansariling Pagsusuri

Suriin ang mga pansarili ninyong panalangin sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga pahayag na ito at iba pa na maiisip ninyo.

1. Nananalangin ako—
   a. Dalawang beses o higit pa araw-araw.
   b. Minsan isang araw.
   c. Tuwing ikalawang araw.
   d. Dalawang ulit isang linggo o higit pa.
   e. Minsan isang linggo o higit na madalang.
2. Karaniwan kong sinasabi—
   a. Ang mga makabuluhang panalangin.
   b. Palaging magkakatulad ang sinasabi ko.
   c. Binababagu-bago ko nang kaunti ang aking mga panalangin.
3. Nananalangin ako para sa—
   a. Patnubay mula sa Espiritu Santo.
   b. Aking mag-anak.
   c. Aking mga kaibigan.
   d. Aking mga mag-anak na tinuturuan sa tahanan.
   e. Aking mga guro.
   f. Tagumpay sa paaralan.
   g. Lakas at patnubay para sa mga tiyak na bagay.
   h. Pagpapatawad.
   i. Mga kaloob ng Espiritu.
   j. Tulong sa paggawa ng mga tamang pasiya.
4. Natutuklasan ko na sa pananalangin, ako ay—
   a. Tumatanggap ng patnubay at mga paramdam mula sa Panginoon.
   b. Nakadarama ng pagiging malapit sa Ama sa Langit.
   c. Palaging nakikinig.
   d. Palaging alisto.
   e. Hinahayaang maglakbay paminsan-minsan ang aking isipan.
   f. Palaging hinahayaang maglakbay ang aking isipan.
   g. Karaniwang nakakatulog.
5. Kapag nananalangin ako, ako ay—
   a. Nagsasabi sa Panginoon kung paano ako uunlad.
   b. Humihingi ng tulong upang umunlad sa mga tiyak na paraan.
   c. Humihingi ng mga pagpapala sa pangkalahatang paraan.
   d. Bumigkas ng isang isinaulong panalangin.
6. Sa aking mga panalangin, ako ay—
   a. Nagpapasalamat sa Panginoon para sa kanyang tulong sa mga tiyak na pangangailangan at mga suliranin.
   b. Nagsasabi kung ano ang pinasasalamatan ko, katulad ng pagkain, mag-anak ko, at Simbahan.
   c. Nagpapasalamat sa Panginoon para sa mga pagpapala ko sa pangkalahatan.
   d. Karaniwang nakalilimot na magpahayag ng aking pasasalamat.
7. Nananalangin ako sa aking puso at nag-iisip sa Ama sa Langit at nakikipag-usap sa kanya nang—
   a. Maraming ulit sa isang araw.
   b. Paminsan-minsan sa buong araw.
   c. Madalang.
   d. Halos hindi kailanman.

# Pag-aayuno

# 19

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na ang pag-aayuno, kapag naunawaan at isinagawa nang wasto, ay isang paraan ng pagpapalago ng espirituwalidad at pananampalataya.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Ester 4:3; Isaias 58:3–11; Joel 2:12; Mateo 4:1–4; 6:16–18; 9:14–15; Mosias 27:22–24; Alma 5:44–46; 17:1–3; 34:28; 3 Nefias 27:1–3; at Doktrina at mga Tipan 59:13–14.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Kung makukuha sa inyong pook, ipalabas ang "The Law of Fast," sa Family Home Evening Video Supplement (53276).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Pagbabalik-aral

Pagbalik-aralan ang mga sumusunod na pangunahing doktrina sa mga kabataang lalaki. Kung alam ng mga kabataang lalaki sa klase ninyo ang mga kagamitang ito, maaari mong naising magtanong ng magpapahintulot sa kanila na magkusang-loob na ibigay ang kaalaman. Maaari mo ring naising paunang magtalaga ng isa o higit pang kabataang lalaki upang maghanda ng isang maikling ulat na nagpapaliwanag ng pag-aayuno sa iba pang kasapi ng korum.

Bilang mga kasapi ng Simbahan, nag-aayuno tayo ng isang araw bawat buwan. Nangangahulugan ito na hindi tayo kumakain at umiinom sa loob ng dalawang kainan. Subalit ang pag-aayuno ay higit pa sa hindi pagkain at pag-inom. Kapag nag-aayuno tayo, dapat nating pagtuunan ng pansin ang mga bagay na espirituwal.

Ang pag-aayuno ay makatutulong sa atin na magkaroon ng matinding espirituwal na lakas. Ito ay isa ring paraan upang sambahin ang Panginoon at upang ipakita ang ating pagsunod at debosyon. Ito ay isa ring paraan upang humiling ng natatanging tulong, kaalaman, o iba pang mga pagpapala. Ang pag-aayuno ay dapat na palaging may kasamang panalangin.

Mga banal na kasulatan at talakayan

• Anong mga damdamin o kalagayan ang karaniwan ninyong isinasama sa pag-aayuno?

Hilingan ang mga kabataang lalaki na tingnan ang mga salitang naglalarawan sa pag-aayuno habang binabasa nila nang malakas ang Doktrina at mga Tipan 59:13–14; Esther 4:3, at Joel 2:12.

• Aling mga salita sa mga banal na kasulatang ito ang naglalarawan sa pag-aayuno o kasama sa pag-aayuno? (*Kasayahan, kagalakan, panaghoy, pagtangis, at pagdadalamhati.*)

• Bakit sa palagay ninyo iniuugnay ng mga banal na kasulatan sa pag-aayuno ang kapwa kalungkutan at kasayahan?

• Ano ang naging mga karanasan na ninyo sa pag-aayuno?

Ipaliwanag na sa araling ito, tatalakayin ninyo kung bakit tayo nag-aayuno, kung ano ang kahulugan ng mag-ayuno nang wasto, at ang mga pagpapala na nagmumula sa pag-aayuno. Ang isang wastong pag-aayuno ay makapagbabago sa pagdadalamhati tungo sa kagalakan.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na sa Sermon sa Bundok, tinuruan ni Jesus ang kanyang mga disipulo ng tamang paraan ng pag-aayuno. Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mateo 6:16–18.

- Ayon sa banal na kasulatang ito, paano tayo dapat kumilos kapag nag-aayuno?

Ipaliwanag na si Jesus ay nag-ayuno at nanalangin nang madalas. Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mateo 17:18–21.

- Bakit hindi mapalayas ng mga disipulo ang masamang espiritu sa bata?
- Bakit sa palagay ninyo nag-ayuno at nanalangin si Jesus nang napakadalas?

---

**Ang mga Pagpapala ay Nagmumula sa Pag-aayuno**

Paglalahad ng tagapayo

Makatutulong sa atin ang pag-aayuno na magkaroon ng matinding lakas na espirituwal. Ito ay isang paraan upang sambahin ang Panginoon, ipakita ang ating pagsunod at debosyon. Isa rin itong paraan upang humiling ng natatanging tulong, kaalaman, o iba pang mga pagpapala. Ang pag-aayuno ay dapat na palaging may kasamang panalangin.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 3 Nefias 27:1–3.

- Bakit nagkakaisa ang mga disipulo sa pag-aayuno at panalangin?
- Paano tumugon ang Panginoon sa mga panalangin at pag-aayuno ng kanyang mga disipulo?

Ang pag-aayuno at panalangin ay mga paraan ng pagkagutom at pagkauhaw sa Diyos, ng paglapit sa kanya at paghiling sa kanya ng tulong. Kung nag-aayuno tayo nang walang panalangin, ang magiging pangunahing bunga ng pag-aayuno natin ay pisikal na pagkagutom. Kung nag-aayuno tayo nang may panalangin, maging ang pisikal na pagkagutom ay makapagpapaalala sa atin na dapat tayong espirituwal na magutom at mauhaw sa Diyos at sa kanyang katuwiran. Tumutulong sa atin ang pag-aayuno na magpakumbaba at mapalapit sa kanya.

Talakayan

- Ano ang mga bagay na angkop na ipag-ayuno?
- Ano ang naging mga karanasan ninyo sa pag-aayuno at panalangin?
- Ano ang mga pangangailangan sa kasalukuyan na maaari ninyong naising ipag-ayuno at ipanalangin?

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na binibigyan tayo ng mga banal na kasulatan ng maraming halimbawa ng mga tao na tumanggap ng mga pagpapala sa pamamagitan ng pag-aayuno at panalangin.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mosias 27:22–24. Hilingan ang isang kabataang lalaki na isalaysay ang mga pangyayari na nagbigay-daan sa kalagayang ito.

- Ano ang itinuturo ng banal na kasulatang ito sa inyo tungkol sa paghahangad ng tulong ng Panginoon?

Ipaliwanag na bagaman may mga kalagayan na katulad nito kung saan nag-ayuno ang mga tao sa loob ng higit na mahabang panahon, dapat tayong karaniwang mag-ayuno sa loob ng dalawampu't apat na oras lamang.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Alma 5:44–46. Ipaliwanag na si Nakababatang Alma ay nagsasalita pagkaraan ng humigit-kumulang na sampung taon matapos ang himala na inilarawan sa Mosias 27.

- Paano natamo ni Nakababatang Alma ang kanyang patotoo sa ebanghelyo?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Alma 17:1–3.

- Anong mga pagpapala ang tinanggap ng mga anak [na lalaki] ni Mosias dahil sa kanilang mga panalangin at pag-aayuno?
- Paano nakaapekto ang mga pagpapalang ito mula sa panalangin at pag-aayuno sa kanilang mga gawaing misyonero?

Kuwento

Basahin o isalaysay ang sumusunod na kuwento na sinabi ni Elder Matthew Cowley, na nagpapakita kung paano makatutulong sa atin ang tamang pag-aayuno na tanggapin ang Espiritu ng Panginoon:

"Mayroon kaming isang kaibigan sa Honolulu, . . . isang lalaking batang obispo doon, napakayaman, ngunit isang kabataang lalaking lubhang mapagpakumbaba. Isang araw siya ay tinawagan sa Pagamutan ng Queen upang basbasan ang isang batang lalaki na may polyo. Isang katutubong kapatid [na babae] ang tumawag sa kanya. Siya ang obispo niya, at sinabi niya, 'Obispo, pumarito po kayo, ang anak ko ay dinapuan ng polyo, at nais kong pumarito kayo at mangasiwa sa kanya at basbasan siya.' Buong araw ay naghintay siya sa kanya, at ang obispo ay hindi kailanman dumating. Buong magdamag ay hindi siya kailanman dumating, kinaumagahan ay hindi siya kailanman dumating, ngunit maaga nang kinahapunan ay dumating siya. Nagalit siya sa kanya. Pinaratangan niya siya ng lahat ng bagay na maisip niya. 'Kayo, na obispo ko, tinawagan ko kayo at sinabi sa inyo na ang anak ko ay naritong dinapuan ng polyo. At kayo na walang amo, mayroon kayong mga kotse; mayroon kayong magandang yate; mayroon kayo ng lahat ng bagay na gusto ninyo; at sarili ninyo ang oras ninyo; at hindi kayo dumarating. Ngayon lamang kayo pumunta matapos ang isang buong araw.' Pagkatapos niyang makapagsalita at wala nang maisip na sabihin sa kanya, ang obispo ay ngumiti at nagsabing, 'Alam po ninyo, pagkatapos kong ibaba ang telepono kahapon, ako ay nagsimulang mag-ayuno, at ako ay nag-aayuno at nananalangin sa loob ng dalawampu't apat na oras. Handa na ako ngayong basbasan ang anak ninyo.' Noong ikalima nang gabing iyon, ang batang lalaki ay inilabas sa pagamutan na ganap nang magaling sa kanyang polyo" (*Matthew Cowley Speaks* [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1954], p. 149–50).

Patotoo

Isalaysay sa mga kabataang lalaki ang tungkol sa isang panahon nang mag-ayuno at manalangin at pinagpala kayo. Magpatotoo tungkol sa batas ng pag-aayuno.

---

**Pagpapakabusog sa Salita ni Cristo**

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na sinasabi sa atin ng Alma 17:1–3 na ang mga anak [na lalaki] ni Mosias ay tumanggap ng mga dakilang pagpapalang espirituwal hindi lamang dahil sa sila ay nag-ayuno at nanalangin, kundi sila man ay "[nagsasaliksik] ng masigasig [ng] mga banal na kasulatan upang malaman nila ang salita ng Diyos" (Alma 17:2). Sa panahon ng pag-aayuno, maaari tayong magpakabusog sa salita ng Diyos sa halip na sa pagkain at inumin.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mateo 4:1–4.

- Sa anong paraan unang sinikap ni Satanas na tuksuhin ang Tagapagligtas?
- Ano ang sinasabi ng banal na kasulatang ito tungkol sa ating pangangailangan sa espirituwal na pagkain?

Ipaliwanag na, katulad ng ating mga katawan, ang ating mga espiritu ay kailangang pakainin at alagaan upang lumaki at umunlad. Ang pag-aaral ng banal na kasulatan ay isang paraan upang pakainin ang ating mga espiritu.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na paulit-ulit na binigyang-diin ng Panginoon ang pangangailangan sa espirituwal na pagkain. Sa kanyang paliwanag sa panunumpa at tipan ng pagkasaserdote, sinabi ng Panginoon sa mga nagtataglay ng pagkasaserdote na "mag-ingat hinggil sa inyong mga sarili, na makinig na mabuti sa mga salita ng buhay na walang-hanggan. Sapagkat kayo ay mabubuhay sa bawat salita na nagmumula sa bibig ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 84:43–44).

Gayundin, itinuro ng propetang si Nefias na dapat tayong "nagpapakabusog sa salita ni Cristo" (2 Nefias 31:20), at iniulat ni Moronias na ang mga kasapi ng simbahan ni Cristo noong panahon niya ay, "[napangalagaang] mabuti ng salita ng Diyos" (Moronias 6:4). Habang nag-aayuno tayo, dapat tayong maghangad ng pagkain para sa ating mga kaluluwa sa pamamagitan ng panalangin at pagpapakabusog sa salita ni Cristo. Ang mga bagay na ito lamang ang makasisiya sa kaluluwa na nagugutom at nauuhaw sa katwiran.

## Ang mga Handog-ayuno ay Nagpapabanal sa Ating Pag-aayuno at Panalangin

Talakayan sa banal na kasulatan at pisara

Ipaliwanag na ang pag-aayuno ay nagpapahintulot sa atin na magmalasakit sa mga nangangailangan. Inutusan tayo ng Panginoon na magbigay ng mga handog-ayuno upang tulungan ang mahihirap. Ang ganitong mga handog ay dapat na maging katumbas man lamang ng halaga ng dalawang pagkain na hindi natin kinakain habang nag-aayuno.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Alma 34:28.

- Ano ang ibig sabihin ng *walang kabuluhan*? (Ang *walang kabuluhan* ay nangangahulugang walang laman, walang kahulugan, walang saysay, at walang kahihinatnan.)
- Ano ang kailangan nating gawin upang ang ating mga panalangin ay hindi mawalan ng kabuluhan?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Isaias 58:3–11.

- Bakit hindi tinanggap ng Panginoon ang mga pag-aayuno ng mga tao? (Tingnan sa Isaias 58:3–7.)
- Ano ang ipinapangako ng Panginoon sa mga nag-aayuno nang tama at nagbibigay ng bukas-palad na handog? (Tingnan sa Isaias 58:8–11.)

Habang tumutugon ang mga kabataang lalaki, isulat ang mga sumusunod na parirala sa pisara:

1. "Kung magkagayo'y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga" (talata 8).
2. "Ang iyong kagalingan ay biglang lilitaw" (talata 8).
3. "Ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo" (talata 8).
4. "Ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod" (talata 8).
5. "Kung magkagayo'y tatawag ka at ang Panginoon ay sasagot" (talata 9).
6. "Papatnubayan ka ng Panginoon palagi" (talata 11).
7. "Ang Panginoon . . . [ay] sisiyahan ng loob ang iyong kaluluwa sa mga tuyong dako" (talata 11).
8. "Ikaw ay magiging parang halamang nadilig, at parang bukal ng tubig, na ang tubig ay hindi naglilikat" (talata 11).

Sa maikling salita, kapag kailangan natin siya, sasabihin ng Panginoon, "Narito ako" (Isaias 58:9).

## Katapusan

Talakayan

- Paano mapagmumulan ng kagalakan ang pag-aayuno?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na malaman na bagamat ang isang pag-aayuno ay maaaring magsimula nang may mga damdamin ng pagdadalamhati at pag-asam, maaaring matapos ito sa kasayahan at kagalakan. Kung magtutuong-pansin tayo sa Panginoon kapag nag-aayuno tayo, at hahangarin ang kanyang Espiritu sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at mga handog, pagpapalain niya tayo ng kanyang Espiritu at aaliwin tayo.

Buod sa pisara at hamon

Habang tinatalakay ninyo ang mga sumusunod na bagay, isulat ang mga ito sa pisara, at hamunin ang mga kabataang lalaki na isagawa ang bawat alituntunin habang nag-aayuno sila:

1. Simulan ang pag-aayuno sa panalangin. Dapat nating simulan ang pag-aayuno sa panalangin, na sinasabi sa Ama sa Langit ang layunin ng ating pag-aayuno, na pinakikiusapan siya na ilaan ang pag-aayuno sa kapakanan ng ating mga kaluluwa, at nagsusumamo para sa kanyang Espiritu.
2. Huwag kumain at uminom sa loob ng dalawampu't apat na oras. Pinayuhan tayo na huwag na hindi kakain at iinom sa loob ng higit na mahahabang oras. Dapat nating isipin ang layunin ng pag-aayuno at magpanatili ng panalangin sa ating mga puso.

Dapat nating patuloy na itanong ang "Nagugutom ba ako at nauuhaw na gawin ang kalooban ng Diyos katulad ng pagkagutom at pagkauhaw ko sa pagkain at inumin?" Kapag gutom o uhaw tayo, dapat tayong magpakabusog sa salita ni Cristo at manalangin para sa kanyang Espiritu bilang pagkain.

3. Magbayad ng tamang handog-ayuno sa Simbahan. Bilang pinakamaliit, ang handog ay dapat maging katumbas ng halaga ng dalawang kainan. Sa dalawang pagkakataon, inanyayahan tayo ni Pangulong Spencer W. Kimball na magbayad nang higit sa pinakamaliit kung kaya ng pananalapi natin:

   "Ang bawat kasapi ay dapat na mag-ambag ng bukas-palad na handog-ayuno para sa pangangalaga sa mahihirap at nangangailangan. Ang handog na ito ay dapat na maging katumbas man lamang ng dalawang kainan na hindi kinain habang nag-aayuno" (sa Conference Report, Okt. 1977, p. 126; o Ensign, Nob. 1977, p. 78).

   "Kung minsan ay nagiging kuripot tayo at iniisip na kumain tayo ng isang itlog sa agahan at iyon ay nagkakahalaga lamang ng ilang sentimo at sa gayon ay ibinibigay natin iyon sa Panginoon. Sa palagay ko, kapag nakasasagana tayo, katulad ng marami sa atin, dapat tayong maging napakabukas-palad.

   " . . . Sa palagay ko ay dapat tayong maging napakabukas-palad at magbigay, sa halip na ang halagang naipon natin sa pamamagitan ng ating pag-aayuno ng dalawang kainan, marahil ay lubhang higit pa—sampung makaulit kung tayo ay nasa katayuang gawin ito" (sa Conference Report, Abr. 1974, p. 184).

4. Tapusin ang pag-aayuno sa panalangin. Yamang sinisimulan natin ang pag-aayuno sa panalangin at ipinagpapatuloy ito sa pamamagitan ng patuloy na panalangin sa ating puso, dapat nating tapusin ang pag-aayuno sa panalangin, na nagpapahayag ng pasasalamat para sa batas ng pag-aayuno at iba pang mga pagpapala.

5. Magbigay ng patotoo. Kung pinahihintulutan ng pagkakataon, dapat nating ibigay ang ating mga patotoo upang ang iba ay maniwala at magalak. Kapag nag-aayuno tayo nang tama, tatanggap tayo ng higit na malaking bahagi ng Espiritu ng Panginoon.

# 20 Ikapu—Isang Espirituwal na Pagsubok

**LAYUNIN**

Matututuhan ng bawat kabataang lalaki na ang pagbabayad ng ikapu ay nagdudulot ng mga dakilang pagpapala, sumusubok sa ating katapatan, at inihahanda tayo upang ipamuhay ang nakatataas na batas ng paglalaan.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Malakias 3:10; Marcos 12:41–44; Mosias 2:18–25; Moronias 7:6–9; at Doktrina at mga Tipan 11:7; 97:8–12; 119:4.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Larawan 8, Ang Lepta [Barya] ng Balo [Biyuda].
   c. Isang perang papel para sa pakay-aralin.
   d. Isang papel at lapis para sa bawat kabataang lalaki.
   e. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Isulat ang mga salita ng Malakias 3:10 sa isang paskil.
4. Kung makukuha sa inyong pook, maaari ninyong naising ipalabas ang pinaikling bersiyon ng “Windows of Heaven,” sa videocassette na Moments from Church History (53145).

**PAALALA**

Kung itinuro mo ang aralin 19 noong nakaraang linggo, sundan ang hamon na ibinigay ninyo sa mga kabataang lalaki. Maaari mong naising anyayahan ang ilan sa kanila na magbahagi ng mga karanasan nila habang tinutupad nila ang kanilang mga pangako hinggil sa pag-aayuno.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Pakay-aralin

Bigyan ang isang kabataang lalaki ng isang piraso ng perang papel. Pagkatapos ay hilingan siyang isauli ito. Habang iniaabot niya ang pera, itanong:

- Ibinigay ko sa iyo ang pera. Bakit mo ito isinauli?

Maaari siyang tumugon sa pagsasabing, “Hiningi mo ito” o “Sa iyo ito.”

Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa batas ng ikapu.

- Paano nauugnay sa batas ng ikapu ang pakay-araling ito?

**Utang Natin ang Lahat sa Ama sa Langit**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mosias 2:18–25.

- Ano ang ibig sabihin ni Haring Benjamin nang sinabi niya na pinahihiram tayo ng Ama sa Langit ng hininga?
- Ano ang kahulugan ng “hindi kapaki-pakinabang na mga tagapaglingkod” sa Mosias 2:21?
- Ano ang utang natin sa Ama sa Langit bilang kapalit ng lahat ng ibinigay niya sa atin?
- Bakit dapat nating kilalanin ang ating pag-asa sa Ama sa Langit?

Talakayan sa pisara

- Paano kayo pinagpala ng Ama sa Langit ngayon?

Habang binabanggit ng mga kabataang lalaki ang mga pagpapala nila, isulat ang mga ito sa pisara. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagkilala na ang Ama sa Langit ang pinagmumulan ng lahat ng ating pagpapala.

Kuwento

Isinalaysay ni Pangulong Spencer W. Kimball ang sumusunod na kuwento:

"Naisalaysay ko na noon ang aking karanasan kasama ng isang kaibigan na nagsama sa akin sa kanyang rantso. Binuksan niya ang pinto ng isang malaking bagong kotse, umupo sa likod ng manibela, at may kayabangang nagsabi, 'Ano ang masasabi mo tungkol sa aking bagong kotse?' Naglakbay kami sa maluhong kaginhawahan patungo sa probinsiya hanggang sa isang magandang bahay na kaaayos lamang ng bakuran, at sinabi niya nang may kayabangan, 'Ito ang bago kong tahanan.'

"Nagmaneho siya patungo sa madamong bulubundukin. Lumulubog na ang araw sa likod ng malalayong burol. Tinanaw niya ang kanyang malawak na nasasakupan. Nakaturo sa hilaga, itinanong niya, 'Nakikita mo ba ang kumpol na iyon ng mga punong-kahoy sa malayo?' Kitang-kita ko ang mga iyon sa nagdidilim na araw.

"Itinuro niya ang silangan. 'Nakikita mo ba ang lawa na kumukutitap sa dapit-hapon?' Kitang-kita rin iyon.

" 'Ngayon, ang talampas sa timog.' Bumaling kami upang tumanaw sa malayo. Tinukoy niya ang mga kamalig, mga imbakan ng dayami, ang bahay sa rantso sa kanluran. Itinuturong lahat ang kanyang binanggit, nagyabang siya, 'Mula sa kumpol ng mga punong-kahoy hanggang sa lawa, hanggang sa talampas, at hanggang sa mga gusali sa rantso at lahat ng nasa pagitan—ang lahat ng ito ay akin. At ang maliliit na itim na batik sa parang—ang mga bakang iyon ay akin din.'

"Sa gayon ay itinanong ko kung saan niya nakuha iyon. Ang magkakarugtong na titulo ng lahat ng kanyang binanggit ay natunton, sa mga lupang bigay ng mga pamahalaan. Tiniyak sa kanya ng kanyang abogado na walang naghahabol sa kanyang titulo.

" 'Kanino kinuha ng pamahalaan ito?' ang tanong ko. 'Ano ang ibinayad dito?' Sumagi sa isip ko ang pahayag ng Mang-aawit, na may katapangang inulit ni Pablo: 'Ang lupa ay sa Panginoon, at ang kabuuan ng narito' (1 Mga Taga Corinto 10:26).

"Pagkatapos ay itinanong ko, 'Ang titulo ba ay galing sa Diyos, ang Lumikha ng daigdig at samakatwid ay may-ari nito? Binayaran ba siya? . . .

"Pagkatapos ay itinanong ko, 'Ano ang naging kabayaran? Anong kayamanan ang ipinambili mo sa bukiring ito?'

" 'Pera!'

" 'Saan mo kinuha ang pera?'

" 'Mula sa aking paghihirap, sa aking pawis, sa aking paggawa, at sa aking lakas.'

"Pagkatapos ay itinanong ko, 'Saan mo kinuha ang lakas mo upang magpakahirap, ang kapangyarihan mo upang gumawa, ang mga glandula mo upang magpawis?'

"Nagsalita siya tungkol sa pagkain.

" 'Saan nagmula ang pagkain?'

" 'Mula sa araw at sa atmospera at sa lupa at sa tubig.'

" 'At sino ang nagdala dito ng mga bagay na iyon?'

"Binanggit ko ang Mang-aawit: 'Ikaw, O Diyos, naglagpak ng saganang ulan, iyong pinatibay ang iyong mana, noong ito'y mahina (Mga Awit 68:9). . . .

"Sinabi ko . . . : 'Tila wala akong nakikitang nakasulat sa banal na kasulatan na ang Diyos ay nagsasabing, "Binibigyan kita ng titulo sa lupang ito nang walang pasubali." . . .

" 'Tila ito ay higit na pag-upa na kinukuhanan ng bayad kaysa sa isang simpleng titulo. . . . '

"Subalit nagpatuloy na bumulong ang kaibigan ko, 'Akin—akin,' na tila ba pinaniniwala ang sarili niya laban sa higit na tiyak na kaalaman na siya sa pinakatumpak ay isang traydor na umuupa.

"Iyon ay maraming taon na ang nakalilipas. Kinalaunan ay nakita ko siya sa kanyang kamatayan na nakahiga sa gitna ng maraming marangyang kagamitan sa isang malapalasyong tahanan. Napakalaki ng kanyang lupain. At inihalukipkip ko ang mga bisig niya sa ibabaw ng kanyang dibdib, at ipinikit ang kanyang mga mata. Nagsalita ako sa kanyang libing, at sumunod ako sa mga nakikipaglibing mula sa magandang lupa na inari niya hanggang sa kanyang libingan, isang maliit, na pahabang bilog na lupa na kasinghaba ng isang matangkad na tao, na kasinglapad ng isang matabang tao.

"Pagkaraan ay nakita ko ang lupain ding iyon, dilaw dahil sa mga butil, luntian dahil sa mga talahib, puti dahil sa bulak, na tila hindi pinapansin ang nagmay-ari nito" ("President Kimball Speaks Out on Tithing," *New Era*, Abr. 1981, p. 6–8).

Ipaliwanag na ang pagbabayad ng ikapu ay tumutulong sa atin na alalahanin na ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang lahat na mayroon tayo. Ang matapat na pagbabayad ng ikapu ay isang paraan ng pagkilala na ang lahat ng pagpapala natin ay mula sa kanya.

---

**Sa Pagbabayad ng Ikapu, Tumutulong Tayo sa Pagtatayo ng Kaharian ng Diyos**

Maikling pagsusulit

Mamigay ng papel at mga lapis sa mga kabataang lalaki, at palagyan ng bilang mula isa hanggang sampu para sa isang maikling tama o maling pagsusulit upang matulungan silang malaman kung gaano nila nauunawaan ang batas ng ikapu. Basahin ang mga pangungusap, at ipalagay sa mga kabataang lalaki ang T o M sa tabi ng katugong bilang sa kanilang mga papel. Ang mga tamang sagot ay nasa mga panaklong.

1. Kung ibibigay mo ang ikasampung bahagi ng iyong kita sa mahihirap at sasabihin sa obispo ang ginawa mo, iyon ay itinuturing na ikapu. (Mali.)
2. Ang mga nagbabayad ng ikapu ay tumatanggap ng mga pagpapalang espirituwal. (Tama.)
3. Kung walang sapat na pinagkukunan ang mag-anak mo upang matugunan ang kanilang mga pang-araw-araw na pangangailangan (pagkain, pananamit, tirahan), hindi mo kailangang magbayad ng ikapu. (Mali.)
4. Ginagamit ng Simbahan ang mga laang-salapi ng ikapu upang maglimbag ng mga manwal ng mga aralin at magtayo ng mga bahay-pulungan at templo. (Tama)
5. Hindi ginagamit ng Simbahan ang ikapu upang tulungang itaguyod ang palatuntunang misyonero. (Mali.)
6. Ang mga matwid na tao sa panahon ng Luma at Bagong Tipan ay nagsipagbayad ng ikapu. (Tama.)
7. Hindi mo kailangang magbayad ng ikapu upang maging karapat-dapat para sa isang rekomendasyon sa templo. (Mali.)
8. Sa panahon ng pakikipag-ayos ng ikapu, sinusuri ninyo ang inyong mga pansariling talaan ng mga ikapu sa buong taon kasama ng inyong obispo, pangulo ng sangay, o pangulo ng misyon. (Tama.)
9. Tinutulungan kayo ng ikapu na maghandang ipamuhay ang nakatataas na batas ng paglalaan. (Tama.)
10. Ang isa sa pinakamahalagang bagay sa pagbabayad ng ikapu ay ang layon ng iyong puso sa pagbabayad mo nito. (Tama.)

Habang ibinibigay ninyo ang inyong mga sagot, talakayin ang bawat pangungusap at pahintulutan ang mga kabataang lalaki na magtanong. Ipatama sa mga kabataang lalaki ang mga sarili nilang maikling pagsusulit, subalit huwag silang tanungin kung ilang pangungusap ang natiyak nilang tama.

Banal na kasulatan, talakayan, at sipi

Ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 119:4.

- Ano ang ibig sabihin ng *tinubo*? (Kita.)
- Ayon sa banal na kasulatang ito, ano ang buo at tapat na ikapu?

Ituro na ibinigay ni Pangulong Kimball ang isang malinaw na kahulugan ng ikapu nang ipinaliwanag niya na:

"Natatanggap ng tanggapan ng Unang Panguluhan paminsan-minsan ang mga tanong mula sa mga opisyal at mga kasapi ng Simbahan na humihingi ng kaalaman sa kung alin ang ipinapalagay na tamang ikapu.

"Pare-pareho kaming tumugon na ang pinakasimpleng pahayag na alam namin ay ang pahayag ng Panginoon mismo, na ang mga kasapi ng Simbahan ay dapat magbayad ng 'ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang tinubo bawat taon' na nauunawaang nangangahulugang kita (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 119:4)" (sa Conference Report, Okt. 1980, p. 113; o *Ensign*, Nob. 1980, p. 77).

Patibayin ang ideya na ang ikapu ay ikasampung bahagi at malibang ang isang tao ay nagbibigay ng ikasampung bahagi, hindi siya nagbabayad ng ikapu kundi nag-aambag lamang sa laang-salapi ng ikapu.

Paglalahad ng tagapayo

Ituro na tinutustusan ng Ama sa Langit ang kanyang kaharian sa daigdig sa pamamagitan ng ikapu. Kung hindi nagbabayad ng ikapu ang mga Banal, karamihan sa gawain niya ay hindi magagawa.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 97:8–12.

- Ano ang ibig sabihin ng maging "handang tuparin ang [inyong] mga tipan sa pamamagitan ng sakripisyo"?

Ituro na sa mga talatang ito, inutusan ni Jesus ang mga Banal na magtayo ng isang templo sa pamamagitan ng mga laang-guguling ikapu. Ipaliwanag na ang ikapu ay kailangan upang tulungang itayo ang kaharian ng Diyos. Higit na mahalaga, nagbabayad tayo ng ikapu upang ipakita ang ating pagmamahal sa Ama sa Langit. Kung hindi sapat ang pagmamahal natin sa kanya upang magbayad ng ikapu, sa gayon, tunay lamang na hindi natin tatanggapin ang ilang pagpapalang nakalaan para sa mga nagmamahal sa kanya.

- Bakit kailangang magbayad ng buong ikapu ang isang tao upang sumulong sa pagkasaserdote, magmisyon, ikasal sa templo, o tumanggap ng rekomendasyon sa templo?

---

**Kaugnayan ng mga Batas ng Pagsasakripisyo, Ikapu, at Paglalaan**

Talakayan

Ipaliwanag na upang maunawaan ang batas ng ikapu, kailangan nating maunawaan ang mga dahilan sa pagsasakripisyo. Inuutusan tayo ng Ama sa Langit na magsakripisyo. Upang makabalik sa kanya, kailangang handa tayong ibigay ang lahat ng hinihingi niyang ibigay natin.

- Kailan kayo nakapagsakripisyo ng oras, pera, o ibang bagay upang sundin si Jesus o itaguyod ang kanyang simbahan?
- Ano ang nadama ninyo habang ginagawa ninyo ang sakripisyong iyon? Paano kayo pinagpala dahilan dito?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na linawin ang mga sumusunod na bagay:

1. Ang pagsasakripisyo para sa iba ay nakatutulong sa atin na magkaroon ng pag-ibig na tulad ng kay Cristong: "Walang may lalong dakilang pag-ibig kaysa rito, na ibigay ng isang tao ang kanyang buhay dahil sa kanyang mga kaibigan" (Juan 15:13).
2. Ang pagsasakripisyo para sa iba ay tumutulong sa atin na maging hindi makasarili at mapagpakumbaba.
3. Ang pagsasakripisyo para sa Ama sa Langit ay nagpapakita ng ating pagiging handang maging masunurin at tapat sa kanya sa anumang paraan.
4. Ang anumang matapat na ibinibigay natin sa Ama sa Langit ay nagiging banal at, sa gayon ay nagdaragdag sa ating kabanalan.
5. Ang pagsasakripisyo ay tumutulong sa atin na mahalin nang higit ang Ama sa Langit at si Jesus at maging higit na katulad nila.
6. Ang pagsasakripisyo para sa mga tamang dahilan ay umaakay sa tunay na kagalakan at kaligayahan.

Paglalahad ng tagapayo

Ang pagbabayad ng ikapu ay naghahanda rin sa atin na ipamuhay ang batas ng paglalaan. Sa ilalim ng batas ng paglalaan, inilalaan natin ang lahat ng ating mapagkukunan sa Ama sa Langit at pagkatapos ay tinatanggap ang kailangan natin. Ipaliwanag na matapos dalawin ni Jesus ang mga Nefita, ipinamuhay nila ang batas ng paglalaan at tinanggap ang mga pagpapala na nagmumula sa pamumuhay sa nakatataas na batas na ito.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 4 Nefias 1:3.

- Ano ang madarama mo kung hinilingan kang ibigay ang lahat ng ari-arian mo sa Simbahan?
- Anong uri ng mga tao tayo dapat maging upang maging handa para sa batas ng paglalaan?

---

**Ang Layon ng Puso**

Larawan at talakayan sa banal na kasulatan

Ipakita ang larawan 8, Ang Lepta [Barya] ng Balo [Biyuda]. Ipaliwanag na ang babae, na napakahirap, ay naghulog ng isang maliit na barya na tinatawag na "lepta" sa kaban ng templo.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Marcos 12:41–44.

Talakayin ang mga pagkakaiba ng handog ng mahirap na balo at mga handog ng mayayamang tao.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Moronias 7:6–9.

- Bakit mahalaga ang mga layunin natin kapag nagbabayad tayo ng ikapu?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan ang mga sumusunod na palagay:

1. Ang pagbabayad ng ikapu dahilan sa takot sa parusa o upang makakuha ng gantimpala, ng rekomendasyon, o pagkilala ay hindi kasiya-siya sa Ama sa Langit na tulad ng pagbabayad nito dahilan sa pagmamahal sa kanya.
2. Ang katwiran ay paggawa ng mabuti dahilan sa mahal ninyo ang mabuti. Ang isang tao na gumagawa ng mabuti upang pahangain ang iba ay hindi tunay na matwid.

---

**Isang Pagsubok sa Pansariling Katwiran**

Sipi

Ipaliwanag na sinabi ni Joseph F. Smith na ang ikapu ay isang pagsubok sa ating katwiran. Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang sumusunod na pahayag:

"Sa pamamagitan ng alituntuning ito [ng ikapu] ang katapatan ng mga tao ng simbahang ito ay susubukin. Sa pamamagitan ng alituntuning ito, malalaman kung sino ang para sa kaharian ng Diyos at sino ang laban dito" (Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine,* ika-5 limbag [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1939], p.225–26).

Talakayan sa paskil

Ipakita ang paskil na nagpapakita sa utos mula sa Malakias 3:10.

- Anong mga pagpapala ang ipinangangako sa mga sumusunod sa utos na ito?

Ituro na dahilan sa pangakong ito, ang ilang kasapi ng Simbahan ay maaaring mag-isip na kung magbabayad sila ng buong ikapu ay yayaman sila at mawawalan ng mga suliranin. Mahalagang maunawaan na hindi ito palaging totoo, ni palaging magiging pinakamabuti para sa atin. Ang mga pagpapala mula sa Ama sa Langit ay maaaring dumating na nakabalatkayo bilang mga suliranin o mga pagsubok. Ang mga pinakapiling pagpapala ay espirituwal, hindi makamundo.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 11:7.

Sabihin sa mga kabataang lalaki kung paano pinagpala ang inyong mag-anak o isang taong kilala ninyo sa pagsunod sa batas ng ikapu. Anyayahan silang magbahagi ng mga katulad na karanasan.

**Katapusan**

Sipi at paglalahad ng tagapayo

Basahin ang sumusunod na pahayag:

"Ang Panginoon . . . ay naglilinaw na ang ikapu ay batas niya at hinihingi sa lahat ng tagasunod niya. Karangalan at tanging karapatan natin, kaligtasan at pangako, dakilang pagpapala natin na ipamuhay ang batas na ito ng Diyos" (Spencer W, Kimball, "President Kimball Speaks Out on Tithing," *New Era*, Abr. 1981, p.6).

Ipaliwanag na dapat nating sundin ang utos na ito nang may kagalakan at pasasalamat para sa pribilehiyo ng pagiging kasapi sa simbahan ni Cristo at sa pagkakataon na makatulong sa pagtataguyod ng pinakadakilang gawaing ginagawa sa daigdig ngayon.

Patotoo

Magbigay ng patotoo tungkol sa kahalagahan ng batas ng ikapu at ng mga pagpapala na nagmumula sa pagbabayad ng ikapu.

Hamon

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na kung babayaran muna nila ang kanilang ikapu—bago ang lahat ng bagay—matututo sila ng dalawang dakilang aral:

1. "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap ko" (Exodo 20:3).
2. Higit na madali ang magbayad ng ikasampung bahagi kapag mayroon kayong siyam na ikasampung naiiwan kaysa magbayad ng ikasampu samantalang iyon na lamang ang naiwan sa inyo.

Himukin ang bawat kabataang lalaki na ipakita ang kanyang pagmamahal sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagbabayad ng buong ikapu anumang kahirapan sa pananalapi ang nararanasan niya. Hamunin ang bawat kabataang lalaki na sundin ang utos na ito nang may nagpapasalamant na puso.

# 21 Ang Ginagampanan ng Korum

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na ang isang pangunahing ginagampanan ng korum ng pagkasaserdote ay palakasin ang kapatiran sa mga kasapi ng korum sa pamamagitan ng pag-ibig at paglilingkod.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Juan 13:34–35, Mosias 18:8–9, at Doktrina at mga Tipan 29:34–35.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang mga banal na kasulatan.)
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Tinutulungan ng mga Korum ang mga Kasapi Nito na Tuparin ang mga Pananagutan sa Buhay**

Talakayan sa pisara

• Bakit sumasapi ang mga tao sa mga klab, barkada, kapatiran, lipunan, at ibang samahan?

Isulat ang mga tugon ng mga kabataang lalaki sa pisara, na maaaring kabilangan ng mga sumusunod:

1. Upang magtulungan sa mga karaniwang interes.
2. Upang mapagbigyan ang pangangailangang maging kasama.
3. Upang maglingkod sa iba.
4. Para sa pagsasanggalang.

Ituro na ang pagkakasapi sa isang korum ng pagkasaserdote ay makatutugon sa lahat ng mga pangangailangang ito. Ginagamit ng Ama sa Langit ang mga nagtataglay ng pagkasaserdote upang gawin ang gawain niya (tingnan sa Moises 1:39), na humihingi na mahalin natin at magkaroon tayo ng tunay na interes sa bawat isa. Ang mga kapakinabangan ng pagkakasapi sa korum ay higit sa kakaunting kapakinabangan na nagmumula sa pagkakasapi sa ibang samahan.

• Anong mga kapakinabangan ang nakukuha sa pagkakasapi sa isang korum ng pagkasaserdote? (Maaari mo ring isulat ang mga sagot na ito sa pisara upang bigyang-diin na ang korum ay makapagbibigay ng higit na malalaking kapakinabangan kaysa sa ibang samahan.)

Kuwento

Isinalaysay ni Elder Vaughn J. Featherstone ang sumusunod na kuwento na ikinuwento ni Les Goates kung paanong ang kanyang ama, si George Goates, ay tinulungan ng kanyang korum ng pagkasaserdote. Noong panahon ng kalunus-lunos na epidemya ng trangkaso sa Estados Unidos noong taglagas ng 1918, nawala kay George Goates ang apat na kasapi ng kanyang mag-anak sa pamamagitan ng kamatayan sa loob ng anim na araw. Si Les at ang kapatid [na lalaki] niyang si Floyd ay naglilingkod noong panahong iyon sa hukbong sandatahan noong Unang Digmaang Pandaigdig.

"Matapos ang agahan ay sinabi ni itay [George Goates] sa [aking kapatid na si Francis], 'Siya, anak, mabuti pa ay pumunta na tayo sa bukid at tingnan kung makakukuha pa tayo ng isa pang kargada ng mga *beet* mula sa lupa bago higit na magyelo ang mga ito. Ihanda mo na ang sasakyan at humayo na tayo.'

"Si Francis ang nagpatakbo ng sasakyan na hila-hila ng apat na kabayo pababa sa daanan ng garahe at sumakay si itay. Habang tinatahak nila ang Kalye Saratoga (kanluran

ng Lehi, Utah), nadaanan nila ang mga bagon-bagon na kargada ng mga *beet* na hinihila patungo sa pabrika at pinatatakbo ng mga kapitbahay na magsasaka. Habang dumaraan sila, ang bawat nagpapatakbo ay kumakaway ng pagbati: 'Kumusta, Tiyo George,' 'Talagang nalulungkot kami para sa iyo, George,' 'Talagang mahirap kung minsan ang kapalaran, George,' 'Marami kang kaibigan, George.'

"Sakay ng huling bagon ang komedyante ng bayan, si Jasper Rolfe na may maraming pekas sa mukha. Kumaway siya ng masayang pagbati at sumigaw: 'Iyon na ang lahat, Tiyo George!'

"Tumingin si itay kay Francis at sinabing: 'Sana ay ating lahat iyon.'

"Nang dumating sila sa tarangkahan ng bukid, tumalon pababa ng malaking pulang bagon ng *beet* si Francis at binuksan ang tarangkahan habang papasok kami sa bukid. Pumarada siya, pinahinto ang mga kabayo, huminto nang saglit at pinagmasdang mabuti ang bukid, mula sa kaliwa patungo sa kanan at pabalik—at tingnan at masdan, wala ni isa mang *sugar beet* sa buong bukid. Pagkatapos ay luminaw sa kanya ang ibig sabihin ni Jasper Rolfe noong isinigaw niyang: 'Iyon na ang lahat, Tiyo George!'

"Pagkatapos ay bumaba ng bagon si itay, kumuha ng sandakot ng mayaman, kulay tsokolateng lupa na labis niyang minahal, at pagkatapos sa walang hinlalaki niyang kaliwang kamay ay isang talbos ng *beet,* at saglit niyang tinitigan ang mga sagisag na ito ng kanyang paggawa, na tila hindi mapaniwalaan ng kanyang mga mata.

"Pagkatapos ay umupo si itay sa isang bunton ng mga talbos ng *beet*—ang lalaking ito na nag-uwi sa kanyang apat na minamahal sa buhay upang ilibing sa loob lamang ng anim na araw; gumawa ng mga kabaong, humukay ng libingan, at tumulong pa sa damit pamburol—ang kahanga-hangang lalaking ito na hindi kailanman pinanghinaan ng loob, ni umurong, ni nag-alinlangan sa loob ng nakapagpapahirap na mahigpit na pagsubok na ito—ay umupo sa isang bunton ng mga talbos ng *beet* at humikbi na parang isang maliit na bata.

"Pagkatapos ay tumayo siya, pinunasan ang mga mata niya sa pamamagitan ng kanyang malaki, pulang bandanang panyo, tumingala sa langit, at sinabing, 'Salamat, Ama, sa mga elder ng aming purok'" (sa Conference Report, Abr. 1973, p. 47–48; o *Ensign,* Hulyo 1973, p. 37).

Talakayan

Anyayahan ang mga kabataang lalaki na tumugon sa kuwento. Maaari mong bigyang-diin na ang kuwento ay totoo at maraming katulad nito. Pagkatapos ay magtanong ng katulad ng mga sumusunod:

- Ano ang ilan sa mga paraan na makatutulong tayo sa mga alam natin na may katulad na suliranin?
- Ang mga proyektong paglilingkod na katulad ng para kay Kapatid na [lalaking] Goates ay hindi nangyayari lamang. Ano ang nagpapangyari sa mga ito?
- Anong mga matagumpay na proyektong paglilingkod ang kinabilangan na ninyo sa nakaraan? Ano ang nagpatagumpay sa mga iyon para sa mga pinaglingkuran ninyo at sa inyo?

Sipi

Ipaliwanag na ang pag-alam sa mga pangangailangan, naisin, naiibigan at ayaw ng ating mga kapatid ay naglalahad ng isang malaking hamon habang sinisikap nating palakasin ang isa't isa. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Rudger Clawson:

"Ang Pagkasaserdote ay isang dakilang kapatiran na pinagsama ng mga walang-hanggan at walang-pagbabagong batas na bumubuo sa balangkas ng Ebanghelyo. Ang damdamin ng pagkakapatiran ay dapat na lumaganap sa korum. Dapat na maging pangunahing tungkulin ng korum na tulungan ang lahat ng mga kasapi na maaaring nangangailangan sa temporal, sa pangkaisipan, o sa espirituwal. Ang diwa ng kapatiran ang dapat na maging nag-uutos na lakas sa lahat ng plano at takbo ng korum. Kung malilinang ang diwang ito, nang may katalinuhan at pagpupumilit, walang ibang samahan ang magiging higit na kaakit-akit sa lalaking nagtataglay ng pagkasaserdote" (*A Guide for Quorums of the Melchizedek Priesthood,* ika-3 limbag [kurso ng pag-aaral ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, 1930], p.3).

## Ang Kahalagahan ng Korum

Talakayan sa pisara

• Sa kuwento tungkol kay Kapatid na Goates, ang pangangailangan ng tulong ay kitang-kita. Madalas na ang mga pangangailangan ng mga tao ay hindi kitang-kita. Paano tayo magiging higit na may kabatiran sa mga nais at pangangailangan ng mga nasa paligid natin, lalo na sa ating mga sariling kasapi ng korum?

Isulat ang mga tugon ng mga kabataang lalaki sa pisara. Huwag mag-alala kung walang gaanong talakayan sa pagkakataong ito. Sumusunod ang mga higit na tiyak na tanong.

- Kung ang isang tao ay bulag, bingi, pilay, o may kapansanan sa anumang paraan, ano ang mga maaaring pangangailangan niya?
- Anong mga pag-aaring materyal ang maibabahagi natin sa isa't isa upang pagyamanin ang buhay ng bawat isa?
- Paano natin matutulungan ang isang kabataang lalaki na nagsisikap sa lipunan? sa paaralan? sa tahanan? (Mag-ingat na huwag mapahiya ang sinumang kabataang lalaki. Bigyang-diin ang mga kalakasan na maibibigay ng mga kabataang lalaki sa halip na ang mga kahinaan ng mga naroroon na nangangailangan ng tulong subalit ayaw aminin ito nang hayagan.)

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Mosias 18:8–9.

- Paano nakatutulong sa kanila ang pakikidalamhati sa mga may dahilang ipagdalamhati?
- Paano tayo higit na mabisang makaaaliw sa mga nangangailangan ng aliw?
- Paano tayo maaaring maging interesado sa mga pasanin ng iba sa halip na maging abala sa ating mga sariling interes?
- Paano natin matutulungan ang mga may kahinaang espirituwal at hamon? (Bigyang-diin na ang ating paglilingkod ay dapat sumunod sa huwaran na ipinakita ni Jesucristo at nagmumula sa ating matapat na pagmamahal sa iba.)
- Ano ang ilang paraan na kung minsan ay pinahihirapan ng mga kabataan ang iba?

Paglalahad ng tagapayo

Tapusin ang talakayang ito sa pamamagitan ng pagtuturo na hindi lahat ng nangangailangan ng kaaliwang espirituwal ay aamin sa kanyang pangangailangan, ni maghahangad siya ng tulong. Dapat nating hanapin ang mga maaaring nangangailangan sa ating korum at iplano kung paano natin sila maaaring tulungan. Ang tulong na ito ay maaaring pakikipagkaibigan lamang. Maaari itong kabilangan ng pagsasabi sa kanila na nalalaman natin na nahihirapan sila at handa tayong tumulong. Kadalasan mahalaga na italaga ang tamang kasapi ng korum upang lumapit sa isa pang kasaping nangangailangan. Bukod sa pag-alam sa mga pangangailangan ng iba at pagsisikap na gumawa ng paraan, dapat din tayong tumigil sa paggawa ng mga bagay na makapagpapahirap sa iba.

## Katapusan

Banal na kasulatan at talakayan

Muling sumangguni sa pahayag ni Elder Clawson. Bigyang-diin na bagaman sinabi niya na dapat magmalasakit ang korum sa mga pangkaisipan, espirituwal, at temporal na pangangailangan, sa wakas ang lahat ng ating paglilingkod ay espirituwal.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 29:34–35.

- Ang paglilingkod ba na ibinigay ng korum ni George Goates ay temporal o espirituwal?
- Paano isang gawang espirituwal ang pag-aani ng mga *beet*?
- Ano ang naging bisa nito kay Kapatid na Goates?

Pagbabasa ng banal na kasulatan at patotoo

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Juan 13:34–35. Ipaliwanag na nagbibigay sa atin ng malaking pagkakataon ang pagkakasapi sa korum na isakatuparan ang utos ng Tagapagligtas na mahalin ang isa't isa na katulad ng ginawa niya.

Magbigay ng patotoo tungkol sa pagmamahal na maaaring magkaroon tayo sa isa't isa. Anyayahan ang mga kabataang lalaki na maging mabilis sa pagtataguyod, pagpapatawad, at pagtulong sa isa't isa. Paalalahanan sila na ang korum ay dapat na maging pangalawa

lamang sa kahalagahan sa mag-anak sa buhay ng kabataang lalaki. Ang mga kapatid niya sa pagkasaserdote at ang kanilang ikabubuti ang dapat maging pangunahing bagay sa kanyang buhay. Ang korum ay nagbibigay ng malaking pagkakataon upang mapaglingkuran natin ang ating kapwa. Kapag nasa ganitong paglilingkod, ang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ay tumutupad ng mahalagang gawain ng pagkasaserdote.

Mungkahing gawain

*Pagpipilian 1*

Maging bilang isang pamunuan ng korum o bilang isang buong korum, pag-aralan ang mga pangangailangan ng mga kabataang lalaki. Isaalang-alang nang may panalangin ang mga hindi gaanong aktibong kasapi o ang mga may natatanging pangangailangan sa mahihirap na kalagayan; pagkatapos ay isaayos na tulungan sila. Magplano na gumawa ng isang tiyak na bagay upang tulungan ang bawat isa.

*Pagpipilian 2*

Bumuo ng isang gawaing makatutulong sa mga kabataang lalaki na higit na makilala ang isa't isa. Gugulin ang malaking bahagi ng oras sa pagsasabi ng bawat kabataang lalaki ng tungkol sa sarili niya upang higit siyang makilala, mahalin, at maunawaan ng iba.

# 22 Mga Tungkulin ng mga Saserdote

**LAYUNIN**

Higit na mauunawaan ng bawat kabataang lalaki ang katungkulan ng isang saserdote at ang mga pananagutan at pagkakataon na kaugnay sa katungkulang iyon.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Doktrina at mga Tipan 20:46–60; 107:6, 14–15, 20.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Ang Kahalagahan ng Katungkulan ng Saserdote

Talakayan

- Gaano kahalaga ang isang saserdote sa Simbahan?
- Ano ang magiging kaibahan kung walang mga saserdote sa Simbahan?

Ipaliwanag na napakahalaga sa Ama sa Langit ang katungkulan ng saserdote sa Pagkasaserdoteng Aaron.

- Sino ang pangulo ng korum ng mga saserdote? (Ang obispo.)
- Ano ang ilan sa mga tungkulin ng obispo?

Isulat sa pisara ang mga tugon ng mga kabataang lalaki. Tiyaking mabanggit nila na bukod sa lahat ng iba pa niyang tungkulin, ang obispo ay pangulo rin ng korum ng mga saserdote at ng Pagkasaserdoteng Aaron. Tumutulong ang obispo na ihanda ang mga saserdote na maging mga misyonero at pinuno ng Simbahan.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 107:6, 14–15, 20. Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang talata 20.

- Ano ang kahulugan ng magkaroon ng "kapangyarihan na mangasiwa sa mga panlabas na ordenansa"?

Sa ganitong paraan, ang *kapangyarihan* ay nangangahulugang karapatan na mangasiwa o kumilos. Ipinahihiwatig din nito na itataguyod ng Panginoon ang karapatang ito sa pamamagitan ng kapangyarihan niya. Ang mga nagtataglay ng pagkasaserdote ay mga kinatawan ng Panginoon habang gumaganap sila sa Pagkasaserdoteng Aaron. Kapag nagbibinyag at nangangasiwa ng sakramento ang mga saserdote, tinutulungan nila ang mga kasapi na magpakita ng mga panlabas na tanda na nagpapakita ng pangako sa kalooban na ipamuhay ang ebanghelyo.

- Ano ang ibig sabihin ng "hawakan ang mga susi ng paglilingkod ng mga angel"?

Ipatalakay sa kanila ito ng ilang minuto. Tulungan ang mga kabataang lalaki na makita na ito ay isang tunay na pangako at maaaring may mga kalagayan na ang mga anghel ay naglilingkod sa kanila o sa iba na pinaglilingkuran nila bagaman hindi nila alam ito, ni kinakailangang makita nila ang mga anghel.

Kuwento

Naranasan ni Pangulong Wilford Woodruff ang paglilingkod ng mga angel nang nag-mimisyon siya bilang isang saserdote at nagkaroon ng sapantaha na balaan ang isang dating aktibong kasapi ng Simbahan na nagngangalang Father Hakeman na magsisi at maging aktibong muli.

"Minsan akong pinakilos upang balaan si matandang Father Hakeman. . . . Nasa Jackson County siya noong panahon ng pag-uusig. . . . Talagang ginawa naming dalawin si Father

Hakeman. Nagkaroon ako ng pangitain noong nagdaang gabi, kung saan ipinakita sa akin ang mga kaguluhan na haharapin namin, subalit ililigtas kami ng Panginoon. Dumating kami sa bahay niya nang Linggo ng umaga. Nag-aagahan siya. Nag-agahan na kami sa lugar na tinigilan namin nang magdamag. Nakakita ako ng Aklat ni Mormon sa salansanan niya. Sa wari ay hindi niya kami pinapansin, o nagpapakita ng interes sa amin. Kinuha ko ang Aklat ni Mormon, at sinabi, 'Napakaganda ng aklat mong ito.'

" 'Oo,' ang sabi niya, 'subalit iyan ang aklat na nagmula sa diyablo.'

"Nanlaki ang aking mga mata. Naging elder siya; nanggaling na siya sa Zion; inusig doon at pinalayas; subalit natuklasan kong tumalikod na siya sa katotohanan, at kaaway namin siya. Nakita ko na gagawin niya ang lahat ng magagawa niya laban sa amin.

"Iniwan namin siya at nagtungo kay Kapatid na Hubbard at tumuloy sa kanya ng tatlong linggo, na noong panahong iyon ay dinala namin ang mga palakol namin at nilinis ang ilang lupain para sa kanya. Tatlong ulit akong matinding pinaramdaman na umakyat at balaan si Father Hakeman. Sa wakas ay ginawa ko, ayon sa utos ng Diyos sa akin. Nang pangatlong pagkakataon na nakipagkita ako sa kanya, ang bahay niya sa wari ay puno ng masasamang espiritu, at ang aking espiritu ay nabahala sa aking nakita. Nang matapos ko ang aking pagbababala, iniwan ko siya. Sinundan niya ako mula sa bahay niya na may layuning patayin ako. Wala akong alinlangan tungkol sa layunin niya, sapagkat ipinakita ito sa akin sa isang pangitain. Nang makarating siya sa kinaroroonan ko, bumagsak siyang patay sa paanan ko, na sa wari ay tinamaan siya ng kidlat mula sa langit. Noon ay saserdote ako, subalit ipinagtanggol ako ng Diyos at iningatan ang buhay ko. Sinasabi ko ito dahilan sa ito ay isang alituntunin na ipinakita sa simbahan ng Diyos sa salinlahing ito, gayundin sa iba. Pinangasiwaan ako ng mga anghel samantalang taglay ang katungkulan ng isang saserdote. Nagkaroon ako ng mga pangitain at paghahayag. Naglakbay ako ng libu-libong milya. Nagbinyag ako ng mga tao, bagaman hindi ko sila mapagtibay dahilan sa wala akong karapatang gawin ito.

"Sinasabi ko ang mga bagay na ito upang ipakita na hindi dapat ikahiya ng isang lalaki ang anumang bahagi ng pagkasaserdote. Ang ating mga kabataang lalaki, kung sila ay mga diyakono, ay dapat gumawa upang gampanan ang katungkulang iyon. Kung gagawin nila iyon, sila sa gayon ay matatawag sa katungkulan ng isang guro, na tungkuling magturo sa mga tao, dalawin ang mga Banal at tiyakin na walang nagaganap na kasamaan o labis na kawalang-katarungan. Walang higit na kinikilingang tao ang Diyos sa pagkasaserdoteng ito malibang gampanan nilang mabuti ang kanilang mga tungkulin at gawin ang kanilang katungkulan" (*Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1946], 297–98).

Talakayan

Ipaliwanag na kung minsan, tinutukoy na nakabababang pagkasaserdote ang Pagkasaserdoteng Aaron.

- Bakit tinawag ito na nakabababang pagkasaserdote? (Mas kakaunti ang karapatan at susi nito kaysa sa Pagkasaserdoteng Melquisedec.)

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na bilang pangulo ng Pagkasaserdoteng Aaron sa inyong purok, ang obispo ang may pananagutan sa mga temporal na kapakanan ng purok. Siya ay tinutulungan ng mga saserdote, guro, at diyakono sa pangangalaga sa mga pangangailangang temporal ng mga kasapi ng purok.

Bigyang-diin na bilang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron, hindi lamang sila "mga batang lalaki sa hapag ng sakramento" kundi sila ay inordenan at binigyan ng karapatan ng pagkasaserdote upang mangasiwa sa sakramento, at, sa kalagayan ng mga saserdote, upang magbinyag. Dapat din silang magpakita ng halimbawa sa iba pang mga kabataang lalaki ng kung paano dapat mamuhay ang isang nagtataglay ng pagkasaserdote.

Patotoo

Magpatotoo sa mga kabataang lalaki na binigyan sila ng malaking kapangyarihan. Higit na kapangyarihan ang kaugnay sa katungkulan ng pagkasaserdote sa Pagkasaserdoteng Aaron kaysa sa anumang makalupang katungkulan sa labas ng Simbahan, sapagkat ang kapangyarihan ng pagkasaserdote ay kapangyarihan ng Diyos.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 20:46–52. Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang mga talatang ito.

- May isa ba sa mga tungkuling ito na pinakamahalagang tungkulin ng isang saserdote? Bakit?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na walang tungkulin ang higit na mahalaga kaysa sa iba, kundi lahat ay mahalaga.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 20:53–60 upang matutuhan ang mga tungkulin ng mga guro at mga diyakono.

- Anong mga tungkulin ng guro ang katulad ng mga tungkulin ng saserdote?
- Ilan sa mga tungkulin ng guro ang tungkulin din ng saserdote? Ilan sa diyakono?

Talakayan at paglalahad ng tagapayo

- Hanggang kailan ang ordenasyon mo?

Ipaliwanag na tataglayin ng mga kabataang lalaki ang pagkasaserdote habang karapat-dapat silang taglayin ito. Binabawi lamang ito sa kanila kung sila ay itiniwalag sa Simbahan. Habang karapat-dapat sila, sila ay makagaganap bilang mga nagtataglay ng pagkasaserdote sa ilalim ng pangangasiwa ng tamang awtoridad. Ituro na sa maraming paraan ay isang pag-aaral ng pagkasaserdote ang Pagkasaserdoteng Aaron. Habang nagkakaroon sila ng karanasan sa isang tiyak na katungkulan at tumatanda, sila ay inoordenan sa nakatataas na katungkulan at nagkakaroon ng higit na karanasan. Hindi kailanman nawawala sa kanila ang karapatang kumilos sa mga tungkulin sa Pagkasaserdoteng Aaron. Paalalahanan sila na ang mga guro, saserdote, at maging ang mga elder ay maaaring mahilingang magpasa ng sakramento o magtipon ng mga handog-ayuno. Ito ay tama, dahil sila ay mga diyakono pa rin, bagaman inordenan sila sa mga nakatataas na katungkulan.

Kuwento

Ipaliwanag na higit na natutuhan ni Wilford Woodruff ang karapatan at mga pagkakataon ng isang saserdote sa isa pang karanasan noong siya ay isang saserdote:

“Samantalang nasa lugar na iyon [Clay County, Missouri] nagkaroon ako ng matinding pagnanais sa puso ko na humayo at mangaral ng ebanghelyo. Nagtungo ako isang Linggo ng gabi nang nag-iisa sa kakahuyan ng mga *hickory* [matigas na punong-kahoy], mga ilang daang metro mula sa panirahan, at hiniling ko sa Panginoon na buksan ang pinto sa akin upang humayo ako at mangaral ng ebanghelyo. . . . Sinagot ng Panginoon ang panalangin na iyon, at sinabing ipagkakaloob ang aking mga ninanais. Tumayo akong tuwang-tuwa. Lumakad ako ng mga dalawang daang yarda palabas patungo sa kalsada; at nang makarating ako sa kalsada nakatayo doon si Hukom Higbee. Sinabi niya, ‘Kapatid na Woodruff, inihayag sa akin ng Panginoon na tungkulin mo na maordenan upang humayo at mangaral ng ebanghelyo.’

“Sinabi ko, ‘Sinabi niya?’

“ ‘Oo.’

“ ‘Kung gayon,’ ang sabi ko, ‘kung nais ng Panginoon na ipangaral ko ang ebanghelyo, handang-handa akong humayo at gawin iyon.’ Hindi ko sinabi sa kanya na ipinananalangin ko ito.

“Ang kinalalabasan ay dumalo ako ng kapulungan kina Lyman Wight, at tinawag at inordenan sa katungkulan ng isang saserdote sa Pagkasaserdoteng Aaron samantalang ang ibang mga kapatid ay inordenan bilang mga elder. Tinawag ako ni Obispo Partridge upang magmisyon sa bansa sa timog. . . . Mapanganib noon para sa sinuman sa ating mga kapatid na magdaan sa Jackson County. Nais ni [Obispo Partridge] na magtungo ako sa Arkansas, at ang daan ay diretso sa Jackson County. Tinanong ko siya kung dapat kaming dumaan doon.

“Sinabi niya, ‘Kung may pananampalataya kang gawin iyon, maaari. . . . ’

“ ‘Kung gayon,’ ang sabi ko, ‘sinasabi ng Panginoon na kailangan tayong maglakbay ng walang sisidlan ng salapi o sisidlan ng pagkain; gagawin ba natin ito?’

“Sinabi niya, “Iyan ang batas ng Diyos; kung may pananampalataya kang gawin ito, magagawa mo ito.’ . . .

"Subalit ayokong talakayin nang husto ang mga bagay na ito. Nais ko lamang sabihin na humayo ako bilang isang saserdote, at ang aking kasama bilang isang elder, at naglakbay kami ng libu-libong milya, at maraming bagay ang ipinakita sa amin. Ninanais kong ikintal sa inyong isipan ang katotohanan na walang kaibahan kung ang tao man ay isang saserdote o isang apostol, kung gagampanan niyang mabuti ang kanyang tungkulin. Tinataglay ng isang saserdote ang susi ng mga paglilingkod ng mga anghel. Hindi pa nangyari sa buhay ko, bilang isang apostol, isang pitumpu, o isang elder, na higit akong pinangalagaan ng Panginoon kaysa habang tinataglay ko ang katungkulan ng isang saserdote. Inihayag sa akin ng Panginoon sa pamamagitan ng mga pangitain, paghahayag, at ng Espiritu Santo ang maraming bagay na mangyayari sa akin" (*Discourses of Wilford Woodruff,* p. 299–300).

---

**Katapusan**

Patotoo at hamon

Magpatotoo na bibigyan ng pribilehiyo ng ating Ama sa Langit ang bawat karapat-dapat na kabataang lalaki na taglayin ang katungkulan ng saserdote sa Pagkasaserdoteng Aaron. Ibinigay niya ang pagkakataong ito upang maging mahalagang lakas sa Simbahan ang mga kabataang lalaki. Ibinigay niya sa mga saserdote ang obispo bilang pangulo ng korum nila upang makasama nila at upang tulungan ang kanilang mga magulang na sanayin sila sa mga tungkuling isasagawa nila sa buhay nila sa Simbahan.

Ituro na binibigyan sila ng pagkakataon ng Panginoon na isagawa ang mga ordenansa at kumilos sa mahahalagang pananagutan. Gumaganap sila ng mahalagang gawain sa Simbahan. Dapat maunawaan ng mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron na kapag isinasagawa nila nang tama ang kanilang mga tungkulin, maiimpluwensiyahan nila ang buhay at mga layunin ng maraming iba pang tao.

Hamunin ang mga kabataang lalaki na isaalang-alang nilang mabuti ang kanilang ordenasyon sa pagkasaserdote sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng bawat takdang gawaing tinatanggap nila at sa pamamagitan ng pagbibigay ng tamang halimbawa sa lahat ng oras.

Gawain ng korum

Gumawa ng isang palatuntunan na magpapahintulot sa lahat ng mga kasapi ng korum, hangga't maaari, na gawin ang lahat ng bagay na inutos sa kanilang gawin. Makipagtulungan sa obispo sa gawaing ito. Tiyakin na ang bawat kasapi ng korum ay may pagkakataon na magturo sa tahanan (kung isang guro o saserdote), magbigay ng mga talumpati, at gawin ang lahat ng iba pang tungkulin ng maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron. Halimbawa, mabibigyan mo ang mga kasapi ng korum ng pagkakataon na "mangaral, magturo, magpaliwanag, magpayo" sa pamamagitan ng pagpapatulong sa kanila na magturo ng isang bahagi ng aralin ng korum. Ang ganitong pagkakasali ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng tiwala at makatutulong na ihanda sila para sa larangan ng misyon at para sa higit pang paglilingkod sa Simbahan.

# 23 Paghahanda Para sa Pagkasaserdoteng Melquisedec

**LAYUNIN**

Nanaisin ng bawat kabataang lalaki na ihanda ang kanyang sarili upang tanggapin ang Pagkasaserdoteng Melquisedec habang natututuhan niya ang tungkol sa sumpa at tipan ng pagkasaserdote.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 25:1–13 at Doktrina at mga Tipan 62:6; 76:1–10; 82:10; 84:33–42; 107:1–8, 18–20, 99–100; 121:34–46; 137:1–4.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Makipag-ayos na dumalo sa klase ninyo ang obispo o pangulo ng sangay sa loob ng lima hanggang sampung minuto at talakayin sa mga kabataang lalaki ang aralin tungkol sa pagganap nang mabuti sa mga tungkulin sa pagkasaserdote. Ang lahat ng klase sa Pagkasaserdoteng Aaron ay maaaring magpulong nang sama-sama para sa araling ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Banal na kasulatan at talakayan

Basahin at talakayin sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 107:1–8, 18–20. Anyayahan sila na magtanong. Ipaliwanag nang maikli ang mga pangalan ng mga Pagkasaserdoteng Melquisedec at Aaron, kung paano magkaugnay ang mga ito, ang mga pangunahing katungkulan sa bawat isa, at ang mga kaibahan sa kanilang karapatan at mga pananagutan. Kung alam ng mga kabataang lalaki sa klase ninyo ang araling ito, maaari mong naising magtanong ng mga magpapahintulot sa kanila na ibigay ang kaalamang ito. Kung karamihan sa mga kabataang lalaki sa klase mo ang hindi nakaaalam sa araling ito, maaari mong naising dagdagan ang inyong talakayan ng aralin mula sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* o *Gospel Fundamentals*.

- Ano ang nadarama ninyo tungkol sa pagtataglay ng Pagkasaserdoteng Aaron?
- Ano ang nadarama ninyo tungkol sa paghahandang tumanggap ng Pagkasaserdoteng Melquisedec?

**Ang Pagkasaserdote ay Tinatanggap sa Pamamagitan ng Sumpa at Tipan**

Kalagayan at talakayan

Ilahad ang sumusunod na kalagayan sa mga kabataang lalaki:

Si Tom ay naghahandang magmisyon. Matagal na niyang inaasam ang pagkakataong ito na paglingkuran ang Ama sa Langit. Nakapanayam na siya ng kanyang obispo at nasa tanggapan na ngayon ng pangulo ng istaka.

Nagtanong ang pangulo ng istaka ng ilang bagay kay Tom tungkol sa mag-anak niya. Pagkatapos ay humilig siya paharap sa kanyang upuan, tinitigan si Tom, at nagsabi, “Tom, malapit ka nang tumanggap ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at maordenan na isang elder. Ito ay isang maselang hakbang sa iyong buhay—isang bagay na dapat mong harapin nang may tunay na layunin at pagtatalaga.

“Tom, ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ay tinatanggap nang may sumpa at tipan mula sa Ama sa Langit. Sabihin mo sa akin kung ano ang nalalaman mo tungkol sa sumpa at tipan ng pagkasaserdote.”

Tunay na walang maisagot si Tom. Narinig na niya ang tungkol sa sumpa at tipan ng pagkasaserdote, subalit hindi niya nalaman kung ano ito o kung paano ito nauugnay sa kanya.

- Ano ang kahulugan sa iyo ng sumpa at tipan ng pagkasaserdote?

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na sa loob ng ilang tao ay nasa kalagayan na ni Tom ang bawat isa sa kanila. Magiging karapat-dapat na silang tumanggap ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.

Ipaliwanag sa mga kabataang lalaki na dapat na silang magsimulang maghanda ngayon. Ang unang bagay na dapat nilang gawin upang maunawaan ang sumpa at tipan ng pagkasaserdote ay basahin ang tungkol dito sa mga banal na kasulatan.

Banal na kasulatan at talakayan

Basahin at talakayin sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 84:33–40. Ibuod ang talakayan sa pisara:

Sumpa at Tipan ng Pagkasaserdote

| Kung tayo ay— | Sa gayon ay nakikipagtipan ang Ama sa Langit na— |
|---|---|
| 1. Tapat | 1. Ibigay sa atin ang pagkasaserdote. |
| 2. Karapat-dapat na tumanggap ng pagkasaserdote | 2. Pabanalin tayo sa pamamagitan ng Espiritu. |
| 3. Gumaganap nang mabuti sa ating mga tungkulin | 3. Paninibaguhin ang ating mga katawan. |
| 4. Tumatanggap sa mga tagapaglingkod ng Ama sa Langit—ang mga propeta | 4. Gawin tayong mga hinirang o pinili niya. |
| | 5. Ibahagi sa atin ang lahat ng mayroon siya. |

Ituro na ang mga pagpapala sa tipang ito ay nakasalalay sa katapatan ng taong tumatanggap ng pagkasaserdote. Palaging tinutupad ng Ama sa Langit ang kanyang mga pangako.

Paglalahad ng tagapayo

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 84:43–44. Bigyang-diin na ang pagtanggap ng pagkasaserdote ay napakabanal at napakahalagang hakbang.

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na hindi sisirain ng Ama sa Langit ang kanyang sumpa at tipan. Maaari mong naising pasangguniin ang mga kabataang lalaki sa Doktrina at mga Tipan 82:10 at 62:6.

---

### Ang Pananagutan Natin na Gampanang Mabuti ang Ating mga Tungkulin sa Pagkasaserdote

Pagtalakay ng obispo o pangulo ng sangay

Maaaring ituro ng obispo o pangulo ng sangay ang bahaging ito ng aralin sa loob ng lima hanggang sampung minuto. Dapat niyang ipaliwanag ang mga pananagutan ng mga nagtataglay ng pagkasaserdote. Maaari niyang naising banggitin na ang isang nagtataglay ng pagkasaserdote ay—

1. Hindi dapat gumawa ng anumang bagay na makagagalit sa Ama sa Langit o makapagpapalayo sa Espiritu. Dapat niyang kamuhian ang anumang uri ng kasalanan.
2. Dapat matuto ng mga utos at mangakong ipamuhay ang mga ito.
3. Dapat magsagawa ng lahat ng takdang gawain ng pagkasaserdote.
4. Dapat na masigasig at handang gumawa upang itayo ang kaharian ng Diyos.

Maaaring magbahagi ang obispo ng kuwento tungkol sa isang kilala niya na nakatupad sa mga tipan ng pagkasaserdote. Maaari rin siyang magpatotoo tungkol sa mga pagpapala ng pagkasaserdote at sa kahalagahan ng pagiging handang maglaan ng paglilingkod ng pagkasaserdote.

---

**Paghahandang Tumanggap ng Pagkasaserdoteng Melquisedec**

Talakayan

Ipaliwanag na makapagsisimula na ang mga kabataang lalaki na maghanda ngayon na tanggapin at gampanang mabuti ang kanilang mga tungkulin sa hinaharap sa Pagkasaserdoteng Melquisedec.

- Ano ang magagawa ninyo upang maghanda para sa Pagkasaserdoteng Melquisedec?

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento kung paano inihanda ng Ama sa Langit si Elder George A. Smith para sa pamumuno sa pagkasaserdote. Bigyang-diin sa mga kabataang lalaki na kung minsan ang mga pinakamapagpakumbabang tao, kapag nauunawaan nila ang kapangyarihan ng pagkasaserdote, ang nagiging mga pinakadakilang pinuno.

Noong 1834, pinamunuan ni Joseph Smith ang isang hukbo ng dalawang daang lalaki sa sanlibong milyang martsa mula sa Kirtland, Ohio, hanggang sa kanlurang Missouri. Sa pagtataguyod ni Gobernador Dunklin ng Missouri, binalak nilang tulungan ang mga pinag-uusig na Banal na makabalik sa kanilang mga tahanan sa Jackson County.

Si George A. Smith, ang pinsan ni Joseph, ang pinakabatang kasapi ng hukbo, na kilala bilang Kampo ng Zion. Siya ay isang malaki, lampang batang lalaki na labing-anim na taong gulang na bababahagya ang tiwala sa sarili. Inihambing niya ang kanyang mga talino kay Joseph at nakita niyang kulang siya.

Sinumang nakakita kay George A. ay maaaring nakaunawa sa damdamin niya. Itinahi siya ng kanyang ina ng pantalon na yari sa guhitang tela ng kutson at isang bag na inilalagay sa likod mula sa tela ng epron na may pasala-salang guhit. Binigyan siya ng tatay niya ng bagong pares ng bota at ng isang lumang baril (musket). Pagkatapos ng ilang araw na pagmamartsa, nagkapaltus-paltos ang mga paa ni George A. dahil sa kanyang mga bota; nagkapunit-punit ang pantalon niya; at naupuan niya ang sombrero (straw hat) niya, na nagmistulang pugad ng ibon. [Hindi siya mukhang] sundalo.

Nagmartsa ang mga lalaki ng mga dalawampu't lima hanggang apatnapung milya isang araw at hindi halos makatulog sa maiinit at maaalinsangang gabi. Pinahirap ng mga lamok at langaw ang buhay, at kakaunti ang pagkain. Sinabi ni George A. na ang tubig sa parang ay puno ng "kiti-kiti" na natutuhan niyang salain sa pamamagitan ng kanyang mga ngipin habang iniinom niya.

Nang makarating ang kampo sa Missouri, nalaman ni Joseph Smith na binawi ni Gobernador Dunklin ang kanyang suporta. Ang mga pagsisikap na bilhin ang lupain ng Jackson County ay nabigo. Naiwasan ang digmaan, subalit ang layunin ng martsa ay nabigo. Bigung-bigo ang kalalakihan sa Kampo ng Sion. Ang ilan ay lumaban pa sa propeta, subalit hindi si George A.

Sinabi ni Joseph sa mga kalalakihan, na bigung-bigo rin, na kung magpapatuloy sila sa paghihimagsik nangangamba siya na may kalunus-lunos na mangyayari sa kanila. Makalipas ang ilang araw, nagsimulang magkasakit ng kolera ang mga lalaki. Animnapu't walong kasapi ng kampo ang nagkasakit, at labing-apat ang namatay. Si Jesse Smith, pinsan kapwa nina Joseph at George A., ay isa sa mga namatay.

Nagdalamhati si Joseph, at hindi naman maunawaan ni George A. Nakatitiyak siya na hindi siya kailanman magiging katulad ng maaaring naging katayuan ni Jesse. Hindi niya kailanman mapaglilingkuran ang Simbahan ng katulad ng kalahati ng paglilingkod ni Jesse. Ang masama pa, tila ba nabigo ang Kampo ng Zion.

Gayunman, ang kahalagahan ng martsa ay unti-unting luminaw. Ang mga kasapi ng kampo na nanatiling tapat, natuto ng pamumuno, at nagtamo ng lakas sa panahon ng martsa ay naging mga pinuno ng Simbahan. At paano naman ang lampang batang lalaking nag-isip na dapat siyang namatay sa halip na ang pinsan niya? Makalipas ang kulang-kulang na limang taon, sa gulang na dalawampu't isa, siya ay inordenan na isang

Apostol. Pagkaraan ay naglingkod siyang kasama si Brigham Young bilang isang kasapi ng Unang Panguluhan. Ang karanasan niya sa Kampo ng Zion ay naghanda sa kanya para sa buong buhay na pamumuno.

Bigyang-diin sa mga kabataang lalaki na kung tapat sila, ang kanilang mga karanasan ngayon ay makapaghahanda sa kanila para sa paglilingkod sa Simbahan sa hinaharap. Sa pamamagitan ng paggalang sa Pagkasaserdoteng Aaron, pagsunod sa kanilang mga pinuno ng Pagkasaserdoteng Aaron, at matapang na pagtupad sa kanilang mga takdang tungkulin sa Pagkasaserdoteng Aaron, naghahanda ang mga kabataang lalaki na tumanggap at gumanap nang mabuti sa kanilang mga hinaharap na tungkulin sa Pagkasaserdoteng Melquisedec.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 107:99–100.

- Ano ang mga tungkulin mo sa pagkasaserdote?

Pasagutan nang tahimik sa mga kabataang lalaki ang sumusunod na tanong.

- Gaano kabuti ninyo natupad noong nakaraan ang inyong mga tungkulin sa pagkasaserdote? Paano kayo makagagawa nang higit na mabuti?

Ipaalala sa mga kabataang lalaki na ang pinakamahalagang tungkulin sa pagkasaserdote ng isang lalaki ay ang maging asawa at ama. Ang bawat maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ay may pananagutan na turuan at basbasan ang sarili niyang mag-anak. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na sa pamamagitan ng paggalang sa kanilang mga magulang at paglilingkod sa mga kasapi ng mag-anak, naghahanda sila sa pinakamahalagang tungkuling ito.

---

### Tamang Paggamit sa Pagkasaserdote

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na binigyan tayo ng Ama sa Langit ng mga tagubilin tungkol sa kung paano gagamitin ang pagkasaserdote.

Basahin at talakayin sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 121:34–45.

- Ano ang ibig sabihin ng *tinawag* at *napili* sa siping ito?
- Ayon sa siping ito, anong mga saloobin at kilos ang hahadlang sa atin sa paggalang sa pagkasaserdote? Paano natin maiiwasan ang mga iyon?
- Ayon sa mga talata 41–45, ano ang ilang katangian ng mga matwid na maytaglay ng pagkasaserdote?
- Anong mga pagpapala ang ipinangako sa mga gumagamit ng pagkasaserdote ng tama?

Himukin ang mga kabataang lalaki na italaga ang kanilang mga buhay sa Ama sa Langit at mamuhay nang mabuti upang ang doktrina ng pagkasaserdote at iba pang pagpapala ay mapasa kanilang kaluluwa na katulad ng ipinangako sa Doktrina at mga Tipan 121:45–46.

---

### Pagtanggap ng Lahat ng Mayroon ang Ama

Pagbabasa ng banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na sa Doktrina at mga Tipan 84:35–38, sinasabi ni Jesus na ang isang lalaki na gumagalang sa sumpa at tipan ng pagkasaserdote ay tatanggap ng lahat na mayroon ang Ama. Ipaisip nang ilang saglit sa mga kabataang lalaki kung ano ang kahulugan nito. Pagkatapos ay hayaang maghalinhinan sila sa pagbasa ng Doktrina at mga Tipan 76:1–10 at 137:1–4.

Gamitin ang sumusunod na mga tanong at ang ilang sarili mo upang pasiglahin ang kaisipan at talakayan:

- Ano ang kailangang handa nating ialay upang matamo ang mga pagpapalang ito?
- Paano maihahambing ang mga pangakong pagpapalang ito sa makamundong kapakinabangan?
- Kailan nagsisimula ang mga pagpapalang ito?
- Kailan natatapos ang mga ito?

Ipaliwanag na upang matanggap ang mga pagpapalang ito, kailangan tayong maging handang ibigay sa Ama sa Langit ang buo nating pananampalataya, pagmamahal, oras, talino, katapatan, karangalan, at kayamanan. Kung ibinibigay natin ang lahat ng mayroon tayo sa Ama sa Langit, ibabahagi niya sa atin ang lahat ng mayroon siya. Tatamasahin natin ang pagpapala ng walang-hanggang pag-unlad. Hindi natin lubusang maiisip ang mga kaluwalhatiang inihanda para sa atin ng Ama sa Langit kung tayo ay matapat. (Maaari mong naising ipabasa sa mga kabataang lalaki ang 1 Mga Taga Corinto 2:9.) Walang makamundong kayamanan o kapangyarihan ang makapapantay sa mga pagpapalang iyon. Nagsisimula ang mga ito ngayon at magpapatuloy sa buong kawalang-hanggan habang nananatili tayong tapat sa ating mga tipan.

---

**Walang Makalupang Kayamanan ang Makapapantay sa Pagkasaserdote**

Paglalahad ng tagapayo

Muling tukuyin ang kuwento tungkol sa panayam kay Tom ng pangulo ng istaka. Himukin ang mga kabataang lalaki na maghandang tanggapin ang Pagkasaserdoteng Melquisedec at mag-aral at manalangin upang maunawaan ang sumpa at tipan nito. Pagkatapos, kapag kinakapanayam sila bago tanggapin ang pagkasaserdoteng Melquisedec, mapagtibay nila na nahahanda sila na tanggapin ang sumpa at tipan na ito.

Katapusan

Sabihin sa mga kabataang lalaki kung ano ang nadarama mo tungkol sa pagkasaserdote. Maaari mo ring naisin na sabihin sa kanila ang tungkol sa isang kabataang lalaki na kilala mo na tunay na nakahandang tumanggap ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.

Patotoo

Magbigay ng patotoo na walang kayamanan o karangalan sa lupa ang makapapantay sa kahalagahan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at sa mga pagpapalang matatanggap natin sa pagtupad sa mga tipan natin sa Ama sa Langit. Sabihin sa mga kabataang lalaki kung paano pinagpala ng pagkasaserdote ang iyong buhay. Maaari mong sabihin sa kanila ang tungkol sa kung paano ka pinagpala sa paggalang sa iyong mga tipan sa pagkasaserdote o tungkol sa mga pagpapala na natanggap mo sa pamamagitan ng iba na gumanap nang mabuti sa Pagkasaserdoteng Melquisedec.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na maghandang tanggapin ang Pagkasaserdoteng Melquisedec sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan na ukol sa pagkasaserdote. Himukin sila na ipangako sa sarili nila na gampanan nang buong giting ang kanilang mga tungkulin sa Pagkasaserdoteng Aaron at magkaroon ng mga katangian ng isang matwid na maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.

# Sundin ang Propeta

# 24

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki ang kahalagahan ng pagsunod sa buhay na propeta.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Ezekiel 3:17 at Doktrina at mga Tipan 1:14, 38; 21:4–6; 28:2; 101:54; 107:65–67, 91–92; 112:20; 124:61.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang mga banal na kasulatan).
   b. Isang larawan ng buhay na propeta.
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Gumawa ng mga kopya ng mga sipi na babasahin sa klase o kaya ay maging handang ipasa ang manwal.
4. Magtalaga ng dalawang kabataang lalaki upang sanayin ang usapan para sa dula-dulaan. Maaari mong naising gumawa ng mga kopya ng usapan para sa kanila.
5. Kung makukuha ang mga ito, magdala ng mga kopya ng pinakahuling mga ulat sa komperensiya o mga lathalain ng komperensiya ng mga magasin ng Simbahan.

**PAALALA**

Maaari mong naising hatiin ang araling ito sa dalawang oras ng klase o pumili mula sa aralin ng mga bagay na sa pakiramdam mo ay magkakaroon ng malaking impluwensiya sa mga kabataang lalaki.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Talakayan ukol sa larawan

Magpakita ng isang larawan ng buhay na propeta, at ipapaliwanag sa mga kabataang lalaki ang alam nila tungkol sa kanya at sa katungkulang tinataglay niya.

- Ano ang nadarama ninyo tungkol sa buhay na propeta?
- Ano ang mga pananagutan ng propeta?
- Bakit mahalaga na magtiwala at igalang natin ang propeta?

**Isang Propeta, Tagakita, at Tagahayag**

Talakayan sa pisara

Isulat sa pisara ang pangalan ng Pangulo ng Simbahan. Ipaliwanag na sinasang-ayunan natin siya bilang isang propeta, tagakita, at tagahayag. Isulat sa pisara ang mga salitang *propeta, tagakita* at *tagahayag* sa ilalim ng pangalan ng Pangulo ng Simbahan.

Talakayan

- Ano ang ibig sabihin ng *propeta, tagakita* at *tagahayag*?

Ipabasa sa tatlong kabataang lalaki ang mga kahulugan ng tatlong salita mula sa *Bible Dictionary: prophet, revelation, seer*.

- Ano ang kahulugan ng sang-ayunan ang isang pinuno?

Ibuod sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na sinasang-ayunan natin ang Pangulo ng Simbahan bilang isang propeta, tagakita, at tagahayag. Nangangahulugan ito na itinataguyod natin siya bilang tagapagsalita ng Panginoon at sumasang-ayon tayo na tanggapin at sundin ang kanyang payo.

Sipi

Ipaliwanag na sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang sumusunod tungkol sa pagsang-ayon sa propeta:

"Nagsasalita ako sa mga maytaglay ng pagkasaserdote ng Simbahang ito, saanman kayo natitipon sa buong mundo, bilang pasasalamat sa propeta na papatnubay sa atin sa mga huling araw na ito. Nakikiusap ako para sa katapatan sa kanya na tinawag at hinirang ng Panginoon. Nakikiusap ako para sa pagiging matatag sa pagsang-ayon sa kanya at pagbibigay ng pansin sa mga turo niya. Nasabi ko na sa ibang pagkakataon sa pulpitong ito na kung may propeta tayo, nasa atin na ang lahat. Kung wala tayong propeta, wala tayo ni anuman. Tunay na may propeta tayo. Nagkaroon na tayo ng mga propeta simula pa ng pagtatatag ng Simbahang ito. Hindi tayo kailanman mawawalan ng propeta kung mamumuhay tayo na karapat-dapat sa isang propeta.

"Binabantayan ng Panginoon ang gawaing ito. Ito ang kaharian Niya. Hindi tayo katulad ng mga tupa na walang pastol. Hindi tayo katulad ng isang hukbo na walang pinuno. . . . Tinutulungan tayo ng Diyos na maging totoo at tapat, na makinig nang may pagkatuto sa payong iyon mula sa Kanya na ating Ama at ating Diyos, at mula sa Kanya na ating Tagapagligtas at ating Manunubos na katulad ng pagkakasalita nila sa atin sa pamamagitan ng mga sinang-ayunan natin bilang mga propeta" (sa Conference Report, Abr. 1992, p.77–78; o *Ensign,* Mayo 1992, p. 53).

---

### Tanging ang Pangulo ang Tumatanggap ng Pahayag para sa Buong Simbahan

Pagmamarka sa mga banal na kasulatan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 107:65–67, 91–92. Imungkahing markahan nila ang mga talatang ito at isulat ang *Pangulo ng Simbahan* sa palugit.

Ipaliwanag na ang Pangulo ng Mataas na Pagkasaserdote ay ang buhay na propeta at may tungkulin na pamunuan ang Simbahan. Ang mga Apostol at mga Tagapayo sa Unang Panguluhan ay sinasang-ayunan din bilang mga propeta, tagakita, at tagahayag. Subalit itinalaga ng Panginoon ang Pangulo ng Simbahan na siyang tanging may karapatang tumanggap ng mga paghahayag at tagubilin para sa Simbahan bilang kabuuan.

Ipabasa at ipapaliwanag sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 28:2.

Sipi at pisara

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang sumusunod na pahayag:

"Dito kailangan nating isaisip—kailangan nating malaman—na tanging ang Pangulo ng Simbahan, ang namumunong Mataas na Saserdote, ang sinasang-ayunan bilang Propeta, Tagakita, at Tagahayag ng Simbahan, at siya lamang ang may karapatan na tumanggap ng mga paghahayag para sa Simbahan, maging bago o nagtatama, o upang magbigay ng may karapatang pagbibigay-kahulugan ng mga banal na kasulatan na magkakaroon ng bisa sa Simbahan, o magbabago sa mga umiiral na doktrina ng Simbahan sa anumang paraan. Siya ang nag-iisang tagapagsalita ng Diyos sa daigdig para sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw, ang tanging tunay na Simbahan. Siya lamang ang makapagpapahayag ng isipan at kalooban ng Diyos sa kanyang mga tao. Walang sinumang opisyal ng anumang Simbahan sa daigdig ang may mataas na karapatang ito at napakataas na tanging karapatan" (J. Reuben Clark Jr., "When Are Church Leader's Words Entitled to Claim of Scripture?" *Church News,* 31 Hulyo 1954, p. 10).

Isulat ang sumusunod sa pisara. (Marami pa ang idaragdag pagkaraan.)

Pangulo ng Simbahan

1. Ang tanging taong tumatanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan

**Hindi Kailanman Pahihintulutan ng Diyos ang Propeta na Iligaw ang Simbahan**

Mga sipi

Ipamigay ang apat na pahayag sa ibaba, o ipasa ang manwal upang basahin ng mga kabataang lalaki. Sabihin sa kanila kung sinong propeta ang nagbigay ng bawat pahayag.

1. Sinabi ni Pangulong Wilford Woodruff:

   "Sinasabi ko sa Israel, hindi kailanman ako pahihintulutan ng Panginoon o sinumang ibang lalaking tumatayo bilang Pangulo ng Simbahan na iligaw kayo. Wala ito sa programa. Wala ito sa isipan ng Diyos. Kung tatangkain ko iyon, aalisin ako ng Panginoon sa kinalalagyan ko, gayundin ang gagawin niya sa sinumang tao na magtatangkang iligaw ang mga anak ng tao mula sa mga orakulo ng Diyos at mula sa kanilang tungkulin" (Opisyal na Pagpapahayag—1).

2. Naalala ni Elder Marion G. Romney ang isang karanasan niya na kasama si Pangulong Heber J. Grant:

   "Naaalala ko mga ilang taon na ang lumipas nang ako ay isang obispo, pinagsalita ko si Pangulong Grant sa aming purok. Pagkatapos ng pulong, inihatid ko siya sa buhay. . . . Nang makarating kami sa bahay niya, bumaba ako sa kotse at nagpunta sa balkonahe kasama niya. Nakatayo sa tabi ko, inakbayan niya ako at sinabi: 'Anak, palagi mong babantayan ang Pangulo ng Simbahan, at kapag sinabi niya sa iyo na gawin ang anumang bagay, at mali iyon, at ginawa mo ito, pagpapalain ka ng Panginoon para dito.' Pagkatapos ay may kislap sa mga mata niya, sinabi niya, 'Subalit huwag kang mag-alala. Hindi kailanman pahihintulutan ng Panginoon ang tagapagsalita niya na iligaw ang mga tao'" (sa Conference Report, Okt. 1960, p. 78).

3. Sinabi ni Pangulong Harold B. Lee na tinutukoy si Pangulong David O. McKay:

   "Naniniwala tayo sa isang buhay na propeta, tagakita, at tagapaghayag, at taimtim akong nagpapatotoo na mayroon tayong buhay na propeta, tagakita, at tagapaghayag. Hindi tayo umaasa lamang sa mga pahayag na ibinigay noon na tulad ng nilalaman ng ating mga pamantayang banal na kasulatan—maging kahanga-hanga man ang mga ito—subalit . . . mayroon tayong tagapagsalita kung kanino inihahayag ng Panginoon ang kanyang isipan at kalooban. Hindi siya kailanman pahihintulutan ng Diyos na iligaw tayo. Katulad ng nasabi na, aalisin kami ng Diyos sa aming mga kinalalagyan kung tatangkain naming gawin iyon. Wala kayong dapat ikabahala. Bayaan kung gayon ang pamamahala at pamahalaan ng Diyos, sa Panginoon. Huwag sikaping maghanap ng kamalian sa pamamahala at mga gawain na ukol lamang sa kanya at sa paghahayag sa pamamagitan ng kanyang propeta—ang kanyang buhay na propeta, tagakita, at tagapaghayag" (*The Place of the Living Preophet, Seer, and Revelator* [talumpating ibinigay sa mga guro ng seminaryo at dalubhasaan, Brigham Young University, 8 Hulyo 1968], p. 13).

4. Ipinaliwanag ni Pangulong Joseph Fielding Smith:

   "Sa palagay ko ay may isang bagay na dapat nating linawing mabuti sa ating mga isipan. Hindi ang Pangulo ng Simbahan, ni ang Unang Panguluhan, ni ang pinag-isang tinig ng Unang Panguluhan at ng Labindalawa ang magliligaw kailanman sa mga Banal o magbibigay ng payo sa daigdig na salungat sa isipan at kalooban ng Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1972, p. 99; o *Ensign*, Hulyo 1972, p. 88).

Pisara

Idagdag ang pangalawang pangungusap sa pisara:

> Pangulo ng Simbahan
>
> 1. Ang tanging taong tumatanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan
> 2. Hindi kailanman ililigaw ang Simbahan

### Ang Propeta ay Isang Bantay

Sipi

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Alalahanin ninyo kung kaninong simbahan ito. Taglay nito ang pangalan ng Panginoong Jesucristo, na tumatayo bilang ulo nito. Nasa Kanya ang kapangyarihang alisin ang sinumang matatagpuang pabaya sa kanyang tungkulin o nagtuturo ng hindi kaayon ng Kanyang banal na kalooban.

"Sinasabi ko sa bawat isa at sa lahat na wala kaming pansariling programa. Tanging ang programa ng Panginoon ang nasa amin. May mga pumupuna kapag nagpapalabas kami ng pahayag ng payo o babala. Sana ay malaman ninyo na ang aming mga pakiusap ay hindi inuudyukan ng anumang makasariling pagnanais. Sana ay malaman ninyo na ang aming mga babala ay hindi walang kabuluhan at dahilan. Sana ay malaman ninyo na ang mga pasiyang magpahayag tungkol sa iba't-ibang bagay ay hindi napagpapasiyahan nang walang pag-uusap, talakayan, at panalangin. Sana ay malaman ninyo na ang tangi naming hangarin ay tulungan ang bawat isa sa inyo sa inyong mga suliranin, paghihirap, mag-anak, buhay. . . .

"Taglay namin ang pananagutan na binalangkas ni Ezekiel: 'Anak ng tao, ginawa kitang bantay sa sambahayang Israel: kaya't pakinggan mo ang salita sa aking bibig, at ipanguna mo sa kanila sa ganang akin' (Ezekiel 3:17).

"Wala kaming makasariling pagnanais sa alinman dito, bukod sa pagnanais na ang ating mga kapatid ay maging maligaya, na ang kapayapaan at pagmamahal ay matatagpuan sa kanilang mga tahanan, na sila ay pagpalain sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pinakamakapangyarihan sa kanilang iba't ibang gawain sa katuwiran" (sa Conference Report, Okt. 1992, p.79–80; o *Ensign*, Nob. 1992, p. 59–60).

Basahin at talakayin sa mga kabataang lalaki ang Ezekiel 3:17 at Doktrina at mga Tipan 101:54 at 124:61.

- Paano isang bantay ang ating kasalukuyang propeta? Anong mga suliranin o panganib ang ibinabala niya sa atin?
- Paano tayo maaaring pangalagaan ng payo ng propeta mula sa panganib?

Pisara

Idagdag ang pangatlong pangungusap sa pisara:

Pangulo ng Simbahan

1. Ang tanging taong tumatanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan
2. Hindi kailanman ililigaw ang Simbahan
3. Isang bantay upang babalaan tayo sa espirituwal at temporal na panganib

### Ang Propeta ay Isang Guro

Sipi

Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Maraming mumunting bagay ang sumusubok sa ating pagiging handang tumanggap ng salita ng mga propeta. Sinabi ni Jesus, 'Makailang inibig kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, at ayaw kayo!' (Mateo 23:37).

"Ganito ang nangyari sa kasaysayan ng sangkatauhan, at ganoon din ngayon. . . .

"Ngayon, katulad ng palaging nangyayari, nahaharap tayo sa mga usaping moral sa publiko, sa pagkakatong ito ay tungkol sa mga loterya, mga pustahan, at iba pang uri ng sugal. Ang mga Pangulo ng Simbahan ay nagsalita nang malinaw at maliwanag tungkol sa mga bagay na ito.

"Maliliit na bagay ang mga ito, subalit mahahalagang bagay. Ipinaaalala nila ang dakilang labanan nina Propetang Elias at ng mga saserdote ni Baal. Sinabi ni Elias sa pagkakataong iyon: 'Hanggang kailan kayo mangag-aalinlangan sa dalawang isipan? kung ang Panginoon ang Diyos, sumunod kayo sa kanya: ngunit kung si Baal, sumunod nga kayo sa kanya.' (1 Mga Hari 18:21)" (sa Conference Report, Abr. 1992, p. 77; o *Ensign,* Mayo 1992, p. 53).

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang Exodo 18:20.

- Anong payo ang tinanggap ni Moises tungkol sa dapat niyang ituro sa mga tao?
- Bakit mahalaga para sa atin na makinig sa itinuturo ng propeta tungkol sa mga ordenansa, batas, at kung ano ang dapat nating gawin sa ating pang-araw-araw na buhay?

Pisara

Idagdag ang pang-apat na pangungusap sa pisara:

Pangulo ng Simbahan

1. Ang tanging taong tumatanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan
2. Hindi kailanman ililigaw ang Simbahan
3. Isang bantay upang babalaan tayo sa espirituwal at temporal na panganib
4. Nagtuturo ng mga ordenansa at batas ng Diyos

---

**Kailangang Sundin ng mga Kasapi ng Simbahan ang Buhay na Propeta**

Mga sipi at talakayan

Ipaliwanag na ang isa sa mga pinakamalaking pagsubok natin ay ang sundin ang mga buhay na propeta.

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Harold B. Lee:

"Noong mga unang araw ng Simbahan, dumaan tayo sa panahon ng paninirang-puri at kasinungalingan, at nakalampas tayo. Pinaglapit tayo nito dahilan sa mga kalaban mula sa labas. At naligtasan natin iyon. Dumaan tayo sa panahon ng pandurumog at pagpapalayas, nang kinuha ang mga buhay at ibinuwis ang dugo, at kahit paano ang lugar ng mga martir ay nagbigay ng lakas sa atin. Dumaan tayo sa kahirapan, at nagtamo tayo ng kalakasan mula sa pagsubok nito. Pagkatapos ay dumaan tayo sa panahon na matatawag nating pagtalikod sa katotohanan, o pagkakanulo mula sa loob—isa sa mga pinakamalalang pagsubok na dinaanan natin. Dumaraan tayo ngayon sa isa pang pagsubok—isang panahong matatawag nating kasanayan sa kamunduhan. Ito ang panahon na maraming matalinong tao na ayaw makinig sa mga mapagpakumbabang propeta ng Panginoon. At nagdusa tayo mula roon. Lubhang napakabigat na pagsubok nito" ("Sweet Are the Uses of Adversity," *Instructor*, Hunyo 1965, p. 217).

Isinalaysay ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang sumusunod na kuwento tungkol kay Pangulong Joseph Fielding Smith:

"Si Joseph Fielding Smith ay sumunod na naging Pangulo ng Simbahan at propeta ng Panginoon. Ang ilan ay nag-isip na masakit siyang magsalita na katulad ng mga propeta sa Lumang Tipan. Talagang nagsalita siya nang tuwiran at malinaw na malinaw. Ganito ang misyon ng isang propeta. Subalit sa karanasan ko, siya ay isang taong napakabuti na nagdadalamhati sa pag-ayaw ng maraming sundin ang mga utos ng Panginoon.

"Gumamit siya ng tatlong dakilang salita na hindi ko kailanman malilimutan—'totoo at matapat.' Sa kanyang mga pagtatalumpati sa publiko, sa kanyang mga sarilinang

pakikipag-usap, sa kanyang mga panalangin sa Panginoon, nakiusap siya na tayo ay maging totoo at matapat. Ang mga sumunod sa payo niya ay nakatikim ng matamis na bunga ng pagsunod. Ang mga nangutya ay dumanas ng kapaitan na nagmumula sa pagtanggi sa katotohanan" (sa Conference Report, Abr. 1992, p. 75–76; o *Ensign*, Mayo 1992, p. 52).

- Alin sa mga kasalukuyang turo ng propeta ang mahirap para sa ilang taong tanggapin at sundin?

Mga banal na kasulatan at talakayan

- Ano ang mangyayari sa mga hindi sumusunod sa mga propeta?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 1:14, 38.

- Paano natin dapat tanggapin ang mga salita ng propeta? Bakit?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 21:4–6 at 112:20.

- Anong mga pagpapala ang ipinangako sa mga tumatanggap at sumusunod sa mga salita ng propeta?
- Paano tayo magkakaroon ng pananampalataya sa mga salita ng propeta?

Sipi

"Ipakikita sa atin ng Panginoon ang daan, kung susundin lamang natin ang mga propeta at mga Apostol niya.

"Huwag ninyong pagdudahan ang tagubilin nila! Ganoon kasimple iyon. Hindi, hindi ko sinasabing magkaroon ng bulag na pananampalataya o bulag na pagsunod.

"Kung minsan ay maaari ninyong naisin ang katibayan ng doktrinang ito o ng wika iyon ng propeta. Sundin ang mga utos! Manalangin, lumakad sa katwiran, at sa pamamagitan ng Banal na Espiritu malalaman mo sa pamamagitan ng kalugud-lugod, matiwasay na damdaming iyon na ito ay totoo" (Waldo P. Call, sa Conference Report, Okt. 1990, p. 106; o *Ensign*, Nob. 1990, p. 83).

---

**Sinusunod Ko ba ang mga Kapatid?**

Dula-dulaan

Ipabasa sa dalawang paunang itinalagang kabataang lalaki ang sumusunod na usapan:

Chris (hindi kasapi): Talaga bang naniniwala ka na may buhay na propeta ang simbahan ninyo?

Reggie (Banal sa Huling-araw): Oo, naniniwala ako na ang Pangulo ng simbahan namin ay isang propeta. Tumatanggap siya ng mga paghahayag mula sa Ama sa Langit.

Chris: Gaano kadalas tumatanggap ng paghahayag ang inyong propeta mula sa Diyos?

Reggie: Palagian, sa palagay ko. Kailanma't kailangan ng Simbahan ang patnubay.

Chris: Paano ninyo nalalaman kung ano ang mga paghahayag na iyon?

Reggie: Karamihan mula sa aming mga pangkalahatang komperensiya.

Chris: Lahat ba sa simbahan ninyo ay makapupunta roon?

Reggie: Hindi. Napakalaki ng Simbahan. Subalit ang mga sesyon ng komperensiya ay ipinalalabas sa telebisyon at sa pamamagitan ng *satellite*. At mababasa ng lahat ang mga salita ng propeta sa Conference Report o sa mga magasin ng Simbahan.

Chris: Palagay mo ba ay binabasa ng karamihan sa simbahan ninyo ang mga iyon?

Reggie: Sa palagay ko ay hindi lahat.

Chris: Binabasa mo ba ang mga iyon?

Reggie: Karaniwan ay hindi. Masyado akong abala.

Chris: Ano ang sinabi ng propeta sa inyong huling komperensiya?

Reggie: Um, Ewan ko. Nag-aaral ako para sa isang malaking pagsusulit, at abalang-abala ako upang makinig sa pagsasa-himpapawid. Mayroon akong lathalain ng komperensiya ng *Ensign*, subalit hindi ko pa ito nababasa.

Chris: Talaga bang naniniwala ka sa inyong propeta?

Reggie: Siyempre.

Chris: Kung gayon, paano mo nasasabi na sinusunod mo siya samantalang hindi mo man lamang nalalaman ang mga sinasabi niya?

Talakayan at pisara

- Anong payo ang ibinigay ng buhay na propeta sa atin?

Kung nadala mo ang mga ito, mamigay ng mga kopya ng mga pinakahuling ulat o mga lathalain sa komperensiya ng mga magasin ng Simbahan. Pasangguniin ang mga kabataang lalaki sa mga talumpati na ibinigay ng buhay propeta. Hilingan silang maghanap ng mga tiyak na tagubilin at pansinin ang mga bagay na binibigyang-diin ng propeta. Sa pisara, gumawa ng listahan ng mga utos na ibinigay ng propeta. Pagkatapos ay anyayahan ang mga kabataang lalaki na isaalang-alang ang mga sumusunod na tanong at sagutin nang tahimik ang mga ito.

- Gaano kabuti ninyo nasunod ang payo ng propeta? Ano ang magagawa ninyo upang higit na lubusang masunod ang kanyang payo?

Anyayahan ang mga kabataang lalaki na mangako sa sarili nilang sundin ang payo ng buhay na propeta sa buong buhay nila.

---

**Katapusan**

Sipi at talakayan

Basahin ang sumusunod na pangako na ibinigay ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Idinaragdag ko ang mga sarili kong salita ng patotoo bilang isa na nakakilala at nakapagtrabaho nang husto sa pitong Pangulo ng Simbahan, na tumatagal sa panahong higit sa kalahating siglo. Alam ko na ang bawat isa sa mga lalaking ito ay naging tao ng Diyos, pinalaki Niya, sinanay at inaruga, tinuruan at dinisiplina para sa mga dakila at natatangi at kakaibang tungkulin na dumating sa kanila. Pinagpala ang ating mga tao nang sinunod nila ang mga payo nila. Patuloy tayong pagpapalain kung tatahakin natin ang mga daan na itinuro nila at patuloy na ituturo sa atin" (sa Conference Report, Abr. 1991, p. 122; o *Ensign*, Mayo 1991, p. 92).

- Paano kayo pinagpala ng mga turo ng buhay na propeta?

Paglalahad ng tagapayo at patotoo

Sabihin sa mga kabataang lalaki kung paano ka nagkaroon ng patotoo na ang buhay na propeta ay tinawag ng Diyos. Maaari mong naising sabihin sa kanila ang tungkol sa mga pagpapalang tinanggap mo at ng iyong mga kasapi ng mag-anak habang sinusunod ninyo ang payo ng buhay na propeta. Magpatotoo tungkol sa mga pagpapala na nagmumula sa mga umaasa sa mga salita ng buhay na propeta. Ipaliwanag na ang buhay ay puno ng mga panganib subalit kung tayo ay magbabasa, mag-aaral, mananalangin at susunod sa buhay na propeta at sa mga pinuno ng Simbahan na nangangasiwa sa atin, makapaglalakbay tayo nang ligtas sa ating patutunguhan, ang kahariang selestiyal.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na basahin ang mga talumpati at mga isinulat ng propeta at ipamuhay ang mga alituntunin na itinuturo niya.

# 25 Bawat Kabataang Lalaki ay Dapat Magmisyon

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na ang pambuong panahong paglilingkod sa misyon ay kapwa isang pribilehiyo at pananagutan.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Santiago 5:20; Mosias 28:1–5; Alma 17:2–5; 28:13–14; 29:1–2, 9–10, 13–15; at Doktrina at mga Tipan 1:4–5, 17–20; 4; 6:3; 18:10–16; 42:6–8; 50:13–14, 22.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang kopya ng mga banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Kung makukuha sa pook ninyo, ipalabas ang "The Joy of Missionary Work," sa *Family Home Evening Video Supplement* (53276).
4. Kung nanaisin: Mag-atas ng dalawa o tatlong kabataang lalaki na maghandang sabihin sa klase kung paano sila (o ang mag-anak nila) tinulungan ng mga misyonero na madala sa Simbahan.
5. Kung nanaisin: Isaayos na dalawin ng isang kababalik pa lamang na misyonero ang inyong klase sa loob ng lima hanggang sampung minuto at kausapin ang mga kabataang lalaki tungkol sa paghahanda sa pagmimisyon.

**PAALALA**

Maaari mong naising hatiin ang araling ito sa dalawang oras ng klase o piliin mula sa aralin ang mga bagay na sa palagay mo ay magkakaroon ng pinakamalaking impluwensiya sa mga kabataang lalaki sa klase mo.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Bakit Mahalaga ang Gawaing Misyonero

Mga banal na kasulatan at talakayan

Sabihin sa mga kabataang lalaki na babasa ka ng isang sipi ng banal na kasulatan. Ipatukoy sa kanila kung sino ang pinatutungkulan nito, ano ang nagdulot ng kalagayang ito, at ano ang nangyari pagkatapos. Basahin ang Mosias 28:1–5, na nagsisimula sa kalagitnaan ng talata 1 sa "Nagsama ng maliit na bilang."

Tulungan ang mga kabataang lalaki na sabihin ang mga sumusunod:

1. Ang sipi ay tungkol sa apat na anak na lalaki ni Mosias (tingnan sa Mosias 27:34).
2. Naging napakasama nila at sinikap na wasakin ang Simbahan (tingnan sa Mosias 27:10).
3. Isang anghel ang nagpakita at pinapagsisi sila (tingnan sa Mosias 27:11–17).
4. Nagsisi sila at nagsimulang mangaral ng ebanghelyo sa mga Nefita. Ninais nilang magmisyon sa mga Lamanita (tingnan sa Mosias 27:34–37; 28:1–4).
5. Bilang bunga ng kanilang pangangaral, libu-libong Lamanita ang napagbalik-loob (tingnan sa Alma 17:2–5; 19:35–36; 22:22–23; 23:4–5).

- Bakit sabik na sabik ang mga anak na lalaki ni Mosias na magmisyon?
- Paano naapektuhan ng gawaing misyonero ang inyong buhay?

Ang ilan sa mga kabataang lalaki ay maaaring mga nagbalik-loob. Ang iba ay maaaring may mga ninuno na sumapi sa Simbahan maraming taon na ang nakararaan. Himukin ang ilan sa kanila na magsabi tungkol sa misyonerong pagsisikap na nakatulong na magdala sa kanila o sa kanilang mag-anak sa Simbahan. Kung hinilingan mo ang ilang kasapi ng klase na maghanda para dito, ipabahagi sa kanila ang mga kuwento nila ngayon.

Kuwento

Sa sarili mong mga salita, isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol sa kung paano pinakinggan ng dalawang misyonero ang Espiritu at tinuruan ng ebanghelyo ang isang mag-anak:

Nang siya ay labimpitong taong gulang, nagkaroon ng isang kahanga-hangang panaginip at isang makapangyarihang karanasan sa Aklat ni Mormon si Sarah Pea Rich na tumulong sa kanya at sa mag-anak niya na sumapi sa Simbahan. Noong 1835, sinabi ng dalawang Banal sa Huling-araw na elder kay Sarah, sa kanyang mag-anak at sa marami sa kanyang mga kapitbahay ang tungkol kay Joseph Smith at sa kanyang pagsasalin ng mga laminang ginto. Pagkatapos makinig sa mga "kakatwang lalaking" ito, katulad ng tawag niya sa kanila, ginawa ni Sarah ang ganito:

"Nakadarama ng kasabikan na makita ang Aklat ni Mormon . . . , humingi ako [nito] . . . pagkatapos ay pumasok sa silid ko at ginugol ang nalalabi sa gabing iyon at ang kahabaan [ng] gabi sa pagbabasa nito. Tunay na namangha ako sa mga nilalaman nito. Nag-iwan ang aklat ng impresyon sa isipan ko na hindi ko kailanman malilimutan. Waring bukas ito sa aking mga mata ng mga ilang linggo pagkatapos."

Nang sumunod na araw ay umalis ang mga elder patungo sa isang lungsod na limang daang milya ang layo. Dinala nila ang kanilang Aklat ni Mormon, at inisip ng mag-anak ni Sarah na hindi na nila kailanman makikitang muli ang aklat o ang mga misyonero. Isang gabi ng Biyernes, pagkaraan ng anim na linggo, napanaginipan ni Sarah na kinabukasan sa paglubog ng araw ay babalik ang mga misyonero, tatayo sa balkonahe niya, at makikipag-usap sa kanya. Nang magising siya, tiyak na tiyak ni Sarah ang panaginip niya kaya hinilingan niya ang itay niya na umuwi nang maaga mula sa bayan upang naroon siya sa pagdating ng mga misyonero.

"Sinabi ni tatay na baka nasisiraan na ako ng bait, sapagkat ang mga taong iyon ay daang milya ang layo. Subalit nagpilit ako: 'Tatay magmadali kayong umuwi ngayong gabi, sapagkat natitiyak kong darating sila.' Tumawa lamang siya, at umalis na sila ni nanay patungo sa bayan. Pagkatapos ay sinabi ko sa aking kapatid [na babae], 'Maghanda tayo, sapagkat tiyak na darating dito ang mga taong iyon.'"

Nang papalubog na ang araw ay lumitaw ang mga misyonero sa balkonahe nina Sarah. Pagkatapos ay nag-usap sila nang gayung-gayon sa napanaginipan niya at sinabi ng mga misyonero, "Nanaginip kami na kailangan naming bumalik dito at binyagan kayo at magtayo ng Simbahan sa rehiyong ito." Pinaupo ni Sarah ang mga elder sa loob ng bahay nila habang hinihintay niya sa balkonahe ang mga magulang niya. Inilarawan niya ang pagdating nila:

"Sinabi ng tatay ko sa akin, 'Ano, Sarah, nasaan ang iyong mga elder na Mormon?' Sinabi ko sa kanya na nasa loob sila ng bahay, kasabay ng paglabas nila sa balkonahe, upang salubungin siya. Takang-taka si tatay."

Nanatili ang mga elder sa mag-anak nang gabing iyon at muling pinag-usapan ang pagdating ng Aklat ni Mormon. Nanatili sila sa pook hanggang mabinyagan nila ang isang kongregasyon na may mahigit sa pitumpung kasapi, kabilang si Sarah, ang tatay niya, nanay, at kapatid na babae. (Tingnan sa *Stories from the Early Saints Converted by the Book of Mormon* ni Susan Easton Black [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1992], p. 12–14.)

Talakayan sa pisara

- Bakit nagpapadala ang Simbahan ng mga misyonero upang mangaral ng ebanghelyo?

Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara. Maaaring kabilangan ng mga sumusunod ang kanilang mga sagot:

1. Sapagkat inutusan tayo ng Ama sa Langit na gawin ito
2. Upang tulungan ang mga taong lumapit kay Cristo at sa kanyang simbahan
3. Upang tulungan ang mga taong tanggapin ang mga nakapagliligtas na ordenansa, katulad ng pagbibinyag
4. Upang makapagsisi sa kanilang mga kasalanan ang mga tao at mapatawad
5. Upang babalaan ang mga tao sa mga kahihinatnan ng kasalanan
6. Upang tipunin ang matatapat sa daigdig
7. Upang bigyan tayo ng pagkakataong maglingkod at umunlad
8. Upang itatag ang kaharian ng Diyos at maghanda para sa Ikalawang Pagparito

---

**Dapat Maglingkod sa Misyon ang Bawat Kabataang Lalaki**

Sipi

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Madalas itinatanong: Dapat bang magmisyon ang bawat kabataang lalaki? At ang sagot ay ibinigay ng Panginoon. Ito ay 'Oo.' Bawat kabataang lalaki ay dapat magmisyon. . . .

" . . . Ang bawat lalaki ay dapat ding magbayad ng kanyang ikapu. Ang bawat lalaki ay dapat mangilin sa Sabbath. Ang bawat lalaki ay dapat dumalo sa mga pulong niya. Ang bawat lalaki ay dapat magpakasal sa templo" ("When the World Will Be Converted," *Ensign,* Okt. 1974, p. 8).

Paglalahad ng tagapayo

Bigyang-diin na sa pamamagitan ng mga propeta niya, inutusan tayo ng Panginoon na magmisyon. Hindi natin matatakasan ang pananagutang iyan katulad ng hindi tayo maaaring malibre sa pagbabayad ng ikapu o sa pagtupad ng anumang iba pang utos ng Panginoon.

- Ano ang ilang karaniwang dahilan sa hindi pagmimisyon?

Sipi

Ipaliwanag na nagsalita si Elder William R. Bradford ng Pitumpu tungkol sa paksang ito:

"Ang ilan sa inyo ay nagsasabi sa inyong mga isipan, 'Alam ninyo, hindi lamang ninyo nauunawaan ang kalagayan ko. Iba ang kalagayan ko. Plano kong maging isang sikat na abogado, o manggagamot, o manlalaro, o isang kilalang tao. Natitiyak kong hindi mo nanaisin ni ng Panginoon na iwanan ko ang aking pag-aaral sa ganitong napakahalagang panahon. Ang misyon ay makasasagabal sa aking mga plano sa hinaharap.'

"Ang iba ay nag-iisip, 'Oo, alam ko ang tungkol sa misyon, subalit kung may kasintahan kang katulad ng kasintahan ko, hindi mo siya iiwan kailanman. Ano ang mangyayari sa kanya habang wala ako?'

"Ang iba pa sa inyo ay nag-iisip, 'Napakamahal ang magmisyon. Kapapasok ko lamang sa trabahong ito. Kabibili ko lamang ng kotse at *stereo*. Ito pa lamang ang panahon na nakukuha ko ang mga bagay na gusto ko. Hindi ko basta maiiwan na lamang ang lahat ng ito ngayon. Hindi ko talaga makakaya.'

"Pagkatapos ay may mga nag-iisip din, 'Hindi ako karapat-dapat dahil sa katayuan ko. Nagkasala ako at hindi ako nakikisali sa Simbahan. Plano ko na noon pa ang pagiging misyonero, subalit nagkamali ako at ngayon ay hindi ko naipamumuhay ang mga pamantayan na kailangan sa isang misyonero'" (sa Conference Report, Okt. 1981, p. 71; o *Ensign,* Nob. 1981, p.50).

Talakayan

- Sino ang hindi hinihilingang magmisyon?
- Ano ang mga sapat na dahilan para sa pagpapaliban ng misyon?

Dapat maging malinaw mula sa pahayag nina Pangulong Kimball at Elder Bradford na napakadalang lamang na ang isang kabataang lalaki sa Simbahan ay hindi magmisyon. Ipaliwanag na sa ilang mga kalagayan, ang isang kabataang lalaki ay maaaring hindi kailanganing magmisyon dahil sa mabibigat na suliranin sa kalusugan.

Sipi

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Bradford:

"Kung makakausap ko ang bawat isa sa inyo mga kabataang lalaki, . . . sasabihin ko nang husto sa inyo, 'Sino sa palagay ninyo kayo? Anong karapatan na itulad ang karunungan ninyo sa Diyos, na sa pamamagitan ng mga propeta niya ay nagpalabas ng isang matatag na utos, isang taimtim na batas, na ang ipinanumbalik na ebanghelyo ay kailangang ipahayag sa buong mundo sa pamamagitan ng tinig ng Kanyang mga disipulo? Ito ay nangangahulugang kayo!'" (sa Conference Report, Okt. 1981, p. 72; o *Ensign,* Nob. 1981, p. 50).

Talakayan

- Ano ang dapat gawin ng isang kabataang lalaki na malusog subalit ayaw magmisyon?

Ito ay maaaring maging mabuting pagkakataon para sa mga kabataang lalaki upang turuan ang isa't isa. Ang mga tugon nila ay maaaring kabilangan ng—

1. Dalawin ang obispo at talakayin ang kalagayan.
2. Magsisi. Tiyaking karapat-dapat siyang maglingkod sa misyon.
3. Taimtim na manalangin at saliksikin ang mga banal na kasulatan. Gumawa upang palakasin ang kanyang patotoo at maghanda para sa pagmimisyon.
4. Mag-alok na tumulong sa mga misyonero sa lugar nila. Tingnan kung ano ang ginagawa nila at kausapin sila tungkol sa mga karanasan nila.
5. Matapat na isaalang-alang ang mga dahilan niya sa hindi pagnanais na magmisyon. Manalangin para sa tulong upang madaig ang mga takot at hadlang.

---

**Mapaglilingkuran Natin ang Iba at Mapababanal ang Ating mga Sarili**

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na si Alma ay nagkaroon ng pangitain ng pangangailangan para sa mga misyonero. Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Alma 29:1–2.

- Ayon kay Alma, ano ang nagiging sanhi ng kalungkutan at hindi pagkakapantay-pantay sa daigdig? (Tingnan sa Alma 28:13–14; 29:2.)
- Ayon kay Alma, ano ang pinakamabuting kalutasan sa mga suliranin ng daigdig?
- Kung kayo si Alma at kayo ay may pagnanais na katulad ng sa kanya, ano ang gagawin ninyo?

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Alma 29:9 at 13.

- Ano ang nadama ni Alma tungkol sa pagkakataon niyang ipalaganap ang ebanghelyo?
- Paano maipangangaral ang ebanghelyo sa buong mundo?

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 1:4–5 at 17–18.

Talakayin sa mga kabataang lalaki ang mga utos at pangakong ibinigay sa mga misyonero. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na inutusan tayo ng Panginoon na babalaan ang "lahat ng tao," at habang nagpapatuloy ang mga misyonero, "walang makapipigil sa kanila."

Patotoo

Magpatotoo tungkol sa mga pagpapala at pananagutan ng pamumuhay sa panahong ito, nang ang ebanghelyo ay naipanumbalik na sa kaganapan nito. Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na sila ay isinilang upang tumulong sa gawain. Ituro na sa pamamagitan ng pagmimisyon ay makatutulong silang tuparin ang mga propesiya tungkol sa paglaganap ng ebanghelyo sa mga huling araw.

Talakayan at banal na kasulatan

• Ano ang mga pananagutan ng mga misyonero?

Ituro na may tiyak na plano ang Panginoon para sa gawaing misyonero at para sa bawat misyonero. Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 42:6–8.

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na kapag nagbibigay ng kanilang mga patotoo ang mga misyonero ay para na rin silang "nagsasalita na may trumpeta ng Diyos." Ang telebisyon, radyo, at iba pang makabagong gamit sa pamamahayag ay napaunlad at ginagamit sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, subalit ang mga misyonero ang pinakamahalagang kasangkapan ng pangangaral ng ebanghelyo.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 18:10–16. Maaaring naisin ng mga kabataang lalaki na markahan ang mga bahagi ng siping ito, lalo na ang mga talata 10, 15, at 16. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na karaniwan ay isahan o mga mag-anak, sa halip na malalaking pangkat ng tao, ang sumasapi sa Simbahan.

• Anong mga damdamin at karanasan ang nakatulong sa inyo na malaman na ang inyong kaluluwa ay mahalaga sa Ama sa Langit?

• Ano ang nadarama ninyo kapag ang isang minamahal ninyo ay nagsisisi?

• Ano ang madarama ninyo sa isang taong tumulong sa kaibigan o kamag-anak ninyo na matutuhan ang ebanghelyo?

Patotoo at kuwento

Magpatotoo na ang lahat ng pagsisikap na ibahagi ang ebanghelyo ay kapaki-pakinabang, kahit na isang tao lamang ang sumasapi sa Simbahan. Binanggit ni Elder Gordon B. Hinckley si Elder Charles A. Callis sa pagsasalaysay ng karanasang ito:

"Noong ako ay Pangulo ng Misyon sa mga Katimugang Estado, pinapupunta ko sa aking tanggapan ang bawat misyonero bago siya umuwi. Isang araw ay pumasok ang isang kabataang lalaki at sinabi ko, 'Ano ang nagawa mo?'

"Ang sabi niya, 'Wala, at uuwi na ako.'

" 'Ano ang ibig mong sabihing wala kang nagawa?'

" 'Alam ba ninyo,' ang sabi niya, 'Nakapagbinyag ako ng isang tao sa kakahuyan ng Tennessee. . . . Wala siyang sapat na kaalaman o sapat na kamuwangan upang magsuot ng sapatos. At iyon lamang ang nagawa ko. Sinayang ko ang aking oras at ang pera ng tatay ko. . . . '

" . . . Pumunta ako sa pook na iyon makaraan ang anim na buwan upang tingnan ang taong iyon. Ang damdamin ng kabiguang dala ng batang lalaking iyon sa pag-uwi ay nakabalisa sa akin, at nagpasiya akong dalawin ang taong nabinyagan niya. Natuklasan kong inordenan na siya bilang isang diyakono at nagkaroon siya ng ilang maliliit na takdang gawain sa sangay na tinitirahan niya. Makaraan ay inordenan siya bilang isang elder at binigyan ng mga higit na pananagutan. Umalis siya sa tinitirhang inuupahang bukid at bumili ng isang maliit na piraso ng sariling lupa. Pagkaraan ay tinawag siyang pangulo ng sangay. Pagkaraan ay ipinagbili niya ang kanyang bukirin, lumipat sa Idaho at bumili ng bukirin doon. Pinalaki niya ang kanyang mag-anak; ang mga anak niyang lalaki at babae ay nagmisyon at ang kanilang mga anak. Katatapos ko lamang ng pagsasaliksik na nagsasabi, ayon sa pinakamabuting kaalamang mahahanap ko, na mahigit sa 1100 tao ang sumapi sa Simbahan bilang bunga ng pagbibinyag ng isang taong iyon ng isang misyonero na nag-akalang nabigo siya" (*The Consequences of Conversion,* Brigham Young University Speeches of the Year [Provo, 28 Ene. 1959], p. 4–5).

---

### Ang mga Pagpapala ng Misyonerong Paglilingkod

Paglalahad ng tagapayo at sipi

Ipaliwanag na ang gawaing misyonero ay isang dakilang pagpapala at pagkakataon. Maaari mong naising sabihin sa mga kabataang lalaki ang tungkol sa mga pagpapalang tinanggap mo bilang bunga ng sarili mong misyon, o tungkol sa mga pagpapalang tinanggap ng isang misyonerong kilala mo. Itinuro ni Elder Bradford ang ilang mga pagpapalang maaaring magmula sa gawaing misyonero.

Ipinaliwanag niya na ang pagmimisyon "ay isang kahanga-hangang handog ng panahon, isang panahong ibinigay kung kailan makararanas kayo ng manaka-nakang makalangit na buhay dito sa daigdig. Ito ang panahon ng paglilinis at pagsasariwa. Ito ay isang natatanging oras na mapatitibay sa iyo ng Espiritu Santo ang kaalaman ng dakilang plano para sa kadakilaan ninyo. Isa ito sa inyong pinakamabuting pagkakataon upang maging karapat-dapat sa kahariang selestiyal.

"Ang pinakamataas sa lahat ng paglilingkod sa iba ay turuan sila ng katotohanan at dalhin sila sa kaharian ng Diyos" (sa Conference Report, Okt, 1981, p. 73; o *Ensign,* Nob. 1981, p. 81).

Ipabasa, pamarkahan, ipatalakay sa mga kabataang lalaki ang Santiago 5:20.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang gawaing misyonero ay nagpapala kapwa sa misyonero at sa mga nakikinig sa ebanghelyo. Dumaranas ng malaking kagalakan ang mga tao kapag tinatanggap nila ang ebanghelyo ni Cristo at sumusunod sa mga utos niya. Habang ginagawa nila ito, napupuspos sila ng Espiritu ng Diyos at nakadarama ng kapayapaan na hindi pa nila kailanman naranasan.

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 50:13–14, 22 at 6:3.

- Sa mga talatang ito, ano ang mga pagpapalang ipinangako sa matatapat na misyonero?

Sipi

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson:

"Ang mga lalaki at babaeng ibinabaling ang mga buhay nila sa Diyos ay makatutuklas na higit na malaki ang magagawa niya sa buhay nila kaysa sa magagawa nila. Gagawin niyang lubos ang kanilang kagalakan, palalawakin ang kanilang mga pananaw, pasisiglahin ang kanilang mga isipan, palalakasin ang kanilang mga kalamnan, bibigyang sigla ang kanilang espiritu, daragdagan ang kanilang mga pagpapala, paraaramihin ang kanilang mga pagkakataon, aaliwin ang kanilang mga kaluluwa, gagawa ng mga kaibigan, at magbubuhos ng kapayapaan. Ang sinumang mawalan ng buhay sa Diyos ay makatatagpo na siya ay may buhay na walang-hanggan" ("Jesus Christ—Gifts and Expectations," *New Era,* Mayo 1975, p. 20).

Kuwento

Upang ilarawan ang mga pagpapala na maaaring maging bunga ng pagmimisyon, basahin o isalaysay ang sumusunod na kuwento:

Si Doug ay isang katangi-tanging manlalaro. Isa rin siyang matalinong mag-aaral. Sa huling taon niya sa mataas na paaralan, ang mga tagasanay mula sa maraming kolehiyo at pamantasan ay nagsikap na makuha siya. Ipinagmamalaki ng mga magulang niya na hindi aktibo sa Simbahan si Doug at hinimok siyang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral at ang kanyang pagiging manlalaro.

Si Doug ay tinawag ng kanyang obispo at pinaalalahanan na magiging labinsiyam na taon na siya. Iminungkahi ng obispo na magsimula na silang maghanda ng mga papel upang irekomenda si Doug sa misyon. Bagaman hindi siya gaanong nasasabik sa ideya, iniuwi ni Doug ang mga papeles at sinabi sa kanyang mga magulang ang sinabi ng obispo. Namangha sila na pinag-iisipan pa ni Doug ang misyon samantalang may magaganda siyang pagkakataon kung magpapatuloy siya sa kolehiyo.

Pinag-isipan ni Doug ang mga pagkakataon niya at tinimbang ito laban sa pananagutang nadarama niya sa Ama sa Langit at sa Simbahan. Nais niyang magkolehiyo kaagad, subalit alam niya na maaaring hindi tama iyon. Sa araw-araw niyang panalangin, hiniling niya sa Ama sa Langit na tulungan siyang magpasiya ng tama at tulungan siyang makadama ng mabuti tungkol dito. Sa wakas ay nagsabi siya sa kanyang mga magulang na nagpasiya na siyang magmisyon. Inakala nila na ang misyon ay masamang pagpili subalit sinabi na hindi sila sasalungat sa kanya.

Nang italaga ng pangulo ng istaka si Doug bilang isang misyonero, pinangakuan si Doug na hindi niya pagsisisihan ang pasiya niyang maglingkod sa Panginoon. Pinangakuan din siya na pagpapalain siya sa mga paraan na hindi pa niya mapapansin. Sa mga unang buwan ng misyon niya, nagsipag si Doug, subalit kung minsan ay nag-iisip siya kung ano kaya ang nangyari kung nagpatuloy siya sa kolehiyo.

Habang lumilipas ang panahon, napansin ni Doug na ang mga sulat ng mga magulang niya ay nagbabago. Sinabi sa kanya ng tatay niya ang tungkol sa aralin sa pagkasaserdote na dinaluhan niya, at sinabi ng nanay niya na siya at ang tatay niya ay nakadalo na sa pulong sakramento nang ilang ulit. Sa isang sulat, sinabi ng mga magulang niya na hinilingan sila ng obispo na dumalo sa klase sa paghahanda sa templo. Sinabi nila kay Doug na nagpasiya silang gawin iyon dahil sa tila lubhang nakatalaga at maligaya siya sa kanyang misyon. Natapos ng mga magulang niya ang klase, nagtungo sa templo, at naibuklod sa isa't isa.

Noong linggo pagkabalik ni Doug mula sa misyon, siya at ang mag-anak niya ay ibinuklod bilang isang mag-anak. Sa buong panahong nasa templo sila ay iniisip ni Doug, "Paano kung hindi ako nagmisyon?"

Sabihin sa mga kabataang lalaki na ang mag-anak ng isang misyonero ay hindi palaging makadaranas ng madudulang pagbabago o mga himala, subalit palagi silang makatatanggap ng mga dakilang pagpapala. Maaari mong naising magbahagi ng karanasan o magbigay ng iyong patotoo tungkol sa mga pagpapala na dumating sa mag-anak mo o sa isang mag-anak sa purok dahilan sa isang pagmimisyon ng isang anak.

---

**Kailangan Nating Maghanda Para sa Misyonerong Paglilingkod**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Alma 17:2–3.

- Anong kalakasan at mga pagpapalang espirituwal ang tinanggap ng mga anak na lalaki ni Mosias?
- Ano ang nagawa na nila upang maging karapat-dapat para sa mga pagpapalang iyon?

Talakayan sa banal na kasulatan at pisara

Ipabasa at ipatalakay sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 4.

- Ano ang mga dapat na katangian ng isang misyonero?

Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga kabataang lalaki.

- Paano kayo magkakaroon ng mga ganoong katangian?

Bigyang-diin sa mga kabataang lalaki na upang maging mabisa, kailangang maging handa ang isang misyonero.

Sipi

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson:

"Ninanais ng Panginoon na ang bawat kabataang lalaki ay maglingkod sa misyon. . . . Hindi lamang dapat isaalang-alang na isang tungkuling pagkasaserdote ang isang misyon, kundi dapat asamin ng bawat kabataang lalaki ang karanasang ito nang may malaking kagalakan at pag-asam. Anong pribilehiyo—anong sagradong pribilehiyo—na maglingkod sa Panginoon sa loob ng dalawang taon nang buo mong puso, kapangyarihan, isipan, at lakas. Wala ka nang magagawa pang higit na mahalaga. . . .

"Maghandang mabuti para magmisyon sa buong buhay ninyo, hindi lamang anim na buwan o isang taon bago kayo umalis.

"Mahal namin ang lahat ng ating mga misyonero na naglilingkod sa Panginoon sa panghabang panahong larangan ng misyon. Subalit may pagkakaiba ang mga misyonero. Ang ilan ay higit na handang maglingkod sa Panginoon sa unang buwan sa larangan ng misyon kaysa sa ilan na umuuwi pagkatapos ng dalawampu't apat na buwan.

"Nais namin na ang mga kabataang lalaki na pumapasok sa larangan ng misyon ay 'handa,' na may pananamplatayang nagmumula sa pansariling katwiran at malinis na pamumuhay upang magkaroon sila ng dakila at mabungang misyon. . . .

"Bigyan ninyo ako ng isang kabataang lalaki na napanatiling malinis sa moralidad ang sarili at buong katapatang dumalo sa mga pulong niya sa Simbahan. Bigyan ninyo ako ng isang kabataang lalaki na gumanap nang mabuti sa kanyang pagkasaserdote at nakakuha ng Gantimpalang Tungkulin sa Diyos (Duty to God Award) at isang Agilang Iskaut (Eagle Scout). Bigyan ninyo ako ng isang kabataang lalaki na nagtapos sa seminaryo at may maalab na patotoo sa Aklat ni Mormon. Bigyan ninyo ako ng ganitong kabataang lalaki,

at bibigyan ko kayo ng isang kabataang lalaki na makagagawa ng mga himala para sa Panginoon sa larangan ng misyon at sa buong buhay niya" (*Ensign,* Mayo 1986, p. 44–45).

Paglalahad ng isang nagbalik na misyonero

Kung nakapag-anyaya ka ng isang kababalik lamang na misyonero upang dalawin ang klase mo, pahintulutan siyang magsalita ng ilang minuto sa mga kabataang lalaki tungkol sa paghahanda para sa misyon. Maaari mo ring naising maglaan ng oras upang masagot ng nagbalik na misyonero ang mga tanong ng mga kabataang lalaki.

Talakayan

- Paano kayo makapaghahanda para sa pagmimisyon?
- Ano ang magagawa ninyo ngayon upang ibahagi ang ebanghelyo?

Himukin ang mga kabataang lalaki na magtakda ng mga tiyak na layunin na tutulong sa kanilang maghanda upang maglingkod sa misyon. Himukin sila na ibahagi ang ebanghelyo sa kanilang mga kaibigan at paglingkuran ang mga hindi kasapi ng Simbahan.

---

**Katapusan**

Pakikibahagi ng klase

Anyayahan ang mga kabataang lalaki na ibahagi ang kanilang mga damdamin tungkol sa pagmimisyon.

Patotoo at hamon

Magpatotoo na ang bawat kabataang lalaki ay dapat maglingkod sa Panginoon bilang isang misyonero at dumarating ang mga dakilang pagpapala sa mga naglilingkod nang marangal na misyon. Maaari mong naising ibahagi ang iyong mga damdamin tungkol sa mga pagpapala na dumating sa iyo sa pamamagitan ng gawaing misyonero.

Hamunin ang bawat kabataang lalaki na mag-ayuno at manalangin at hilingin sa Panginoon na palakasin ang patotoo niya at ang pagnanais niyang magmisyon.

# 26 Mga Pagpapala ng Kalinisang Puri

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na kailangan niyang bantayan ang sagradong kapangyarihan ng pag-aanak at huwag pagmalabisan ito.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Exodo 20:14; Mateo 5:27–28; 26:41; 1 Mga Taga Corinto 10:13; 1 Nefias 3:7; 2 Nefias 4:17–20, 31–32; Alma 39:3–5; 3 Nefias 18:15; at Doktrina at mga Tipan 42:22–24.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Tiyakin na ang bawat kabataang lalaki ay may kopya ng polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan* (34285).
4. Kung makukuha sa inyong pook, ipalabas ang "Chastity: As a Man Soweth" sa *Family Home Evening Video Supplement 2* (53277).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Talakayan

Ipaliwanag na ang ilang bagay ay malalaking pagpapala kapag ginamit nang tama, subalit kapag ginamit nang mali, nagiging mapanganib at mapanira ang mga ito.

• Anong mga bagay ang mga pagpapala kapag ginamit nang tama subalit mapanganib kapag ginamit nang mali?

Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng mga bagay na katulad ng mga sumusunod. Maaari mong naising ibahagi ang isa o higit pa sa mga halimbawang ito upang matulungan ang mga kabataang lalaki na makaunawa.

1. Kuryente. Malaking pagpapala ang kuryente kapag ginamit nang may mga pananggalang at insulasyon. Subalit kapag ginamit nang walang-ingat, makamamatay ito kaagad.
2. Kotse. Kapaki-pakinabang na uri ng sasakyan ang kotse, subalit kapag walang ingat na pinatakbo, maaari itong maging isang sandatang nakamamatay.
3. Tubig. Ang tubig ay nakapagbibigay buhay, subalit maaari itong maging lubhang mapanira kapag hindi napigil.
4. Gamot. Kapag ginamit ayon sa payo, makapagliligtas ng buhay at makapagpapagaling ng mga katawan ang gamot. Kapag ginamit nang labis ito ay makamamatay, makapipinsala, o makapagpapasugapa.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang kapangyarihan ng pag-aanak ay katulad ng mga bagay na ito. Kapag ginamit nang tama, makatutulong sa atin ang sagradong kapangyarihang ito na maging higit na katulad ng Diyos. Kung ginagamit natin ito nang mali o walang-ingat, maaari mawala sa atin ang kadakilaan.

Sa pagkakaalam na ang tamang paggamit ng kapangyarihang mag-anak ay makatutulong na padakilain tayo at ang maling paggamit nito ay maaaring magsumpa sa atin, inutusan tayo ng Ama sa Langit na pangalagaan ang kapangyarihang ito. Nalalaman ni Satanas na ang maling paggamit nito ay makasisira sa atin, kaya sinisikap niyang hikayatin tayo na makaluma ang maging dalisay sa seksuwalidad at ang mga karaniwan at walang-pinipiling gawaing seksuwal ay nagdudulot ng kasikatan at kaligayahan.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Exodo 20:14. Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang talatang ito.

- Ano ang kahulugan ng utos na ito?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Mateo 5:27–28 at Doktrina at mga Tipan 42:22–24. Imungkahi na markahan nila ang mahahalagang salita sa mga siping ito.

- Paano pinalawak ng Panginoon ang mga tagubilin niya sa mga talatang ito?
- Kailan tayo nagsisimulang magkasala ng pakikiapid?
- Ayon sa Doktrina at mga Tipan 42:23, ano ang mangyayari kung tumitingin tayo nang may pagnanasa at hindi nagsisisi?

Ipaliwanag na ang "mahihiwalay" ay nangangahulugang itiniwalag.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Alma 39:3–5.

- Ano ang kasalanan ni Corianton?
- Gaano kalubha ang kasalanang ito?

Ipaliwanag na yamang napakalubha ng kasalanang seksuwal, dapat nating ingatang mabuti ang kapangyarihan ng pag-aanak.

---

**Binabatikos ni Satanas ang Kalinisang Puri**

Sipi

Isinulat ni Harold B. Lee, "Kapag nauudyukan kayo sa kalaswaan sa pananamit o sa marumi at malaswang pananalita o bastos na kilos sa inyong panliligaw, nilalaro ninyo ang laro ni Satanas at nagiging biktima ng sinungaling niyang dila" (Harold B. Lee, *Stand Ye in Holy Places* [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1974], p. 332).

Talakayan sa pisara

- Anong mga kagamitan o paraan ang ginagamit ni Satanas upang impluwensiyahan ang mga tao na labagin ang batas ng kalinisang puri?

Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga kabataang lalaki. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng mga sumusunod:

Mga kagamitan ni Satanas

Malalaswa o nagpapahiwatig ng kalaswaang pelikula at palatuntunan sa telebisyon
Ang ideya ng "kalayaang" seksuwal
Pamimilit ng mga kauri
Alkohol at mga bawal na gamot
Malalaswang musika at mga titik
Mahahalay na pananamit at kilos
Malalaswang aklat at magasin

Ang sumusunod na bagay ay naglalarawan sa mga panganib ng ilang nagpapahina at sumisira sa kalinisang puri. Maaari mong naising gamitin ang bagay na ito habang tinatalakay ninyo ang mga tugon ng mga kabataang lalaki.

1. *Malalaswa o mahahalay na pelikula:* "Ang mga pelikulang nagpapahiwatig ng kalaswaan ay nag-akay sa libu-libong kabataan sa mga seksuwal na patibong. Ang maiinit na pagtatalik sa pelikula ay naging huwaran ng pagkilos sa pakikipagtipanan ng maraming kabataan" (Mark E. Petersen, *Live It Up!* [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1971], p. 24).
2. *"Kalayaang" seksuwal:* "Binibigyang-katuwiran ng ilang tao ang kanilang imoralidad sa pagsasabing ang mga pagbabawal laban dito ay mga batas lamang ng relihiyon na wala nang kahulugan dahilan sa wala naman talagang Diyos. . . .

   " . . . Sila . . . ay lubhang abala sa sarili nilang mga pagnanais, pagkahumaling, gana, at pagnanasa na wala na silang panahon para sa mga sagradong bagay" (Mark E. Petersen, sa Conference Report, Abr. 1969, p. 65; o *Improvement Era,* Hunyo 1969, p. 79).

3. *Alkohol:* “Ang mga inuman at paghihipuan ay gumagawa ng kapaligirang ang kamalayang moral ay nagiging malabo at umiiral ang di-mapigil na pagkahumaling. Sa gayon ay nagiging madaling gawin ang huling hakbang pababa sa kahihiyang moral” (David O. McKay, *Gospel Ideals* [Lungsod ng Salt Lake: Improvement Era, 1953], p. 410).
4. *Malalaswang musika at mga titik:* “Nakikinig ba kayo sa musika na pinakikinggan ng maraming kabataan ngayon? . . . Karamihan dito ay tahasang ginawa upang magsimula ng paghihimagsik, [mga droga], imoralidad, at hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng magulang at anak” (Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1969, p. 14; o *Improvement Era,* Hunyo, 1969, p. 46).

---

**Naiimpluwensiyahan Ba Ako?**

Mga palaisipang tanong

Ipaisip sa mga kabataang lalaki ang mga sumusunod na tanong:

1. Nakikinig ba ako at nasisiyahan sa masama o nagpapababang musika at mga titik?
2. Nagbabasa ba ako ng mga aklat at magasin na nagdudulot ng mga nagpapahiwatig ng kalaswaan at imoral na kaisipan sa aking isipan?
3. Nakikisalamuha ba ako o pumapansin sa mga batang babae at kababaihan na nananamit nang mahalay o kumikilos nang hindi tama?
4. Nagsasalaysay ba ako o nakikinig sa masasagwang biro o kuwento?
5. Ako ba o ang aking mga kaibigan ay nagsasalita nang hindi tama tungkol sa mga batang babae o nagsasabi ng mga bastos na bagay sa kanila?
6. Nanonood ba ako ng mga pelikula na hindi kailanman ipalalabas sa isang bahay-pulungan ng Banal sa Huling-araw o sa isang gawaing itinataguyod ng Simbahan?
7. Nanonood ba ako ng mga palatuntunan sa telebisyon na masama at nagpapababa?
8. Gumugugol ba ako ng maraming oras na kasamang nag-iisa ang aking kasintahan?

Ituro na ang isang sagot na “oo” sa alinmang mga tanong na ito ay nagpapakita ng isang suliranin. Himukin ang mga kabataang lalaki na umiwas sa mga nakapipinsalang gawaing ito at magtakda ng mga tiyak na layunin upang baguhin ang kanilang mga ugali kung kailangan.

Sipi

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na pinayuhan tayo ng mga propeta na iwasan ang lahat ng bagay na ito. Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson ang sumusunod:

“Mga kabataang lalaki ng Pagkasaserdoteng Aaron, alalahanin ang utos sa banal na kasulatan, ‘Maging malinis kayo na nagdadala ng mga sisidlan ng Panginoon’ (3 Nefias 20:41; Doktrina at mga Tipan 38:42; tingnan din sa Isaias 52:11.) Alalahanin ang kuwento ni Jose sa Ehipto, na hindi nakinig sa maybahay ni Potiphar at pinanatili ang kanyang kadalisayan at kabutihan (tingnan sa Gen. 39:6–20).

“Masusing isaalang-alang ang mga salita ni propetang Alma sa kanyang nagkasalang anak na lalaki, si Corianton, ‘Talikuran ang iyong mga kasalanan, at huwag nang sundin pa ang pagnanasa ng iyong mga mata’ (Alma 39:9).

“ ‘Ang pagnanasa ng iyong mga mata.’ Sa panahon natin, ano ang kahulugan ng kasabihang iyon?

“Mga pelikula, palatuntunan sa telebisyon, at *beta/vhs tapes* na kapwa nagpapahiwatig ng kalaswaan at masagwa.

“Mga magasin at aklat na malaswa at mahalay.

“Pinapayuhan namin kayo, mga kabataang lalaki, na huwag dumihan ang mga isipan ninyo ng mga ganitong nagpapababang bagay, sapagkat ang isipan na dinaraanan ng duming ito ay hindi na kailanman katulad ng dati pagkatapos. Huwag manood ng mga sine na may antas na R (R-rated) o mahahalay na *video* o makisali sa anumang libangan na imoral, na nagpapahiwatig ng kalaswaan, o mahalay. Huwag makinig sa nakapagpapababang musika” (sa Conference Report, Abr. 1986, p. 58; o *Ensign,* Mayo 1986, p. 45).

Bigyang-diin na kailangang hindi malinlang ang mga kabataang lalaki ng mga maluwag na pamantayan na laganap ngayon. Bagaman sa wari ay makabago ang mga ito, ang mga pamantayang ito ay hindi talagang bago. Ang “bagong moralidad” ay isa lamang pangalan para sa lumang imoralidad na itinuturo ni Satanas sa loob ng libu-libong taon.

Magpatotoo na alam ng mga propeta kung paano maging isang kabataan. Alam nila ang mga hamon at tuksong hinaharap ng mga kabataan ngayon. Ipaliwanag na naghayag ang Panginoon ng mga pamantayan na tutulong na pangalagaan tayo sa kasalanan at panganib.

Talakayan at *Para sa Lakas ng Kabataan*

Ipamigay ang mga kopya ng *Para sa Lakas ng Kabataan.* Kasama ng mga kabataang lalaki, basahin at talakayin ang mga bahaging pinamagatang “Mga Pamantayan,” “Pakikipagtipanan,” “Pananamit at Pag-aayos,” “Media (Pamamahayag),” “Musika at Pagsasayaw,” at “Seksuwal na Kadalisayan.”

Paalala sa guro

Napakahalaga na maunawaan ng mga kabataang lalaki sa iyong klase ang mga salita at babala sa *Para sa Lakas ng Kabataan*. Maaaring ito ay angkop na oras upang sagutin ang mga tanong nila tungkol sa mga pamantayan. Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na kung nalabag nila ang ilan sa mga pamantayang ito, dapat silang magsisi kaagad. Pangakuan sila na patatawarin ng Panginoon ang sinuman na matapat na magsisisi.

Paglalahad ng tagapayo at sipi

Bigyang-diin ang mga pagpapala na dumarating sa mga nagpapanatili sa sarili nila na dalisay at karapat-dapat. Ang pinakadakila sa mga pagpapalang iyon ay kinabibilangan ng pribilehiyong makapasok sa templo at ang pagkakataon na magmisyon.

Basahin at ipaliwanag ang pahayag na ito mula sa Unang Panguluhan:

“Hindi isang karapatan ang pagmimisyon ng buong panahon, kundi isang pribilehiyo para sa mga tinawag sa pamamagitan ng inspirasyon ng Unang Panguluhan. . . .

“Upang matiyak ang kinakailangang pagiging karapat-dapat, ang isang taong nakagawa ng malubhang paglabag ay kailangang lubos na nagsisi ayon sa pamantayang itinatag ng Tagapagligtas. Ang kandidato ay kailangang lubusang karapat-dapat na pumasok sa templo bago mairekomenda sa pagmimisyon. . . . Ang tao [ay] kailangang walang paglabag sa sapat na panahon upang maipakita ang tunay na pagsisisi at espirituwal na maghanda para sa sagradong tawag sa misyon. Ang panahong ito ay maaaring kasinghaba ng tatlong taon para sa maramihang malulubhang paglabag, at hindi dapat maging wala pang isang taon mula sa pinakahuling paglabag” (tingnan sa mga liham ng Unang Panguluhan na may petsang 4 Mar. at 21 Okt. 1993).

---

**Pagdaig sa Tukso**

Patotoo

Magpatotoo na kung susundin natin ang mga utos at hahangarin ang pagsama ng Espiritu Santo, makapamumuhay tayo nang malinis. Nangako ang Ama sa Langit na bibigyan niya tayo ng kapangyarihan na mapagtagumpayan ang tukso at masunod ang mga utos niya.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang 1 Nefias 3:7 at 1 Mga Taga Corinto 10:13.

- Ano ang kahulugan ng mga talatang ito?
- Ano ang nadarama ninyo tungkol sa mga salita nina Nefias at Pablo?

Pasagutan nang tahimik sa mga kabataang lalaki ang mga sumusunod na tanong.

- Anong mga utos ang mahirap ninyong sundin ngayon? Anong mga tukso ang kinakailangan ninyo ng tulong upang madaig?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 2 Nefias 4:17–20, 31–32. Anyayahan ang mga kabataang lalaki na ibahagi ang kanilang iniisip tungkol sa mga salita ni Nefias. Tulungan silang maunawaan na lahat—maging ang isang tao na may kasinglakas na pananampalataya ng kay Nefias—ay nangangailangan ng tulong ng Ama sa Langit sa pagdaig sa tukso.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Mateo 26:41 at 3 Nefias 18:15. Ipaliwanag na ang mga ito ay mga salita ni Jesucristo.

- Ayon sa mga talatang ito, paano tayo makatatanggap ng tulong upang maiwasan ang kasalanan at madaig ang tukso?

Himukin ang mga kabataang lalaki na manalangin para sa tulong sa pagdaig sa mga tiyak na tuksong hinaharap nila ngayon.

---

**Ang mga Hakbang sa Kasalanan o Kaganapan**

Talakayan sa pisara


Ipaliwanag na inaakay tayo ng Ama sa Langit tungo sa kaganapan sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng "taludtod sa taludtod, panuntunan sa panuntunan; nagbibigay ng kaunti dito at kaunti doon" (Doktrina at mga Tipan 128:21). Gumagamit si Satanas ng katulad na mga pamamaraan upang malinlang tayo, na inaakay tayo pababa sa kasalanan nang paunti-unti.

Sipi

Binalaan tayo ni Pangulong Spencer W. Kimball tungkol sa kung paano sinisikap ni Satanas na sirain ang kalinisang puri.

"Napakarami na ang nalubog na ang kanilang mga sarili sa kasalanan sa pamamagitan ng pintuang ito ng marubdob na paghahalikan at paghihipuan. Nalalaman ng diyablo kung paano sisirain ang ating mga kabataang babae at lalaki. Maaaring hindi niya matukso ang isang tao na kaagad pumatay o mangalunya, subalit nalalaman niya na kung mapauupo niya nang gabing-gabi ang isang batang lalaki at batang babae matapos ang sayawan, o mapapaparada nang matagal sa dilim sa hulihan ng eskinita, ang pinakamabait na batang lalaki at pinakamabait na batang babae ay susuko sa wakas at babagsak. Nalalaman niya na lahat ay may hangganan sa kanilang paglaban" (*Miracle of Forgiveness,* p. 66).


Burahin ang pisara at iguhit ang sumusunod na paglalarawan:




Ipatuklas sa mga kabataang lalaki kung ano ang kinakatawan ng iba't ibang bahagi ng guhit. Tulungan silang matuklasan na—

1. Ang mga baitang pataas ay kumakatawan sa paraan ng Panginoon na magtatag ng lakas na moral.
2. Ang mga baitang pababa ay kumakatawan sa paraan ni Satanas na sirain ang lakas na moral.
3. Ninanais ng Panginoon na kumapit tayo sa gabay na bakal, o sa salita ng Diyos, at hangarin ang espiritu niya at ang mga bunga ng Espiritu, na kinabibilangan ng kabutihan, pagtitiis, kabaitan, pagmamahal, at pag-ibig sa kapwa-tao.
4. Ang paraan ni Satanas ay walang gabay. Habang pababa nang pababa sa mga baitang niya, mas nagiging madaya ang daan hanggang sa bigla kayong madulas at bumulusok nang tuluy-tuloy sa imoralidad.

Hilingan ang mga kabataang lalaki na magmungkahi ng mga hakbang na nagtatatag ng kalakasang moral at mga hakbang na sumisira sa lakas na moral. Isulat ang mga sagot nila sa pisara. Ang sumusunod na paglalarawan ay isang halimbawa:




**Katapusan**

Patotoo

Ipaliwanag na ang mga lalaki at mga babae ay pinagpala ng kapangyarihang nagpapahintulot sa kanila na maging kasamang-tagalikha ng Diyos. Magpatotoo na ang kapangyarihan ng pag-aanak ay sagrado at kailangang pangalagaan. Dahilan sa kasagraduhan nito, ang pakikipagtalik ay hindi kailanman dapat ipagwalang-bahala. Ito ay isang sagradong karapatang ibinigay sa mga mag-asawa. Ang mga kabataang lalaking may Pagkasaserdoteng Aaron ay hindi kailanman dapat magbiro tungkol sa pakikipagtalik o magsalita nang hindi dapat tungkol dito, anuman ang gawin ng iba pang kabataang lalaki. Ang kapangyarihan ng pag-aanak ay dapat lamang gamitin sa loob ng kasal.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na humawak nang buong lakas sa salita ng Diyos, na nagtuturo ng kalinisang puri. Hamunin silang hangarin ang Espiritu ng Panginoon upang mapakitunguhan nila ang mga kabataang babae nang may paggalang. Ipaliwanag na mayroon silang pagkasaserdoteng pananagutan na pangalagaan ang kapurihan ng lahat ng babae. Inaasahan din ng Ama sa Langit ang mga kabataang lalaki na pangalagaan at igalang ang kanilang sariling kabutihan. Muling magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng mga pamantayan na ibinigay sa atin ng Ama sa Langit at tungkol sa mga dakilang pagpapala na dumarating sa mga dalisay. Himukin ang mga kabataang lalaki na ipangako ang sarili nila na maging malinis sa buong buhay nila.

# 27 Ang Katawan ay Isang Templo

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na ang pagsunod sa Salita ng Karunugan ay tutulong na pangalagaan at panatilihin ang kanyang pisikal at espirituwal na kagalingan.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 1 Mga Taga Corinto 3:16–17 at Doktrina at mga Tipan 89.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Isang larawan ng kotse na nais maging pag-aari ng mga kabataang lalaki.
   c. Larawan 9, Isang Malusog na Kabataang Lalaki, at larawan 10, Templo sa Maynila–Pilipinas (62591), o isang larawan ng templong pinakamalapit sa pook ninyo.
   d. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Mga kopya ng *Para sa Lakas ng Kabataan* (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang kopya).
4. Para sa bawat kabataang lalaki, maghanda ng isang kard na naglalaman ng pahayag ni Elder L. Tom Perry na matatagpuan sa aralin.
5. Kung makukuha sa inyong pook, ipalabas ang “Addiction versus Freedom” sa *Family Home Evening Video Supplement 2* (53277).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Larawan at talakayan

Ipakita ang larawan ng isang kotse. Ilarawan ang kotse at ang pagiging kanais-nais nito. Tiyaking nalalaman ng mga kabataang lalaki kung gaano kahusay ang kotse. Hilingan ang mga kabataang lalaki na isiping ibinigay na sa kanila ang kotseng ito.

- Paano ninyo pangangalagaan ang kotseng ito kung ito ay inyo?
- Ano ang madarama ninyo kung lalagyan ng buhangin ng ilang taong maninira ang makina?
- Ano ang gagawin ng buhangin sa makina kapag pinaandar ninyo ang kotse?

Ipakita ang larawan 9, Isang Malusog na Kabataang Lalaki. Sabihin sa mga kabataang lalaki na binigyan ng isang kaloob ng Ama sa Langit ang bawat isa sa kanila na higit na kahanga-hanga kaysa sa kotseng nasa larawan—isang katawang lupa. Kung walang katawan, hindi natin mararanasan ang mga pagkakataon at aral ng buhay sa daigdig. Kung walang katawan, hindi tayo uunlad sa pagka-diyos at magiging katulad ng ating Ama sa Langit. Ituro na dahil sa mga kapansanan sa pagsilang, sakit, o sakuna, ang ating mga katawan ay maaaring hindi ganap. Gayunman, inaasahan ng Ama sa Langit na pangalagaan natin ang ating mga katawan sa pinakamabuting paraan na kaya natin. Dahil sa mahal niya tayo, sinabihan niya tayo kung paano natin pangangalagaan ang ating mga katawan.

**Mga Bagay na Hindi Dapat Mapasa-katawan**

Banal na kasulatan at talakayan

Bigyang-diin na ang pagpapasok ng mga nakasisirang bagay sa ating katawan ay katulad ng paglalagay ng buhangin sa makina ng kotse.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 89:7–9.

- Ano ang ilang bagay na hindi natin dapat inilalagay sa ating mga katawan?

Ipaliwanag na itinuro ng mga propeta na ang “maiinit na inumin” ay kape at tsaa. Nilinaw din ng mga propeta na inuutusan tayong huwag magmalabis sa mga gamot.

- Ano ang maaaring mangyari kung ipapasok natin sa ating mga katawan ang mga bagay na sinabi ng Panginoon na huwag nating gamitin?

- Paano sinira ng pagsuway sa Salita ng Karunungan ang mga taong kilala ninyo? Paano? Ipapaliwanag sa mga kabataang lalaki ang kanilang mga sagot nang hindi inihahayag ang mga pangalan ng mga nasasangkot.

---

**Mga Pisikal na Kahihinatnan ng Pagsuway**

Sipi

Ipaliwanag na ang pagkagumon ay isa sa mga pinakamapanganib na kahihinatnan ng paglabag sa Salita ng Karunungan. Basahin ang sumusunod na pahayag mula kay Elder Russell M. Nelson:

“Nauudyukan akong magsalita tungkol sa isang malalim na suliranin—ang pang-buong mundong epidemya ng pagkagumon sa ipinagbabawal na gamot. . . . Itinataas ko ang aking tinig kasama ng iba sa buong mundo na nagbababala laban sa pagmamalabis sa mga ipinagbabawal na gamot sa kabila ng ipinayong hangganan, at ang panglibangan at panlipunang paggamit ng mga kemikal na napakadalas na nasisimulan nang walang kamuwangan ng mga nabigyan ng maling kaalaman.

“Mula sa unang pagsubok na inisip na walang halaga, isang mabisyong pag-inog ang maaaring sumunod. Mula sa pagsubok ay dumarating ang isang ugali. Mula sa isang ugali ay dumarating ang pangangailangan. Mula sa pangangailangan ay dumarating ang pagkagumon. . . . Talagang ang mga ipinagbabawal na gamot ay makabagong ‘mangkok ng lugaw’ na dahilan ng pagbebenta ng mga kaluluwa. Walang mga mag-anak ang ligtas sa panganib.

“Subalit higit na malawak ang suliraning ito kaysa sa malalakas na gamot. Ang paggamit sa mga ito ay kadalasang nagsisimula sa paninigarilyo. Ang tabako at mga inuming may alkohol ay nagtataglay ng mga nakagugumong gamot. Nangunguna ang mga ito sa talaan ng mga pangyayari at pinagkakagastusan sa lipunan” (sa Conference Report, Okt. 1988, p. 5–6; o *Ensign,* Nob. 1988, p. 6).

- Bakit lubhang mapanganib ang pagkagumon?

Upang matulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan kung gaano kapanganib na labagin ang Salita ng Karunungan, maaari mong naising basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Boyd K. Packer:

“Naglilingkod sa plano ng prinsipe ng kadiliman ang pagkagumon sa narkotiko, dahilan sa sinisira nito ang daanan sa Banal na Espiritu ng Katotohanan. Sa ngayon, may hindi makatarungang kalamangan ang kalaban. Ang pagkagumon ay may kakayahang putulin ang kalooban ng tao at pawalang saysay ang pagpiling moral. Maaari nitong nakawan ang isang tao ng kapangyarihang magpasiya. Napakahalagang doktrina ang pagpili upang pabayaan sa ganitong panganib. . . .

“Nakikiusap ako sa inyo na taimtim na manalangin na sa isang dako, kahit paano, ang paraan upang burahin ang pagkagumon sa katawan ng tao ay matutuklasan.

“Hindi lamang ito pagdurusa ng tao kundi buhay ng tao ang nasa panganib; ito ay lahat ng pansarili at panlipunan at pampulitika at pang-espirituwal na kalayaan na pinaghirapan ng tao sa maraming panahon. Nasa panganib ang lahat ng binili ng dugo ng mga martir. Ang pagpiling moral mismo ay nasa panganib! Kung lahat tayo ay taimtim na mananalangin, tiyak na tutulungan tayo ng Panginoon. At kasama ng mga panalanging iyon, turuan ang mga anak ninyong sundin ang Salita ng Karunungan. Ito ang kalasag nila at mangangalaga sa kanila mula sa mga ugali na humahadlang sa mga daanan ng pansariling paghahayag” (sa Conference Report, Okt. 1989, p. 16–17; o *Ensign,* Nob. 1989, p. 14).

Talakayan

- Paano tayo pinangangalagaan ng pagsunod sa Salita ng Karunungan mula sa pisikal na panganib?

- Paano tayo pinangangalagaan ng pagsunod sa Salita ng Karunungan mula sa espirituwal na panganib?

### Mga Bagay na Para sa Ating Katawan

Larawan at paglalahad ng tagapayo

Muling tukuyin ang larawan ng kotse. Ipaliwanag na upang mapanatiling maayos na tumatakbo ang kotse, kailangan natin itong lagyan ng gasolina at langis. Kailangan nating panatilihing tama ang hangin ng mga gulong at panatilihing mahusay ang baterya. Sa katulad na paraan, kailangan ng mga katawan natin ang mga pagkaing masustansiya, o maiwawala ng mga ito ang kakayahan nilang kumilos nang tama at maging angkop na mga templo upang panirahan ng Espiritu ng Panginoon.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 89:10–17.

- Ano ang sinasabi ng Ama sa Langit na kainin natin?
- Ano ang mangyayari sa atin kung susundin natin ang Salita ng Karunungan?

Upang masagot ang tanong na ito, ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 89:18–21. Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang banal na kasulatang ito.

- Ano ang ipinangangako ng Ama sa Langit sa mga sumusunod sa Salita ng Karunungan?

### Mga Pagpapalang Pisikal

Sipi

Ituro na sa pangkalahatan, ang mga kasapi ng Simbahan ay pinagpala nang higit na malusog na katawan kaysa sa mga hindi kasapi. Si Elder Joseph B. Wirthlin ng Kapulungan ng Labindalawa ay nagsabi ng sumusunod tungkol sa Salita ng Karunungan:

"Ang mga naunang kasapi ng Simbahan ay sumunod sa payo ng Panginoon nang walang kapakinabangan ng kasalukuyang kaalamang medikal, na nagpapatunay sa mga kapakinabangang pisikal ng kanilang pagsunod. Alam na natin ngayon sa pamamagitan ng katibayan ng agham ang nalaman na ng mga Banal sa pamamagitan ng paghahayag sa loob ng 158 taon.

"Biruin ninyo ang mga bungang makikita natin kung ang lahat ng tao ay mamumuhay sa batas ng kalusugang ito at hindi kailanman pagmamalabisan ang kanilang katawan sa inuming may alkohol, tabako, at iba pang mga nakasasamang sangkap. Gaano kalaking pagbaba ang makikita natin sa mga sakuna sa sasakyan, karamdaman at maagang kamatayan, mga kapansanan ng isang hindi pa isinisilang na sanggol, krimen, nalustay na pera, wasak na tahanan, at nasayang na buhay na sanhi ng alkohol at ibang mga nakagugumong gamot? Gaano bababa ang kanser sa baga, sakit sa puso, at ibang mga karamdaman na sanhi ng paninigarilyo? Ang mga bunga ng mga utos na ito ay nagdudulot ng hindi mabilang na pagpapala.

"Malinaw na pinagpala sa kalusugan at espirituwalidad ang mga kasapi ng Simbahan sa pamamagitan ng pagiging masunurin sa utos na ito" (sa Conference Report, Okt. 1991, p. 19–20; o *Ensign,* Nob. 1991, p. 16).

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang pagsunod sa Salita ng Karunungan ay hindi tumitiyak ng buhay na malaya sa karamdaman; gayunman, makatitiyak tayo na tinutupad ng Ama sa Langit ang kanyang mga pangako. Kung matapat nating sinisikap na sundin ang Salita ng Karunungan, tatanggapin natin ang mga ipinangakong pagpapala.

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento ni Paul C. Kimball, na nagpapakita na ang pagsunod sa Salita ng Karunungan ay nakapagdudulot ng espirituwal at pisikal na kaliwanagan:

"Nang si Paul C. Kimball, isang mag-aaral na Banal sa Huling-araw sa Oxford University sa Inglatera, ay nahilingang sanayin ang isang bata, walang karanasang tripulanteng tagasagwan, sinabi niyang nakadama siya ng 'tila panghihina. Hindi pa ako kailanman nakapagsanay.

"Gayunman, tinanggap niya ang paanyaya sa isang kasunduan: 'Kung sasanayin ko kayo,' ang sabi niya sa mga tagasagwan, 'sasanayin ko kayo ayon sa aking mga alituntunin.' Ang mga alituntunin niya ay lubusang hindi paggamit ng tabako, alkohol, tsaa at kape. Mga isang linggo bago nakapagpasiya ang mga batang lalaki na tanggapin ang kasunduan niya.

"Nang matiyak ang kanilang kasunduan, 'kinuha sila,' ni Kimball. 'at sinanay sila tuwing hapon sa loob ng tatlong oras hanggang Pebrero.' Nang buwang iyon ay nakipagpaligsahan sila nang sunud-sunod laban sa lahat ng iba pang kolehiyo sa Oxford. 'Ang aking mga bata ay nakikipagpaligsahan sa mga tripulante na binubuo ng mga lalaking sumasagwan simula pa noong bata sila,' ang sabi ni Kimball. 'Ang pangkat kong ito ay kinabibilangan ng mga walang karanasang batang lalaki. Subalit nakapagsanay silang mabuti, at wala isa man sa kanila, sa pagkakaalam ko, ang nanigarilyo sa panahong ito, o uminom ng isa mang tasang tsaa o kape, o uminom ng anumang inuming may alkohol.'

"Gayunpaman, nang dumating ang araw ng karera, walang nag-isip na ang walang karanasang tripulante ay may pagkakataong manalo kahit konti. Nang tumunog ang kanyon, na nagpasimula sa isa at kalahating milyang karera sa Ilog Thames, inasahan na madaling maiiwan ang mga kabataang tripulante. Subalit nang ang mga tagasagwan ay makarating sa kalagitnaan, napansin ni Kimball, na tumatakbo sa tabing-ilog at isinisigaw ang mga tagubilin sa pamamagitan ng *megaphone,* na ang mga alaga niya ay tumatakbo nang patas sa kanilang mga katunggali.

"Isinigaw ni Kimball ang kanyang huling salitang pagpapayo: 'Bilisan ninyo!' Nagmabilis sila nang husto at sa loob ng isang minuto ay nakatakbo ng sandaang talampakang pagkauna sa mga pinakamalapit nilang katunggali. Madali nilang napanalunan ang karera.

"Sa bawat araw ng anim na araw na paligsahan ng pagsagwan, inasahan na matatalo ang mga tripulante ni Kimball. Subalit bawat araw, sa pagsunod sa iisang taktika, napakadali nilang nanalo. 'Nang tinanong ako ng mga tao kung paano ko pinangasiwaan ang ganoong tagumpay sa mga baguhan ay isinagot kong, "Pinamuhay ko nang matwid ang mga batang lalaking iyon,' ang sabi niya. 'Nang dumating ang pagmamadali, ang kanilang mga baga ay malinis; ang kanilang mga sistema ay malinis; ang kanilang dugo ay malinis, at ang kanilang mga ugat ay malalakas' " (Joseph Walker, "Victory on the Thames," *Church News,* 20 Peb. 1983, p. 20).

---

### Mga Pagpapalang Espirituwal

Paglalahad ng tagapayo at sipi

Ipaliwanag na ang lahat na nakaaapekto sa katawan ay nakaaapekto rin sa espiritu. Ang mga pagpapalang espirituwal na nagmumula sa pagsunod sa Salita ng Karunungan ay higit pa kaysa sa mga pagpapalang pisikal. Basahin at talakayin ang sumusunod na mga salita mula kay Elder Boyd K. Packer:

"Ang ating katawang lupa ay kasangkapan ng ating espiritu. Sa kamangha-manghang paghahayag na iyon, ang Salita ng Karunungan, tayo ay sinabihan kung paano pananatilihin ang ating mga katawan na malaya sa karumihan na maaaring magpalabo, o sumira man sa maseselang pandamang pisikal na may kinalaman sa espirituwal na pakikipagtalastasan.

"Ang Salita ng Karunungan ay isang susi sa pansariling paghahayag. Ito ay ibinigay bilang, 'isang alituntunin na may pangako, iniangkop sa kapasidad ng mahihina at ng pinakamahina sa lahat ng banal' (Doktrina at mga Tipan 89:3).

"Ang pangako ay tatanggap ang mga sumusunod dito ng 'malaking kayamanan ng kaalaman, maging mga nakatagong kayamanan' (Doktrina at mga Tipan 89:19). Kung pagmamalabisan natin ang ating mga katawan sa mga nakagugumong bagay o ginagamit nang mali ang mga iniresetang gamot, ibinababa natin ang mga kurtina na nagsasara sa liwanag ng pakikipagtalastasang espirituwal" (sa Conference Report, Okt. 1989, p. 16; o *Ensign,* Nob. 1989, p. 14).

Mga bigay-sipi

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng isang kard na naglalaman ng sumusunod na sipi, at sabihin sa mga kabataang lalaki na itabi ang kard kung saan nila ito madalas na masasangguni:

"Ang pinakamabuting nakukuha mula sa pagsunod sa mga alituntunin ng kalusugan na ipinayo ng Panginoon ay ang paglago ng pananampalataya, ang pagpapaunlad ng higit na kapangyarihan at karunungang espirituwal" (L. Tom Perry, " 'In the World,' " sa *Brigham Young University 1981 Fireside and Devotional Speeches* [Provo: Brigham Young University Press, 1981], p. 3).

Paglalahad ng tagapayo

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang pinakamahalagang bagay tungkol sa Salita ng Karunungan ay hindi ang mga babala tungkol sa mga mapanganib na sangkap o maging ang mga maluwalhating pangako sa mga sumusunod. Ang pinakamahalagang bagay ay inutusan tayo ng Ama sa Langit na sundin ang batas na ito. Nagbibigay ng espirituwal na lakas ang pagsunod at nag-aanyaya sa Espiritu Santo. Ang pagsuway ay maaaring higit pang nakamamatay sa kaluluwa kaysa sa pisikal na kanser sa katawan.

Muling bigyang-diin ang kahalagahan ng pagsunod sa Salita ng Karunungan upang hindi natin maiwala ang patnubay ng Espiritu Santo. Ipinapangako ng Ama sa Langit ang mga pagpapalang pisikal at espirituwal sa mga sumusunod, subalit hindi tayo dapat sumunod dahil lamang nais natin ng mga pagpapala. Dapat tayong sumunod dahil sa mahal natin ang Ama sa Langit at dahilan sa iginagalang natin ang ating mga katawan bilang mga templo na nilikha niya.

---

**Inaasahan Tayo na Pangalagaan ang Ating mga Katawan**

Sipi

Basahin ang sumusunod na pahayag:

"Napakalaking pribilehiyo na magkaroon ng isang katawan. Tayo ang mga anak ng Diyos na dinamitan ng mga katawang mortal. Ang mga katawang ito ay hindi lubusang atin upang gawin ang nais natin. May pananagutan tayo sa ating mga katawang temporal" (Oscar W. McConkie Jr., *The Priest in the Aaronic Priesthood* [Lungsod ng Salt Lake: Corporation of the Presiding Bishop, 1964], p. 285).

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 1 Mga Taga Corinto 3:16–17.

- Bakit nais ni Pablo na huwag nating dungisan ang ating mga katawan?

Paglalahad ng tagapayo

Ipakita ang larawan ng isang templo. Ilarawan ang kagandahan at kalinisan ng loob, at paalalahanan ang mga kabataang lalaki na ang mga pumapasok sa templo ay kailangang masunurin at dalisay.

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na tinutukoy ni Pablo ang ating mga katawan bilang mga templo. Ipaliwanag na mayroon tayong karapatan at pananagutan na pigilin ang pumapasok sa ating mga katawan at panatilihing nasa mabuting kalagayan ang ating mga katawan. Kung hindi natin igagalang ang ating mga katawan, hindi matutuwa ang Ama sa Langit. Kung dudungisan natin ang ating mga katawan ng mga bagay na hindi mabuti para sa mga ito, ang bunga ay espirituwal at pisikal na pagkabulok.

---

**Katapusan**

Pagbalik-aralan kasama ng mga kabataang lalaki ang bahaging "Pangkaisipan at Pisikal na Kalusugan" mula sa *Para sa Lakas ng Kabataan.* Himukin sila na sumangguni sa polyetong ito nang madalas.

Patotoo

Magpatotoo na binigyan tayo ng Ama sa Langit ng Salita ng Karunungan para sa ating kapakinabangan. Ang pagsunod sa mga utos na ito ay nagpapalakas sa ating mga katawan, sa ating isipan, at ating espiritu. Sa pamamagitan ng pagsunod ay pinababanal natin ang ating mga katawan at tinatamo ang kapayapaan na nagmumula sa pagsama ng Espiritu ng Diyos. Maaari mong naising sabihin sa mga kabataang lalaki ang tungkol sa mga pagpapalang tinanggap mo at ng iyong mag-anak sa pagsunod sa Salita ng Karunungan.

Hamon

Anyayahan ang mga kabataang lalaki na mangako na sundin ang Salita ng Karunungan sa buong buhay nila. Hamunin sila na huwag kailanman gagawin ang unang hakbang sa pagsuway sa Salita ng Karunungan o, kung nagawa na nila, magsisi kaagad. Himukin silang manalangin araw-araw para sa tulong upang mapaglabanan ang tukso.

# Paglabanan ang Tukso

# 28

**LAYUNIN**

Magkakaroon ng higit na malaking pagnanais ang bawat kabataang lalaki na tiisin ang mga makamundong pamimilit at labanan ang tukso.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Josue 24:15; Mga Kawikaan 3:5–6; Mateo 16:26; Mga Taga-Efeso 6:10–18; 1 Nefias 8:24–34; 2 Nefias 9:28–29; 28:20–26; Alma 34:32; 37:35; at Doktrina at mga Tipan 20:32–33; 62:1.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Maghanda ng isang napakagandang binalot na pakete na naglalaman ng dumi o basura.
4. Kung makukuha sa pook ninyo, ipalabas ang "Honesty Leads to Integrity," sa *Family Home Evening Video Supplement* (53276).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Huwag Magpalinlang

Pakay-aralin

Ipakita ang napakagandang ibinalot na pakete. Pahulaan sa mga kabataang lalaki kung ano ang nilalaman ng pakete.

- Ano ang inaasahan ninyong makita sa paketeng katulad nito?

Anyayahan ang isa sa mga kabataang lalaki na buksan ang regalo. Kapag natuklasan niya ang basura o dumi, ipaliwanag na kadalasang dinadaya tayo ng daigdig sa ganitong paraan. Marami sa tinatawag ng daigdig na kalugud-lugod o kahali-halina ay sa katunayan walang kabuluhan.

### Ang Pagkilala sa mga Tukso at Pandaraya

Mga sipi at talakayan

Basahin at talakayin ang mga sumusunod na pahayag.

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Lahat kayo . . . ay nakakikilala kay Satanas, ang ama ng kasinungalingan. Alam ninyo kung paano niya ginagawang kasinungalingan ang isang katotohanan. Pinapalamutian niya ang masama upang gawin itong mukhang maganda, kaaya-aya, madali, at mabuti" ("The Blessings and Responsibilities of Womanhood," *Ensign,* Mar. 1976, p. 70).

- Anong masasama at mga nakapipinsalang bagay ang "pinalamutian" ni Satanas upang sa ngayon ay maraming tao ang nag-iisip na ang mga ito ay kawili-wili o mahalaga?

Upang ilarawan ang puntong ito, basahin at talakayin ang sumusunod na pahayag mula kay Elder W. Eugene Hansen ng Pitumpu:

"Ang isa sa mga pinakamapanganib na hamon na hinaharap ng sangkatauhan sa ngayon ay kilalanin ang kaibahan ng kaligayahan at kasiyahan. Si Satanas at ang mga kasama niya ay naging napakaepektibo sa kanilang pagsisikap na hikayatin ang mga tao na ang kasiyahan ang dapat na maging pinakahahangad na layunin. Palihim niyang ipinapangako na saanman matagpuan, ang kasiyahan ay magdudulot ng kaligayahan.

"Ang puting tabing ng ating telebisyon at sine ay puno ng mga hindi gaanong tusong mensahe na humihikayat sa kapwa bata at matanda na huwag pigilan ang kanilang mga

masimbuyong damdamin (silakbo ng damdamin) at makadarama sila ng kaligayahan. Ang mga bunga ng walang-ingat na paraang ito ay dapat na maging malinaw habang namamasdan natin ang patuloy na paglala ng mga panlipunan at pangkaisipang kabayaran. Ang lumalalang pagbubuntis ng mga kabataan, pagpapalaglag, pagsasamantala, panggugulo sa mga bata, pangliligalig na seksuwal, paglusob, pagkagumon sa bawal na gamot, karamdaman, pagkagumon sa alkohol, at mga wasak na tahanan ay naiimpluwensiyahan lahat ng panghihikayat na ito. At ang nakababahalang bilang ay patuloy na nagpapatotoo, subalit may napakaliit na epekto kung mayroon man" (sa Conference Report, Okt. 1993, p. 110–11, o *Ensign,* Nob. 1993, p. 82).

- Paano natin maiiwasang malinlang ng mga kabutihan at pilosopiya ng daigdig?
- Ano ang maaaring hilingin sa inyo ng inyong mga kaibigan na gawin na labag sa mga utos?
- Ano ang mga tuksong pinakamadalas na makaharap ng mga kabataang lalaking kasinggulang ninyo?
- Anong mga maling ideya o pilosopiya ang itinuturo ng daigdig sa mga kabataan?
- Paano kayo maaaring hikayatin ng mga kauri ninyo na labagin ang mga utos?

Banal na kasulatan at talakayan

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na palaging sinisikap o sinisiraan ng loob ng mga taong makasanlibutan ang mga matwid. Basahin o muling isalaysay ang kuwento ng panaginip ni Lehias at ang mga tao sa malaki at malawak na gusali (tingnan sa 1 Nefias 8:24–34).

- Paano kayo hinihikayat ng daigdig na magkasala?

Kung hindi magbabanggit ang mga kabataang lalaki ng mga bagay na katulad ng sumusunod, maaari mong naising banggitin ang mga karaniwang pangangatwirang ito:

1. "Buhay mo iyan. Gawin mo ang gusto mong gawin. Walang makapagsasabi sa iyo ng dapat mong gawin."
2. "Lahat ay gumagawa nito. Likas iyon. Higit na mabuting malaman kung magkakasundo kayo bago kayo ikasal."
3. "Hinahamon kitang subukan iyon. Walang makaaalam."
4. "Masaya iyon. Hindi makasasakit sa iyo ang isa lamang."

Talakayin kung paano maaaring tumugon ang isang kabataang lalaki sa bawat pangangatwiran.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang isa sa pinakamabuting paraan upang maiwasan ang kasalanan ay magpasiya ngayon na sundin ang mga utos. Kung nakapagpasiya na ang isang kabataang lalaki na sundin ang mga utos, gagawin niya ang lahat ng makakaya niya upang iwasan ang mga hindi kaaya-ayang kalagayan. Kapag nakadarama siya ng pamimilit ng mga kauri o nahaharap sa isang mapanghikayat na tukso, hindi siya manghihina dahil sa nakagawa na siya ng pasiyang gawin ang tama.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Josue 24:15 at Alma 37:35.

- Bakit "karunungan" ang sundin ang mga utos?

---

## Pinangangalagaan Tayo ng Ebanghelyo mula sa Kasamaan at Panganib

Sipi, talakayan, at banal na kasulatan

Basahin at talakayin ang sumusunod na pahayag ni Elder Hansen:

"Ang tunay na kagalakan at kaligayahan ay nagmumula sa pamumuhay sa paraang masisiyahan ang Ama sa Langit sa atin. Sa bahagi 52 ng Doktrina at mga Tipan, sinasabihan tayo ng Panginoon na bibigyan niya tayo ng 'isang huwaran sa lahat, nang hindi kayo malinlang; sapagkat si Satanas ay nakakawala sa lupa, at siya ay naglilibot upang manlinlang sa mga bansa' (talata 14).

"Ang huwarang iyon ay ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kaganapan nito, ang ebanghelyo na napakapalad na taglay natin" (sa Conference Report, Okt. 1993, p. 111; o Ensign, Nob. 1993, p. 82–83).

- Paano tayo pinangangalagaan ng ebanghelyo mula sa mga panlilinlang ni Satanas?

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na nauunawaan ng Ama sa Langit ang mga paraan ni Satanas at binigyan tayo ng mga propeta at mga banal na kasulatan upang tulungan tayong makilala at labanan ang mga iyon.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang 2 Nefias 9:28–29 at 2 Nefias 28:20–26.

- Ayon sa mga siping ito, anong mga paraan ang gagamitin ni Satanas upang tuksuhin ang mga tao sa mga huling araw?
- Paano tayo makatitiyak na nakikinig tayo "sa mga payo ng Diyos" at hindi "sa mga panuntunan ng mga tao"?

Mga sipi

Bigyang-diin na inihayag ng Ama sa Langit ang kalooban niya tungkol sa bawat kasalanan o pilosopiyang naunang nabanggit. Bilang mga kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw, pinagpala tayong magkaroon ng mga buhay na propeta na nagbababala sa atin tungkol sa mga maling ideya at masasamang kaugalian na itinataguy-od ni Satanas ngayon.

Ipabasa at maikling ipatalakay sa mga kabataang lalaki ang ilan sa mga sumusunod na pahayag mula sa mga Pangkalahatang Awtoridad. Piliin ang pinakaangkop para sa mga kabataang lalaki sa klase mo.

---

**Pagkamakasarili**

Sinabi ni Elder Marvin J. Ashton ng Kapulungan ng Labindalawa:

"Ang isa sa pinakamalalaking nagawa ni Satanas sa mga huling araw na ito ay ang pagtatagumpay niya sa pagpapabaling sa pagtingin ng mga tao sa mga nakasisira, sa madaling lumipas, o sa makamundo. Sa halip na magplano ng pinakamabuti para sa lahat, ang daigdig ay nagiging higit na 'makasarili.' Sa lahat ng dako ay marami tayong mga pinuno ng pangkat na nagsasabing, 'May karapatan kami.' 'Hinihingi namin.' Maraming kabataan ang naniniwala na ang pagmamahal ay may 'mga karapatan' na mahihingi ng isang tao sa isang minamahal. Halimbawa, kadalasang sinasabi ng isang kabataang lalaki, 'Kung mahal mo ako, papayagan mo akong. . . . ' Kukunin niya ang mga ipinapalagay niyang mga karapatan niya sa halip na paglingkuran ang mga nakatataas na pamantayan ng moralidad. Ang ganitong kahilingan ay hindi nagpapahayag ng pag-ibig.

"Ang pang-araw-araw na mga gawaing paglilingkod, maging sa mabuti o masama, ay maaaring sa wari ay hindi mahalaga, subalit ang mga ito ay gumagawa ng mga bigkis ng pag-ibig na nagiging napakatibay na halos hindi maputol. Ang sa atin ay ang ilagay sa tamang pananaw ang pag-ibig. Ang makahulugang pag-ibig ay palaging kumikilos para sa ating walang-hanggang pag-unlad at hindi laban dito" (sa Conference Report, Abr. 1981, p. 30; o *Ensign,* Mayo 1981, p. 23).

---

**Imoralidad**

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Sa gayon sa bahagi ng isa sa mga pinakamapangwasak na kasamaan ni Satanas, mahigpit naming binabalaan ang ating mga tao mula sa pagkabata hanggang sa katandaan na mag-ingat sa mga tanikala ng pagkaalipin, paghihirap, at pagsisisi na dumarating mula sa hindi tamang paggamit ng katawan.

"Ang katawan ng tao ang sagradong tahanan ng espiritung anak ng Diyos, at ang hindi pinahihintulutang paggalaw o pagdungis sa sagradong tabernakulong ito ay maaaring magdulot lamang ng pagsisisi at dalamhati. Ipinakikiusap namin: manatiling malinis, hindi nahahawahan, hindi narurumihan. . . .

" . . . Walang malaswang pagpapakita o pornograpiya o iba pang pagkaligaw sa matuwid na landas upang dumihan ang isipan at espiritu. Walang paghimas sa mga katawan, maging sa sarili o sa iba, at walang pagtatalik sa mga tao maliban sa mga tamang kaugnayan ng kasal. Ito ay tiyakang ipinagbabawal ng ating Lumikha sa lahat ng lugar, sa lahat ng oras at muli naming pinagtitibay ito" (sa Conference Report, Abr. 1974, p. 8–9; o *Ensign,* Mayo 1974, p. 7).

**Pornograpiya**

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Ang sangsang ng kalaswaan at kahalayan ay umaabot at nakasasakit sa kalangitan. Binubulok nito ang lahat ng nadidikitan nito.

"Kailangang panatilihin ng bawat tao ang sarili niya na malinis at malaya mula sa mga kamunduhan. Dapat niyang iwasan ang mga pangit, maruruming kaisipan at gawa katulad ng gagawin niya sa isang kalaban. Ang pornograpiya at mga makamundong kuwento at larawan ay higit na masama kaysa sa maruming pagkain. Iwasan ang mga ito. Ang katawan ay may kapangyarihan na alisan ang sarili nito ng nakapagpapasakit na pagkain. Ang taong nagsasaisip ng maruruming kuwento o mga larawan at panitikang pornograpiya ay nagtatala ng mga ito sa kanyang kahanga-hangang kompyuter ng tao, ang utak, na hindi makalilimot sa karumihang ito. Kapag naitala na, palaging mananatili iyon doon, na madaling alalahanin—maruruming larawan" (*The Teachings of Spencer W. Kimball,* iniwasto para sa paglilimbag ni Edward L. Kimball [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1982], p. 282–83).

**Homoseksuwalidad**

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Bayaan samakatwid na malinaw na sabihin na ang kalubhaan ng kasalanan ng homoseksuwalidad ay katumbas o higit pa sa pangangalunya o pakikiapid; at *ang Simbahan ng Panginoon ay kaagad-agad kikilos upang pawalang-karapatan o itiwalag ang hindi nagsisising nagsasagawa ng homoseksuwalidad katulad sa hindi nagsisising nangangalunya o nakikiapid"* (*The Miracle of Forgiveness* [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1969], p. 81–82; nakahilig ang mga titik sa orihinal).

**Pag-aasawa at Pagiging Magulang**

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Marami ang nagsasalita at nagsusulat laban sa kasal. Maging ang ilan sa atin ay nagpapaliban ng kasal at nakikipagtalo laban dito. Sa lahat na nalilinlang ng mga 'doktrina ng mga diyablong ito,' hinihimok namin ang pagbabalik sa pangkaraniwan. Tinatawagan namin ang lahat ng mga tao na tanggapin ang karaniwang kasal bilang batayan para sa tunay na kaligayahan. Hindi ibinigay ng Panginoon ang kasarian sa tao upang maging laruan. Sa batayan, ang kasal ay nangangahulugan ng isang mag-anak. . . .

"Tunay na ang sinumang tahasang nagkakait sa sarili niya ng kagalang-galang na pagiging magulang ay dapat kaawaan, sapagkat ang dakilang kagalakan ng pagiging magulang ay saligan sa karaniwan, ganap na buhay" (sa Conference Report, Abr. 1974, p. 7; o *Ensign,* Mayo 1974, p. 6).

**Pagpapabaya sa Mag-anak**

Sinabi ni Pangulong David O. McKay:

"Kapag inuna ng isang tao ang mga pangkabuhayan o kasiyahan, o ang pagkakaroon ng karagdagang kita, sa kanyang tahanan, siya sa sandaling iyon ay nagsisimulang manghina sa espirituwal. Kapag ang samahan ay nagiging higit na kaakit-akit sa sinumang lalaki kaysa sa tahanan niya, oras na upang ipagtapat niya ang mapait na kahihiyan na nabigo siyang makaabot sa pinakamataas na pagkakataon ng kanyang buhay, at bumagsak sa huling pagsubok ng tunay na pagkalalaki.

"Ang pinakamahirap na barung-barong kung saan nangingibabaw ang pagmamahal sa isang nagkakaisang mag-anak ay may higit na dakilang kahalagahan sa Diyos at sa darating na sangkatauhan kaysa sa anupamang ibang kayamanan. Sa ganitong mga tahanan makagagawa ang Diyos ng mga himala, at gagawa ng mga himala. Ang mga dalisay na puso sa mga dalisay na tahanan ay palaging malapit sa Langit" (*Church News,* 7 Set. 1968, p. 4; sinipi ang J. E. McCulloch, *Home: The Savior of Civilization* [Washington, D. C.: The Southern Co-operative League, 1924], p. 42).

Tinutukoy ang pahayag ni Pangulong McKay, sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson, ang panglabintatlong Pangulo ng Simbahan: "Ang pinakamataas mong pagkakataon sa buhay ay ang pagiging ama! Ang mga salitang ito na ipinatungkol sa mga ama ni Pangulong David O. McKay ay dapat ilagay sa isip ng bawat ama" (sa Conference Report, Abr. 1981, p. 47; o *Ensign,* Mayo 1981, p. 35).

---

**Paggalang sa mga Kababaihan**

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Lahat tayo ay biniyayaan ng mga natatanging babae sa buhay natin—mga babaeng nagkaroon ng malalim at matibay na impluwensiya sa atin. Ang kanilang ambag ay naging at pinakamahalaga sa atin at isang bagay na magiging walang-hanggan ang halaga para sa atin.

"Ang ating mga maybahay, ina, anak na babae, kapatid na babae, at kaibigan ay espiritung anak lahat ng ating Ama sa Langit. Inaasahan ko na palagi nating isasaisip iyon, mga kapatid, sa mga bagay ng kung paano natin pinakikitunguhan ang mga babae. Ang mga kapatid na babae sa dispensasyong ito ay kinabibilangan ng marami sa mga pinakamaharlikang anak na babae ng ating Ama sa Langit. Palagi nating alalahanin na ang Diyos ay walang kinikilingan, subalit minamahal niya tayong lahat, lalaki at babae, batang lalaki at batang babae, nang may ganap na pag-ibig" (sa Conference Report, Okt. 1979, p. 71; o *Ensign,* Nob. 1979, p. 48–49).

---

**Pagnanakaw**

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Sinabihan ng Panginoon ang mga inapo ni Adan at iniukit ito sa mga laminang bato, 'Huwag kang magnanakaw." (Exodo 20:15.) Dapat sanayin ng lahat ng magulang ang kanilang mga anak laban sa nakamamatay na bagay na ito na makasisira sa kanilang mga pagkatao. Ang katapatan ay tama sa panlipunan at pangkultura. Ang mga sinungaling at mga mandaraya ay kapwa hindi tapat at banyaga sa ating kultura. Ang lahat ng uri ng hindi pagiging matapat ay lubos na kagalit-galit. . . .

"Tinatawagan namin ang lahat ng . . . mga kasapi ng simbahang ito na maging matapat, puno ng karangalan, magbayad sa kinukuha nila, at kumuha lamang ng bagay na binayaran nila nang tama. Kailangan nating turuan ang ating mga anak ng karangalan at katapatan" (sa Conference Report, Abr. 1975, p. 6; o *Ensign,* Mayo 1975, p. 6).

Paglalahad sa palabas (video)

Kung makukuha sa inyong pook, maaari mong naising ipalabas ang "Honesty Leads to Integrity" sa oras na ito.

Paglalahad ng tagapayo

Ibuod ang inyong talakayan sa mga paksang ito sa pamamagitan ng pagpapaalala sa mga kabataang lalaki na ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang payong ito upang tulungan tayong iwasan ang kalungkutan at pagdurusa na dumarating sa mga sumusunod sa mundo at lumalabag sa mga utos na ito.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Mateo 16:26.

- Ano ang kahulugan ng talatang ito?
- Paano maaaring matamo ang daigdig at maiwala ng isang kabataang lalaki ang kanyang kaluluwa?

---

**Tutulungan Tayo ng Ama sa Langit na Labanan ang Tukso**

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Mga Kawikaan 3:5–6.

- Bakit ang isang kabataang lalaki ay 'hindi dapat manalig sa [kanyang] sariling pang-unawa'?

• Paano natin matutuklasan kung ano ang ninanais ng Ama sa Langit na gawin natin?

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 20:32–33.

• Ano ang pormula ng Panginoon para sa paglaban sa tukso at sa mga pamimilit na makamundo?

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 62:1.

Ipaliwanag na ang *sumaklolo* ay nangangahulugang paginhawahin. Natututuhan natin mula sa talatang ito na nauunawaan ni Jesucristo ang ating mga kahinaan at nalalaman kung paano tayo tutulungan na madaig ang mga iyon. Pagpapalain tayo ng Ama sa Langit ng kapangyarihan na labanan ang diyablo at ang sanlibutan kung mananalangin tayo para sa tulong kapag natutukso tayo (tingnan sa 3 Nefias 18:18–20).

Talakayan sa pisara

• Ano ang magagawa ninyo upang mapalakas ang inyong pagnanais na sundin ang mga utos?

Isulat ang mga sagot sa pisara. Himukin ang mga kabataang lalaki na mangako sa sarili nila na gawin ang mga bagay na ito.

---

**Ang Baluti ng Diyos**

Paglalahad ng tagapayo

Bigyang-diin na hindi tayo makapamumuhay nang matwid sa pamamagitan ng pag-asa sa ating sariling kalakasan, subalit sa tulong ng Espiritu Santo, magagawa natin ang anumang kailangan upang sundin ang mga utos. Palagi nating mapaglalabanan ang tukso (tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 10:13) kung sinusunod natin ang Panginoon at nananalangin upang tulungan tayo ng kapangyarihan ng kanyang Espiritu.

Banal na kasulatan at talakayan

Basahin at talakayin ang Mga Taga Efeso 6:10–18.

• Ano ang kahulugan ng "mangagbihis [kayo] ng buong kagayakan ng Diyos"?

• Ayon sa mga talatang ito, anong mga kagamitan ang inilaan ng Ama sa Langit upang pangalagaan tayo mula sa masasama at tulungan tayong labanan ang tukso?

Sipi

Basahin ang sumusunod na pahayag mula kay Pangulong N. Eldon Tanner. Ipaliwanag na sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga ito, binabalangkas ni Pangulong Tanner ang mahahalagang gawa na tutulong sa ating tanggapin ang pagsama ng Espiritu Santo at ang kapangyarihan na labanan ang mga makamundong ideya at tukso.

"Pinag-aaralan ba natin ang mga banal na kasulatan upang madagdagan ang ating kaalaman at pananampalataya at patotoo tungkol sa ebanghelyo? Sinusunod ba natin ang mga utos? Tayo ba ay matapat at totoo sa ating mga pakikitungo? Ipinangingilin ba natin ang araw ng Sabbath? Sinusunod ba natin ang Salita ng Karunungan? Nagbabayad ba tayo ng matapat na ikapu? Dumadalo ba tayo sa ating mga pulong at tumutugon sa mga tungkuling ibinigay sa atin ng mga pinuno natin? Tayo ba ay mabuti at malinis at dalisay sa puso at isipan at gawa?

"Nilalabanan ba natin ang mga kasamaang nakapaligid sa atin—pornograpiya, pagpapalaglag, tabako, alkohol, mga bawal na gamot? May tapang ba tayong manindigan sa ating mga matibay na paniniwala? Tunay ba nating masasabi na hindi natin ikinahihiya ang ebanghelyo ni Cristo? Namumuhay ba tayo nang tahimik kasama ng ating mga kapwa at umiiwas sa bulung-bulungan at pagsasalita sa talikuran at pagkakalat ng mga walang katotohanang balita? Tunay bang minamahal natin ang ating kapwa katulad ng sa ating sarili?

"Kung makasasagot tayo ng oo sa mga tanong na ito, sa gayon ay maisusuot natin ang buong kagayakan ng Diyos, na magsasanggalang sa atin sa kapinsalaan at iingatan tayo sa ating mga kaaway. . . .

"Suriin ang inyong baluti (kagayakan ng Diyos). May lugar bang hindi nababantayan o hindi napangangalagaan? Magpasiya ngayon na idagdag ang anumang bahaging nawawala. Gaano man kaluma o kakulang sa mga bahagi ang inyong baluti, palaging alalahanin na nasa kapangyarihan ninyong gawin ang kinakailangang pagsasaayos upang mabuo ang inyong baluti" (sa Conference Report, Abr. 1979, p. 65; o *Ensign,* Mayo 1979, p. 46).

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na hindi tayo kailanman iiwang mag-isa ng Ama sa Langit. Bagaman ang daigdig ay puno ng mga tukso at pandaraya, kung susundin natin ang mga utos, susundin ang mga propeta, at mananalangin para sa pagsama ng Espiritu Santo upang tulungan tayong gumawa ng mga tamang pasiya, makakaya nating “manindigan laban sa mga pakana ng diyablo.”

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na maging mapagbantay laban sa mga pamimilit at ideya ng sanlibutan. Himukin silang magkaroon ng mga tiyak na layunin na tutulong sa kanilang magkaroon ng mabubuting ugali upang makasagot sila ng oo sa bawat isa sa mga tanong ni Elder Tanner. Hamunin silang “isuot ang buong kagayakan ng Diyos” at maging magiting na disipulo ni Jesucristo, na handang manindigan sa katotohanan at katwiran sa lahat ng panahon.

# 29 Pagtupad sa Sabbath

**LAYUNIN**

Matututuhan ng bawat kabataang lalaki ang mga kapakinabangan na nagmumula sa tamang pagtupad sa Sabbath at kung paano tukuyin ang tamang kilos para sa araw ng Sabbath.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Exodo 16:22–30; 20:8–11; Isaias 58:13–14; Marcos 2:27; 3:1–5; at Doktrina at mga Tipan 59:9–13; 68:29.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Isulat ang bawat pinag-aaralang kalagayan sa ilalim ng "Ang Sabbath ay Ginawa Para sa Tao" sa isang hiwalay na piraso ng papel.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Ang Sabbath ay Ginawa Para sa Tao

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na ang Sabbath ay hindi ginawa upang bigyan tayo ng hangganan kundi sa halip ay pagpalain tayo.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Marcos 3:1–5.

- Bakit "ikinalungkot [ni Jesus] ang katigasan ng kanilang puso"? Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Marcos 2:27.
- Ano ang kahulugan ng pangungusap na ito?

Bayaang ibigay ng mga kabataang lalaki ang kanilang mga palagay sa ibig sabihin ni Jesus.

Talakayan

- Ano ang layunin ng Sabbath? (Ito ay araw ng pamamahinga mula sa mga karaniwang paggawa sa araw-araw, dumalo sa mga pulong, at maging higit na malapit sa Diyos.)

Pabuksan sa mga kabataang lalaki ang Exodo 20:8–11 at basahin ang utos na ibinigay kay Moises at sa mga anak ni Israel.

- Ano ang ibig sabihin ng "huwag kang gagawa ng anumang gawa"?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang mga tao ay karaniwang hindi dapat gumawa ng kanilang karaniwang mga pang-araw-araw na paggawa. Himukin ang mga kabataang lalaki na bumanggit ng ilang halimbawa ng mga tao na karaniwang tunay na kailangang gumawa, katulad ng mga kawani sa kalusugan, kaligtasan, at biglaang pangangailangan o mga taong katulad ng mga nagpapatakbo ng mga planta ng kuryente. Tulungan silang maunawaan na ang ating pagpiling gumawa sa Sabbath ay dapat gawin ayon sa pangangailangang maglingkod sa iba.

Mga pinag-aaralang kalagayan

Ipamahagi ang mga pinag-aaralang kalagayan sa iba't ibang kasapi ng korum. Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang bawat isa. Pagkatapos ay talakayin ang bawat kalagayan.

1. Isang bagyo ang bumunot sa mga puno na humarang sa mga daan [ng sasakyan] at maraming daanan [ng tao] ng maraming nakatatandang kasapi ng purok.

- Bakit tamang linisin muna ang mga daanan ng sasakyan bago magpulong sa simbahan?

2. Isang kabataang lalaki ang nagsisikap upang pawilihin sa ebanghelyo ang ilan sa kaibigan niyang hindi kasapi. Isang Linggo pagkatapos ng pagsisimba, lahat sila ay nagkakaumpukan at nag-uusap nang ang isa sa mga hindi kasaping kaibigan ay magmungkahing manood sila ng sine. Nalalaman ng kabataang BHA (LDS) na tinuruan siya na huwag dadalo sa mga palabas kung Linggo. Subalit natatakot din siya na ang hindi pagsama sa mga kaibigan niya ay maaaring makasakit sa kanila, at sila ay higit na tututol sa kanyang mga pagsisikap na pawilihin sila sa Simbahan.

• Ano ang dapat niyang gawin? (Hindi siya dapat sumama. Ang pagbabago ng mga pamantayan niya ay magpapahina sa katayuan niya habang hinahangad niyang pawilihin ang mga kaibigan niya sa Simbahan.)

3. Habang patungo sa simbahan ang isang kabataang lalaki, nadaanan niya ang isang lumang kotse na may mga bata sa loob at ang mga magulang ay nakatayo sa tabi ng kalsada. Siya ay isang magaling na mekaniko subalit mahuhuli siya sa pulong kung titigil siya.

• Ano ang dapat niyang gawin? (Ipamuhay ang ebanghelyo at tumulong kung maaari.)

Maaaring may iba kang halimbawa na nais mong gamitin. Bayaang magkaroon ng ilang mga kalagayang tatalakayin ang mga kabataang lalaki.

Ituro na ang Sabbath ay para sa tao at naglilingkod tayo kapag kailangan upang pagpalain ang iba. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na hindi tayo dapat lumikha ng mga kalagayan upang bigyang-katwiran ang paglabag sa Sabbath. Hilingan ang mga kabataang lalaki ng ilang mga halimbawa kung kailan maaaring labagin ng isang tao ang Sabbath at sikaping mangatwiran sa paggawa nito.

Pagtalakay at paglalahad ng tagapayo

• Ano ang Gintong Aral? (Gawin mo sa iba ang nais mong gawin ng iba sa iyo.)

• Namumuhay ba kayo ayon sa Gintong Aral?

Tulungan ang mga kabataang lalaking maunawaan na huwag nating ipagawa sa ibang tao ang isang bagay na ayaw nating gawin. Ang alituntuning ito ay naaangkop din sa Sabbath. Hindi natin dapat pagawain ang iba upang bigyan tayo ng kasiyahan o magbigay ng mga paglilingkod na hindi natin kailangan.

• Paano natin hindi ipinamumuhay ang Gintong Aral kung ayaw nating gumawa sa Sabbath subalit namimili tayo kapag Sabbath?

Ituro na ipinangako sa atin ng Panginoon na maaasahan natin ang kanyang tulong kapag sinunod natin ang kanyang mga utos. Kung minsan ay sinusubok tayo upang alamin kung susundin natin ang mga utos niya. Ipaliwanag na habang ipinakikita natin ang ating pananampalataya at pagmamahal sa kanya, maaari nating palampasin ang mga pagkakataon na sa wari ay para sa kabutihan natin o sa wari ay masaya. Kung minsan ay maaaring mahirap ito. Kung minsan ay kailangan nating manindigan sa mga alituntuning alam nating tama, bagamat masakit o hindi sinasang-ayunan ng karamihan. Karaniwang higit tayong igagalang ng mga tao; subalit kahit na hindi nila gawin, may pananagutan tayong gawin ang mga bagay na alam nating tama.

Muling sumangguni sa Marcos 3:1–5.

• Ano sa palagay ninyo ang sinisikap ituro ng Panginoon sa pamamagitan ng pagpapagaling sa Sabbath?

Tulungan ang mga kabataang lalaking linawin na dapat gamitin ang Sabbath sa paglilingkod at pagsamba. Hindi kailanman nilayon na gamitin ang Sabbath bilang dahilan upang iwasan ang paglilingkod sa mga nangangailangan. Tulungan silang maunawaan na bagaman ang ilang mga bagay ay kailangang gawin sa Sabbath, kailangan tayong mag-ingat na huwag humanap ng mga dahilan upang gumawa ng isang bagay na hindi mahalaga o tama.

### Isang Araw ng Pagbabagong Lakas

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na naunawaan ng Panginoon na kailangan natin ang isang araw na pagbabagong lakas, isang pagbabago ng bilis, isang araw upang pasariwain ang ating sarili sa pisikal, pangkaisipan, at espirituwal. Ibinigay niya sa atin ang Sabbath para sa layuning iyon. Kadalasan nating iniisip ang Sabbath sa "mga huwag kang," subalit sinabihan din tayo ng Panginoon kung ano ang dapat nating gawin.

Banal na kasulatan at talakayan

Pabuksan ang Doktrina at mga Tipan 59:9–13 sa mga kabataang lalaki, at ipabasa sa isa sa kanila ang mga talatang ito. Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang mga talatang ito.

- Ano ang kahulugan ng mga salitang *mga sakramento, mga pag-aalay, mga sumpa,* at *mga paghahandog*?

Tulungan ang mga kabataang lalaking maunawaan na ang mga salitang ito ay nangangahulugang pagdalo sa simbahan at pakikibahagi sa sakramento; pagsamba sa pamamagitan ng katawan, isipan, at espiritu; ang pagsariwa sa mga tipan at ang higit na paglapit sa Panginoon at pag-aalay ng mga sarili natin sa Diyos, pagsariwa sa ating pangakong gawin ang karamihan ng makakaya natin para sa Diyos;

- Paano tayo tinutulungang mapanatiling "walang-bahid-dungis sa daigdig" ng tamang pangingilin sa Sabbath?
- Ano ang kinalaman ng banal na kasulatang ito sa pagbabagong-lakas o sa pagsariwa?
- Ano ang ilang bagay na magagawa natin sa Sabbath na tutulong sa atin na sariwain ang ating sarili sa darating na linggo?

Maaari mong naising isulat sa pisara ang mga tugon nila. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pananalangin, pag-aaral sa mga banal na kasulatan, at pagdalo sa mga pulong. Pangunahan ang talakayan upang isama rin ang ilang gawaing paglilingkod na magagawa natin, katulad ng pagdalaw sa mga kamag-anak, pagdalaw sa mga nalulungkot, pagdalaw sa mga maysakit, pagsulat ng mga liham, at pagtulong sa mga kasapi ng mag-anak. Ang mga bagay na ito ang nagpapasariwa sa ating mga espiritu, nagpapabuti ng ating damdamin para sa ating sarili at sa iba, at naghahatid ng Espiritu ng Diyos sa ating buhay.

- Ano ang ilang kapaki-pakinabang na halimbawa kung paano makatutulong sa mga kabataan na maging higit na epektibo sa mga nalalabing araw ng linggo ang pangingilin sa Sabbath? (Paggawa ng higit na mabuti sa paaralan at sa mga palakasan, pakikisama ng mabuti sa iba, paglaban sa tukso, at pagkakaroon ng higit na kapayapaan at kasiyahan.)

Sipi

Ibinigay ni Pangulong Spencer W. Kimball ang mga sumusunod na mungkahi para sa mga gawain sa Sabbath:

"Ito ay araw ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagdalaw sa mga maysakit, pagdalaw sa mga kamag-anak at kaibigan, pagtuturo sa tahanan, paggawa ng mga talaan ng talaangkanan, pag-idlip, pagsusulat sa mga misyonero at kawal o kamag-anak, paghahanda para sa aralin sa simbahan sa susunod na linggo, pakikipaglaro sa mga bata, pag-aayuno para sa isang layunin, pagsusulat ng tula ng panalangin, at iba pang mga kapaki-pakinabang na iba't ibang gawain" (*Faith Precedes the Miracle* [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Bok Co., 1972], p. 270–71.

### Katapusan

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ninanais ng Ama sa Langit na matutuhan nating gawin ang tama. Hindi niya ninanais na kailangan pa niyang sabihin ang lahat ng dapat o hindi natin dapat gawin. Kailangan nating matutong gumawa ng mga matwid na pasiya. Itinuturo sa atin ng Ama sa Langit ang mga pangkalahatang patnubay at pagkatapos ay binabayaan tayong magpasiya para sa ating mga sarili.

Linawin na upang tulungan tayong magpasiya kung ano ang tama o mali sa Sabbath ay dapat nating itanong—

1. Ito ba ay nakaayon sa mga turo ng Simbahan?
2. Nakabubuti ba ito sa iba?
3. Nakatutulong ba ito na panatilihin tayong walang-bahid-dungis sa daigdig?

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Isaias 58:13–14.

- Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng "iyong tawagin ang sabbath na isang kaluguran"?
- Anong mga pagpapala ang ipinangako sa mga nangingilin sa araw ng Sabbath?
- Paano kayo o ang inyong mag-anak pinagpala sa pangingilin sa araw ng Sabbath?

Hamon

Hamunin ang bawat kabataang lalaki na magsulat ng ilang mabubuting bagay na nanaisin niyang gawin upang mapagbagong lakas ang sarili niya sa espirituwal at sa pisikal sa araw ng Sabbath na ito? Hamunin siyang sikaping ipagpatuloy na gawin ang mga bagay na iyon tuwing Sabbath.

# 30 Ang Kababaihan ay Itinatangi ng Isang Maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki ang mataas na tungkulin ng mga kababaihan at ang kanyang pangangailangan na parangalan at igalang sila.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Genesis 2:24; 1 Mga Taga Corinto 11:11; Jacob 2:28, 31–35; Alma 56:45–48; at Doktrina at mga Tipan 18:10; 121:41–46, 131:1–4.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Makipanayam sa iba't ibang kapatid na babae sa purok upang tuklasin kung paano sa palagay nila sila dapat parangalan at igalang ng mga lalaki. Maghandang ibahagi sa korum ang inyong mga napansin.
4. Gawin kung nanaisin: Isang kasunod na talakayan sa mga kabataang babae ang maaaring isaayos upang talakayin ang mga paraan na dapat pakitunguhan ng mga kabataang lalaki at mga kabataang babae ang isa't isa bilang mga tunay na tagasunod ni Jesucristo.

**PAALALA**

Maging sensitibo sa kalagayan ng mag-anak ng bawat kabataang lalaki at iangkop ang aralin kung kinakailangan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Sipi

Basahin at talakayin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Bilang palatandaan ng pagpapahalaga na ibinigay ng mga diyos sa kababaihan, sinabi ng Panginoon," 'Kaya't iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ang kanyang ina, at makikipisan sa kanyang asawa: at sila'y magiging isang laman.' (Genesis 2:24.)

"Napansin ba ninyo iyon? Siya, ang babae, ang nauuna. Siya ay mataas sa lahat, mas mataas pa sa mga magulang na napakamahal sa ating lahat. Maging ang mga anak ay kailangang malagay sa tama subalit mahalagang lugar" ("The Blessings and Responsibilities of Womanhood," *Ensign,* Mar. 1976, p. 72).

**Ang mga Lalaki at mga Babae ay May mga Pagkakaibang Bigay ng Diyos**

Mga sipi at talakayan

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Obispo Victor L. Brown:

"Mababasa natin sa mga banal na kasulatan, 'At nilalang ng Diyos ang tao ayon sa kanyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Diyos siya nilalang; nilalang niya sila na lalaki at babae.' (Gen 1:27.) Ipinaliwanag ng Panginoon ang ilang pangunahing kaibahan ng mga lalaki at mga babae. Binigyan niya ang lalaki ng tinatawag nating mga panlalaking katangian at ang babae ng mga pambabaeng katangian. Hindi niya nilayon ang alinman sa mga kasarian na angkinin ang katangian ng kabila, subalit, sa halip, ang mga lalaki ay dapat magmukha at kumilos na katulad ng lalaki at ang babae ay dapat magmukha at kumilos na katulad ng babae" (sa Conference Report, Abr. 1971, p. 56; o *Ensign,* Hunyo 1971, p. 55).

• May mga katibayan ba na sinisikap ni Satanas na baguhin ang mga banal na ginagampanan na unang nilayon ng Ama sa Langit para sa mga lalaki at mga babae?

### Nasa Sentro ng Buhay ng Nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang Kanyang Ina

Talakayan

• Bakit dapat magkaroon ng napakalaking paggalang ang isang kabataang lalaki sa kanyang ina?

Bigyang-diin na binigyan ng buhay ng kanyang ina ang kabataang lalaki, hinihimok siya sa mga katuparan ng mabuting gawain, ipinagwawalang-bahala ang kanyang mga kamalian at kabiguan, at karaniwang ang huling sumusuko kung naliligaw siya. Nilalabhan at pinaplantsa rin niya ang kanyang mga damit, niluluto ang kanyang pagkain, pinananatiling malinis ang kanyang bahay, inaalagaan siya kapag siya ay may sakit, at maraming ginagawa upang mapabuti ang kalagayan ng tahanang tinitirahan niya.

Ibahagi ang ilang karanasan mula sa iyong kaugnayan sa iyong nanay na naglalarawan sa itaas ng mga katangian ng pagiging ina. Anyayahan ang mga kabataang lalaki na magbahagi ng mga halimbawa mula sa kanilang buhay sa tahanan na naglalarawan sa mga katangiang ito.

Kuwento

Sa sarili mong mga salita, isalaysay ang mga sumusunod na kuwento sa mga kabataang lalaki:

Si Elder Frank Croft ay isang misyonero sa estado ng Alabama. Dahilan sa ipinagpilitan niya ang kanyang mga karapatan ayon sa batas na ginarantiyahan sa ilalim ng Saligang Batas ng Estados Unidos sa pangangaral ng katwiran sa mga tao, siya ay sapilitang dinala sa isang tagong lugar sa kakahuyan upang latiguhin sa likod sa mga kamay ng mga armado at masasamang lalaki. Nang dumating sila sa lugar kung saan ipinasiya nilang isagawa ang pagpapahirap, si Elder Croft ay inutusang alisin ang kanyang amerikana at kamiseta at ilantad ang kanyang likod. Pagkatapos ay itinali siya sa puno upang pigilan ang pagkilos niya habang nilalatigo siya hanggang sa umagos ang dugo.

Dahil walang pagpipilian, sumunod siya sa hinihingi ng mga mandurumog, subalit sa paggawa nito, isang sulat mula sa nanay niya ang nahulog sa kanyang amerikana. Bago nangyari iyon, sinulatan niya ang kanyang mga magulang ng isang liham na nagsusumpa sa karahasan at masamang pakikitungo ng mga mandurumog sa mga elder. Ang sulat ng kanyang ina ay nagpapayo: "Pinakamamamahal kong anak, dapat mong alalahanin ang mga salita ng Tagapagligtas nang sabihin Niya, 'Pinagpala ka kapag nilalait ka ng mga tao at inuusig ka at maling pinararatangan ng lahat ng paraan ng kasamaan laban sa iyo dahilan sa aking pangalan. Magalak at magpakasaya ka sapagkat mapapasa iyo ang iyong gantimpala sa Langit dahilan sa ganyan nila inusig ang mga propetang nauna sa iyo. Alalahanin mo rin ang Tagapagligtas sa krus na nagdusa para sa mga kasalanan ng daigdig nang sabihin niya ang mga walang kamatayang salitang ito, 'Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.' Tunay anak ko, sila na tumatrato ng masama sa inyo na mga elder ay hindi nakaaalam sa ginagawa nila kung hindi ay hindi nila gagawin iyon. Darating ang araw, saanman ay mauunawaan nila at pagkatapos ay pagsisisihan nila ang kanilang ginawa at pararangalan nila kayo sa maluwalhating gawaing ginagawa ninyo. Kaya maging matiisin, anak ko; mahalin mo ang mga tumatrato ng masama sa iyo at nagsasabi ng lahat ng paraan ng kasamaan laban sa iyo at pagpapalain ka ng Panginoon at palalakihin ka sa paningin nila at ang misyon mo ay magiging maluwalhati at matagumpay. Alalahanin din, anak ko, na gabi't araw, palagi kang ipinananalangin ng iyong nanay."

Si Elder Croft na nakatali sa puno ay nasa kalagayan ng nakikita niya ang pinuno ng mandurumog na dinampot ang nahulog na sulat at nagpasiyang basahin ito bago utusan ang mga tao niya upang simulan ang paglalatigo. Namasdan ng Elder ang katigasan ng bukas ng mukha niya, ang kalupitan sa kanyang mga mata. Sa gayon ay natanto niya na walang awa na maaasahan sa kanya. Ipinikit niya ang kanyang mga mata habang hinihintay ang sandali ng pagsisimula ng paghampas. Naisip niya ang tahanan at mga mahal sa buhay at lalo na ang kanyang pinakamamamahal na ina. Pagkatapos ay umusal siya ng tahimik na panalangin para sa kapakanan ng nanay niya. Sa pagbubukas ng mga mata niya, mga isa o dalawang sandali pagkalipas, nadarama na tapos nang basahin ng pinuno ang sulat, namangha siyang makita na ang lalaki ay namahinga sa malapit na kumpol ng mga punong-kahoy at sa pagkakaupo, ay waring muling binabasa ang sulat;

subalit ang higit na kamangha-mangha sa Elder ay ang pagbabago ng hitsura ng lalaki. Magbabasa siya ng isa o dalawang pangungusap o isang talata at pagkatapos ay mauupo at magninilay-nilay. Sa kaibuturan ng budhi ng elder ay ang pag-asa na ang puso ng lalaki ay nabagbag ng kariktan at kagandahan ng sulat ng kanyang ina.

Para kay Elder Croft, tila ba isang walang katapusang oras ang lumipas nang tumayo ang pinuno ng mga mandurumog at sa paglapit sa walang magawang elder ay nagsabi: "Pare, tiyak na kahanga-hanga ang nanay mo. Alam mo, dati ay mayroon din akong kahanga-hangang nanay." Pagkatapos, tinutukoy ang mga mandurumog ay sinabi niya, "Mga bata, pagkatapos kong mabasa ang sulat ng nanay ng Mormon na ito ay hindi ko maipagpapatuloy ang paglatigo. Siguro ay higit na makabubuting palayain natin siya." Si Elder Croft ay pinalaya at nagtungo sa paroroonan niya. Ang mapagmahal na impluwensiya ng kanyang nanay ay tila ba napakalapit sa puso at isipan niya. (Tingnan sa Arthur M. Richardson, *The Life and Ministry of John Morgan* [Nicholas G. Morgan Sr., 1965], p. 268–69.)

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Alma 56:45–48. Himukin sila na markahan ang mga talatang ito.

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na ang karangalan na ibinigay ng dalawang libong kabataang mandirigma ni Helaman sa kanilang mga ina ay isang mabuting halimbawa ng kung anong uring kalalakihan tayo dapat maging. Kailangan nating tingnan ang mga babae sa ating buhay nang tama at parangalan at paglingkuran sila. Ang paraan ng pakikitungo natin sa ating mga ina at kapatid na babae ay karaniwang ang paraan ng pakikitungong gagawin natin sa ating mga maybahay at anak na babae. Kailangan tayong mag-ingat upang mahalin sila.

- Ano ang ibig sabihin ng iparamdam sa isang tao na iginagalang at minamahal siya?

Tumulong na linawin na isang bagay ang magustuhan at tanggapin subalit ibang iba ang madamang iginagalang at minamahal. Ang madamang iginagalang at minamahal ay madamang itinatangi at pinahahalagahan.

Mga kinahinatnan ng pakikipanayam

Sabihin sa mga kabataang lalaki na tinanong mo ang ilang babae sa purok kung paano sa palagay nila dapat silang parangalan at igalang ng mga lalaki. Iulat ang mga kinahinatnan ng iyong mga pakikipanayam.

---

**Pinararangalan ng Isang Nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang mga Kabataang Babaeng Kakilala Niya**

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa ilang kabataang lalaki ang Jacob 2:28, 31–35.

- Ano ang nadarama ng Ama sa Langit tungkol sa kabutihan at kalinisang puri?
- Ano sa palagay ninyo ang nadarama ng Ama sa Langit sa mga kabataang lalaki na nagsasamantala sa mga kabataang babae?

Talakayin kung ano ang tunay na pagiging lalaki sa pagtataglay ng kapangyarihan ng pagkasaserdote, ayon sa Doktrina at mga Tipan 121:41–46. Talakayin kung paano tayo kikilos sa harapan ng iba.

- Anong mga kapakinabangan ang nagmumula sa paggalang sa mga babae?
- Paano inihahayag ng pakikitungo ng isang kabataang lalaki sa isang kabataang babae na pinakikipagtipanan niya ang saloobin niya sa mga babae at sa sarili niya?

Ituro na ang saloobin ng isang kabataang lalaki sa mga kabataang babae ay nagpapakita ng sarili niyang saloobin sa mga babae sa pangkalahatan. Kung paano niya sila pinakikitunguhan ay nagpapakita kung itinuturing niya sila bilang mga anak na babae ng Diyos at mga maybahay at ina sa hinaharap o isang bagay na para lamang sa sarili niyang kasiyahan at pisikal na kaluguran. Maaaring tingnan ng isang kabataang lalaki ang sarili niya bilang isang nagtataglay ng pagkasaserdote at anak na lalaki ng Diyos, isang walang-hanggang katauhan, at ang panghinaharap na ama ng isang walang-hanggang mag-anak; o maaari niyang tingnan ang sarili niya bilang isang nilalang na unang-unang interasado sa pagbibigay kasiyahan sa mga pagkahilig niya. Mangyari pa ay maaari siyang nasa pagitan

ng dalawang katayuang ito subalit karaniwang higit na bihasa sa isa kaysa sa isa pa.

Dapat maunawaan ng bawat nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Aaron na pinipili niya ang uri ng kabataang babaeng pakakasalan niya nang matagal na bago pa man niya piliin ang tiyak na tao. Siya ay naaakit sa isang tanging uri ng kabataang babae at marahil ay magpapakasal sa uring iyon. Dapat isaisip ng kabataang lalaki na malaki ang magagawa niya (kabataang babae) kung gayon sa pagtatakda ng kasiglahan ng kanilang tahanan at panganganak at pagtuturo ng kanilang mga anak.

Habang higit na pinararangalan ng isang kabataang lalaki ang mga kabataang babae, na lubusang pinahahalagahan sila at hinahanap ang pinakaespirituwal, pinaka-maykakayahan, at pinakamabait sa kanila, higit ang kanyang pagkakataon na makapag-asawa siya ng ganitong tao.

- Paano ninyo matutulungan ang mga kabataang babae na sundin ang mga utos?

Ipaliwanag na matapos mag-asawa ang isang kabataang lalaki, magkakaroon siya ng pananagutan bilang isang asawa at ama upang tulungan ang mag-anak na sundin ang mga utos ng Panginoon. May pananagutan din siya bago mag-asawa na tulungan ang mga kabataang babae na sundin ang mga utos.

Talakayan sa pisara

- Paano ninyo igagalang ang bawat babae at kabataang babae na nakakahalubilo mo?

Ibuod sa pisara ang mga tugon ng mga kabataang lalaki, kabilang na ang sumusunod:

1. Palaging panatilihing magalang ang salita.
2. Maging mabuting kasama. Tulungan siyang sundin ang mga utos.
3. Samahan siya sa mga kagalang-galang na lugar at sa mabuting libangan.
4. Igalang ang kanyang dangal sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga pisikal na pagkakalapit.
5. Igalang ang mga nais ng mga magulang at maging makatwiran sa ugali at oras.
6. Maglakbay nang ligtas, at huwag magyabang. Makisakay sa mga kaibigan na maingat magmaneho.
7. Pakitunguhan siya bilang kapantay.
8. Maging isang kaibigan, at maging masaya sa pagiging kasama niya.
9. Isama siya sa simbahan, at pag-aralan ang kanyang espirituwalidad.
10. Magpakita ng tamang mga ugali at paggalang.

Pagpapaliwanag sa banal na kasulatan

Ipabasa at ipapaliwanag sa isa sa mga katulong sa mga kasapi ng korum ang Doktrina at mga Tipan 18:10. Dapat niyang paalalahanan ang mga kabataang lalaki kung gaano kahalaga ang bawat kaluluwa sa paningin ng Diyos. Sinuman na humimok sa isa sa mga anak na babae ng Diyos na gumawa ng mali ay nasa ilalim ng malubhang pagsumpa at nangangailangang magsisi.

Talakayan

- Anong mga katangian ang nagpapaunlad ng paggalang at paghanga sa pagitan ng mga lalaki at babae?

---

## Ang Kalalakihan at Kababaihan ay Nagsasama-sama Bilang Iisa

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 131:1–4, Genesis 2:24, at 1 Mga Taga Corinto 11:11. Imungkahi na markahan at isangguni sa siping sanggunian ang mga banal na kasulatang ito.

- Ano ang sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatang ito na mahalaga upang matamo ang kadakilaan?

Tulungan ang korum na maunawaan na hindi makatatayong nag-iisa ang isang lalaki sa harapan ng Panginoon kundi ang isang lalaki at ang maybahay niya ay kailangang tumayong magkasama bilang iisa. Hamunin ang mga kabataang lalaki na igalang at mahalin ang mga babae sa kanilang buhay at ihanda ang mga sarili nila na lumakad sa tabi ng maybahay nila sa hinaharap bilang magkabiyak sa Panginoon.

## Katapusan

Sipi

Minsang sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith:

"Wala sa mga turo ng ebanghelyo ang nagpapahayag na ang mga lalaki ay higit na nakalalamang sa mga babae. . . . Ang pinakamarangal, nakapagpapadakilang tungkulin ng lahat ay ang ibinigay sa mga babae bilang mga ina ng mga tao. Hindi nagtataglay ng pagkasaserdote ang mga babae, subalit kung sila ay matapat at totoo, sila ay magiging mga babaeng saserdote at reyna sa kaharian ng Diyos" (*Doctrines of Salvation,* tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1954–56], 3:178).

Mga Hamon

Ibigay ang mga sumusunod na hamon sa mga kabataang lalaki:

1. Gumawa ng ilang tiyak na bagay para sa susunod na buwan upang ipakita sa iyong nanay ang labis na paggalang at parangal.
2. Ipakita sa mga kapatid ninyong babae (kung mayroon kayo) ang natatanging pagsasaalang-alang at parangal sa susunod na linggong ito, at maghandang sabihin ang tungkol sa inyong karanasan sa susunod na pulong ng korum.
3. Ituring ang bawat kabataang babaeng kilala ninyo bilang kapantay ninyo, at palaging magpakita ng paggalang sa kanya.

# Pagpili ng Magiging Kasama sa Walang-hanggan

# 31

**LAYUNIN**

Matututuhan ng bawat kabataang lalaki ang ilang alituntuning susundin sa pagpili ng isang kasama sa walang-hanggan.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Doktrina at mga Tipan 9:7–9 at 131:1–4.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Kung makukuha sa inyong pook, at itinuturo mo ang araling ito sa mga kabataang lalaking nasa gulang ng pagkasaserdote, maaari mong ipalabas ang *The Importance of Proper Dating*, sa *Family Home Evening Video Supplement 2* (53277).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Talakayan

- Naisip na ba ninyo ang mga anak na maaaring mapasa inyo isang araw?
- Anong mga katangian ang gusto ninyong maangkin bilang isang ama ng mga anak na iyon?
- Anong mga katangian ang gusto ninyong maangkin ng kanilang ina?
- Kapag pumipili ng kasama sa walang-hanggan, bakit napakahalaga na isaalang-alang ninyo kung magiging anong uri ng ina ang isang kabataang babae?

**Ang Pagpili ng Isang Kasama ay May mga Walang-hanggang Kahihinatnan**

Banal na kasulatan at talakayan

- Bakit hindi magiging dakila ang isang lalaki kung hindi naibubuklod sa isang babae?

Basahin at talakayin ang Doktrina at mga Tipan 131:1–4.

- Ano ang kahulugan ng "hindi siya magkakaroon ng pag-unlad"? (Hindi siya maaaring magkaroon ng mga espiritung anak sa walang-hanggan.)

Talakayan sa pisara

Ipaliwanag na ang pagpili ng isang kasama para sa kawalang-hanggan ay isang napakahalagang pasiya subalit kung minsan ay nababatay sa isang napakakitid na pang-unawa sa pag-ibig. Maaaring hindi mapansin ng isang taong tumutugon lamang sa pagkahaling o maromantikong pag-ibig ang maraming mahahalagang katangian kapag pumipili ng isang taong makakasama sa walang-hanggan.

- Anong mga katangian ng mga kabataang babae ang nakaaakit sa inyo sa panlipunan at sa espirituwal?

Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara, katulad ng—

1. Hindi makasarili.
2. Nagpapakita ng paggalang sa akin.
3. May pagkukusa.
4. Mapagbigay sa iba.
5. Nagpapakita ng pagtitiis sa mga mahihirap na kalagayan.
6. Isang aktibong kasapi ng Simbahan.
7. May patotoo sa ebanghelyo at sumusunod sa mga utos.

8. Nagpapanatili ng mabuting pananaw sa buhay.
9. May mga pagpapahalaga at layunin na katulad ng sa akin.

Hilingan ang bawat kabataang lalaki na piliin ang inaakala niyang tatlong pinakamahahalagang katangian sa pisara. Magbotohan kung aling mga bagay ang ipinalalagay ng mga kabataang lalaki na pinakamahalaga. Talakayin kung bakit sila bumoto katulad ng ginawa nila.

Sipi at talakayan

Ihambing ang mga bunga ng boto sa sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball. Ipabasa ito sa isang kabataang lalaki.

"Ipinapayo namin sa pangkalahatan na karaniwang magpakasal ang mga tao sa mga kalahi nila, at sa kahit paano ay may katulad na pinagmulang kabuhayan at lipunan at pinag-aralan (Ang ilan sa mga iyon ay hindi kailangang-kailangan, kundi minamabuti), at higit sa lahat, may katulad na pinagmulang relihiyon, nang walang tanong" ("Marriage and Divorce," sa *1976 Devotional Speeches of the Year* [Provo: Brigham Young University Press, 1977], p. 144).

- Bakit napakahalaga para sa mag-asawa na maging mga karapat-dapat na kasapi ng Simbahan? Tiyaking matalakay ang mga sumusunod na bagay:

1. Ang kadakilaan ay hindi matatamo nang walang kasal na selestiyal.
2. Makapangyarihan ang mga relihiyosong kahalagahan, at ang nagkakasalungat na kahalagahan ay maaaring maging sanhi ng patuloy na paghihirap.
3. Binanggit ni Pangulong Kimball ang isang pagsasaliksik na nagpapakita na "isa lamang sa pitong hindi-kasaping asawa ang maaaring mapagbalik-loob at mabinyagan sa Simbahan" ("Marriage and Divorce," p. 152).
4. Kapag ang isang asawa ay hindi napagbalik-loob sa ebanghelyo, ang mga anak ay naiipit sa nagkakaibang pinahahalagahan ng mga magulang.

- Bakit mahalaga sa mag-asawa na magkaroon ng magkatulad na pinagmulang kabuhayan, pinag-aralan, at kultura?

Sipi at talakayan

Ipaliwanag na ang pagpili ng isang kasama ay isang napakalaking pananagutan. Nagbigay si Pangulong Kimball ng ilang alituntunin na dapat maging gabay sa ating pagpili:

"Sa pagpili ng isang kasama sa buhay at sa walang-hanggan, tunay na dapat gawin ang pinakamaingat na pagpaplano at pag-iisip at pananalangin at pag-aayuno upang makatiyak na, sa lahat ng mga pasiya, hindi kailangang magkamali ang isang ito. Sa tunay na pag-aasawa, kailangang may pagkakaisa ng mga isipan gayundin ng puso. Hindi kailangang lubusang masunod ang mga damdamin sa mga pagpapasiya, kundi ang isipan at puso, na pinalakas sa pamamagitan ng pag-aayuno at panalangin at taimtim na pagsasaalang-alang, ang magbibigay sa isa ng pinakamalaking pagkakataong kaligayahan sa pag-aasawa" ("Marriage and Divorce," p. 144).

- Anong mga pangunahing bagay ang binigyang-diin ni Pangulong Kimball? Tulungan ang mga kabataang lalaking linawin na binigyang-diin niya ang—

1. Maingat na pagpaplano at pag-iisip.
2. Pananalangin at pag-aayuno.
3. Na hindi kailangang lubusang masunod ang mga damdamin sa mga pagpapasiya.

Banal na kasulatan at talakayan sa pisara

Ipaliwanag na binigyan ng Panginoon si Oliver Cowdery ng tiyak na payo kung paano pagsasamahin ang kanyang mga pagsisikap at inspirasyon sa paggawa ng mahalagang pasiya. Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 9:7–9.

- Paano natin maisasagawa ang mga ideyang ito sa pagpili ng isang kasama?

Isulat sa pisara ang mga sagot na ibinigay sa sipi ng banal na kasulatan at ng mga kabataang lalaki. Pagkatapos ay ipaliwanag ang mga sumusunod na hakbang na maaaring isama sa paghahanap at pagpili ng walang-hanggang kasama:

1. Bago kayo magmisyon, matutong makipagkaibigan sa iba't ibang mga kabataang babae. Habang ginagawa ninyo iyon, isipin ang tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng iisang relihiyon; magkakatulad na mithiin, pinahahalagahan, at layunin; at ilan sa mga katulad na interes ng babaeng balang araw ay pakakasalan ninyo.

2. Pagkatapos ng inyong misyon, pag-aralan ang paksa sa inyong isipan. Pagkatapos masinsinang makipagtipanan sa isang kabataang babae nang ilang panahon, maaari mong ipagpatuloy na makilala siya nang lubos, sa maraming pagkakataon katulad ng sa mga kalagayang espirituwal, sa ilalim ng paghihirap, sa kaligayahan, sa kapaguran, at habang nagtatrabaho. Kilalanin siyang mabuti. Pagkatapos ay magpasiya.
3. Sa wakas, isangguni ang pasiya ninyo sa Panginoon upang pagtibayin at hilingin ang kanyang tulong at patnubay sa mahalagang bagay na ito araw-araw. Ipinahahayag ng Alma 37:37, “Makipagsanggunian sa Panginoon sa lahat ng iyong mga gawain, at gagabayan ka niya sa kabutihan.”

---

**Oras para sa Pag-aasawa**

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kalagayan:

Si Tim ay labimpito at si Kathy ay labinlima nang sila ay magpakasal. Ang buhay nilang magkasama ay naging napakalubha nang isilang ang kanilang anak na may kapansanan sa puso. Kinailangan ni Tim na magkaroon ng dalawang trabaho, at si Kathy ay gumugol nang maraming oras ng pagkabalisa sa pagamutan sa panahon ng dalawang magkaibang operasyon sa kanilang anak. Kapwa sila nakahinga nang maluwag nang matuklasan ng manggagamot na makapagbibigay ng normal na buhay sa anak nila ang operasyon. Subalit mangangailangan siya ng higit na maingat na pangangalaga sa loob ng isa man lamang taon.

Minasdan ni Kathy ang mga kaibigan niya na nagtutungo sa paaralan habang nagsasampay siya ng damit sa sampayan. Ang tanging nakikita ni Tim ay mga bayarin sa pagamutan at gamot. Ang hinaharap niya ay hindi kinabilangan ng basketbol o iba pang mga gawain, kahit sa malapit na hinaharap man lamang.

Ipaliwanag na pinili nina Tim at Kathy na magpakasal bago pa sila naging espirituwal, emosyonal, at tunay na handa. Kailangan ang kaunting karanasan bago natin malaman kung sino tayo at kung sino ang pinakamabuti para sa atin. Kaya nga kadalasang nabibigo ang mga pag-aasawa ng kabataan.

Ituro na alam nina Tim at Kathy ang mga malinaw na bagay na hinahanap-hanap nila dahilan sa kanilang maagang pag-aasawa. Subalit may malabo silang ideya ng ilang iba pang bagay na maaaring wala silang pagkakataon o magagawa lamang kalaunan sa buhay sa ilalim ng iba, at maaaring higit na mahirap, na mga kalagayan.

Talakayan sa pisara

• Anong mahahalagang karanasan ang maaaring hanap-hanapin nina Tim at Kathy o magkaroon ng kahirapang makuha dahilan sa pag-aasawa nang napakaaga?

Isulat sa pisara ang mga tugon ng mga kabataang lalaki. Ang mga ito ay maaaring kabilangan ng—

1. Misyon.
2. Higit pang pag-aaral.
3. Higit pang panlipunan at pandamdaming pag-unlad.
4. Pag-unlad ng mga talino.
5. Kakayahang makamtan ang ninanais na kabuhayan.

---

**Paghahanap sa Tamang Tao**

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kalagayan:

Sa pagbabalik mula sa kanyang misyon, nadama ni Bill ang pamimilit ng kanyang mga kaibigan sa kanyang pag-aasawa. Nagpatala siya sa kolehiyo at nagsimula sa kanyang pag-aaral. Bagaman si Bill ay interesado sa pagpapatuloy sa kanyang pag-aaral, ang mga alalahanin niya tungkol sa pag-aasawa ay nagsimulang makahadlang sa kanyang pag-aaral. Gabi-gabi, nakaluhod na nananalangin si Bill sa Panginoon upang dalhin ang tamang babae sa buhay niya. Sa wari ay hindi sinagot ang mga panalangin niya.

- May “isa at tanging” tamang kapareha ba para sa bawat isa sa atin?

Mga sipi at talakayan

Bilang bahagi ng talakayan, maaari mong atasan ang dalawang magkaibang kabataang lalaki upang basahin ang mga sumusunod na sipi, ang una kay Pangulong Kimball at ang isa pa kay Elder Boyd K. Packer:

" Ang *'Soul Mates'* (mga matalik na magkaparehang magkapalagayang-loob) ay kathang-isip at maling haka-haka; at samantalang ang bawat kabataang lalaki at kabataang babae ay maghahangad nang buong sigasig at pananalangin na makakita ng kapareha na makakasamang lubos na kasundo at makapagpapaganda ng buhay, gayunman ay tiyak na halos sinumang mabuting lalaki at sinumang mabuting babae ay magkakaroon ng kaligayahan at isang matagumpay na pag-aasawa kung kapwa handang magsakripisyo" ("Marriage and Divorce," p. 146).

"Samantalang nakatitiyak ako na ang ilang kabataang mag-asawa ay may ilang natatanging patnubay sa pagsasama, hindi ako naniniwala sa itinalagang pag-ibig. Kung ninanais ninyo ang inspirasyon ng Panginoon sa napakahalagang pagpapasiyang ito, kailangan ninyong ipamuhay ang mga pamantayan ng Simbahan, at kailangan ninyong palaging manalangin para sa karunungang kilalanin ang mga katangiang iyon na maaaring pagbatayan ng isang matagumpay na pagsasama. Kailangang gawin ninyo ang pagpili, sa halip na humanap ng tinatawag na nag-iisa at tanging *soul mate*, na pinili para sa iyo ng ibang tao at naghihintay sa inyo. Kayo ang dapat pumili. Kailangan kayong maging matalino sa kabila ng inyong mga gulang at may pagpapakumbabang panalangin kung hindi ay magkakamali kayo ng pagpili" (*Eternal Love* [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1973], p. 11).

- Ano ang ibig sabihin nina Pangulong Kimball at Elder Packer sa taguring *soul mate*? (Isang tao na ipinapalagay na nag-iisa at tanging tamang tao.)

Ituro na hindi dapat naghahanap ang mga kabataang lalaki ng tamang tao kundi ng *isang* tamang tao, katulad nila sa relihiyon, mga pinahahalagahan, layunin, at mithiin.

---

**Pagiging ang Tamang Tao**

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang kaligayahan sa pag-aasawa ay halos binubuo ng *pagiging* ang tamang tao. Ang isang matagumpay na pag-aasawa ay nababatay sa kahandaan ng bawat tao na magsakripisyo at unahin muna ang ibang tao. Ang pag-aasawa ay maaaring maging pinakamalaking hamon sa atin upang subukin ang ating mga sariling mithiing Kristiyano. Subalit makapagdudulot ito ng mga napakalaking gantimpala sa pagsasamahan, pag-ibig, at kaligayahan.

Talakayan sa pisara

- Ano ang magagawa ninyo upang ihanda ang inyong mga sarili upang maging mabuting kabiyak sa pag-aasawa?

Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga kabataang lalaki, katulad ng—

1. Pagkakaroon ng malapit na kaugnayan sa Panginoon.
2. Pagkatutong makisama sa mga tao at pagiging mabuting kaibigan.
3. Pag-iwas sa pagkamakasarili.
4. Pagsasagawa ng kabaitan sa tahanan ngayon.
5. Pagpapaunlad ng mga talino at kakayahan.
6. Pagiging may-pinag-aralan o sinanay upang maging isang mabuting tagasustento.
7. Paglaki sa espirituwalidad.
8. Pagkilos upang madaig ang mga kahinaan.
9. Pagkatuto kung ano ang pag-ibig sa kapwa-tao at paghahangad nito sa pamamagitan ng panalangin at pagsisikap.
10. Pamumuhay nang matwid sa lahat ng kalagayan, hindi lamang sa kaginhawaan.

**Katapusan**

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na itatag ang kaugnayan ngayon sa kanilang Ama sa Langit na balang-araw ay magpapahintulot sa kanilang tanggapin ang pansariling inspirasyon sa paggawa ng matalinong pagpili sa pag-aasawa. Paalalahanan sila na kapag dumating ang oras upang isaalang-alang ang pag-aasawa, kailangan silang magpatuloy na manalangin araw-araw subalit huwag umasa na gagawin ng Panginoon ang gawain para sa kanila.

Hamunin sila na gumawa ngayon sa pagiging ang uri ng taong nais nilang pakasalan. Dapat nilang bantayan ang araw-araw na pagkakataon upang tulungan at paglingkuran ang iba at maging sapat na malapit sa Panginoon upang matalinong makapamili sa isa sa mga pinakamahalagang pasiya na gagawin nila.

# 32 Paghahanda Para sa Endowment sa Templo

**LAYUNIN**

Maghahanda ang bawat kabataang lalaki na tanggapin ang kanyang endowment sa templo at maghahandang gawing maganda at sagrado ang karanasang ito.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Doktrina at mga Tipan 124:40–41 at 105:18.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Larawan 10, Templo ng Maynila sa Pilipinas (62591); larawan 11, Pinagbibinyagan sa Templo (62031; Pakete ng mga Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 504; at larawan 12, Silid na Selestiyal sa Templo.
   c. Maaari mong naising kumuha ng iba't ibang larawan ng mga templo mula sa aklatan ng inyong bahay-pulungan.
   d. Isang papel at isang lapis para sa bawat kabataang lalaki.
   e. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Isulat sa mga piraso ng papel ang pitong pahayag tungkol sa layunin ng mga templo (matatagpuan sa simula ng aralin).
4. Isulat sa mga piraso ng papel ang siyam na tanong sa hulihan ng aralin.
5. Maagang makipag-ayos na ipaturo sa obispo ang araling ito, lalo na ang bahaging "Paglalahad ng Obispo." Bigyan siya ng balangkas ng aralin, at tulungan siya sa anumang paraan na nais niyang ayusin ang silid, maglaan ng mga larawang pantulong, o ituro ang ilang bahagi ng aralin. Matuturuan niya nang magkasama o magkabukod ang mga korum. Maaari pa rin niyang pasamahin ang mga kabataang babae sa kabataang lalaki. Yamang ang araling ito ay tumatalakay sa ganitong mahalagang paksa, higit na mahaba ito sa karaniwan at naglaan nang higit na maraming pinagmumulang materyal; samakatwid, maaaring ikaw o ang obispo ang dapat na pumili nang may panalangin kung aling mga materyal ang gagamitin. Tiyaking maglaan ng oras para sa tanungan bago matapos ang aralin. Aralin ito sa endowment lamang, hindi sa kasal sa templo (tingnan ang aralin 33, "Kasal na Selestiyal—Isang Paghahanda Para sa Walang-hanggan"). Maaaring mangailangan ng dalawang linggo ang araling ito, batay sa mga kalagayan ng lugar at sa patnubay ng Espiritu.
6. Kung makukuha sa pook ninyo, maaari mong naising ipakita ang "Temples Are for Eternal Covenants" sa *Family Home Evening Video Supplement 2* (53277).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

Mga larawan, bigay-sipi, at talakayan

**Mga Layunin ng mga Templo**

Ipakita ang mga larawan ng iba't ibang templo at ng isang silid ng ordenansa. Ipamigay sa mga kasapi ng klase ang mga sumusunod na pahayag na kinuha mula sa lathalain ni Elder John A. Widtsoe ("Looking Toward the Temple," *Ensign*, Ene. 1972, p. 56–57). Ipabasa nang papalit-palit sa mga kabataang lalaki ang bawat sipi. Talakayin sa mga kabataang lalaki ang mga pahayag.

1. *"Ang templo ay isang bahay o tahanan ng Panginoon.* Kung dadalaw ang Panginoon sa daigdig, pupunta siya sa kanyang templo."
2. *"Ang templo ay isang lugar ng pagtuturo.* Dito pinag-aaralang muli ang mga alituntunin ng ebanghelyo at ipinahahayag ang malalalim na katotohanan tungkol sa kaharian ng Diyos."

3. *"Ang templo ay isang lugar ng kapayapaan.* Dito natin maisasaisantabi ang mga pagkabalisa at pag-aalala ng magulong daigdig sa labas."
4. *"Ang templo ay isang lugar ng mga tipan,* na makatutulong . . . sa ating paglabas mula sa templo na may mataas na paninindigan na mamuhay nang karapat-dapat sa mga kaloob ng ebanghelyo."
5. *"Ang templo ay isang lugar ng pagpapala.* Ang mga pangako ay ibinibigay sa atin, batay lamang sa ating katapatan."
6. *"Ang templo ay isang lugar kung saan ipinakikita ang mga seremonya tungkol sa pagkadiyos.* Ang mga dakilang misteryo ng buhay, kasama ng mga hindi nasasagot na tanong ng tao, ay nililinaw dito: (1) Saan ako nagmula? (2) Bakit ako narito? (3) Saan ako pupunta pagkatapos ng buhay?"
7. *"Ang templo ay isang lugar para sa paghahayag.* Maaaring magbigay ng paghahayag dito ang Panginoon, at bawat tao ay maaaring tumanggap ng paghahayag na makatutulong sa kanya sa buhay."

Talakayan sa pisara

Isulat sa pisara ang ilang ordenansa na ginagawa sa loob ng templo:

1. Pagbibinyag para sa mga patay.
2. Mga ordenasyon sa pagkasaserdote para sa mga patay.
3. Mga endowment para sa mga buhay at mga patay.
4. Pagbubuklod ng mga mag-asawa para sa kawalang-hanggan para sa mga buhay at mga patay.
5. Iba pang mga nagbubuklod na ordenansa para sa mga buhay at mga patay.

Ipaliwanag na ang mga ordenansang isinasagawa sa templo ay may masagisag na kahulugan. Sa ordenansa ng pagbibinyag, halimbawa, inililibing tayo sa tubig at iniaahong muli. Ito ay sumasagisag sa kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli ng Panginoon. Ang lahat ng ordenansa ng templo ay sumasagisag sa mga katotohanan ng ebanghelyo. Dahilan sa maraming itinuturo sa templo kaysa sa mauunawaan ng isang tao sa isang pagdalaw, ang mga karapat-dapat na kasapi ay dapat madalas na bumalik sa templo kung saan maaari.

---

**Mahalaga sa Kadakilaan ng Bawat Tao ang Endowment**

Kuwento

Ang mga ordenansa ng templo ay napakahalaga sa isang kabataang babaeng Banal sa Huling-araw na higit pa ang ginawa niya upang madama ang espiritu ng templo. Isalaysay ang sumusunod na kuwento sa iyong sariling mga salita:

Ang pagtatalaga ng Templo sa Nauvoo ay naganap noong 30 Abril 1846 at nang sumunod na tatlong araw. Mangilan-ngilan sa mga nasa daan na patungo sa Winter Quarters ang bumalik para sa pagtatalaga, subalit isa sa nagbalik ay ang labing-apat na taong gulang na si Elvira Stevens. Naulila sa Nauvoo at naglalakbay pakanluran kasama ng kanyang kapatid na babae at bayaw, tumawid si Elvira sa Ilog ng Mississippi nang tatlong ulit upang dumalo sa mga pulong, ang tanging kasapi sa mga magkakasama sa bagon na gumawa ng ganito. "Napakalaki ng kapangyarihan ng langit," isinulat niya, "sa gayon ay tumawid ako nang pabalik-balik upang makinabang dito, kahit na napakabata ko pa." Hindi pa natatanggap ni Elvira ang mga ordenansa sa templo, subalit ang kapangyarihang espirituwal ng gusali mismo at ang mga pangyayari sa pagtatalaga nito ay nanatiling maliwanag na alaala ng kanyang maikli at magulong buhay sa Nauvoo. (Tingnan sa Carol Cornwall Madsen, *In Their Own Words* [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1994], p. 23.)

Talakayan sa pisara

Ipaliwanag na kapag higit na handa ang mga kabataang lalaki, higit na mauunawaan nila ang endowment kapag nagtungo sila sa templo. Ang araling ito ay tutulong na ihanda sila at bigyan sila ng mga mungkahi para sa higit pang paghahanda.

Isulat ang salitang *endowment* sa pisara. Hilingan ang mga kabataang lalaki na ipaliwanag ito.

• Kapag sinabi natin na ang isang pamantasan ay tumanggap ng malaking kaloob (endowment), ano ang ibinigay dito? (Isang kaloob na pananalapi.)

• Ipinapangako ng Panginoon sa mga elder ng Simbahan na kung pababanalin nila ang kanilang mga sarili, sila ay "pagkakalooban ng kapangyarihan" (Doktrina at mga Tipan 43:16). Ano ang kahulugan nito?

• Ipinangako ng Panginoon sa mga elder ng Simbahan, "Ako ay naghanda ng malaking kaloob . . . na ibubuhos sa kanila" (Doktrina at mga Tipan 105:12). Ano ang ipinapangako niya? (Maraming mga kaloob o pagpapala.)

Isulat sa pisara ang, *Ang endowment ay nangangahulugang isang handog ng mga pagpapalang espirituwal*.

Banal na kasulatan at talakayan

Hilingan ang mga kabataang lalaki na ipaliwanag kung bakit sa palagay nila ay mahalaga ang endowment. Ipabasa, pamarkahan, at ipatalakay sa kanila ang Doktrina at mga Tipan 124:40–41.

Sipi

Basahin ang sumusunod na pahayag:

"Pahintulutan ninyong bigyan ko kayo ng maikling paliwanag. Ang endowment ninyo ay, tanggapin ang lahat ng ordenansang iyon sa bahay ng Panginoon, na mahalaga para sa inyo, matapos ninyong lumisan sa buhay na ito, upang makabalik kayo sa kinaroroonan ng Ama, na dinadaanan ang mga anghel bilang mga bantay, na binigyang kakayahang ibigay sa kanila ang mga hudyat, ang mga senyas at mga tanda, tungkol sa banal na Pagkasaserdote, at matamo ang inyong walang-hanggang kadakilaan sa kabila ng daigdig at impiyerno" (Brigham Young, *Discourses of Brigham Young*, pinili ni John A. Widtsoe [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1954], p. 416).

Talakayan sa pisara

Isulat sa pisara ang *Doktrina at mga Tipan 124:40–41.* Ilagay ang mga sumusunod na salita at parirala sa ibaba ng sanggunian sa ganitong paraan:

Doktrina at mga Tipan 124:40–41
Kadakilaan sa kinaroroonan ng Diyos
Patuloy na katapatan
Kasal na walang-hanggan
Endowment sa templo
Ang banal na pagkasaserdote
Kaloob na Espiritu Santo
Pagbibinyag
Pagsisisi
Pananampalataya kay Jesucristo

Magbigay ng patotoo na ang endowment sa templo ay mahalaga sa kadakilaan ng bawat tao. Ito ay mahalagang hakbang upang magtamo ng kadakilaan sa kahariang selestiyal at magtamo ng pagkadiyos.

---

**Mga Kailangan Para sa Isang Rekomendasyon sa Templo**

Paglalahad ng obispo

Maaaring naisin ng obispo na ipakita sa mga kabataang lalaki (at mga kabataang babae kung naroroon) ang kanyang aklat ng mga rekomendasyon sa templo at ipaliwanag na siya ay inordenan upang maging isang karaniwang hukom sa Israel. Upang magtamo ng rekomendasyon sa templo, ang isang kasapi ng Simbahan ay kailangang magkaroon ng pansariling panayam sa pagiging karapat-dapat ng isang kasapi ng panguluhang obispo at isang kasapi ng panguluhan ng istaka. Maaaring naisin ng obispo na magbasa ng mga

tiyak na tanong mula sa aklat ng rekomendasyon sa templo na itatanong, o maaari niyang pakahulugan sa ibang simpleng pangungusap ang mga ito. Dapat niyang anyayahan ang mga kasapi ng klase na pag-aralang mabuti ang sarili nilang mga buhay upang malaman kung magiging karapat-dapat sila sa isang rekomendasyon sa templo. Kung hindi, dapat silang magsimulang gawing karapat-dapat ang sarili nila.

Maaaring ipaliwanag ng obispo na ang katapatan sa mga panayam ay mahalaga. Ang mga kabataan ay tunay na tumutugon sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng kanyang mga kinatawan.

Maaaring ipaliwanag ng obispo na ang bawat kabataan ay kakapanayaming isa-isa at kailangang lumagda sa rekomendasyon upang ipakita na sinagot niya ang lahat ng tanong nang tama at tapat. Sinasaksihan ng obispo ang lagdang iyon. Pagkatapos, isang kasapi ng panguluhan ng istaka ang kakapanayam sa bawat isa at kailangang lumagda rin sa rekomendasyon.

Talakayan

Talakayin kung paano makapaghahanda ang mga kabataan upang makapanayam para sa kanilang mga rekomendasyon sa templo at upang tanggapin ang kanilang mga sariling endowment. Iugnay ang mga paghahanda sa layunin ng endowment na tinalakay na sa simula ng aralin, at tulungan ang mga kasapi ng klase na linawin ang mga sumusunod na bagay:

1. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Lalo nang pag-aralan muli ang Genesis 1–3; Doktrina at mga Tipan 124:40–41; 132; Moises 1–5; at Abraham 4–5.
2. Maging mapanalangin.
3. Sundin ang Salita ng Karunungan.
4. Mamuhay na malinis ang moralidad.
5. Magbayad ng buong ikapu.
6. Itaguyod ang mga Pangkalahatang Awtoridad at ang mga lokal na awtoridad ng Simbahan.
7. Maging matapat sa lahat ng mga pakikitungo ninyo.
8. Iwasan ang mga pangkat ng tumalikod sa katotohanan o ang mga turo ng mga ito.
9. Magsisi sa mga kamalian.
10. Mahalin ang inyong kapwa-tao.

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo sa kagalakan at kasiyahan na dumarating sa mga namumuhay nang karapat-dapat upang makapasok sa templo upang tanggapin ang kanilang endowment at nananatiling karapat-dapat sa mga pagpapalang ito sa buong buhay nila.

---

### Mga Tanong Hinggil sa Templo

Talakayan

Tamang-tamang pagkakataon ito upang sagutin ang anumang mga angkop na tanong ng mga kabataan hinggil sa endowment. Kasama dito ang siyam na tanong na kadalasang itinatanong ng mga kabataan na naghahandang magtungo sa templo. Gamitin ang alinman o ang lahat ng kaalamang sumusunod:

Ipamigay ang mga piraso ng papel na naglalaman ng mga tanong. Ipabasa nang isa-isa sa mga kasapi ng klase ang kanilang mga tanong. Pagkatapos ay talakayin ang mga sagot.

1. Anong uri ng tulong ang maaasahan ng isang kabataang lalaki kapag nagpunta siya sa templo?

"Dapat [ninyong] . . . malaman na kapag nagpunta kayo sa templo sa unang pagkakataon, hindi kayo pababayaan. Tutulungan kayo ng mga nangangasiwa (officiator), mga tumatanggap, at iba pa na nakatalagang gumawa doon upang pagandahin at bigyang-kabuluhan ang inyong karanasan sa templo (El Ray L. Christiansen, "Some Things You Need to Know About the Temple," *New Era,* Hunyo 1971, p. 27).

2. Ang mag-anak ko ba, kasintahan, o mga kaibigan ay maaaring sumailalim sa seremonya na kasama ko?

Ang ilang tiyak na gawain sa templo ay ginagawa nang bukod. Subalit sa sinumang nagtutungo sa templo sa unang pagkakataon ay maaaring samahan ng, isang ama, ina, kapatid na lalaki, kapatid na babae, guro, o kaibigan na mayroong may-bisang rekomendasyon sa templo.

3. Ano ang kailangan kong dalhin sa templo?

Rekomendasyon sa templo at isang bagong tanging kasuotan sa templo.

4. Kakailanganin ko ba ang pananamit sa templo?

Ang lahat ng kailangang pananamit ay makukuha sa templo o mabibili sa sentro ng pamamahagi ng kasuotan.

5. Anong pananamit ang dapat isuot sa templo?

Kapag pumapasok sa templo, dapat magsuot ng mahinhing pananamit. Ang pinakamagandang panlinggong damit ay naaangkop. Pagkatanggap ng endowment, dapat na palaging mahinhin ang pananamit ng isang tao, suot man sa templo o hindi.

Ang mga taong pumapasok sa templo upang makisali sa mga sagradong ordenansa ay nagpapalit ng kanilang Panlinggong damit sa simple, malinis na puting pananamit. Ipinaliwanag ni Elder Hugh B. Brown:

"Dito ay hindi lamang natin isasaisantabi ang mga pang-araw-araw na pananamit, kundi ang mga kaisipan sa lansangan, at hindi natin dadamitan lamang ang ating mga katawan ng malinis na puting linen kundi pati na ang ating mga isipan ng kadalisayan ng kaisipan. Nawa ay makinabang tayo mula sa sinabing salita at sa kung ano ang higit na nagtatagal at higit na nakikintal, tumanggap ng tagubilin mula sa Espiritu" (binanggit ni ElRay L. Christiansen, "Some Things You Need to Know about the Temple," *New Era*, Hunyo 1971, p. 26).

6. Bakit lahat ay nagsusuot ng iisang uri ng pananamit sa templo?

"Sa mga templo, lahat ay magkakatulad na nakadamit ng puti. Puti ang sagisag ng kadalisayan. Walang maruming tao ang may karapatang pumasok sa bahay ng Diyos. Isa pa, ang magkakatulad na damit ay sumasagisag na sa harapan ng ating Diyos Ama sa langit, lahat ng tao ay pantay-pantay. Ang nanlilimos at may-ari ng bangko, ang may pinag-aralan at ang mangmang, ang prinsipe at ang pulubi ay magkakatabing nauupo sa templo at magkasinghalaga kung sila ay namumuhay nang matuwid sa harapan ng Panginoong Diyos, ang Ama ng kanilang mga espiritu. Kalakasang espirituwal at pang-unawa ang natatanggap ng isang tao sa templo. Lahat ng ganito ay may magkakapantay na lugar sa harapan ng Panginoon" (John A. Widtsoe, "Looking Toward the Temple," *Ensign*, Ene. 1972, p. 58).

7. Bakit napakahalaga ng pagsusuot ng kasuotan sa templo sa lahat ng oras?

Ang kasuotan sa templo ay kaparis ng endowment at mga tipan na ginawa sa templo. Sa Apocalipsis ay isinulat ni Juan: "Narito, ako ay pumaparitong gaya ng magnanakaw. Mapalad siyang nagpupuyat, at nag-iingat ng kanyang mga damit, na baka siya'y lumakad na hubad, at makita nila ang kanyang kahihiyan" (Apocalipsis 16:15).

Ipinahayag din ni Pangulong Joseph F. Smith:

"Binigyan tayo ng Panginoon ng mga kasuotan ng banal na pagkasaserdote, at alam na ninyo ang ibig sabihin niyon. Gayunman ay marami sa atin ang sumisira sa mga iyon, upang masunod natin ang kalokohan, walang saysay at (pahintulutan ninyo akong sabihing) mahalay na mga ugali ng daigdig. Upang ang mga ganitong tao ay makagaya sa mga uso, hindi sila nagdadalawang-isip na sirain ang dapat ay ituring na . . . sagrado. . . . Dapat nilang ituring na sagrado ang mga bagay na ibinigay sa kanila ng Diyos, hindi nabago at hindi naiba mula sa mismong huwaran ng pagkakabigay ng Diyos sa kanila. Magkaroon tayo ng tapang na manindigan laban sa mga palagay ng moda, at lalo na kung saan napipilit tayo ng moda na labagin ang isang tipan at sa gayon ay magkasala nang malubha" ("Fashion and the Violation of Covenants and Duty," *Improvement Era*, Ago. 1906, p. 813).

8. Bakit hindi ipinapakita sa mga tao ang endowment sa templo?

Ang mga ordenansa sa templo ay napakasagrado kaya hindi ipinakikita ang mga ito sa mga tao. Ang mga ito ay makukuha lamang ng mga karapat-dapat sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay. Ang mga ito ay isinasagawa sa mga lugar na tanging itinalaga para sa layuning ito. Ganyan kasagrado ang katangiang ito kaya ang detalyeng pag-uusap sa labas ng templo ay hindi tama.

"Maraming pagpapala ang dumarating sa mga tumatanggap at gumagalang sa mga sagradong ordenansang ito, na napakahalaga para sa kadakilaan. Ang pakikisali sa gawain sa templo ay nagbibigay ng malakas, maliwanag, kapaki-pakinabang na tagubilin sa mga alituntunin ng ebanghelyo, at ang templo ay isang lugar para sa pag-iisip na mabuti at panalangin.

"Ang templo ay isang kanlungan mula sa daigdig, kapirasong langit sa lupa, at ang isang tao ay dapat na magpatuloy na mamuhay nang karapat-dapat upang makapunta siya sa templo nang madalas at sariwain ang kanyang mga tipan" (ElRay L. Christiansen, "Some Things You Need to Know about the Temple," *New Era*, Hunyo 1971, p. 27).

9. Bakit ibang-iba sa ating karaniwang pagsamba kung Linggo ang mga seremonya sa templo?

Sapagkat ang mga ito ay may katangiang higit ang pagiging masagisag. Samakatwid, kapag nagpupunta tayo sa templo, dapat tayong maghanda para sa isang karanasan na ibang-iba sa ating mga karaniwang pulong ng pagsamba.

---

## Katapusan

Banal na kasulatan at patotoo

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 105:18. Magbigay ng patotoo sa katotohanan ng banal na kasulatang ito, gayundin sa kahalagahan ng endowment.

Hamon

Hamunin ang bawat kabataang lalaki na mangako sa mga matwid na pagpili hinggil sa pakikipagtipanan at pagliligawan at sa pamumuhay ng mga utos ng Diyos upang maging karapat-dapat sa isang rekomendasyon sa templo.

# 33 Kasal na Selestiyal—Isang Paghahanda Para sa Kawalang-hanggan

**LAYUNIN**

Higit na mauunawaan ng bawat kabataang lalaki ang walang-hanggang kahalagahan ng pagiging kasal sa templo sa isang karapat-dapat na babae at pagkatapos ay pagsasakatuparan ng mga tipan na magkasama nilang ginagawa.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Doktrina at mga Tipan 132:15–20.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Larawan 10, Templo ng Maynila sa Pilipinas (62592); larawan 12, Isang Silid na Selestiyal sa Templo; larawan 13, Isang Silid ng Endowment sa Templo.
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Kung makukuha sa inyong pook, maaari mong naising ipalabas ang *Together Forever* (53411).


**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad

Talakayan sa pisara

Isulat sa pisara ang pariralang *Isang Sagradong Triyanggulo* (Tatsulok). Gumuhit ng triyang- gulo sa ilalim nito.

Sabihin sa korum na maaari silang magtanong ng sampung tanong upang tuklasin kung ano ang kinakatawan ng triyanggulo. Kailangang masagot ninyo ang bawat tanong ng oo o hindi. Kung pagkatapos ng unang limang tanong ay hindi nila nahulaan na ang triyanggulo ay may kinalaman sa pag-aasawa, bigyan sila ng isa o dalawang pahiwatig. Tulungan silang tuklasin na ang triyanggulo ay kumakatawan sa kaugnayan ng mag- asawa, at ng Diyos. Isulat ang mga salitang ito sa triyanggulo sa tamang lugar:




- Paano magiging kasama sa pag-aasawa ang Diyos?
- Bakit sa palagay ninyo ninanais ng Ama sa Langit na ikasal ang bawat isa sa atin sa templo?

Ipaliwanag na ang araling ito ay tutulong na sagutin ang tanong na ito.

### Ang Tamang Kasal ay Kailangan Para sa Lubos na Kaligayahan

Ituro na karamihan sa mga tao ay gumugugol ng higit sa dalawang-katlo (2/3) ng kanilang mortal na buhay sa pag-aasawa. Ang uri ng panahon na ito dito at sa walang-hanggan ay nababatay nang malaki sa kung paano tayo magpapakasal at sino ang ating pakakasalan.

- Anong uri ng mag-anak at tahanan sa hinaharap ang gusto ninyo?
- Anong mga uri ng mga seremonya ng kasal ang maaari sa mga kasapi ng Simbahan?

Kapag nabanggit ng mga kabataang lalaki ang kasal na sibil, isulat sa isang panig ng pisara ang, *Kasal na Sibil: Kasunduan Para sa Panahon*. Kapag nabanggit nila ang kasal sa templo, isulat sa kabilang panig ng pisara ang, *Kasal na selestiyal: Kasunduan Para sa Walang-hanggan*.

Paglalahad ng tagapayo at talakayan sa pisara

Habang tinatalakay ninyo ang mga sumusunod na tanong, isulat ang mga tugon sa ilalim ng mga angkop na pamagat. Sa katapusan ng talakayan, ang pisara ay dapat maging katulad ng sumusunod:

| Kasal na Sibil: Kasunduan Para sa Panahon | Kasal na Selestiyal: Kasunduan Para sa Walang-hanggan |
|---|---|
| 1. Tahanan, simbahan, tanggapan, halos kahit saan | 1. Sagradong silid bukluran sa templo |
| 2. Hukom ng kapayapaan, ministro, huwes, obispo | 2. Isa na may kapangyarihang magbuklod mula sa propeta ng Panginoon |
| 3. Hanggang kamatayan | 3. Para sa panahon at sa walang-hanggan |
| 4. Walang asawa, tagapaglingkod sa iba | 4. Mga diyos at diyosa |
| 5. Walang pag-angkin sa ating mag-anak | 5. Isang yunit ng mag-anak magpakailanman |

Talakayan

- Saan nagaganap ang mga ganitong uri ng kasal?

Ipakita at maikling ipaliwanag ang mga larawan 10, 12, at 13.

- Sino ang magsasagawa ng pagkakasal?

Habang binabasa ng isang kabataang lalaki ang sumusunod na sipi, hilingan ang korum na pag-isipan kung gaano kahalaga na maikasal ng tamang awtoridad:

"May isang tao lamang na nabubuhay sa daigdig sa isang panahon na mayhawak ng mga susi ng kapangyarihang ito ng pagbibigkis o pagbubuklod. Walang ibang tao ang may karapatan na mangasiwa sa isang kasalan, o seremonya ng pagbubuklod, para sa panahon at sa kawalang-hanggan, malibang natamo niya ang tuwirang paghirang mula sa isa na humahawak ng mga susi ng kapangyarihang ito" (Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1954–56], 2:74).

Banal na kasulatan, talakayan at sipi

- Gaano tatagal ang bawat uri ng kasal?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 132:15. Tulungan silang linawin na ang kasal na sibil ay tumatagal hanggang kamatayan at ang kasal sa templo ay tumatagal sa panahon at sa kawalang-hanggan.

Ipasaalang-alang sa mga kabataang lalaki ang mga kagalakan ng kasal na tumatagal magpakailanman, habang binabasa ng isang kabataang lalaki ang sumusunod na sipi:

"Ang mga pinakadakilang kagalakan ng tunay na buhay may-asawa ay maaaring ipagpatuloy. Ang mga pinakamagandang kaugnayan ng mga magulang at anak ay magagawang pirmihan. Ang banal na samahan ng mga mag-anak ay maaaring maging walang katapusan kung ang mag-asawa ay naibuklod sa mga banal na bigkis ng walang-hanggang pag-aasawa. Ang kanilang mga kagalakan at pagsulong ay hindi magwawakas" (Spencer W. Kimball, "So Long as You Both Shall Live," *Improvement Era,* Dis. 1964, p. 1055).

- Ano ang magiging walang-hanggang katayuan kung ang mga tao ay tumutupad sa mga tipan ng mga ganitong uri ng kasal?

Upang matagpuan ang sagot sa kasal na sibil, ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 132:16–17. Pagkatapos ay basahin ang sumusunod na sipi:

"Ang pahiwatig dito ay ito, na silang malilinis sa kanilang buhay; mabubuti; mararangal; subalit hindi tatanggap ng walang-hanggang tipang ito ng kasal sa bahay ng Diyos, ay lalabas—at *sila man ay makapapasok sa kahariang selestiyal*, subalit kapag pumasok sila doon ay pumapasok sila bilang mga tagapaglingkod—upang maglingkod sa 'mga karapat-dapat sa higit, at labis, at walang-hanggang timbang ng kaluwalhatian.' . . .

"Sino ang nagnanais na pumasok sa walang-hanggang daigdig at maging *tagapaglingkod*, samantalang ang pangako ay ibinigay upang tayo ay maging mga anak ng Diyos? Gayunman ay magkakaroon ng malaking bilang na papasok sa walang-hanggang daigdig bilang mga *tagapaglingkod,* at hindi bilang mga *anak [na lalaki],* at ito ay dahilan sa higit nilang iniisip ang daigdig at ang mga tipan nito, kaysa sa Diyos at sa kanyang mga tipan. . . . O, anong kapaitan magkakaroon sa araw ng paghuhukom, kapag ang bawat tao ay tumatanggap ng mga gantimpala niya ayon sa kanyang mga gawa!" (Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation,* 2:62, 64–65).

Upang makita ang sagot para sa kasal sa templo, ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 132:19–20.

Talakayan at mga sipi

- Ano ang magiging katayuan ng mag-anak matapos mamatay ang mga kasapi nito?

Upang makita ang sagot sa kasal na sibil, ipabasa sa isang kabataang lalaki ang sumusunod na sipi:

"Sila [ang mag-asawa] ay hindi nasasakop ng anumang batas ng ebanghelyo. Hindi nito sila [ang mag-anak] maaangkin; kapag patay na sila, ang kanilang kasunduan, at mga pananagutan, at mga bigkis ay nagwawakas; *hindi nila maaaangkin ang isa't isa,* at *hindi maaangkin ang kanilang mga anak. Ang mga anak nila ay naiiwanang walang magulang,* sila lamang sa pamamagitan ng sarili nilang katapatan ay maaaring maampon sa mag-anak ng ibang tao" (Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation*, 2:61).

Upang makita ang sagot para sa kasal sa templo, ipabasa sa isang kabataang lalaki ang sumusunod na sipi:

"Lubos akong naliligayahan sa kaisipan na *kung ako ay tapat at karapat-dapat sa kadakilaan, ang aking ama ay magiging aking ama, at ako ay masasakop niya bilang anak [na lalaki] niya sa buong kawalang-hanggan*; makikilala ko at malalaman ang aking ina at siya ang aking magiging ina sa lahat ng kawalang-hanggan; at ang aking mga kapatid ay magiging mga kapatid ko sa lahat ng kawalang-hanggan; at ang aking mga anak at mga maybahay ay magiging akin sa walang-hanggan" (Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation,* 2:67).

Pagbalik-aralan ang triyanggulo at iba pang kaalaman sa pisara, at ipapaliwanag sa mga kabataang lalaki kung aling kasal ang may kakayahang magdulot ng lubos na kaligayahan at bakit.

---

**Ang mga Kasal sa Templo ay Maaaring Maging Selestiyal**

Talakayan at kuwento

- Ang kasal ba sa templo ay palaging kasal na selestiyal?

Ibahagi ang sumusunod na kuwento:

"Sa kalagitnaan ng isang matinding pagtatalo hinggil sa mga pananalapi ng mag-anak, tumigil si Bill Morgan sa kalagitnaan ng pangungusap at tumitig sa kanyang maybahay na may kakaibang pahiwatig. 'Ito ay hindi sapat,' ang sabi niyang may pagkabigla.

" 'Alin ang hindi sapat?' ang biglang sagot ng maybahay niya.

" 'Ang kasal sa templo. Para itong kanal na semento na walang tubig.'

" 'Ano ang sinasabi mo?' ang pagpilit ni Susan na ngayon ay yamut na yamot na. 'Pera ang pinag-uusapan natin, natatandaan mo ba?'

" 'Biglang pumasok sa isip ko. Ang kasal sa *templo* ay hindi walang-hanggang kasal. Katulad lamang ito ng napakaganap na itinayong kanal na walang tubig.'

"Ngayon ay nawawala na rin ang galit ni Susan. 'Ano ang ibig mong sabihin?'

" 'Ang kasal sa templo ay daanan para sa kasal na walang-hanggan, subalit maaari

kayong magkaroon ng kanal nang hindi ito pinupuno ng tubig. Tingnan mo,' ang masigasig niyang sabi, 'ipagpalagay na sa oras mismong ito ay babagsak ang bubong ng ating tahanan at papatayin tayo kapwa.' Bahagya siyang ngumiti. 'Mayroon tayong kasal sa templo. Sa palagay mo ba ay magkakaroon tayo ng walang-hanggang kasal? Isipin natin sandali ang ating kasal. Sa palagay mo ba ay kasal na selestiyal ito?'

"Dahan-dahang umiling ang maybahay niya. 'Maaaring hindi, at anong kalunus-lunos na kaisipan.'

"Mahinahong tumango si Bill. 'Kahit paano ay inakala natin na ang makasal sa templo ay sapat na. Subalit kailangan nating gumawa sa pagtatatag ng kasal na selestiyal. Nasa atin ang daan. Punuin natin ito ng nararapat nitong dalhin' " (*Achieving a Celestial Marriage* [manwal ng mag-aaral ng Sistemang Pang-edukasyon ng Simbahan (Church Educational System), 1976], p. 125).

Banal na kasulatan at talakayan

- Paano magiging kasal na selestiyal ang kasal sa templo?

Upang makatulong na sagutin ang tanong na ito, muling basahin ang Doktrina at mga Tipan 132:19. Basahin lamang hanggang sa unang tuldok-kuwit. Iparinig sa korum ang tungkulin ng Banal na Espiritu ng Pangako kaugnay ng kasal sa templo.

- Ano ang Banal na Espiritu ng Pangako? (Ang Espiritu Santo.)
- Ano ang ibig sabihin ng ipabuklod ang kasal sa Banal na Espiritu ng Pangako?

Sipi

Pahintulutang tumugon ang mga kabataang lalaki. Pagkatapos ay ibahagi ang sumusunod na sipi sa kanila:

"Ang ibuklod ay *pagtibayin, bigyang-katuwiran,* o *sang-ayunan*. Kaya ang gawang ibinuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako ay isa na pinagtibay ng Espiritu Santo; ito ay isa na sinang-ayunan ng Panginoon; at ang taong kumuha ng pananagutan sa sarili niya ay binigyang-katuwiran ng Espiritu sa bagay na ginawa niya. Ang nagpapatibay na selyo ng pagsang-ayon ay isinasagawa lamang kung ang mga nakikipagtipan ay karapat-dapat" (Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine*, ika-2 limbag [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1966], p. 361–62).

Paglalahad ng tagapayo at talakayan

Ipaliwanag na kapag ang isang matuwid at karapat-dapat na lalaki at babae ay nakipagtipan sa walang-hanggang kasal at patuloy na nananatiling dalisay, nagiging bahagi ng kasal nila ang Diyos, at pinagtitibay ng Banal na Espiritu ng Pangako ang kanilang kasal. Nangangailangan ito ng patuloy na pagsisikap upang mapaunlad ang isang kasal sa templo patungo sa isang selestiyal.

- Bakit nais ninyo ang kasal na selestiyal at hindi kasal sa templo lamang?

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang paghahanda para sa isang kasal na selestiyal ay hindi maaaring maisakatuparan sa ilang oras, linggo, o maging ilang buwan lamang. Nangangailangan ito ng maraming taon, at kailangan nitong masimulan ngayon. Ang kasal na selestiyal ay nangangailangan ng dalawang tao na nangangakong mamumuhay ng buhay na selestiyal. Ipaliwanag na ang pagmimisyon na pambuong panahon ay isa sa pinakamabuting paraan upang maghanda para sa kasal na selestiyal. Sumangguni sa triyanggulo sa pisara, at ituro na lahat ng guhit ay kailangang maitatag upang magkaroon ng kasal na selestiyal.

---

**Katapusan**

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na magpatuloy na maghanda upang karapat-dapat na sumali sa sagradong triyanggulo ng kasal na selestiyal at makipagtipanan lamang sa mga batang babaeng magiging karapat-dapat sa mga pagpapala sa templo.

# 34 Pagsunod

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na ang pagsunod niya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo ay dapat maganyak ng pag-ibig sa halip na tungkulin o takot.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Lucas 22: 39–44; Juan 6:38; 14:15, 21, 31; 15:9–10; 1 Nefias 17:1–9; Moronias 7:6–8; at Doktrina at mga Tipan 59:23.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Ang Pagsunod ay Nagpapakita ng Tunay na Pag-ibig sa Panginoon

Kuwento

Ipaliwanag na noong ika-26 ng Abril 1939, ang Korum ng Labindalawa ay nakipagpulong sa kasapi ng Simbahan sa plasa ng Far West, Missouri. Bilang pagtupad sa takdang gawain mula kay Propeta Joseph Smith, muli nilang inilagay ang panulok na bato sa timog silangan ng templo na balang araw ay itatayo doon. (Ang panulok na bato sa timog silangan ay unang inilagay noong ika-4 ng Hulyo 1838.) Tumulong sila sa unang paninirahan sa Nauvoo, at pagkatapos ay nagsimulang umalis patungo sa isang misyon sa Inglatera kung saan sila tinawag. Ang tawag sa mga Apostol upang magtungo sa Inglatera ay dumating sa napakahirap na panahon para sa ilan sa Labindalawa. Tunay na iyon ay isang pagsubok sa pananampalataya.

Basahin ang sumusunod na ulat ng pag-alis nina Brigham Young at Heber C. Kimball:

“Noong ikalabing-apat ng Setyembre, nilisan ni Brigham Young ang kanyang tahanan sa Montrose at nagsimulang magtungo sa Inglatera. Pinanghina [naratay] siya ng sakit nang ilang panahon, at sa panahon ng pagsisimula sa kanyang misyon, siya ay hinang-hina na kailangan siyang tulungan sa bangkang pantawid, mga tatlumpung wayway lamang ang layo mula sa bahay niya. Lahat ng mga anak niya ay maysakit at iniwan niya ang maybahay niya na may sanggol na sampung araw ang gulang, at nasa pinakamahirap na mga kalagayan, sapagkat pinagnakawan siya ng mga mandurumog sa Missouri ng lahat ng kanyang ari-arian. Matapos tumawid sa ilog patungo sa panig ng Nauvoo, isinakay siya ni Israel Barlow sa isang kabayo sa likod niya at binuhat siya tungo sa bahay ni Elder Heber C. Kimball, kung saan lubusan na siyang nanghina, at kinailangan siyang manatili roon nang ilang araw, na inaruga ng kanyang maybahay, na . . . tumawid sa ilog mula sa Montrose upang alagaan siya.

“Noong ikalabingwalo ng buwan, gayunman, si Elder Young, kasama si Heber C. Kimball, ay muling nagsimula. . . . Iniwan ni Elder Kimball ang kanyang maybahay na nakaratay na may *ague* (mataas na lagnat na halos katulad ng malaria), at lahat ng anak niya na maysakit. Sa tulong lamang ng ilang kapatid kaya si Heber mismo ay nakaakyat sa bagon. ‘Sa wari ko,’ ang sabi niya pagkaraang maglahad ng kalagayan, ‘maging ang pinakakaloob-looban ko ay matutunaw sa kaisipan na iniiwan ko ang aking mag-anak sa ganoong kalagayan, na para bang nasa mga bisig ng kamatayan. Nadama ko na sa wari ay hindi ko halos makakaya iyon,’

“‘Tigil!’ ang sabi niya sa namumuno, na kasisimula pa lamang. ‘Kapatid na Brigham, napakahirap nito, subalit magsitayo tayo at palakpakan natin sila.’ Si Brigham, na hirap na hirap, ay tumayo, at nakisali kay Elder Kimball sa pagwagayway ng sombrero niya at pagsigaw, ‘Mabuhay! Mabuhay! Mabuhay ang Israel!’ Sina kapatid na [babaeng] Young at Kimball, sa pagkarinig sa sigawan ay lumapit sa pinto—hirap na hirap si Kapatid na

[babaeng] Kimball—at kumaway ng pamamaalam; at ang dalawang apostol ay nagpatuloy sa paglalakbay nila nang walang salapi, walang pagkain, patungo sa Inglatera" (B. H. Roberts, *Comprehensive History of the Church,* 2:23–24).

Talakayan

• Ano sa palagay ninyo ang humimok kina Elder Young at Kimball na magmisyon sa Inglatera at iwanan ang mga mag-anak nila sa ganoong kahirap na mga kalagayan?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na sumunod ang mga Apostol sa Panginoon at nagtiwala sa kanya bagaman maaaring nadama nilang may katuwiran silang manatili sa tahanan.

• May mga pagkakataon ba sa buhay ninyo na mahirap sumunod sa Panginoon?

• Ano ang ilang mahirap na pagpipilian para sa mga kabataang lalaking kasinggulang ninyo?

Ito ay maaaring isang mabuting panahon upang ipakita na sa ilan ang tawag sa misyon ay maaaring magmistulang dumarating sa hindi maginhawang panahon subalit inaasahan tayong tutugon nang kusang-loob dito, sa kabila ng hindi kaginhawaan o nagkakasalungatang mga pansariling interes.

• Bakit sa palagay ninyo mahalaga kina Elder Young at Elder Kimball na sundin ang tawag na magtungo sa Inglatera?

Tulungan ang mga kabataang lalaking maunawaan na ginawa ito ng mga Apostol dahil sa kanilang pag-ibig sa Panginoon at sa kanilang pagnanais na gawin ang kalooban niya.

Banal na kasulatan at talakayan

• Paano natin maipakikita sa Ama sa Langit at kay Jesus na mahal natin sila?

Ipaliwanag na si Jesus ay may ilang tiyak na kaisipan kung paano natin ipinahahayag ang ating pag-ibig sa kanya.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Juan 14:15.

• Bakit sa palagay ninyo tinutupad ng mga nagmamahal sa Panginoon ang kanyang mga utos?

Tulungan ang mga kabataang lalaking maunawaan na ang hindi sumusunod sa mga utos ay nagmamahal sa iba pang bagay nang higit kaysa sa Ama sa Langit at kay Jesus. Tulungan silang maunawaan na mahal tayo ni Jesus at binigyan tayo ng pagkakataong maaaring magkaroon ng buhay na walang-hanggan sa pamamagitan ng pagbabayad-sala para sa ating mga kasalanan. Ibinigay niya ang kanyang buhay para sa atin. Dahilan sa dakilang pag-ibig niya sa atin, binigyan niya tayo ng kanyang mga kautusan upang matulungan tayo. Ipinakikita natin ang ating pagmamahal sa kanya sa pamamagitan ng paggawa sa mga bagay na nais niyang gawin natin. Hindi maaaring tunay na mahalin ang Ama sa Langit at si Jesus at hindi sundin ang kanilang mga kautusan.

Basahin at talakayin kasama ang mga kabataang lalaki ang Juan 14:21, 31; 15:9–10; at 6:38.

• Ano ang huling bunga ng pagsunod ni Cristo?

Tulungan ang lahat ng kasapi ng korum na maunawaan na kusang loob na ibinigay ni Cristo ang buhay niya para sa atin bilang pagsunod sa kalooban ng Ama. Ituro na kailangan din nating matutong pasailalim nang kusang-loob sa ating Ama sa Langit kung nais nating tanggapin ang kaligayahan at kagalakan na natamo ni Cristo sa pamamagitan ng pagsunod niya.

Banal na kasulatan at paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na may ilang ulat sa banal na kasulatan tungkol sa pagdurusa ni Jesus sa Halamanan ng Getsemani. Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Lucas 22:39–44.

Ipaliwanag na bagama't nakapaghanda na si Cristo sa buong buhay niya para sa sandaling ito, mahirap itong batahin. Nakiusap siya sa Ama na alisin, kung maaari, ang "saro" o pagsubok mula sa kanya. Nasunod na niya ang kalooban ng kanyang Ama sa buong buhay niya at walang hangaring hindi gawin ngayon. Subalit marahil ay umasa siya na may iba pang maaaring paraan at sa sandaling iyon ay nakiusap para sa ginhawa mula sa nalalaman niyang darating. Ang makapangyarihang aral na itinuro niya sa atin ay ginawa niya ang hiniling ng Ama sa kabila ng anuman. Ipinakita niya ang pagmamahal niya sa kanyang Ama at sa atin sa pamamagitan ng pagiging handang gawin ang isang bagay

na napakahirap at napakasakit na hindi abot ng ating pang-unawa. Nagdusa siya sa ating mga kasalanan nang walang nagagawang anumang mga kasalanan sa sarili niya. Ang pagdurusa niya ay napakatindi na nagdugo siya sa bawat butas ng balat (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:18).

---

**Dumarating ang mga Pagpapala Kapag Masunurin ang Isang Maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron**

Paglalahad ng tagapayo

Tulungan ang mga kabataang lalaking maunawan na sinunod ni Cristo ang Ama sapagkat mahal niya siya. Gustung-gusto ni Jesus ang paggawa ng tama. Ang pagkamatwid ay maaaring pakahulugan sa isang paraan na karaniwang paggawa ng tama dahil sa tama iyon. Dapat din nating sundin ang Ama sa Langit dahil sa mahal lamang natin siya at dahil sa tama iyon.

Banal na kasulatan at talakayan

- Anong mga pagpapala ang dumarating sa atin kapag masunurin tayo?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 59:23.

- Bakit may higit na kapayapaan sa buhay ang masunurin?

Patotoo at talakayan

Patotohanan na ang mga pagpapala ng kapayapaan at kaligayahan ay dumarating na kasama ng pagsunod. Higit nating nadarama ang kapayapaan sa ating sarili dahil sa nagawa na natin ang nais ng Diyos. Kadalasan nating nadarama ang ganito, sa higit na mababang antas kapag sinusunod natin ang ating mga magulang. Ipaliwanag na ang paggawa nang matwid ay nagbibigay din sa atin nang higit na mabuting damdamin tungkol sa ating sarili at sa ating kakayahang madaig ang mga tuksong gumawa ng mali. Tulungan ang mga kabataang lalaking maunawaan na ang pagsunod sa mga panghihimok ng Espiritu Santo at paggawa ng alam natin at nadarama nating matwid ay palaging humahantong sa kapayapaan at kagalakan.

- Ano ang kahulugan ng pariralang “buhay na walang-hanggan sa darating na daigdig”?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang mga pagpapalang kaugnay ng buhay na walang-hanggan ay maaari lamang dumating kapag naging masunurin tayo at kapag pinahintulutan natin ang pagbabayad-sala ni Jesucristo na maging mabisa sa ating mga buhay.

Sipi at talakayan

Ituro na may katulong tayo sa pagsisikap na gawin ang kalooban ng Ama sa Langit. Basahin ang sumusunod na sipi mula kay Pangulong Heber J. Grant:

“May banayad na munting tinig na nagsasabi sa atin kung ano ang tama at kung nakikinig tayo sa banayad at munting tinig na iyon, uunlad tayo at madaragdagan ang lakas at kapangyarihan, sa patotoo at sa kakayahan hindi lamang upang ipamuhay ang Ebanghelyo kundi pasiglahin ang iba na gawin din ang gayon.

“Ang aking pinakamasigasig na panalangin ay mailagay sa puso ng bawat lalaki at babae na sila sa tunay na paggawa ang mga arkitekto ng kanilang mga buhay” (“The Path of Safety,” *Improvement Era,* Dis. 1937, p. 735).

- Bakit ibinibigay sa atin ng Panginoon ang banayad na munting tinig upang tulungan tayong gawin ang tama?
- Paano tayo tinutulungan ng Espiritu Santo?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ginagawa ni Satanas ang lahat ng makakaya niya upang panatilihin tayo sa kalagayang hindi pagsunod at sa wakas ay hahantong ito sa labis na paghihirap. Ang Ama sa Langit, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay nagsisikap na tulungan tayo na gawin ang tama at sundin ang mga kautusan upang maging katulad niya tayo. Habang sinusunod natin ang banayad na munting tinig, higit tayong napapasailalim sa impluwensiya ng Ama sa Langit. Ipaliwanag na nagiging katulad tayo ng mga pinakanakaiimpluwensiya sa atin. Habang higit tayong napapasailalim ng impluwensiya ng Ama, higit tayong magiging katulad niya.

Banal na kasulatan at talakayan

Isalaysay sa sarili mong mga salita ang mga pangyayari mula sa 1 Nefias 17:1–6. Pagkatapos ay ipabasa sa mga kabataang lalaki ang mga talata 7 hanggang 9.

• Anong tugon ang ibinigay ni Nefias nang utusan siya ng Panginoon na gumawa ng sasakyang dagat?

Ituro na hindi tinanong ni Nefias ang Panginoon kung paano gumawa ng sasakyang dagat, bagaman maaaring hindi pa siya kailanman nakagawa ng ganito noon. Itinanong lamang ni Nefias sa Panginoon kung saan kukuha ng gintong panggawa ng mga kagamitan. Ang ganitong uri ng tugon ay nagpakita ng kanyang pag-ibig sa Panginoon at ng kanyang lubusang pagtitiwala sa Panginoon. Gayunman, ang ating tugon ay hindi dapat, "Bakit kailangan nating gawin ang mga bagay na ito?" kundi, "Paano tayo magsisimula?"

• Paano pinagpala ng Panginoon si Nefias dahil sa pagkahanda niyang gawin ang ipinagagawa sa kanya?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Moronias 7:6–8.

• Ano ang matututuhan natin tungkol sa pagsunod sa mga talatang ito?

Kuwento at paglalahad ng tagapayo

Ilahad ang sumusunod na kuwento:

May gagawing pasiya si Ben. Siya ay dalawampu't limang taong gulang, nagtatrabaho bilang inhinyero sa pagmimina para sa isang minahan ng karbon, at naging kasapi ng Simbahan sa loob lamang ng isang taon. Sumapi siya sa Simbahan pagkatapos na ipakilala ito sa kanya ng mga kaibigan niya.

Ang lahat ng kaligayahan na idinulot sa kanya ng Simbahan ang nagbigay sa kanya ng pagnanais na ibahagi ang ebanghelyo sa kanyang mag-anak, subalit hindi nasiyahan ang mga magulang niya na sumapi siya sa Simbahan. Inisip niyang kumuha ng trabaho sa isang kompanya ng karbon sa kanyang sinilangang bayan at sikaping ipakita sa kanila sa pamamagitan ng pamumuhay niya kung paano nakapagbabago ng buhay ang ebanghelyo. Gayunman, sinabi ng propeta na bawat kabataang lalaki ay dapat magmisyon.

Sa wakas, matapos ang maraming panalangin at pag-aayuno, nagpasiya si Ben na maging masunurin sa payo ng propeta, kaya nagbigay siya ng kanyang papeles para sa misyon. Nang mag-ulat siya sa kanyang pangulo ng misyon, sinabi niya sa pangulo na laban na laban ang kanyang mga magulang sa kanyang pag-alis sa kanyang trabaho at paggugol ng kanyang panahon para sa Simbahan sa pagsisikap na magpabalik-loob ng mga taong Kristiyano na. Subalit sinabi ni Ben na nadama niyang kailangan niyang gawin ang hinihingi ng propeta.

Habang sumusulong ang misyon ni Ben, nag-ulat siya sa pangulo ng Simbahan na nagtanong ang mga magulang niya sa ilang kasapi ng Simbahan kung ano ang ginagawa ng kanilang anak at sinabihan tungkol sa sistema ng misyonero. Pagkatapos ay itinanong nila kung ano ang itinuturo ng anak nila sa mga tao, at ang mga misyonero ay dumating upang sabihin sa kanila.

Isang gabi, matapos na si Ben ay mapasa larangan ng misyon ng mga isa at kalahating taon, tinawag niya ang kanyang pangulo ng misyon. Si Ben ay tuwang-tuwa at siyang-siya na halos hindi niya masabi sa pangulo na nabinyagan na ang mga magulang niya.

Ipaliwanag na ang mga katulad na kalagayan ay maaaring hindi magwakas ng ganito kaligaya; ang mga tao ay may kalayaang pumili. Subalit ituro na ang Panginoon ay labis na nasiyahan sa pananampalataya at pagkahandang sumunod ni Ben dahil sa pananampalatayang iyon, ang mag-anak ni Ben ay nakinabang din at at pinagpala ng ebanghelyo.

---

## Katapusan

Talakayan sa pisara

Hilingan ang mga kabataang lalaki na linawin ang mga pangunahing paksa tungkol sa pagsunod mula sa aralin. Tulungan silang linawin ang mga sumusunod, at ibuod ang mga ito sa pisara:

1. Ang alituntunin ng pagsunod ay mahalaga sa ebanghelyo.
2. Ipinakita nating ang ating pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagkahandang gawin ang iniuutos nila.

3. Hindi palaging madaling ipakita ang pagmamahal na ito at sumunod, subalit matututuhan nating higit na ganap na sumunod sa pamamagitan ng pagsunod sa kapwa maliliit at malalaking bagay sa mga buhay natin at sa paghahangad ng tulong sa pamamagitan ng Espiritu ng Panginoon.
4. Habang sumusunod tayo sa maliliit na bagay, higit nating nakakayang sumunod kapag lumilitaw ang mahihirap na suliranin.
5. Si Cristo ay masunurin sa lahat ng mga araw niya dito sa lupa katulad din noong siya ay nasa buhay bago ang buhay sa daigdig.
6. Nauunawaan ni Cristo na hindi madaling sumunod sa lahat ng bagay subalit binigyan niya tayo ng tulong, ang "banayad na munting tinig."
7. Ang mga pagpapalang dumarating sa atin habang sumusunod tayo sa Panginoon ay kapayaan at buhay na walang-hanggan.
8. Higit tayong magiging katulad ng Panginoon habang pinahihintulutan nating maging bahagi ng ating buhay ang impluwensiya niya. Habang sinusunod natin ang Panginoon dahil sa pag-ibig, magiging higit tayong makapangyarihan, katulad ni Nefias, sa pagsasagawa ng kalooban ng Panginoon at sa paggawa ng mabuti para sa iba.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na ipakita ang pagmamahal nila sa kanilang Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagsasariwa at pagpapalakas sa kanilang mga pagsisikap na ipamuhay ang mga kautusan niya.

# Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo

# 35

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na kailangan niyang ilagay ang kanyang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at maipakikita niya ang kanyang pananampalataya kay Cristo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan.

**PAGHAHANDA**

1. Buong panalanging pag-aralan ang 1 Mga Hari 18:21–40 at Juan 14:6. Tingnan din sa Enos 1:5–8; Mosias 3:9; Helaman 8:15; 3 Nefias 17:8–9; Mormon 9:37; Moronias 7:26, 37,33; at Doktrina at mga Tipan 44:2.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Tisang may kulay (o mga krayola kung gagawin mo ang tsart sa isang papel na paskil).
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
   d. Tisa, pisara, at pambura.
3. Sa pisara o sa papel na paskil, maghanda ng tsart ng mga sangguniang banal na kasulatan at ng listahan ng mga pagpapala ng pananampalataya kay Jesucristo (nasa malapit sa hulihan ng aralin). Huwag isama ang mga guhit na nagpapares sa mga banal na kasulatan sa mga karampatang pagpapala.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na sa buong banal na kasulatan ay mababasa natin ang mga kuwento ng mga taong ang pananampalataya ay tapat subalit maliit ang kahalagahan sapagkat pananampalataya iyon sa mga maling bagay. Sabihin sa mga kabataang lalaki na ang isang ganitong kuwento ay makikita sa 1 Mga Hari.

Ipabasa sa kanila nang malakas ang 1 Mga Hari 18:21–40. Imungkahi na markahan nila ang mahahalagang parirala o talata.

• Ano ang nangyari nang manampalataya ang mga saserdote kay Baal at hilingin sa kanyang magparingas ng apoy? (Wala. Tingnan sa 1 Mga Hari 18:25–29.)

• Bakit hindi nasagot ni Baal ang mga panalangin ng mga saserdote? (Siya ay diyus-diyosan at umiral lamang bilang isang imahen. Wala siyang kapangyarihan.)

• Ano ang nangyari nang si Elias ang manampalataya sa Panginoon at hilingin sa kanyang magparingas ng apoy? (Tingnan sa 1 Mga Hari 18:36–38.)

• Bakit nagtagumpay si Elias samantalang ang mga saserdote ay hindi?

Tulungan ang mga kabataang lalaking maunawaan na ang mga saserdote ni Baal ay nanampalataya sa isang bagay na walang kapangyarihan. Kaya ang pananampalataya nila ay walang nagawa para sa kanila. Si Elias, gayunman, ay nanampalataya kay Jesucristo.

• Bakit iminungkahi ni Elias ang paligsahang ito? (Upang tulungan ang mga tao na malaman na ang tunay na Diyos ay si Jehovah o si Jesucristo, hindi si Baal.)

• Paano tumugon ang mga tao sa pagpapakita ni Elias? (Naniwala sila na "ang Panginoon ang siyang Diyos" [talata 39].)

Ituro na ang mga tao sa panahon ni Elias ay hindi nakatitiyak kung saan mananampalataya at magtitiwala (tingnan sa 1 Mga Hari 18:21). Ginamit ni Elias ang paligsahang ito upang ipakita sa kanila na dapat silang manampalataya kay Jesucristo.

### Ang Tunay na Pananampalataya ay Kailangang Nakatuon sa Panginoong Jesucristo

Talakayan sa pisara

Sabihin sa mga kabataang lalaki na sa nakaraan ay maraming tao ang nanampalataya sa mga diyus-diyosan katulad ni Baal, sa araw, o sa mga hayop. Ngayon ay patuloy na nanampalataya ang mga tao sa mga bagay sa halip na kay Jesucristo.

- Saan nanampalataya ang mga tao sa halip na kay Jesucristo?

Isulat ang mga tugon ng mga kabataang lalaki sa pisara. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pera, pinag-aralan, ibang tao, at sarili. Maikling talakayin kung paano maaaring manampalataya ang mga tao sa mga bagay na ito (halimbawa, kung iniisip nating higit tayong magiging maligaya kapag higit na maraming pera tayo, nananampalataya tayo sa pera).

- Bakit mapanganib na ilagay natin ang ating pananampalataya sa mga bagay na ito?

Ipaliwanag na ito ay mga bagay na may hangganan ang kapangyarihan. Ang mga bagay na katulad ng pera, pinag-aralan, at maging ibang tao ay makapagdudulot sa atin ng ilang makasanlibutang tagumpay at kaligayahan, subalit hindi tayo maaakay ng mga ito sa kadakilaan at walang-hanggang kagalakan.

Saligan ng pananampalataya

Hilingan ang isang kabataang lalaki na ulitin ang pang-apat na saligan ng pananampalataya.

- Ano ang unang alituntunin ng ebanghelyo?

Ituro na ang pananampalataya kay Jesucristo ay isang nagliligtas na pananampalataya na umaakay sa pagsisisi, pagbibinyag, pagtanggap sa Espiritu, pag-unlad na espirituwal, at sa wakas ay kadakilaan. Ang pananampalataya kay Jesucristo ay makapagdudulot sa atin ng walang-hanggang kagalakan.

Banal na kasulatan

Hilingan ang isang kabataang lalaki na basahin ang Juan 14:6. Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang talatang ito sa kanilang mga banal na kasulatan. Ituro na ang tanging paraan upang makabalik sa Ama sa Langit ay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo. Bigyang-diin na si Cristo lamang ang may kapangyarihang bigyan ang ating buhay ng patnubay, kapangyarihan, mga pagpapala, at kaalamang kailangan upang dulutan tayo ng tunay na kaligayahan at kadakilaan.

### Pinagpapala Tayo Kapag Nananampalataya Tayo kay Jesucristo

Kuwento

Ipalahad sa isang kasapi ng korum ang sumusunod na kuwento upang ilarawan ang kapangyarihan ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Simulan ang paglalahad sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na si Randall Ellsworth ay isang misyonerong may malaking pananampalataya matapos na malubhang nasugatan sa isang lindol sa Guatemala.

Nang lumindol, ang gusaling kinalalagyan ni Randall Ellsworth ay bumagsak sa kanya. Isang Pangkalahatang Awtoridad ang naglarawan ng karanasan ni Randall:

“Naipit siya nang, sa palagay ko, labindalawang oras. Natagpuan ang sarili niyang paralisado mula baywang pababa. Walang nakikitang paggana ng bato. Walang pag-asang makalakad pa kailanman. . . .

“Inilipad siya sa . . . Maryland at . . . kinapanayam sa pagamutan ng isang mamamahayag sa telebisyon. Sinabi sa kanya ng mamamahayag sa telebisyon, ‘Sinasabi ng mga manggagamot na hindi ka na makalalakad muli. Ano sa palagay mo, Elder Ellsworth?’ Sinabi niya, ‘Hindi lamang ako muling lalakad, kundi may tawag ako mula sa propeta na magmisyon sa Guatemala, at babalik ako sa Guatemala at tatapusin ang misyong iyon.’

“Nag-ehersisyo siya nang dalawang ulit sa [hinihinging] itinuro ng mga manggagamot. Nanampalataya siya. Tumanggap siya ng pagbabasbas mula sa pagkasaserdote, at kahima-himala ang paggaling niya. Namangha dito ang mga manggagamot at dalubhasa. Nagsimula siyang makayanang tumayo sa mga paa niya. Pagkatapos ay nakalalakad siya sa tulong ng mga saklay, at sa gayon ay sinabihan siya ng mga manggagamot, ‘Maaari ka nang bumalik sa larangan ng misyon kung pahihintulutan ka ng Simbahan na humayo.’

Humayo siya. Ipinadala namin siya sa Guatemala. Bumalik siya sa lupain kung saan siya tinawag, sa mga taong pinakamamahal niya.

"Habang naroroon ay lumalakad siya, nagpapabalik-loob sa buong takdang panahon na may tungkod sa bawat kamay. Tiningnan siya [ng kanyang pangulo ng misyon] at sinabihan, 'Elder Ellsworth, sa pananampalataya mo, bakit hindi mo itapon ang mga tungkod na iyan at lumakad ka?' At sinabi ni Elder Ellsworth, 'Kung may ganyang uri ka ng pananampalataya sa akin [kunin mo ang tungkod].' " Hindi na kailanman ginamit ni Elder Ellsworth ang mga tungkod na iyon (Thomas S. Monson, binanggit ni Marion G. Romney, sa Conference Report, Okt. 1977, p. 61–62; o *Ensign,* Nob. 1977, p. 42).

Ituro na hindi makasasampalataya si Elder Ellsworth sa mga manggaggamot o maging sa sariling kakayahan ng katawan niyang gumaling. Tanging ang pananampalataya niya kay Jesucristo ang makapagpapagaling sa kanya.

Kuwento

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na ang mga pagpapalang nagmumula sa pananampalataya kay Jesucristo ay hindi palaging malalaking himalang katulad ng paggaling ni Elder Ellsworth. Kung minsan ay maliliit na himala ang mga ito na tumutulong sa atin sa ating pang-araw-araw na buhay. Sabihin ang sumusunod na kuwento na itinala ni Martha Cragun Cox, isang naunang tagabunsod sa Salt Lake Valley:

"Sa taong halos naubos ng mga kuliglig ang aming mga ani, kami ay nirarasyunan, ang aming harina ay halos ubos na. Marami ring iba pa ang kulang na kulang din sa mga kailangan. Mayroon lamang kaming halos ikaapat na bahagi (1/4) ng isang galong harina sa bahay.

"Isa sa mga kapitbahay namin ang dumating at nagtanong kung mapahihiram namin siya ng harinang sapat lamang upang gawin niyang biskuwit para sa kanyang Maybahay, na maysakit, at walang nakakaing anuman ng mga ilang araw na. Kaya itinanong ko kung gaano karaming harina mayroon kami. Ang tugon ay, 'mga ikaapat na bahagi na lamang ng isang galon, subalit hahatiin natin ito sa lalaking ito, at magkakaroon tayo ng sapat para sa agahan sa umaga.' Kaya ibinigay namin sa kanya ang kalahati ng harina. Kinuha niya ito at sinabi, 'Nawa ay pagpalain kayo ng Panginoon upang hindi na kayo mangailangan.'

"Nang sumunod na umaga nang kunin namin ang harina, may isa pang ikaapat na bahagi ng galon ng harina sa taguan. Ang ganitong bagay ay naganap bawat araw sa loob ng isang linggo o higit pa, hanggang makakuha kami ng isa pang sako ng harina. Kaya, hindi kami nangailangan" (Richard Cottam Shipp, *Champions of Light* [Orem Utah: Randall Book, 1983], p. 82).

Gawain sa tsart

Sabihin sa mga kabataang lalaki na nagpapatotoo ang mga banal na kasulatan na ang pananampalataya kay Cristo ay nagdudulot ng maraming pagpapala. Ipakita ang tsart sa pisara o papel na paskil. Ipahanap sa bawat kasapi ng korum ang isa o higit pang banal na kasulatan at gumamit ng may kulay na tisa o krayola upang gumuhit ng linyang nagdurugtong sa sangguniang banal na kasulatan sa pagpapalang inilalarawan nito. Pagkatapos ay ipabasa nang malakas sa magkakaibang kabataang lalaki ang bawat banal na kasulatan, at talakayin sa klase ang pagpapalang inilalarawan ng banal na kasulatan.

| Banal na kasulatan | Mga Pagpapala ng Pananampalataya kay Jesucristo |
|---|---|
| Moronias 7:37 | Pinatawad ang mga kasalanan |
| 3 Nefias 17:8–9 | Kaligtasan |
| Enos 1:5-8 | Mga himala |
| Moronias 7:33 | Maging mga anak na lalaki ng Diyos |
| Moronias 7:26 | Mga pagpapagaling |
| Doktrina at mga Tipan 44:2 | Sinagot ang mga panalangin |
| Mosias 3:9 | Kapangyarihan |
| Helaman 8:15 | Buhay na walang-hanggan |
| Mormon 9:37 | Tanggapin ang Espiritu ng Panginoon |

**Maipakikita Natin ang Ating Pananampalataya kay Jesucristo sa Pamamagitan ng Pagsunod sa Kanyang mga Kautusan**

Talakayan

• Paano natin maipakikita ang ating pananampalataya kay Jesucristo?

Tulungan ang mga kabataang lalaking maunawaan na maipakikita natin ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos at pamumuhay sa ebanghelyo. Ipinakikita natin kay Cristo na may pananampalataya tayo sa kanya sa pamamagitan ng paggawa ng nais niyang gawin natin.

Banal na kasulatan at talakayan

Hilingan ang isang kabataang lalaking basahin nang malakas ang 1 Nefias 3:7. Ituro na ipinakita ni Nefias ang kanyang pananampalataya sa Panginoon sa pamamagitan ng paggawa ng hinihiling ng Panginoon na gawin niya.

- Paano ipinakita ni Elder Ellsworth ang pananampalataya kay Jesucristo?
- Paano ipinakita ng mag-anak ni Martha Cragun Cox ang pananampalataya kay Cristo?
- Paano natin maipakikita ang ating pananampalataya kay Cristo?

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo kay Jesucristo at sa kanyang kakayahang iligtas at padakilain tayo. Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na ang pananampalataya kay Cristo, na maipakikita natin sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga utos, ay makapagdudulot sa atin ng tunay na kaligayahan at kadakilaan.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na magtiwala sa Panginoon at ipakita ang pananampalataya nila sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa mga utos niya.

# Mga Basbas Patriyarkal

# 36

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng mga kabataang lalaki ang katangian at layunin ng mga basbas patriyarkal.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Genesis 25:19–34; 26:34–35; 49:8–12, 22–26; 2 Nefias 4:5–9; at Doktrina at mga Tipan 107: 39, 53–57.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan ((dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Magdala ng isang sulat upang ipakita sa mga kabataang lalaki.
4. Kung nanaisin: Anyayahan ang patriyarka ng istaka na magsalita tungkol sa pagpapahayag ng angkan at kaibahan ng likas at inordenang patriyarka.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ano ang Basbas Patriyarkal?**

Pakay-aralin

Ipakita ang sulat.

- Gusto mo bang tumanggap ng isang pansariling sulat mula sa Panginoon?
- Ano ang gusto mong sabihin sa iyo ng Panginoon sa sulat na iyon?

Maaaring banggitin ng mga kabataang lalaki ang payo tungkol sa kanilang mga suliranin o kung ano ang idudulot ng hinaharap. Gumugol lamang ng mga ilang minuto sa gawaing ito.

- Ilan sa inyo ang nakatanggap na ng basbas patriyarkal?

Sipi

Hilingan ang mga kabataang lalaki na makinig sa nilalaman ng isang basbas patriyarkal habang binabasa mo ang sumusunod na pahayag na ginawa ni Pangulong David O. McKay at ng kanyang Tagapayo (Stephen L. Richards at J. Reuben Clark Jr.) noong 1957:

"Ang mga basbas patriyarkal ay tungkol sa isang pinasiglang pagpapahayag ng angkan ng tumatanggap, at gayundin kung inaantig ng Espiritu, isang pinasigla at tila propesiyang pahayag ng misyon sa buhay ng tumatanggap, kasama ng mga katulad na basbas, mga babala, at mga paalaala na maaaring gumanyak sa patriyarka na ibigay sa pagsasakatuparan ng ganoong misyon sa buhay" (sinipi ni Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine,* p. 558).

Talakayan sa pisara

- Ano ang nilalaman ng mga basbas patriyarkal?

Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga kabataang lalaki, na maaaring kabilangan ng—

1. Isang pahayag o pagpapahayag ng angkan.
2. Isang tila propesiyang pahayag ng misyon ng ating buhay.
3. Mga paalaala o mga babala.
4. Isang kaaliwan, isang patnubay, at isang pangangalaga.

Banal na kasulatan at talakayan

- Sino ang makatatawag at makapag-oordena sa isang patriyarka?
- Sino ang patriyarka ng ating istaka (o distrito)?

Upang matagpuan ang sagot, ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 107:39. Ipaliwanag na ang mga patriyarka ay mga mangangaral ng ebanghelyo (ebanghelista) at kailangang inordenan sa ilalim ng patnubay ng isang

Apostol. Ang propeta, na siyang pinakamatandang Apostol (ayon sa bilang ng taong ipinaglingkod bilang apostol) sa daigdig, ay iginawad sa mga pangulo ng istaka ang karapatang ito na mag-ordena ng mga patriyarka.

Sipi

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang pakahulugan ni Joseph Smith sa isang ebanghelista:

"Ang isang Ebanghelista ay isang Patriyarka, maging ang pinakamatandang lalaki sa dugo ni Jose o ng binhi ni Abraham. Saanman sa daigdig itinatag ang Simbahan ni Cristo, dapat magkaroon ng patriyarka para sa kapakinabangan ng mga inapo ng mga banal, katulad nang ibigay ni Jacob ang kanyang basbas patriyarkal sa kanyang mga anak na lalaki" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1938], p. 151).

Mga banal na kasulatan at talakayan

Hilingin sa isang kabataang lalaki na basahin nang malakas ang Doktrina at mga Tipan 107:53–57. Ipaliwanag na ninais ni Adan na ipagkaloob ang kanyang huling pagbabasbas sa kanyang mga inapo bago siya namatay.

- Bakit nanaisin ni Adan na ibigay ang isang pagbabasbas sa kanyang mga inapo?

Basahin at talakayin ang 2 Nefias 4:5–9.

Ipaliwanag na maihahayag ng Panginoon ang hinaharap para sa ating kapakinabangan. Alam ng Panginoon ang mga puso nina Laman at Lemuel, at alam niya ang gagawin nilang pagpili. Mahuhulaan niya na dahil sa kanila ay maliligaw sa dakong huli ang kanilang mga inapo. Sa gayon ay inalok niya ang kanilang mga inapo ng pag-asa para sa hinaharap sapagkat sa dakong huli ay aalisin nila ang mga maling turo ng kanilang mga ama na inilipat mula kina Laman at Lemuel at muling maniniwala.

Ipasuri sa mga kabataang lalaki ang iba pang mga basbas. Ituro na ang kaloob ng propesiya ay ibinigay sa mga patriyarka upang maibigay nila sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu Santo ang ganitong mga basbas.

Hilingan ang isang kabataang lalaki na basahin ang Genesis 49:8–12 (pagbabasbas ni Juda), pagkatapos ay ang mga talata 22–26 (pagbabasbas ni Jose). Ipaliwanag na sina Juda at Jose, dalawa sa labindalawang anak na lalaki ni Israel, ay tumanggap ng mahahalagang pagbabasbas. Humanap ng isang mahalagang bagay sa bawat pagbabasbas na nakaapekto sa daigdig.

- Paano ipinakita ng mga pagbabasbas na ito ang inspirasyon na tinanggap ni Jacob para sa bawat isa sa mga anak na lalaking ito?

Maikling isulat sa pisara kung paano natupad ang mga pagbabasbas nina Jose at Juda. Tulungan ang mga kabataang lalaking maunawaan na sa pamamagitan ng mga inapo ni Juda ay dumating si Cristo. Sa pamamagitan ng mga inapo ni Jose ay dumating si Lehias, na ang paglalakbay ay nagsakatuparan sa propesiya hinggil sa "mga sanga'y . . . sa pader" nang siya at ang mag-anak niya ay tumawid sa dagat (pader) at nagtungo sa lupang pangako.

- Paano nakaaapekto sa atin sa ngayon ang katuparan ng dalawang pagbabasbas na ito?

Sipi

Hilingin sa mga kabataang lalaki na makinig sa paliwanag ni Elder Bruce R. McConkie sa kanilang kaugnayan kay Jacob o kay Israel:

"Halos lahat ng kasapi ng Simbahan ay tunay na inapo ni Jacob na nagbigay ng mga basbas patriyarkal sa kanyang 12 mga anak na lalaki, na humuhula kung ano ang mangyayari sa kanila at sa kanilang mga inapo pagkatapos nila. . . . Bilang mga tagapagmana ng mga pagbabasbas ni Jacob, pribilehiyo ng tinipong labi ni Jacob na tumanggap ng kanilang sariling basbas patriyarkal at, sa pamamagitan ng pananampalataya, pagpalaing kapantay ng mga sinauna" (*Mormon Doctrine,* ika-2 limbag [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1966], p. 558).

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na bawat karapat-dapat na kasapi ng Simbahan ay maaaring hirangin na tumanggap ng isang pinasigla, pansariling pagbabasbas mula sa Panginoon sa pamamagitan ng patriyarka. Ang pagbabasbas na ito ay kinabibilangan ng isang pinasiglang pahayag ng angkan ng isang tao, gayundin ng pansariling pagbabasbas at paalaala.

### Ang mga Patriyarka ay Nagbibigay ng mga Pagbabasbas

Pagtalakay ng panauhin o ng korum

Bilang isang pagpipiliang gawain maaari mong hilingin sa patriyarka ng istaka na ipaliwanag ang kaibahan ng mga uri ng mga pagbabasbas na ibinigay ng isang inordenang patriyarka at ang pagbabasbas na ibinibigay ng isang ama bilang patriyarka ng kanyang mag-anak.

Talakayan at paglalahad ng tagapayo

- Ano ang dalawang uri ng patriyarka sa Simbahan na maaaring magbigay ng mga pagbabasbas? (Ang isang ama ay nagbibigay ng isang pagbabasbas ng ama at ang isang inordenang patriyarka ay nagbibigay ng mga basbas patriyarkal.)

Ipaliwanag na bawat nagtataglay ng pagkasaserdote na pumapasok sa tipan ng kasal na selestiyal ay nagiging isang patriyarka sa sarili niyang mag-anak. Gayunman, ang mga pagbabasbas ng ama ay iba sa mga ibinibigay ng mga inordenang patriyarka.

Pagbabahagi ng mga karanasan

Bigyan ang mga kabataang lalaki ng oras na magbahagi ng mga pagkakataon nang bigyan sila o isang tao sa kanilang tahanan ng kanilang mga ama ng pagpapala. Ituro kung paano maaaring gamitin ang mga pagpapalang ito upang pagalingin ang maysakit, payapain ang mga takot, upang basbasan ang isang tao bago lumisan sa tahanan, o tumulong sa paglutas ng mga suliranin.

### Ang Katuparan ng mga Pagbabasbas ay Nangangailangan ng Ating Katapatan

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na noong sinauna sa ilalim ng kaayusang may patriyarka, ang ilang mga karapatan, pribilehiyo, kapangyarihan, at mga pagpapala, na sama-samang tinatawag na pagkapanganay, ay inililipat ng ama tungo sa kanyang panganay na anak na lalaki.

Banal na kasulatan at talakayan sa pisara

Pasundan sa mga kasapi ng korum ang pagbasa mo sa Genesis 25:19–34 at 26:34–35. Imungkahing makinig sila para sa mga sagot sa mga sumusunod na tanong:

- Ano ang ginawa ni Esau upang ipakita na minamaliit niya ang kanyang pagkapanganay?

Itala sa pisara ang mga sagot ng mga kabataang lalaki. Isama ang mga sumusunod:

1. Ipinagbili niya ang pagkapanganay o pagpapala niya para sa isang mangkok na pagkain. (Pansinin ang pagsasagisag ng pagbibili ng ating pagkapanganay sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng paghahangad sa mga lumilipas na panandaliang kasiyahan.)
2. Nagpakasal siya sa labas ng kanyang relihiyon.
3. Naging sanhi siya ng pagdadalamhati ng kanyang mga magulang dahil sa pagwawalang-bahala niya.

Ituro na ang mga kilos ni Esau ay nagpakita na hindi siya karapat-dapat sa mga pagbabasbas ng pagkapanganay.

Paglalahad ng tagapayo

Nang tanggapin ni Jacob ang basbas patriyarkal na ito, tinanggap din niya ang pagkapanganay na karaniwang dumarating sa panganay na anak na lalaki sa mag-anak, kahit na mga ilang oras ang kabataan niya kay Esau. Bilang bunga, si Jacob ang naging pangunahing tagapagmana ng mga lupain at kayamanan ng kanyang ama. Siya rin ang naging patriyarka at pinunong espirituwal ng mag-anak sa pamamagitan ng pagbabasbas na ito.

- Ano sa palagay ninyo ang nagtulak kay Esau upang isuko ang kanyang basbas ng pagkapanganay? (Maaaring hindi niya talagang pinaniwalaan na mahalaga ito. Inuna niya ang mga bagay na temporal sa mga bagay na espirituwal.)

Talakayan sa pisara

- Anong mga malawakang pagpapala ang tinanggap ni Jacob na pinawalang-saysay ni Esau?

Tulungan ang mga kasapi ng korum na linawin na—

1. Siya ay naging si Israel, ang ama ng dakilang mag-anak na sa pamamagitan nito ang mga pagpapala ni Abraham ay darating.
2. Sa pamamagitan ng angkang ito, ang lahat ng mga bansa sa daigdig ay pagpapalain.
3. Sa pamamagitan ng angkang ito, manggagaling ang Tagapagligtas.
4. Sa pamamagitan ng angkang ito, ang Israel ay titipunin sa lupa mula sa buong mundo.

- Paano “ipinagbili ang kanilang pagkapanganay” ng ilang mga kabataan ngayon?

Ituro ang mga pagkakatulad ng mga basbas patriyarkal at mga basbas ng pagkapanganay. Parehong nagbibigay ng mga pangako batay sa katapatan at parehong mawawala sa pamamagitan ng pagpapabaya.

- Ano ang maaaring maging makabagong “mangkok ng nilugaw,” isang bagay na may katangiang makasanlibutan, na ipinagpapalit ng mga tao ng kanilang mga pagpapalang espirituwal?

Ibuod sa pisara ang mga sagot ng mga kabataang lalaki. Ito ay dapat kabilangan ng sumusunod:

| |
|---|
| Hindi pagtupad sa Salita ng Karunugan |
| Imoralidad |
| Pang-aakit ng kayamanan o katayuan |
| Pagkamakasarili |
| Hindi katapatan |
| Pagwawalang-bahala sa ebanghelyo |
| Pag-aasawa sa labas ng tipan |
| Pagkamakasanlibutan |

---

**Katapusan**

Paglalahad ng tagapayo at talakayan

Ipaliwanag na maaaring tanggapin ng mga nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang kanilang mga basbas patriyarkal, kapag nadarama nila, ng kanilang mga magulang, at ng obispo na handa na sila. Upang makatanggap ng basbas patriyarkal ay kinakailangan ang mga sumusunod na hakbang:

1. Makipagtipanan sa obispo upang tanggapin mula sa kanya ang nakasulat na rekomendasyon na kailangang ipakita sa patriyarka ng istaka.
2. Ang pakikipanayam ng obispo ay nakatuon sa pagiging karapat-dapat at paghahanda para sa isang basbas patriyarkal.
3. Makipag-ugnayan sa patriyarka ng istaka para sa pakikipagtipanan upang tanggapin ang pagbabasbas. Mahalaga na itanong sa patriyarka kung ano ang ihahanda para sa pagbabasbas. Maaari niyang imungkahi ang pag-aayuno, pananalangin, at tiyak na pag-aaral ng banal na kasulatan bago ibigay ang pagbabasbas.

- Matapos tanggapin ang pagbabasbas, ano ang dapat gawin dito?

Ipaliwanag na ang basbas patriyarkal ng istaka ay katulad ng isang pangkat ng mga pansariling banal na kasulatan para lamang sa isang tao. Mangangailangan ito ng patuloy na pag-aaral upang maunawaan ito. Paalalahanan ang bawat kabataang lalaki na ang bawat basbas ay pansarili. Hindi nila dapat ipakita ang kanilang mga basbas upang basahin ng iba, at dapat nilang talakayin sa kanilang mga kaibigan at kamag-anakan kung nagaganyak lamang sila ng Espiritu na gawin ang ganito. Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na dapat din nilang hangarin ang mga pansariling basbas mula sa kanilang mga ama, lalung-lalo na kapag nadama nila ang pangangailangan. Bilang karagdagan, dapat nilang palaging pagsikapang mamuhay nang karapat-dapat sa kanilang mga basbas. (Pansinin na gagawa ng isang kopya ng pagbabasbas ang patriyarka para sa punong tanggapan ng Simbahan upang ingatan at opisyal na itago.)

Hamon

Hamunin ang bawat kabataang lalaki na hindi pa nakatatanggap ng kanyang basbas patriyarkal na ihanda ang sarili niya na tanggapin ito. Hamunin ang bawat kabataang lalaki na nakatanggap na ng kanyang basbas na madalas na sumangguni rito at hangaring sagutin ang lahat ng sarili niyang tiyak na mga suliranin.

# Mga Bunga at mga Kaloob ng Espiritu

# 37

**LAYUNIN**

Higit na mauunawaan ng bawat kabataang lalaki kung ano ang mga bunga at mga kaloob ng Espiritu at kung paano niya matatamo at mapauunlad ang mga ito.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mga Taga Galacia 5:22–23; 2 Pedro 1:5–7; Alma 13:28–29; Moronias 10:8–19; at Doktrina at mga Tipan 46:10–26.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Isang papel at isang lapis para sa bawat kabataang lalaki.
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
   d. Tisa, pisara, at pambura.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Sipi at talakayan

Ipaliwanag na minsan ay tinanong ng isang G. Sollars si Joseph Smith kung maaari siyang binyagan lamang at huwag mag-alala sa mga kaloob ng Espiritu. Tumugon ang Propeta:

"Ipagpalagay na ako ay naglalakbay at nagugutom, at nakatagpo ng isang tao at sinabi sa kanya na nagugutom ako, at sinabihan niya ako na magtungo sa malayo, sa may bahay aliwan, humayo at kumatok, at kailangan mong sumang-ayon sa lahat ng patakaran ng bahay, o hindi mo mabibigyang kasiyahan ang gutom mo; kumatok, humingi ng pagkain, at maupo at kumain;—at ako ay humayo at kumatok at humingi ng pagkain, at umupo sa mesa, subalit hindi kumain, mabibigyang-kasiyahan ko ba ang aking gutom? Hindi. Kailangan kong kumain. Ang mga kaloob ang pagkain; at ang mga biyaya ng Espiritu ay mga kaloob ng Espiritu" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith, [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1938], p. 270–71).

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Joseph Smith sa sagot na ito?

Ipaliwanag na upang maging mga tagasunod ni Jesucristo, kailangan nating gumawa ng ilang mga bagay, katulad ng pagkakaroon ng pananampalataya kay Jesucristo at sa kanyang pagbabayad-sala, magsisi sa ating mga kasalanan, mabinyagan, at tanggapin ang Espiritu Santo. Kung gagawin natin ang mga bagay na ito, tatanggap tayo ng mga dakilang pagpapala. Ipaliwanag na sinasabi ng Propeta na upang matugon ng isang tao ang lahat ng mga hinihingi ng Panginoon subalit pagkatapos ay nabigong lubusang makibahagi sa mga pagpapala na nagmumula sa pagtugon sa mga hinihinging iyon, ay katulad ng paggawa ng lahat ng kailangang bagay upang magkaroon ng pagkain, maupo sa mesa, at pagkatapos ay hindi kumain. Magiging kalokohan iyon.

Ipaliwanag na ang pagsunod sa mga utos ng Panginoon at paggawa sa lahat ng mga ordenansa katulad ng pagbibinyag at pagpapatibay ay katulad ng pag-upo sa mesa at pagkakaroon ng pagkain. Upang kumain, o tamasahin ang mga pagpapala ng pagsunod, kailangan nating tanggapin at paunlarin ang mga bunga at mga kaloob ng Espiritu.

**Pagiging Tulad ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Bunga ng Espiritu**

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na sa pamamagitan ng pagsunod sa plano ng Ama sa Langit at sa pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo, makababalik tayo upang mamuhay kasama ng Ama sa Langit at ni Jesus at sa wakas ay maging mga diyos mismo. Upang maging makadiyos habang tayo ay nasa lupa, nais nating paunlarin ang mga katangian at mga saloobin na

mayroon ang Ama sa Langit at si Jesus. Ang mga katangian at mga saloobing ito ay ilan sa mga bunga ng Espiritu.

Ipaliwanag na ang isa pang salita para sa *bunga* ay mga kahihinatnan. Tinatanggap natin ang mga katangian at mga saloobing ito bilang mga kahihinatnan ng pamumuhay ng ebanghelyo.

Gawain sa banal na kasulatan

Isulat ang *Mga Bunga ng Espiritu* sa kaliwang bahagi ng pisara.

- Makapagsasabi ka ba ng anumang mga bunga ng Espiritu na binanggit sa mga banal na kasulatan?

Ilista ang anumang mga katugunan. Pagkatapos ay sabihin sa mga kabataang lalaki na nais mo silang matuto nang higit pa tungkol sa mga bunga ng Espiritu sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa mga banal na kasulatan.

Bigyan ng mga papel at lapis ang mga kabataang lalaki, at hilingin sa kanilang ilista ang mga bunga ng Espiritu na tinalakay sa mga Taga Galacia 5:22–23, 2 Pedro 1:5–7, at Alma 13:28–29.

Kapag natapos na ng mga kabataang lalaki ang kanilang mga listahan, bigyan sila ng kanya-kanyang pagkakataon na sabihin ang mga bunga ng Espiritu habang isinusulat mo ang mga iyon sa pisara. Ang ilan sa mga bunga ay nakalista sa ibaba:

| Mga Bunga ng Espiritu |
|---|
| Pag-ibig |
| Kagalakan |
| Kahinahunan |
| Kabaitan |
| Kababaang-loob |
| Pagkamatiisin |
| Kapayapaan |

Maikling talakayin kung bakit kanais-nais ang mga katangiang ito.

- Sino ang may lahat ng mga katangiang ito sa buong kaganapan? (Ang Ama sa Langit, si Jesucristo.)

Ituro na habang nagsisikap tayong sundin ang mga kautusan at ipamuhay ang ebanghelyo, tutulungan tayo ng Espiritu Santo na mapaunlad ang mga katangiang ito at maging higit na katulad ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

Banal na kasulatan

Hilingan ang isang kabataang lalaki na basahin nang malakas ang 2 Pedro 1:5–7. Ituro na hindi natin tatanggapin ang lahat ng mga katangiang ito nang ganap kaagad-agad, kundi matatanggap at mapauunlad natin ang mga ito sa buong buhay natin.

---

### Ang Paglilingkod sa Iba sa Pamamagitan ng mga Kaloob ng Espiritu

Gawain sa banal na kasulatan

Ipaliwanag na ang mga bunga ng Espiritu ay pantay-pantay na makukuha ng bawat tao na namumuhay sa ebanghelyo ni Jesucristo. Subalit ang bawat isa sa atin ay binigyan din ng mga tiyak na kaloob ng Espiritu, na mga natatanging kakayahang mapauunlad natin sa pamamagitan ng pagsunod kay Jesus.

Isulat ang *Mga Kaloob ng Espiritu* sa pisara sa tabi ng *Mga Bunga ng Espiritu.* Hatiin ang mga kabataang lalaki sa dalawang pangkat. Hilingan ang isang pangkat na ilista ang mga kaloob ng Espiritu na tinalakay sa Moronias 10:8–19 at ang isa pang pangkat na ilista ang mga kaloob na tinalakay sa Doktrina at mga Tipan 46:10–26. Ipasulat sa bawat kabataang lalaki ang mga kaloob sa sarili niyang papel.

Isulat ang mga kaloob na ito sa pisara katulad ng ginawa ninyo sa mga bunga ng Espiritu. Ipadagdag sa listahan ng mga kabataang lalaki ang mga kaloob na binanggit ng kabilang pangkat, katulad ng iminungkahi sa ibaba.

| Mga Bunga ng Espiritu | Mga Kaloob ng Espiritu |
|---|---|
| Pag-ibig | Pagpapagaling |
| Kagalakan | Paghihimala |
| Kahinahunan | Propesiya |
| Kabaitan | Pagsasalita ng iba't ibang wika |
| Kababaang-loob | Pagmiministeryo ng mga anghel |
| Pagkamatiisin | |
| Kapayapaan | |

Ituro na ang dalawang banal na kasulatang ito ay naglilista ng ilan sa mga higit na kilalang kaloob na espirituwal, subalit hindi lamang ang mga ito ang tanging espirituwal na kaloob na matatanggap natin.

- Anong iba pang espirituwal na kaloob ang maaari nating tanggapin?

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 46:11–12, 26.

- Bakit tayo binigyan ng mga espirituwal na kaloob na ito?
- Bakit hindi lahat tayo ay may magkakatulad na mga espirituwal na kaloob?

Tulungan ang mga kabataang lalaki maunawaan na binigyan tayo ng mga kaloob ng Espiritu upang maglingkod sa iba at upang magtatag ng kaharian ng Diyos. Lahat tayo ay binigyan ng iba't ibang kaloob upang lahat tayo ay makapaglingkod sa isa't isa.

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol sa kung paano ginamit ni Newel Knight ang kanyang espirituwal na kaloob upang tulungan ang isang kaibigan:

Noong Nobyembre 1833, ang ilan sa mga naninirahan sa Jackson County, Missouri, ay sumugod sa mga Banal sa Huling-araw na nakatira roon. Sa sumunod na labanan ay tatlong lalaki ang napatay at marami ang nasugatan. Ang isa sa mga Banal na nasugatan ay si Philo Dibble na nabaril sa tiyan. Isang siruhanong tumingin sa kanya ang nagsabi na wala pa siyang nakita kailanman na nakaligtas sa uri ng sugat na iyon.

Dahilan sa salungatan ng mga tao sa Jackson County, maraming kasapi ng Simbahan doon ang umaalis upang magtungo sa Clay County. Ang pagtigil sa Jackson County ay napakapanganib. Sa kabila ng panganib, si Newel Knight ay nagtungo sa tahanan ni Kapatid na [lalaking] Dibble, na pinaligiran ng mga mandurumog, binigyan si Kapatid na Dibble ng pagbabasbas, at pagkatapos ay madaling umalis.

Nang sumunod na araw ay nakatagpo ni Newel Knight si Philo Dibble sampung milya mula sa bahay na pinagkakitaan niya sa kanya nang nagdaang araw. Nakalalakad na si Kapatid na Dibble at paalis na sa Jackson County. Sinabi niya kay Kapatid na Knight na pagkatanggap na pagkatanggap niya ng pagbabasbas, ang sakit ay tila ba "umalis na may isang kapangyarihang nagpaalis dito, hanggang sa ilang minuto ay [nawala na] ito."

Lubusang gumaling si Philo Dibble at pagkaraan ay nakatawid sa mga kapatagan ng Utah. (*History of the Church,* 1:431. Tingnan din sa *Autobiography of Parley P. Pratt,* ika-3 limbag, iniwasto upang ilimbag ni Parley P. Pratt Jr., [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1938], p. 99–100.)

- Anong mga kaloob na espirituwal ang ginamit sa pangyayaring ito? (Ginamit ni Newel Knight ang kaloob ng pagpapagaling; ginamit ni Philo Dibble ang kaloob ng pananampalatayang mapagaling.)

---

**Pagtanggap at Pagpapaunlad sa mga Bunga at mga Kaloob ng Espiritu**

Talakayan

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na mapauunlad natin ang mga bunga ng Espiritu at ang ating mga tiyak na pansariling kaloob sa pamamagitan ng pamumuhay ng ebanghelyo.

Isulat ang anim na salitang ito sa kaliwang bahagi ng pisara: *Sumunod, Manalangin, Mag-ayuno, Mag-aral, Magsisi,* at *Maglingkod.* Ipaliwanag na ang *Pag-aaral* ay tumutukoy sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Ituro na ang mga ito ang ilan sa mga pangunahing kilos na kailangan upang ipamuhay ang ebanghelyo.

• Alin, kung mayroon man, sa mga kilos na ito sa palagay ninyo ang pinakamahalaga sa pagtatamo ng mga bunga at mga kaloob ng Espiritu?

Bigyan ng ilang sandali upang mag-isip ang mga kabataang lalaki, pagkatapos ay humingi ng mga tugon. Ang mga tugon ay maaaring iba-iba. Ituro na hindi maaaring pumili ng isa sa mga ugaling ito bilang pinakamahalaga, sapagkat lahat ng mga ito ay mahalaga sa pagtatamo ng mga bunga at mga kaloob ng Espiritu.

Talakayin kung bakit mahalaga ang bawat kilos. Linawin ang mga sumusunod na bagay:

*Sumunod:* Ang mga kautusan ay ibinigay upang magdulot sa atin ng kaligayahan. Kapag sinusunod natin ang mga kautusan at ang mga pagganyak ng Espiritu Santo sa atin, gagawin natin ang mga bagay na magpapaligaya sa atin at magbibigay sa atin ng kakayahang maging katulad ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. (Tingnan sa 1 Nefias 4:6–18.)

*Manalangin:* Kapag mapagpakumbaba tayong nananalangin sa Diyos na palakasin tayo sa katwiran, tutugon ang ating nagmamahal na Ama sa Langit. (Tingnan sa Alma 17:3.)

*Mag-ayuno:* Sinasanay ng pag-aayuno ang ating kalakasang espirituwal sa pangangasiwa sa mga hilig at mga pagkahaling ng ating mga katawang pisikal. Kung gagawin sa tamang saloobin, pinagpapakumbaba tayo nito at tinutulungan tayong maging higit na madaling makaramdam sa mga espirituwal na paghimok. (Tingnan sa Alma 5:46.)

*Mag-aral:* Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan, natututuhan natin ang tungkol sa mga katangian ng pagkadiyos na dapat nating hangaring matamo. Natututuhan din natin kung paano natamo ng ilan sa mga matapat na anak ng Diyos ang mga katangiang ito. (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 33:16.)

*Magsisi:* Kailangan nating magsisi at patuloy na sariwain ang ating mga tipan sa pagbibinyag sa pamamagitan ng pakikibahagi sa sakramento upang ang Espiritu ay hindi mapigil. Hindi mananahan ang Espiritu Santo sa mga hindi banal na templo. (Tingnan sa 3 Nefias 9:22.)

*Maglingkod:* Kapag ginagamit natin ang ating mga kaloob na espirituwal upang paglingkuran ang isa't isa, dinaragdagan natin kapwa ang ating kakayahang gamitin ang ating mga kaloob na espirituwal at ang ating kakayahang danasin ang mga bunga ng Espiritu sa ating sariling buhay. (Tingnan sa Mga Taga Galacia 5:13.)

---

**Katapusan**

Bigyang-diin sa mga kabataang lalaki na lahat ng bunga ng Espiritu ay makukuha ng mga namumuhay ng ebanghelyo. Paalalahanan sila na ang bawat isa rin sa kanila ay may tiyak na mga espirituwal na kaloob na mapauunlad nila sa pamamagitan ng pamumuhay ng ebanghelyo, at dapat nilang gamitin ang mga kaloob na ito upang paglingkuran ang iba. Ang paglilingkod sa ganitong paraan ay tutulong na dagdagan ang mga bunga ng Espiritu sa buhay nila.

Patotoo

Magbigay ng patotoo na ninanais ng Panginoon na pagpalain tayo ng mga bunga at mga kaloob ng Espiritu upang maging maligaya tayo at makatulong sa ibang tao. Magpatotoo na matutulungan tayo ng Espiritu na higit na maging katulad ng Ama sa Langit at ni Jesucristo at bumalik upang mamuhay kasama nila balang-araw.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na magsikap na maging higit na katulad ng Ama sa Langit at ni Jesucristo sa pamamagitan ng pamumuhay ng ebanghelyo, at upang hangarin ang mga pagpapala ng Espiritu sa pamamagitan ng pananalangin, pag-aayuno, pagsunod, pag-aaral, pagsisisi, at paglilingkod.

# Ang Dalisay na Pag-ibig ni Cristo

# 38

**LAYUNIN**

Nanaisin ng bawat kabataang lalaki na magkaroon ng kaloob na pag-ibig sa kapwa tao, dalisay na pag-ibig ni Cristo at isagawa ito sa kanyang pang-araw-araw na buhay.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may pananalangin ang Mateo 22:35–39; Juan 13:34–35; 1 Mga Taga Corinto 13; 1 Juan 4:20–21; at Moronias 7:47–48.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Larawan 3, Si Jesus ang Cristo (62572; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240), at larawan 14, Tatlong Kabataang Lalaki na Nagliligtas sa Martin Handcart Company (62606; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo).
   c. Papel at lapis para sa bawat kabataang lalaki.
   d. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Maghanda ng isang kopya ng bigay-siping "Hugis ng Pag-ibig sa Kapwa-tao," na nasa hulihan ng aralin, para sa bawat kabataang lalaki.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Gawaing pagsusulat

Hatiin sa dalawa ang korum. Pabilangin ang unang pangkat sa paggamit ng mga bilang, at ang ikalawa sa paggamit ng mga titik. Pagparisin ang dalawang pangkat katulad ng sumusunod: 1 sa *a,* 2 sa *b,* 3 sa *c,* at iba pa. Bigyan ng lapis at papel ang bawat kabataang lalaki, at ipasulat sa kanya ang kahit isang bagay man lamang na hinahangaan niya at iginagalang tungkol sa kapareha niya. Ipabahagi sa mga kabataang lalaki ang kanilang mga tugon sa korum.

Ituro na ang pagtingin sa mabuti at kahanga-hangang katangian sa ibang tao ay makatutulong sa ating matutuhang magmahal katulad ng pagmamahal ni Cristo.

**Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Pag-ibig na Tulad ng kay Cristo**

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang Mateo 22:35–39 habang sumusunod ang ibang kabataang lalaki sa kanilang mga banal na kasulatan.

- Ano ang dalawang pinakadakilang kautusan?

Ituro na ang dalawang kautusan na ito ay kapwa nagsasabi sa atin ng pag-ibig. Ang pag-ibig ang pinagtutuunang paksa ng ebanghelyo.

- Sino ang iniutos na mahalin natin?

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang 1 Juan 4:20–21.

- Ano ang ibig sabihin ng mahalin ang iyong kapatid?
- Bakit hindi maaaring ibigin ang Diyos at kapootan ang inyong kapatid nang magkasabay? (Ang ibigin ang Diyos ay ang ibigin din ang mga bagay na pinakaiibig ng Diyos, at pinakaiibig ng Diyos ang mga anak niya.)

Talakayan

Ipaliwanag na ang pag-ibig ay maaaring maging maraming bagay sa maraming tao, subalit maaari itong uriin sa tatlong pangunahing uri.

Ang unang uri ay ipinahahayag sa mga salitang “Mamahalin kita kung . . . “ Ibinibigay ng mga tao ang uring ito ng pagmamahal kung ang iba ay nakatutugon sa ilang mga hinihingi. Ito ay may pasubali at palaging may hinihinging kapalit.

• Ano ang ilang mga halimbawa ng uring ito ng pagmamahal? (Mamahalin kita kung sikat ka, kung may kotse ka, kung dumadalo ka sa simbahan, kung mabait ka sa akin, kung ginagawa mo ang mga trabaho mo, o kung ginagawa mo ang sinasabi ko.)

Ang pangalawang uri ng pagmamahal ay gumagamit ng salitang dahilan sa at nagbibigay-diin sa mga makasarili o makasanlibutang bagay. Ito rin ay may pasubaling pagmamahal. Minamahal ng mga tao ang iba dahilan sa kanilang mga kaakit-akit na katangian o pagkatao.

• Ano ang ilang mga halimbawa ng uring ito ng pagmamahal? (Mahal kita dahilan sa magaganda mong mata, dahilan sa sinisikap mong paligayahin ako, dahilan sa tinutulungan mo ako sa aking takdang aralin, dahilan sa pinahihiram mo ako ng pera kapag kailangan ko, dahilan sa ginagawa mo ang mga bagay para sa akin, o dahilan sa inuuna mo ako.)

• Ano ang mali sa dalawang uri ng pagmamahal na ito? (Ang mga ito ay hindi tunay na pagmamahal. Ang mga ito ay pagmamahal na may pasubali batay sa pagkamakasarili.)

Ipaliwanag na ang pangatlong uri ng pagmamahal ay hindi makasarili at walang pasubali. Hindi natin kailangang maging karapat-dapat sa uring ito ng pagmamahal sa pamamagitan ng pagkilos sa isang tiyak na paraan o pagkakaroon ng ilang mga katangian. Ang uring ito ng pagmamahal ay maaaring gumamit ng pariralang “kahit na.”

• Ano ang ilang mga halimbawa ng uring ito ng pagmamahal? (Mahal kita kahit na hindi ako sumasang-ayon sa ginagawa mo, kahit na may mga kahinaan at suliranin ka, kahit na nagkamali ka, o kahit na hindi mo palaging ginagawa nang tama ang gusto ko.)

Ituro na ito ang uri ng pagmamahal na ibinibigay ng Ama sa Langit at ni Jesucristo sa bawat isa sa atin. Minamahal at tinatanggap nila tayo anuman ang ginagawa natin o sinuman tayo. Ang uring ito ng pagmamahal ay tinatawag na pag-ibig sa kapwa-tao.

Banal na kasulatan
at talakayan sa pisara

Upang tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan kung ano ang kahulugan ng pag-ibig sa kapwa-tao, ipabasa sa kanila ang 1 Mga Taga Corinto 13. Imungkahi na markahan nila ang mga katangian ng isang taong may pag-ibig sa kapwa.

Matapos nilang basahin at markahan ang mga banal na kasulatan, ipasabi ninyo sa mga kabataang lalaki kung anong mga katangian ang minarkahan nila. Sa pagsasabi nila ng katawagan sa Bibliya, talakayin ang katawagan at tulungan ang mga kabataang lalaki na magbigay ng isang makabagong kasing kahulugan nito. Isulat sa pisara ang mga katawagan at ang mga kasing kahulugan ng mga ito. Ang mga maaaring katawagan at kasing kahulugan ay kinabibilangan ng—

1. “Mapagpahinuod at magandang-loob” (matiisin).
2. “Hindi nananaghili” (nasisiyahan).
3. “Hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo” (mapagpakumbaba).
4. “Hindi nag-uugaling mahalay” (magalang).
5. “Hindi hinahanap ang kanyang sarili” (hindi makasarili).
6. “Hindi nayayamot” (mahinahon).
7. “Hindi nag-iisip ng masama” (dalisay).
8. “Hindi nagagalak sa kalikuan, kundi nakikigalak sa katotohanan” (tapat).

---

**Dapat Nating Mahalin ang Isa’t Isa Katulad ng Pagmamahal sa Atin ni Cristo**

Larawan, banal
na kasulatan,
at talakayan

Ipakita ang larawan 3, si Jesus na Cristo. Ipaliwanag na tinukoy ni Moronias ang pag-ibig sa kapwa-tao bilang “ang dalisay na pag-ibig ni Cristo” (Moronias 7:47). Ipinakita ni Cristo ang lahat ng mga katangiang ito, at minahal niya tayo nang walang pasubali. Bigyang-diin na upang makalapit kay Cristo, kailangan nating magmahal katulad ng pagmamahal niya.

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Juan 13:34–35.

Hilingan ang mga kabataang lalaki na maglarawan ng mga pangyayari na maaari nilang maalala mula sa mga banal na kasulatan na naglalarawan kung paano ipinakita ni Cristo ang mga katangian ng isang taong may pag-ibig sa kapwa-tao.

Matapos tumugon ng mga kabataang lalaki, ituro na ang mga pangyayaring inilarawan ay ilan lamang mga halimbawa ng kung paano nagpakita ng pag-ibig sa kapwa-tao si Cristo. Lahat ng ginawa niya ay nagpakita ng pagmamahal niya sa mga tao. Upang maging katulad niya, kailangan din nating magpaunlad at magkaroon ng pagmamahal sa iba.

Sipi

Ipaliwanag na ang tunay na pag-ibig sa kapwa-tao ay isang kaloob ng Espiritu. Hindi ito isang bagay na natatamo lamang natin sa pamamagitan ng ating sariling pagsisikap. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang pag-ibig sa kapwa-tao ay isang kaloob na espirituwal na dapat nating lahat hangaring paunlarin.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie.

"Higit sa lahat ng mga katangian ng pagkadiyos at kaganapan, ang *pag-ibig sa kapwa-tao* ang isa na pinakananais. Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay higit pa sa pag-ibig, lubhang higit pa; ito ay walang-katapusang pagmamahal, ganap na pagmamahal, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo na tumatagal magpakailanman. Ito ay pagmamahal na lubos na nakatuon sa katuwiran na ang maytaglay ay walang layunin o pagnanais maliban sa walang-hanggang kapakanan ng sarili niyang kaluluwa at para sa mga kaluluwa ng mga nasa paligid niya" (*Mormon Doctrine,* ika-2 limbag [Salt Lake City: Bookcraft, 1966], p. 121).

- Bakit isang mahalagang kaloob na espirituwal ang pag-ibig sa kapwa-tao na kailangang paunlarin?

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Moronias 7:47–48.

- Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa kung paano natin mapauunlad ang kaloob na espirituwal na pag-ibig sa kapwa-tao?

---

**Maipakikita Natin ang Pag-ibig sa Kapwa-tao sa Pamamagitan ng Paglilingkod**

Kuwento at larawan

Ipaliwanag na maipakikita natin ang pagmamahal sa iba sa pamamagitan ng paglilingkod sa kanila. Ipakita ang larawan 14, Tatlong Kabataang Lalaki na Nagliligtas sa Martin Handcart Company, at isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol sa tatlong kabataang lalaki na nagpakita ng tunay na pag-ibig sa kapwa-tao:

Nang dumating ang mga naunang tagabunsod na Mormon pakanluran sa Lungsod ng Salt Lake, marami sa kanila ang naglakbay sa pamamagitan ng mga karetelang hinihila ng mga tao. Dahilan sa walang sapat na pera upang makabili ng mga bagon, hinila nila ang kaunting kaya nila sa kanilang mga ari-arian sa may dalawang-gulong na karetela. Isa sa mga naglakbay nang ganito ang Martin Company.

Ang Martin Company ay nalagay sa kagipitan sa gitna ng bagyo ng niyebe sa Wyoming. Naharap ang mga tao sa tiyak na kamatayan sa mababa pa sa serong temperatura mula sa pagkalantad at kakulangan ng pagkain. Nagpadala si Brigham Young ng pangkat na pantulong upang iligtas sila. Sa daan pabalik, ang Martin Company at ang pangkat na pantulong dito ay nakarating sa isang ilog na puno ng mga lumulutang na yelo.

"Nangangailangan ng higit na tapang at tibay ang pagtawid kaysa sa maiipon na katangian ng tao. Napaatras ang mga babae at napaiyak ang mga lalaki. Ang ilan ay nagpatuloy, subalit ang iba ay hindi makatagal sa kakila-kilabot na karanasan.

"Tatlong labingwalong-taong gulang na kabataang lalaki na kabilang sa pangkat na pantulong ang dumating upang sumaklolo, at sa pagtataka ng lahat ng nakakita, ang nagdala sa halos lahat ng kasama ng kapuspalad na manlalakbay na humila sa mga pangkat ng karetelang iyon sa kabila ng nagyeyelong sapang iyon. Ang hirap ay napakabigat, at ang pagkalantad ay napakatindi, na sa mga huling taon, ang lahat ng mga batang lalaki ay namatay mula sa epekto niyon. Nang marinig ni Pangulong Brigham Young ang ginawang kabayanihang ito, umiyak siyang katulad ng isang bata, at pagkaraan ay nagpahayag sa bayan, 'Ang gawang iyon mismo ay makatitiyak kina C. Allen

Huntington, George W. Grant, at David P. Kimball ng walang-katapusang kaligtasan sa Kahariang Selestiyal ng Diyos, mga daigdig na walang katapusan' " (LeRoy R. at Ann W. Hafen, *Handcarts to Zion* [Glendale, Cal.: Arthur H. Clark Co., 1960], p. 132–33).

Talakayan

Ituro na ang mga gawang paglilingkod ay hindi kailangang pambihira o magiting upang magpakita ng tunay na pag-ibig sa kapwa-tao.

- Ano ang ilang mga paraan na makapagpapakita kayo ng pagmamahal sa mga tao na nasa paligid ninyo?

---

**Katapusan**

Gawain at hamon

Ipamigay ang mga kopya ng hugis ng pag-ibig sa kapwa-tao, at ipatantiya sa bawat kabataang lalaki ang sarili niya sa mga bagay na nakalista. Hamunin ang bawat kabataang lalaki na pumili ng isang bagay na ipananalangin at pagtutuunang pansin sa buong linggo.

Ipabasang muli sa mga kabataang lalaki ang Moronias 7:48 at talakayin kung paano naaangkop ang banal na kasulatan sa hamong ito.

Patotoo

Ipaliwanag na ang pag-ibig sa kapwa-tao, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo, ang pinakamataas na alituntunin ng ebanghelyo. Ang pagiging mapagmahal sa kapwa-tao ay magtutulad sa atin sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Magpatotoo sa pagmamahal ng Ama at ni Jesus sa bawat isa sa atin.

Mga gawaing maaaring pagpilian at mga hamon

Maaari mong naising hamunin ang mga kabataang lalaki na pumili ng isa sa mga sumusunod na gawain:

1. Pumili ng isang kapatid na lalaki o babae na nangangailangan ng labis na pagmamahal at pansin, at gumawa ng isang bagay para sa kanya. Magbasa ng isang kuwento, lumabas nang magkasama, o mag-usap man lamang.
2. Pumili ng isang kabataang lalaki sa simbahan o paaralan na nangangailangan ng kaibigan, at kilalanin siyang mabuti.
3. Sumali sa isang mapagkawanggawang paglilingkod katulad ng pagbibigay ng oras sa mga samahang pangkawanggawa, paggawa ng kusang-loob para sa mga taong may kapansanan, pagbabasa para sa mga bulag, o paglilingkod sa mga pagamutan at klinika.
4. Tingnan ang ibang nakagagawa, naglilingkod, nagpapaligaya sa iba. Padalhan siya ng maikling sulat ng pasasalamat o pagbati.

# Hugis ng Pag-ibig sa Kapwa-tao

| | Hindi kailanman | Kung minsan | Kadalasan | Palagi |
|---|---|---|---|---|
| Tahanan (kung saan nagsisimula ang pag-ibig sa kapwa-tao) | | | | |
| 1. Ako ay mabait sa aking mga kapatid katulad ng sa aking mga kaibigan. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 2. Nagpapakita ako ng pagsasaalang-alang sa mga kasapi ng aking mag-anak sa paggamit ng paliguan, telebisyon, at iba pang karaniwang pag-aari. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 3. Isinasaalang-alang ko ang oras ng aking mga magulang tulad ng oras ko. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 4. Gumagawa ako sa tahanan nang higit kaysa sa hinihingi sa akin. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 5. Gumagawa ako sa tahanan nang hindi pinagbibilinan. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 6. Sinasabi ko sa mga kasapi ng aking mag-anak na mahal ko sila. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 7. Gumugugol ako ng oras sa mga matatanda sa aking mag-anak. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 8. Ipinahihiram ko ang aking mga gamit sa mga kasapi ng aking mag-anak. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Mga Kaibigan at mga Kapwa-tao | | | | |
| 1. Matapat ako sa aking mga kaibigan. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 2. Kinakaibigan ko ang mga walang kaibigan. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 3. Isinasaalang-alang ko ang mga damdamin ng iba. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 4. Hindi ko na hinihintay ang iba na magbigay ng pansin at papuri. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 5. Ako ay nakikinig na mabuti sa halip na nagsasalita. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 6. Sinisikap kong makita ang pananaw ng iba. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 7. Nagsisikap akong makapaglingkod sa aking pamayanan. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 8. Nagsisikap akong makapaglingkod sa mga nangangailangan. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Mga guro | | | | |
| 1. Nakikinig ako sa klase. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 2. Pinahahalagahan ko ang oras at pagod na ginugol sa aralin. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 3. Nakikinig akong may bukas na isipan. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 4. Isinasaalang-alang ko ang damdamin ng aking guro. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Diyos | | | | |
| 1. Madalas akong nananalangin bawat araw. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 2. Sinisikap kong maging higit na katulad ng Tagapagligtas bawat araw. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 3. Sinisikap kong sundin ang mga utos ng Diyos. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 4. Ginagampanan kong mabuti ang aking mga pananagutan sa pagkasaserdote. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 5. Tinatanggap ko ang mga tawag na maglingkod sa Simbahan. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 6. Dumadalo ako sa aking mga pulong sa Simbahan. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 7. Tumutulong akong mabuti sa mga pulong na dinadaluhan ko. | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

Manalangin Para sa Pag-ibig sa Kapwa-tao (Moronias 7:48)

# 39 Pagpapakabusog sa mga Salita ni Cristo

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki kung paano magdaragdag sa kanyang espirituwalidad at magpapalakas sa kanyang pananampalataya at patotoo ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 2 Nefias 31:20; Alma 32:26–43; 3 Nefias 17:2–3; Moronias 6:4, 10:3–4; at Doktrina at mga Tipan 18:33–36; 88;62–63.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan ay Tumutulong sa Atin na Manatiling Higit na Malapit sa Ama sa Langit**

Sipi at talakayan

• Nadama mo na ba na parang hindi nakikinig sa mga panalangin mo ang Ama sa Langit o malayo siya at walang pakialam sa iyo?

• Ano sa palagay ninyo ang sanhi ng mga damdaming iyon?

• Paano natin madadaig ang mga damdaming iyon at makadarama na muling maging higit na malapit sa Ama sa Langit?

Basahin ang sumusunod tungkol sa ginawa ng isang pinuno ng Simbahan upang makadama ng higit na espirituwalidad:

Noong siya ay isang Apostol, sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Napapansin ko na kapag nagiging karaniwan ako sa aking mga kaugnayan sa mga dibinidad at kapag sa wari ay walang banal na taingang nakikinig at walang banal na tinig na nagsasalita, ako ay napakalayo. Kung isusubsob ko ang sarili ko sa mga banal na kasulatan ay kumikitid ang layo at bumabalik ang espirituwalidad" (*What I Hope You Will Teach My Grandchildren and All Others of the Youth of Zion* [talumpating ibinigay sa mga guro ng seminaryo at dalubhasaan, Brigham Young University, ika-11 ng Hulyo, 1966], p. 6).

Ipaliwanag na ang patotoo ni Pangulong Kimball ay makapangyarihan at simple. "Isinusubsob" niya ang sarili niya sa mga banal na kasulatan upang madagdagan ang espirituwalidad. Hindi natin maaasahan na matamo at mapanatili ang malapit na kaugnayan sa Diyos, nang hindi pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan. Kaya nga, katulad ng sinabi ni Pangulong Kimball, "Hinihimok tayong lahat ng mga Pangkalahatang Awtoridad nang higit na madalas at sa espiritu ng pagmamahal na magkaroon ng isang programa ng araw-araw na pag-aaral ng ebanghelyo sa ating mga tahanan, kapwa bilang mga tao at mga mag-anak" ("How Rare a Possession—the Scriptures," *Ensign,* Set. 1976, p. 2).

• Paano makatutulong sa atin ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan na madagdagan ang ating espirituwalidad at manatiling malapit sa Diyos?

Kuwento

Ang sumusunod na kuwento na sinabi ni Pangulong Marion G. Romney ay nagpapakita na ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan ay makapagdudulot ng higit na espirituwalidad sa sinumang nagbabasa na may tunay na layunin;

"Natatandaan ko ang pagbabasa ng [Aklat ni Mormon] kasama ng isa sa mga anak kong lalaki nang siya ay napakabata pa. Sa isang pagkakataon, nakahiga ako sa ibabang higaan at siya sa itaas. Nagbabasa kami nang malakas na nagpapalit-palitan ng talata ng

huling tatlong kabanatang iyon ng Pangalawang Nefias. Narining kong nababasag ang tinig niya at naisip kong may sipon siya, subalit nagpatuloy kami hanggang sa wakas ng tatlong kabanata. Habang natatapos kami ay sinabi niya, 'Tatay, naiiyak ka ba kapag nagbabasa ng Aklat ni Mormon?'

" 'Oo, anak,' ang sagot ko. 'Kung minsan ay nagpapatotoo sa aking kaluluwa ang Espiritu ng Panginoon na ang Aklat ni Mormon ay totoo na napapaiyak ako.'

" 'Kung gayon,' ang sabi niya, 'ganyan ang nangyari sa akin ngayong gabi.'

" . . . Ang aklat na ito ay ibinigay sa atin ng Diyos upang basahin at ipamuhay, at mailalapit tayo nito sa Espiritu ng Panginoon katulad ng anumang bagay na alam ko" (*Look to God and Live: Discourses of Marion G. Romney,* tinipon ni George J. Romney [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1971], p. xii—xiii).

- Ano ang sinabi ni Pangulong Romney tungkol sa mga banal na kasulatan at sa pananatiling malapit sa Espiritu?

- Nagkaroon na ba ang isa man sa inyo ng espirituwal na karanasan habang nagbabasa ng mga banal na kasulatan?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay makatutulong sa ating malaman kung ano ang nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na gawin natin. Ang pag-unawa at pamumuhay sa mga turo nito ay makatutulong sa atin na manatiling higit na malapit sa Ama sa Langit at kay Jesus.

---

**Mapangangalagaan Tayo ng Salita ng Diyos**

Gawain sa pisara

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang mga sumusunod na banal na kasulatan, at ipatukoy sa kanila ang mga salita na naglalarawan kung paano natin pag-aaralan ang mga banal na kasulatan. Habang tumutugon sila, isulat ang mga sumusunod sa pisara:

Banal na kasulatan

| Banal na kasulatan | Mahalagang Salita | Kahulugan |
|---|---|---|
| 2 Nefias 31:20 | Magpakabusog | Kumain nang masagana |
| 3 Nefias 17:2–3 | Bulay-bulayin | Maingat na isaalang-alang |
| Moronias 10:3–4 | | Timbangin sa isipan |
| Doktrina at mga Tipan 88:62–63 | | Gunitain o isiping mabuti |
| Moronias 6:4 | Mapangalagaan | Bigyan ng pagkain o ibang mga sustansiyang kailangan para sa buhay at paglaki |

Mga banal na kasulatan at talakayan

Basahin ang 2 Nefias 31:20.

- Ano ang itinatagubilin ni Nefias na gawin natin sa salita ni Cristo? (Magpakabusog dito.)
- Ano ang kahulugan ng magpakabusog?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang salitang magpakabusog ay nangangahulugan na kumain o sumalo nang masagana. Ang magpakabusog ay higit pa sa ngumuya o tumikim. Ang pagpapakabusog ay nagpapaalaala ng malaking handaan o hapunan kung saan maraming makakain kaysa matatamasa sa isang upuan.

Basahin ang 3 Nefias 17:2–3.

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas sa mga Nefita na gawin upang higit na maunawaan ang kanyang mga salita?

Ipaliwanag na nakita ni Jesus na ang pag-unawa sa mga salita niya ay karaniwang kinabibilangan ng higit pa sa pag-aaral ng mga ito o pagbabasa ng mga ito sa unang pagkakataon.

• Ano ang kahulugan ng magbulay-bulay? (Timbangin sa isipan; isaalang-alang o maingat na pag-aralan.)

Basahin ang Moronias 10:3–4.

• Ano ang ipinapayo ni Moronias na gawin natin sa mga salita sa Aklat ni Mormon?

• Ano ang pangako sa mga nagbubulay-bulay sa mga banal na kasulatan at nagtatanong nang may tapat na puso, may tunay na layunin, at may pananampalataya kay Cristo?

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:62–63.

• Ano ang hinihiling ni Jesus na gawin natin sa mga pananalita niya?

• Ano ang pangako niya sa mga gumagawa ng mga bagay na ito?

Basahin ang Moronias 6:4.

• Bakit kinuha ang pangalan ng mga nabinyagan? (Upang alalahanin sila nang sa gayon ay "mapangalagaan silang mabuti ng salita ng Diyos.")

• Ano ang kahulugan ng mapangalagaan?

Tulungan ang mga kabataang lalaking maunawaan na ang salitang *mapangalagaan* ay nangangahulugang bigyan ng pagkain o iba pang sustansiyang kailangan para sa buhay at paglaki.

• Ano ang kaugnayan ng pagpapakabusog, pagbubulay-bulay, at napangangalagaan?

Tulungan ang mga kabataang lalaking maunawaan na ang isang tao na nagpapakabusog at nagbubulay-bulay sa mga banal na kasulatan ay mapangangalagaan sa espirituwal. Ang isang tao ay mapangangalagaan ng salita ng Diyos, ng Espiritu Santo, at makakikilala sa tinig ni Cristo kung (1) magpapakabusog siya sa mga salita ng Diyos, (2) titimbangin niyang mabuti ang mga ito sa isipan niya, at (3) tatanungin niya ang Diyos sa pangalan ni Cristo hinggil sa mga bagay na ito.

---

**Ang Pagbabasa ng mga Banal na Kasulatan ay Nagpapatibay sa Ating Pananampalataya at Patotoo**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Alma 32:26–43.

• Ano ang unang hakbang sa pagpapaunlad ng pananampalataya? (Gisingin at pukawin ang ating mga isipan upang pag-aralan at naising paniwalaan ang [talata 27]. Katulad ito ng paghahanda ng lupa bago taniman.)

• Ano ang pangalawang hakbang? (Itanim ang binhi.)

• Ano ang inihahambing sa binhi? (Ang salita ng Diyos.)

• Paano natin masasabi kung ang binhi ay mabuti? (Uusbong ito at magsisimulang lumaki. Magsisimula itong palakihin ang ating kaluluwa, liwanagin ang ating pang-unawa, at magsisimulang maging malinamnam.)

• Ano ang nangyayari kapag ang bagong supling ay hindi naalagaan? (Hindi ito magkakaugat at sa bandang huli ay malalanta ng araw at matutuyot.)

• Ano ang mangyayari kapag ang halaman ay napangalagaan? (Lalaki ito at magbubunga ng makakain natin.)

• Paano katulad ng halaman ang pananampalataya at patotoo? (Kailangan silang mapangalagaan upang lumaki at umunlad.)

• Paano natin mapangangalagaan ang halaman? (Sa pamamagitan ng pananampalataya [talata 41] at sa higit pang pagpapakabusog sa salita ng Diyos.)

Ipaliwanag na ang mga siping ito ay malinaw na nagtuturo sa atin na ang pagtatanim ng salita ng Diyos sa ating mga puso ay isang susi sa pagpapaunlad ng pananampalataya at patotoo.

Sinabi ng Propeta Joseph Smith, "Ang pananampalataya ay dumarating sa pamamagitan ng pakikinig sa salita ng Diyos, sa pamamagitan ng patotoo ng mga tagapaglingkod ng Diyos" (*History of the Church,* 3:379).

**Katapusan**

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na natututuhan natin mula sa mga banal na kasulatan na ang pangangalaga ay ibinibigay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu sa mga buong kababaang-loob na nagpapakabusog at nagninilay-nilay sa mga banal na kasulatan. Habang binabasa natin ang mga banal na kasulatan, madarama natin ang espiritu, mabubusog tayo sa salita ni Cristo, at malalaman at makikilala natin ang tinig ng Panginoon.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaking magpakabusog sa salita ni Cristo, at pagkatapos ay pangalagaan ang ibang mga kasapi ng Simbahan sa salita ng Diyos habang nasa tahanan, habang nagtuturo sa tahanan, at sa pagbibigay ng mga pananalita.

Mungkahing gawain

Pumili ng isang paksa, katulad ng pagbabayad-sala, ng pagkahulog ni Adan, o ng kaloob ng Espiritu Santo. Pasangguniin ang mga kabataang lalaki sa Topical Guide sa limbag ng Banal sa Huling-araw ng bersiyong King James ng Bibliya at basahin ang ilan sa mga talatang nakasulat. Makatutulong ito sa kanilang maranasan ang pag-aaral ng mga alituntunin ng ebanghelyo o mga doktrina ayon sa paksa. Ipagamit din sa kanila ang Bible Dictionary sa paksang napili mo upang matutuhan nila kung gaano nila magagamit ang mga banal na kasulatan upang maunawaan ang ebanghelyo.

# 40 Paggawa ng Gawaing Misyonero

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na ang pananampalataya kay Cristo at ang masinsinang paggawa ang nagbibigay gantimpala sa gawaing misyonero.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 17:6–11; 26:23–31, 35; at Doktrina at mga Tipan 1:19–23.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Isang kard o papel na naglilista ng mga mungkahi para sa bawat kabataang lalaki para sa paghahandang espirituwal at pangkaisipan na ibinigay sa aralin.
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Kung nanaisin: Isaayos na talakayin ng isang kababalik pa lamang na misyonero ang bahaging “Ang Pagsunod sa Payo ay Nagdudulot ng Kaligayahan.” Ihingi ng pahintulot ang tao sa obispo.

**PAALALA**

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang paglilingkod sa misyon ay kapanapanabik at nagbibigay gantimpala subalit nangangailangan ito ng sipag at tiyaga. Ang mga katotohanan ng pagmimisyon ay dapat maituro sa mabuting paraan upang hindi makasira ng loob sa pagmimisyon kundi upang ipaalam sa mga kabataang lalaki na inaasahan silang magsikap na mabuti.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento:

Sa isa sa mga misyon ng Simbahan, may isang bayan na bukas sa gawaing misyonero sa maraming taon. Napakaliit ng bayan na nadalaw na ito nang maraming ulit, at kilala ng mga mamamayan ang mga misyonerong Mormon pagkakita pa lamang sa kanila. Sa maraming taon ay halos walang pagbabalik-loob sa bayan, at itinuring ito na isa sa mga pinaka hindi kinasasabikang gawain sa misyon ng mga misyonerong naitalaga sa pook. Sa katunayan, nabigong maging masigasig ang karamihan sa mga misyonero kapag naipadala doon sapagkat kilala ito sa pagiging hindi mabunga.

Nag-alala ang pangulo ng misyon tungkol sa bayan. Siya ay nag-ayuno at nanalangin sapagkat sa wari niya ay may mga tao doon na tatanggap ng ebanghelyo. Siya at ang mga pangalawa sa kanya ay nagpasiyang palitan ang mga misyonerong nandoon ng dalawa na hindi nakaaalam sa pagkakilala sa lugar. Ang dalawang misyonerong napili ay kadarating lamang ng mga ilang buwan sa misyon. Ginawa ang pagbabago, at naghintay ang pangulo ng misyon sa kanilang unang panlingguhang liham na ulat.

Ang unang liham ay nag-ulat ng malaking pagtutol sa gawaing misyonero ng mga kasapi at hindi kasapi ng Simbahan. Ang pangalawang liham ay nagbalangkas ng isang kampanya upang ipakita sa mga kasapi at hindi kasapi na ang mga misyonero ay nakatalaga upang ikalat ang ebanghelyo. Nag-ayuno at nanalangin ang mga misyonero. Ikinintal sa isipan nila na hindi sila dapat magtungo sa bahay ng sinumang kasapi maliban kung kukuha ng mga pangalan ng mga tuturuan. Bilang bunga ng kanilang pag-aayuno at pananalangin, nadama nilang hindi sila dapat magbalik sa kanilang inuupahan mula sa pag-alis nila sa umaga hanggang matapos silang makapagpabalik-loob sa gabi.

Nagpasiya rin silang umalis sa inuupahan nila na maaga ng isang oras kaysa sa ipinayong oras. Nagbasa lamang sila ng mga kuwentong may kaugnayan sa mga banal na kasulatan para sa mga unang linggo ng kanilang kampanya.

Ang mga pangatlo, pang-apat, at panlimang linggong liham ay nagsaad ng masigasig na trabaho subalit walang mapapansing tagumpay sa pagtuturo sa mga tao. Ang mga oras na itinatrabaho ng mga misyonero ay nadagdagan hanggang sa nagtatrabaho sila ng mahigit sa dalawampung oras sa bawat linggo kaysa sa iba pang pares ng mga misyonero sa misyon.

Sa ikaanim na linggo ay nag-ulat sila na isang mag-anak ang nagpakita ng bahagyang interes, at sinimulan na nilang turuan ang mga iyon. Isinali ng mga misyonero ang mga kasapi sa pagtuturo, at ang mag-anak ay nagsimulang magsimba. Natuwa ang mga kasapi ng maliit ng Simbahan sa maaaring pagkakaroon ng ilang bagong kasapi ang kanilang malilit na sangay, at sinimulan nilang tanungin ang mga kaibigan nila kung maaari silang puntahan at turuan. Ang unang mag-anak na natagpuan ng mga misyonero ay nabinyagan at nagdagdag ng kasiglahan sa sangay.

Sa ika-sampung linggo, nagkaroon ng maraming taong tuturuan ang mga misyonero na hindi na sila halos nagkaroon ng panahon upang dumalaw. Tuwang-tuwa ang mga kasapi ng sangay sa gawaing misyonero at pinahihinto nila sa paglalakad ang mga misyonero sa kalye upang sabihan sila tungkol sa mga bagong taong interesado. Nagpatuloy ang mga misyonero sa kanilang masigasig na pagtatrabaho, at kumalat ang balita sa ibang mga misyonero sa buong misyon. Kaagad na tumaas ang mga oras ng pagtatrabaho ng mga misyonero sa buong misyon. Ang bayan ay malaking katuwaan tungkol sa gawaing misyonero.

Talakayan

- Ano ang naging kaibahan ng gawaing misyonero sa bayang ito? (Ang katapatan ng mga misyonero, ang kanilang pag-aayuno at mga pananalangin upang makatanggap ng patnubay mula sa Panginoon, ang kanilang masigasig na paggawa, at ang kanilang pagsasali sa mga kasapi.)
- Ano sa palagay ninyo ang nadama ng mga misyonero sa mga ilang unang linggo nila sa bayan?
- Ano sa palagay ninyo ang nadama ng mga misyonero sa isa't isa pagkatapos ng kanilang mga karanasan sa bayang ito?

---

**Nakatutuwa ang Gawaing Misyonero**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 1:19–23. Maaaring naisin ng mga kabataang lalaki na markahan ang mga banal na kasulatang ito.

- Ano ang tinutukoy ng "mahihinang bagay ng sanlibutan"?
- Ano ang kahulugan ng "hindi dapat . . . magtiwala sa bisig ng laman" (talata 19)?

Tulungan ang mga kabataang lalaking maunawan na karamihan sa mga misyonero ay halos hindi nakapag-aral at hindi sinanay na magturo ng ebanghelyo. Gayunman sa pamamagitan ng sigasig sa paggawa at malakas na patotoo sa ebanghelyo, nakapagpapatotoo sila sa katotohanan.

- Ano ang kailangang gawin ng isang tao upang "makapagsalita sa pangalan ng Diyos ang Panginoon" (talata 20)?

Kuwento sa banal na kasulatan

Maikling isalaysay ang ulat ng apat na anak na lalaki ni Mosias na naghahanda para sa kanilang misyon sa mga Lamanita (tingnan sa Alma 17:6–11). Ipaliwanag na ang mga kabataang lalaking ito ay naghimagsik laban sa Simbahan subalit nangagbalik-loob. Nang maunawaan nila kung gaano kahalaga ang ebanghelyo, ninais nilang ibahagi ang mga pagpapala nito sa iba at magsikap na bayaran ang paglapastangan sa Simbahan ng Diyos. Humingi sila ng pahintulot na ipangaral ang ebanghelyo sa mga Lamanita. Nagtrabaho sila bilang mga misyonero doon ng labing-apat na taon, dumanas ng lahat ng uri ng pag-uusig at kahirapan. Gayunman, sa wakas ay nakatulong sila sa maraming Lamanita na baguhin ang kanilang buhay at matutuhan ang kapayapaan na nagmumula

sa pagsunod sa mga kautusan. Pagkatapos ng karanasan, natagpuan ng mga anak ni Mosias si Alma, ang pinuno ng Simbahan, at nag-ulat ng kanilang misyon sa kanya.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang buod ng gawain ni Ammon at ng kanyang mga kapatid na lalaki sa mga Lamanita sa Alma 26:23–26.

- Ano ang katulad ng mga Lamanita nang magsimula ang misyon?

Sumangguni sa mga talata 23 at 24 para sa sagot.

- Ang mga kalagayan ba ng gawaing misyonero ay higit na mabuti o higit na masama ngayon?
- Ano ang inisip ng mga Nefita sa mga pagkakataong mapagbalik-loob ang mga Lamanita? (Inisip ng mga Nefita na wala itong pag-asa at ninais nilang patayin ang mga Lamanita sa halip na ipangaral ang ebanghelyo sa kanila.)

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Alma 17:6–11.

- Paano naghanda sa kanilang mga pagsisikap na pangmisyonero ang mga anak na lalaki ni Mosias?
- Ano ang sinabi ng Panginoon na gawin nila? (Magpakita ng mabubuting halimbawa [tingnan sa talata 11].)

Basahin ang Alma 26:27–31.

- Ano ang mga paraang ginamit ng mga anak na lalaki ni Mosias upang sa wakas ay mabagbag ang mga buhay ng mga Lamanita?

Basahin ang Alma 26:35.

- Ano ang nadama ni Ammon at ng iba pang mga anak na lalaki ni Mosias sa wakas ng kanilang misyon?

Ituro na ang pasasalamat nila ay higit na para sa pagbabago ng buhay ng mga Lamanita kaysa sa sarili nilang tagumpay bilang mga misyonero.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na hindi bawat misyonero ay magkakaroon ng karanasang katulad ng sa mga anak ni Mosias at magtitiis ng malaking kasalatan at sa wakas ay makapagpapabalik-loob ng maraming tao. Ang pangako sa mga misyonero ay magkakaroon sila ng pagkakataong gumawang mabuti para sa Ama sa Langit. Sila ay makakadama ng kagalakan habang ibinibigay nila ang lahat ng mayroon sila sa gawain ng Panginoon, subalit hindi sila pinangakuan na makapagbibinyag sila ng maraming tao. Magkakaroon sila ng pagkakataon na malaman na sila ay mga kagamitan ng Panginoon sa pagbibigay ng pagkakaton sa mga tao na tanggapin ang mga pagpapala ng ebanghelyo. Ipaliwanag na ang gawaing misyonero, kapag ginawa sa tamang diwa, ay nakatutuwa at nagbibigay nagagantimpalaan at nakadaragdag nang malaki sa kalakasang espirituwal ng isang tao.

Kuwento

Nang si Lorenzo Snow at ang mga kasama niya ay ipinadala ni Brigham Young sa Italya upang magbukas ng gawaing misyonero, sila sa simula ay napuspos ng panghihina ng loob. Habang naghahanap sila ng isang pangkat ng mga handang tao, iniulat ni Lorenzo na, “Inihayag ng espiritu na itinago ng Panginoon ang isang pangkat ng mga tao sa gitna ng mga Bundok ng Alpine” at “sisimulan niya ang isang mahalagang bagay sa bahaging iyon ng madilim na bansang ito.”

Kumikilos sa ganitong impresyon, naglakbay ang mga misyonero sa lambak ng Piedmont sa hilagang Italya upang turuan ang mga Walden—mga matitigas ang ulo subalit relihiyosong Protestante. Katulad ng sinaunang Ammon, unang sinikap na ihanda ng mga misyonero ang mga tao sa pakikipagkaibigan sa kanila at pagkuha sa tiwala nila. Naging napakahirap na gawain nito, hanggang noong ika-6 ng Setyembre 1850, nang magsimula ang sunud-sunod na mga pangyayari na magbubukas sa mga puso ng mga tao upang makinig sa mga mensahe ng mga dayuhan.

Sa araw na iyon, ang tatlong taong gulang na anak na lalaki ng mag-anak na tinitirhan ng mga misyonero ay nagkasakit nang malubha. Nang makita ni Lorenzo at ng kanyang mga kasama ang munting si Joseph, ang bata sa wari ay wala nang lunas. Inilarawan siya ni Lorenzo: “Ang mga mata niya ay tumitirik; ang mga talukap ng mata niya ay bumagsak

at sumara; ang mukha at mga tainga niya ay payat, at maputla na kulay marmol na nagpapakita ng nalalapit na kamatayan. Ang malamig na pawis ng kamatayan ay lumulukob sa katawan niya, at . . . halos tapos na ang buhay." Humikbi ang nanay niya habang ang tatay niya ay nakayuko at bumubulong ng "Il meurt! Il meurt!" (Mamamatay na siya! Mamamatay na siya!)

Nakita ni Lorenzo ang isang pagkakataon na kapwa pagalingin ang batang lalaki at pabilisin ang nauudlot na gawaing misyonero. Nang gabing iyon ay gumugol siya ng "ilang oras" sa paghingi ng patnubay sa Diyos. Nang sumunod na araw, siya at ang kasama niya ay nag-ayuno at nagtungo sa malapit na bundok, kung saan "tumawag sila sa Panginoon sa taimtim at masigasig na panalangin, upang kaawaan ang buhay ng bata." Sa pagbabalik sa lungsod ng mga ikatlo ng hapon, pinangasiwaan ng mga elder ang batang lalaki. Nag-ulat ang tatay na ang paggaling ay halos kaagad-agad, at nang sumunod na umaga ay magaling na magaling na ang munting si Joseph Guy.

Dahilan sa pagkahabag ng Diyos at sa kapangyarihan ng pagkasaserdote, isang munting batang lalaki ang nailigtas. Bilang karagdagan, ang mga puso ng marami ay napalambot, habang ang mga pinto na dating mahigpit na nakasara ay nabuksan sa mga misyonero. Isang matinding interes sa mensahe ng mga misyonero ang pumalit sa pagkapoot na dating ipinakita kay Lorenzo Snow at sa mga kasama niya. Marami ang sumapi sa Simbahan, na nagsisimula ng malaking gawaing pagpapabalik-loob sa Italya (tingnan sa Francis M. Gibbons, *Lorenzo Snow: Spiritual Giant, Prophet of God* [Lungsod ng Salt Lake: Deseret Book Co., 1982], p. 60–71).

- Ano ang ilang mga pagkakatulad ng mga karanasan ni Lorenzo Snow sa Italya at ni Ammon sa mga Lamanita?
- Paano natutuhan ni Lorenzo Snow at ng mga kasama niya kung paano pag-aaralang buksan ang mga puso ng mga tao sa ebanghelyo?

---

### Ang Pagsunod sa Payo ay Nagdudulot ng Kaligayahan

Pagtalakay ng nagbalik na misyonero

Ipaliwanag na ang komite ng mga misyonero ng Simbahan ay sumulat ng hanbuk ng misyonero na nagbibigay ng mga tagubilin sa mga misyonero. Ang mga mungkahi sa bahaging ito ng aralin ay makatutulong sa mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron na malaman ang inaasahan sa mga misyonero. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan kung bakit ang mga mungkahing ito ay makatutulong sa kanila na maging napakabisa at ang pagkahanda nilang ibigay ang mga sarili nila ang siyang nagdudulot ng kaligayahan sa gawaing misyonero.

Papamunuan sa isang kababalik pa lamang na misyonero ang talakayan, o pamunuan mo mismo ito. Ipahanda ang mga kard o papel na may mga sumusunod na kaalaman para sa bawat kabataang lalaki upang isaalang-alang at iuwi niya.

---

### Paghahandang Espirituwal

1. Mahalin ang iyong kasama. Gawin siyang bahagi ng lahat ng gagawin mo. Sumama sa kanya sa lahat ng oras. Tulungan siyang magtagumpay.
2. Manalangin nang isahan at kasama ng iyong kasama.
3. Magnilay-nilay sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang espirituwalidad ay napauunlad sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga salita ng Diyos.
4. Isubsob ang iyong sarili sa gawain. Alisin sa buhay mo ang lahat ng mga kaisipan at mga talakayan tungkol sa tahanan, paaralan, mga kasintahan, at mga bagay na makasanlibutan. Kalimutan mo ang sarili sa paglilingkod sa iba.
5. Mag-ayuno lamang nang minsan sa isang buwan, maliban sa mga hindi karaniwang kalagayan.

**Paghahandang Pangkaisipan**

1. Pag-aralan ang ebanghelyo.
   a. Magdaos ng isang klase sa isang oras na pag-aaral sa araw-araw na kasama ng kasama mo.
   b. Magtalaga ng isang oras man lamang bawat araw sa pansariling pag-aaral.
   c. Saliksikin ang mga banal na kasulatan.
2. Isaloob ang tagumpay. Isipin mo na magtatagumpay ka. Ang mga matagumpay na misyonero ay nagpapaunlad ng napalaking pananampalataya sa Panginoon.
3. Mag-isip nang mabuti. Huwag magsalita ng masama tungkol sa panahon, sa mga tao, sa bansa, o sa pook. Magpasalamat sa inyong Ama sa Langit para sa pribilehiyong matawag na isang misyonero.
4. Magkaroon ng mga pansariling layunin.
   a. Magkaroon ng mga layunin para sa pansariling kaunlaran.
   b. Pagbutihin ang mabubuting kasanayan sa pakikipagtalastasan.

---

**Katapusan**

Patotoo at paglalahad ng tagapayo

Magpatotoo sa banal na katangian ng gawaing misyonero. Maaari mong naising isama ang ilan sa mga sumusunod na ideya.

Ang gawaing misyonero ay nangangailangan ng sipag at katapatan sa Panginoon. Ang ilang mga misyonero ay tutungo sa mga lugar na maraming nabibinyagan; ang ilan ay sa mga lugar na bibihira ang mga nabibinyagan. Sinusukat ng Panginoon ang tagumpay hindi sa bilang ng mga nabibinyagan kundi sa hindi makasariling pagsisikap ng mga misyonero na tulungan ang mga hindi pa nakatatanggap ng ebanghelyo. Ang sukat ng kanilang tagumpay ay kung paano nila ginagawa ang ipinagagawa sa kanila ng Panginoon. Magkakaroon ng higit pang kabiguan at kaligayahan kaysa sa naranasan na nila noon. Subalit magkakaroon din sila ng mga labis na nakasisiya at espirituwal na karanasan habang naglilingkod sila sa Panginoon. Ang mga karanasang ito ang makapagtatatag ng isang matibay na saligan para sa pag-unlad na espirituwal sa buong buhay nila. Magtatatag ang mga ito ng mga pagkakaibigan sa mga kasama, sa ibang misyonero, sa mga kasapi, at sa mga nagbalik-loob na tatagal sa walang-hanggan. Makatatagpo sila ng higit na kaligayahan at kagalakan kaysa sa iniisip nilang maaari.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na paunlarin ang mga katangian na sipag at pagsasakripisyo sa sarili; at mga saloobin ng tagumpay; at higit sa lahat, pagkamalapit sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas.

Gawain ng korum

Himukin ang mga kabataang lalaki na ihanda ang isa sa mga kaibigan niyang hindi kasapi para sa mga talakayan upang naroon siya kapag tinuturuan siya ng mga misyonero. Maaari mong isaayos na ang mga kabataang lalaki ay sumama sa mga misyonero na nakatalaga sa lugar ninyo. Iugnay ang mga pagsisikap na ito sa pamamagitan ng inyong pinuno ng misyon ng purok. Ang isang malaking korum ay maaaring gumugol ng maraming buwan upang tapusin ang gawaing ito, subalit dapat itong maging kapaki-pakibabang na karanasan para sa mga kabataang lalaki.

# Pagiging Higit na Katulad ng Ating Tagapagligtas

# 41

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na si Jesucristo ay ang kanyang Tagapagligtas at magsisiskap na higit na maging katulad Niya.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Marcos 2:17; Juan 14:6–7; Mosias 3:17; 5:7–8; Alma 5;14–16; 3 Nefias 9:14; at Doktrina at mga Tipan 88:63, 67–68.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kautusan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Larawan 15, Si Jesus sa May Pintuan (62170; Pakete ng Sining ng Larawan ng Ebanghelyo 237).
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad

Mga banal na kasulatan at talakayan

Hilingin sa mga kabataang lalaki na hanapin at basahin ang Juan 14:6 at Mosias 3:17.

- Ano ang itinuturo ng mga sipi sa mga banal na kasulatang ito tungkol sa paraan ng ating pagtatamo ng kaligtasan?
- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas upang tayo ay mabigyan ng kaligtasan?

Ipaliwanag na higit pang tuturuan ng araling ito ang mga kabataang lalaki ng tungkol sa Tagapagligtas nang sa gayon ay higit nila siyang mahalin at magsikap na higit na maging katulad niya.

### Si Jesucristo ay Tinatawag na Ama kung Minsan

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na ang ama ay isang nagbibigay ng buhay. Binigyan tayo ng buhay ng Ama sa Langit bilang kanyang mga espiritung anak. Ipinaliwanag ng mga banal na kasulatan kung paano maituturing si Jesucristo na ating Ama.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Mosias 5:7–8.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Haring Benjamin nang sabihin niyang tayo ay maaaring espiritual na isilang kay Cristo?

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang tipang binanggit ni Haring Benjamin ay ang tipan ng binyag. Itinuro sa atin ng Tagapagligtas na tayo ay dapat magkaroon ng pananampalataya sa kanya, na tayo ay dapat mabinyagan, at tayo ay dapat maging karapat-dapat sa palagiang pagsama ng Espiritu Santo upang gabayan tayo. Sa paggawa natin ng mga bagay na ito, ang ating mga puso ay nababago kung kaya't nagnanais tayong maging higit na katulad ng Tagapagligtas at hindi nagnanais na makibahagi sa kasalanan.

Ang paraan ng pagkakaroon ng pagbabago sa ating mga puso nang sa gayon tayo ay maging katulad ng Tagapagligtas ay siyang tinatawag na espirituwal na isinilang kay Cristo. Kapag tayo ay espirituwal na isinilang sa kanya, tayo ay nagiging mga anak niyang lalaki at babae.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na ang mga kabataang lalaki sa iyong klase ay mga nabinyagan na. Ngunit hindi lahat ng nabinyagan na ay espirituwal na isinilang sa Tagapagligtas. Hilingin sa mga kabataang lalaki na isaalang-alang ang mga katanungan ni Alma sa isang pangkat ng mga kasapi ng Simbahan.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Alma 5:14–16.

Imungkahi sa mga kabataang lalaki na isaalang-alang sa sarili kung gaano sila nagiging higit na katulad ng Tagapagligtas. Maaaring naisin nilang isaalang-alang ang mga katanungang ito:

- Malaki ba ang pagnanais kong gumawa ng mabuti?
- Nawawala ba ang anumang pagnanais kong gumawa ng kasalanan?
- Malaki ba ang aking pananampalataya sa Tagapagligtas at sa kanyang mga pangako ng buhay na walang-hanggan para sa matatapat?

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na isa pang dahilan kung bakit tinatawag kung minsan si Jesucristo na Ama ay sapagkat ang kanyang kalooban at ang kalooban ng Ama ay magkatulad. Tinanggap ni Jesus ang "lahat ng kapangyarihan, maging sa langit at sa lupa" (Doktrina at mga Tipan 93:17) mula sa Ama sa Langit. Siya ay nagsasalita at kumikilos tulad ng pagsasalita at pagkilos ng ating Ama sa Langit.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Juan 14:7.

- Sa palagay ninyo, bakit sinabi ni Jesus na kilala natin ang Ama kung kilala natin ang kanyang anak na si Jesucristo?

---

**Nais ni Jesucristo na Lumapit ang Lahat sa Kanya**

Larawan at talakayan

Ipakita ang larawan 15, si Jesus sa may Pintuan.

- Ano ang naiiba sa pintuang ito? (Walang hawakan sa may labas ng pintuan.)
- Kung si Cristo ay papasok, ano ang kailangang mangyari? (Kailangang buksan ng bawat isa sa atin ang pintuan sa ating panig at anyayahan siyang pumasok.)

Ipahanap sa mga kabataang lalaki ang 3 Nefias 9:14. Basahin, markahan, at talakayin ang talata na kasama ang korum.

Tulungang maunawaan ng mga kasapi ng klase na personal na inanyayahan ni Cristo ang bawat isa sa atin na lumapit sa kanya. Ngunit tayo ang kinakailangang gumawa ng pagpapasiya na gawin ito.

Kuwento at talakayan

Basahin ang sumusunod na karanasan:

"Ang haharaping dalawang taong walang mainit na buhangin at kulay asul-berdeng alon ang nagdala sa akin na mag-*surfing* na kasama ang aking kaibigan na si Gaven. Sa katapusan ng tag-init ay aalis na ako para sa aking misyon sa Iceland.

"Habang dala-dala namin ni Gaven ang aming *surfboards* pababa sa isang matarik na dalisdis, aming nakita na ang hangin sa dalampasigan ay may anim na talampakan ang taas, banayad, malukong na parang mga bariles na mga alon, na maganda sa paningin ng mga *surfer*.

"Sa paanan ng mga burol, ang matarik na dalidis ay palusong ng 50 talampakan pababa sa isang makitid na baybayin. Tinalunton namin ang guhong daan pababa sa talampas at madaling inakyat ang huling sampung talampakan patungo sa buhanginan. Itinatali ang mga *surfboards* sa aming mga binti, kami ay sumagwan palayo sa mga damong-dagat patungo sa malayong lugar ng mga daluyong.

"Naranasan ko ang ilan sa pinakamagandang pagsu-*surfing* sa buhay ko nang araw na iyon. Ang hangin at tubig ay kumikislap na malinaw at mainit, at ang tilamsik ng tubig-alat ay malamig sa aming mga mukha. Ang mga ibong-dagat ay paikut-ikot at panay ang huni, at ang mga pagsakay ay naging matagal, mabilis, at ganap. Si Gaven at ako ay nanatili roon hanggang sa paglubog ng araw.

"Habang ang takipsilim ay nagsisimula nang maglaho, ang aking kaibigan ay umabot pa ng isang huling pagsakay patungo sa baybayin. Tumingin ako sa abot-tanaw, na may pangako ng isa pang magkasunod na mga napakalalaking alon, at naghintay para sa isa pa. Ako ay ginantimpalaan ng isang huling matagal, bumabayong pagsakay.

"Sinimulan ko ang matagal na pagsagwan pabalik, ngunit isang malakas na agos ang humila sa akin, at ang liwanag ay naglaho sa halos wala na. Sa wakas narating ko rin

ang paanan ng matarik na dalisdis at natuklasang higit na tumaas ang tubig kaysa sa inaasahan ko at ngayon ay natakpan ang dalampasigan. Ang mga alon ay gumulong na sumasalpok sa matarik na dalisdis na kailangan kong akyatin. Noong una napapaurong ako sa bumubulang tubig at nagsikap ngunit bigo sa pagtuklas ng mas madaling daanan; pagkatapos, sa wakas ay nagkaroon ako ng lakas ng loob na sumubok.

"Ang pag-akyat ay hindi gaya ng ginawang pagbaba ng hapong iyon. Noon ang matarik na dalisdis ay tuyo at higit na mataas kaysa daluyong. Ngayon ito ay kasingkintab ng *sushi*, at puting tubig ang lumabo sa paligid ko habang ako ay umaakyat.

"Bahagya na lamang makaligtas sa daan, ako ay hindi makakalayo. May isa pang huling mahahawakan sa itaas ng aking kanang kamay, ngunit hindi ko ito magawang abutin. Ang kamay na iyon ang may dala sa mabigat kong *surfboard*, na nakatali pa sa aking binti. Kung ito ay ilalaglag ko sa tubig, matatangay ito ng mga alon at hihilahin ako sa batuhan. Kailangan ko ang aking kaliwang kamay upang manatili ako sa kinaroroonan. Talagang napako na ako roon.

"Si Gaven, na narating na ang tuktok ng matarik na dalisdis, ay biglang lumitaw sa ulunan ko. Saglit na sinabi ng aking hangal na mapagmataas na sarili na huwag tanggapin ang kamay na kanyang iniaabot. 'Narating ko hanggang dito nang sarili ko,' naisip ko. 'Makakaya kong mag-isa.' Ngunit kasunod nito ay buong pasasalamat na iniabot ko sa kanya ang *surfboard* na pabigat sa akin, at sa paglaya ng aking kanang kamay, nagawa kong hawakan nang mahigpit ang huling mahahawakan at narating ang tuktok.

"Natapos ang tag-init, at natagpuan ko ang sarili na papalipad na patungong Iceland. Ang lagay ng panahon ay napakasama, ang gawain ay mahirap, at pagkalipas ng unang taglamig, ang maulang buwan, ako ay nadadaig na ng panghihina ng loob.

"Sinikap kong iligtas ang aking sarili sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa trabaho at higit pang pag-aaral, ngunit patuloy na nawala ang aking pagtitiwala.

"Isang araw na makulimlim, nang kinailangan ng mga alagad ng batas ng Iceland sa lahat na manatili sa loob ng kanilang mga tahanan dahil sa lamig Artiko at malakas na hangin, ako ay naupo sa supa ng aming inuupahan. Sa pagbabalik gunita sa aking mga natipong sanggunian ng alaala, nasumpungan ko ang larawan ng aking sarili na nangungunyapit sa matarik na dalisdis sa aking bayan. Tiningnan ko ang buhawi ng niyebe sa labas at napagtanto na muli na naman akong nasa gayong kalagayan. Lumangoy ako patungo sa matarik na dalisdis at ginawa ang lahat ng aking magagawa, ngunit ang sarili kong lakas ay hindi na ako kayang dalhin.

"Naalaala ko ang sipi mula sa mga banal na kasulatan sa Mateo na nagsasabi, 'Datapwat pagkakita niyang malakas ang hangin, ay natakot siya, at nang siya'y malulubog, ay sumigaw, na nagsasabi, Panginoon, iligtas mo ako. At pagdaka'y iniunat ni Jesus ang kanyang kamay at hinawakan siya' (Mat. 14:30–31).

"Ang aking tiwala sa aking sarili ay naubos na, hindi na magawang umakyat pa, wala akong pagpipilian kundi magpakumbaba ng aking sarili at abutin ang kamay ng Tagapagligtas. Binigyan ako ng aking pangulo sa misyon ng isang basbas ng pagkasaserdote na matatagpuan ko ang kasiguruhang hinahangad ko. Nagtiwala ako sa kanya. Bagaman wala akong nakitang mga anghel o haligi ng liwanag, at bagaman ang unos ay nagpatuloy, natuklasan ko na natanggap ko ang kaloob na lakas na kailangan ko.

"Alam ko na ang Tagapagligtas ay buhay at kanya tayong bubuhatin sa itaas ng mga alon. Ang kamay na iniunat sa akin ay nakaunat sa lahat" (Thomas J. Eastman, "Saved from the Surf," *New Era*, Abr. 1994, p. 12–14).

- Ano ang naipadama sa inyo ng kuwentong ito tungkol sa Tagapagligtas?
- Kailangan pa bang magkaroon ng ganap na kalayaan mula sa kasalanan upang magkaroon ng isang malakas na pansariling patotoo kay Cristo?

Ipaliwanag na nais ng Tagapagligtas na lumapit tayo sa kanya tulad ng ano tayo. Hindi natin kailangang maging sakdal upang lumapit sa kanya.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isa ang Marcos 2:17.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin niya ito?

Ipaliwanag na hindi hinihingi ng Panginoon sa atin na pagalingin muna natin ang ating mga kamalian bago tayo lumapit sa kanya. Habang tayo ay lumalapit sa kanya na taglay ang mga kamaliang iyon at may pagnanais na magsisi at masupil ang mga ito, tayo ay kanyang tutulungan.

Bigyang-diin na makikilala ng bawat isa sa atin ang tagapagligtas ng daigdig at mararamdaman ang kanyang kapangyarihan at impluwensiya sa ating buhay. Hindi niya hinihiling na maging ganap tayo, ngunit tunay na hinihiling niya na gawin natin ang lahat ng ating makakaya upang maging katulad niya.

Paglalahad mula sa mga banal na kasulatan

Ipahanap at ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 88:63. Ipahanap sa kanila ang mga salitang naglalarawan kung ano ang kailangan nating gawin upang matagpuan ang Tagapagligtas: "magsilapit sa akin"; "matiyaga akong hanapin"; "magsihingi"; "kumatok." Ipaliwanag na binibigyang-liwanag ng mga salitang ito na kailangan nating magsagawa ng malaking pagsisikap kung tayo ay magsisilapit sa piling ng Tagapagligtas.

Talakayan sa pisara

Isulat sa pisara, *Paano ako mas magiging malapit sa Tagapagligtas?* Ipasaalang-alang sa mga kabataang lalaki ang katanungang ito; isulat pagkatapos ang mga sagot na natatanggap mo. Maaaring kabilang dito ang pagsisisi sa ating mga kasalanan, pagsunod sa mga kautusan, maghangad na lumapit sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng pananalangin, at pagsisikap na maglingkod sa iba na gaya ng ginawa ng Tagapagligtas.

Ipaliwanag na kung talagang mahal natin ang Panginoon at lumalapit sa piling niya, matatanggap natin ang pangakong nakatala sa Doktrina at mga Tipan 88:67–68. Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang mga talatang ito at talakayin ang kahulugan ng mga ito.

---

**Katapusan**

Patotoo at hamon

Magpatotoo na si Jesucristo ay ating Tagapagligtas at Manunubos. Siya ay pumarito sa mundo at nabuhay at namatay para sa atin. Tayo ay lumalapit sa kanya habang ginagawa natin ang lahat upang maging katulad niya.

Hamunin ang mga kabataang lalaki na sikaping kumilos sa buong linggong darating na gaya ng Tagapagligtas sa abot na kanilang makakaya. Imungkahi na manalangin sila upang sila ay gabayan ng Espiritu Santo sa kanilang pagsisikap na maging higit na katulad ni Cristo.

# Pagiging Mapagpakumbaba at Madaling Turuan

# 42

**LAYUNIN**

Nanaisin ng mga kabataang lalaki na maging mapagpakumbaba at madaling turuan.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Exodo 18:13–18, 21–24; Mga Bilang 11:27–29; Mateo 18:4; Santiago 4:10; Mosias 11:27–28; 12:1, 9; 17:5–13; at Doktrina at mga Tipan 1:28; 67:10; 112:10; 136:32.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Larawan 16, Hinuhugasan ni Jesus ang mga Paa ng mga Disipulo (62550; Pakete ng Sining ng Larawan ng Ebanghelyo 226).
   c. Isang lapis para sa bawat kabataang lalaki.
   d. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Maghanda para sa bawat kabataang lalaki ng kopya ng talaan ng salita na matatagpuan sa likod ng aralin.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang mga Tagapaglingkod ng Panginoon ay Kailangang Maging Mapagpakumbaba**

Gawaing pagbibigay-sipi

• Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng maging mapagpakumbaba?

Matapos talakayin ng mga kasapi ng klase ang katanungang ito, bigyan ang bawat kabataang lalaki ng kopya ng talaan ng mga salita at lapis. Pabilugan sa kanila ang mga salita na naglalarawan nang pagpapakumbaba at ekisan ang mga yaong hindi. Ang gawaing ito ay kailangang hindi tumagal nang mahigit sa limang minuto.

Ipaliwanag na ang taong mapagpakumbaba ay maamo at madaling turuan. Kinikilala niya na siya ay umaasa sa Diyos at nais na pasakop sa kalooban ng Diyos. Kinikilala niya ang dakilang kahalagahan ng ibang tao. Ang mga yaong nagnanais na maging magiting na tagapaglingkod ng Panginoon ay kailangang maging mapagpakumbaba.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na si Moises ay isang halimbawa ng pagpapakumbaba (tingnan sa Mga Bilang 12:3). Pinamunuan niya ang 600,000 kalalakihan, pati mga babae at mga bata, sa ilang patungo sa lupang pangako (tingnan sa Exodo 12:37). Siya ang propeta na ginamit na tagapamagitan ng Panginoon upang kausapin ang mga tao. Maaari sanang manibugho si Moises sa iba pa na gumagamit ng mga kapangyarihan ng pagkasaserdote. Ngunit sa halip siya ay kumilos na may pagpapakumbaba nang ang dalawang lalaki sa kampo ang nagpropesiya sa mga tao.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Mga Bilang 11:27–29.

• Ano ang naging reaksiyon ni Moises sa dalawang lalaking nagpropesiya? (Hindi kinainggitan ni Moises ang mga yaong nakatanggap din ng mga kaloob mula sa Panginoon. Ninais niya na ang lahat ng tao ng Panginoon ay pagpalain ng Espiritu ng Panginoon.)

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Exodo 18:13–18, 21–24.

• Paano ang naging reaksiyon ni Moises nang si Jethro, ang kanyang biyenang lalaki, ay nagbigay sa kanya ng tagubilin kung paano pamumunuan ang mga tao?

Ituro na si Moises ay mahigit na sa walumpung taong gulang nang panahong iyon, ngunit siya ay sabik pa ring matuto. Buong pasasalamat na tinanggap niya ang payo mula kay Jethro at isinagawa kaagad ito. Siya ay madaling turuan.

Ipinakikita ng mga halimbawang ito na si Moises ay maamo at mapagpakumbaba. May mga halimbawa rin na nagpapakita ng tapang at lakas si Moises.

- Sa anu-anong paraan nagpakita si Moises ng tapang at lakas?

Maaari mong naising tumukoy ng dalawang halimbawa nito. Buong tapang na ipinaalam ni Moises ang kalooban ng Panginoon sa Faraon ng Egipto (tingnan sa Exodo 7:10, 20; 8:5–10, 29; 10:24–29). Kinagalitan niya ang mga tao ng Panginoon nang bumaling sila sa pagsamba sa mga diyus-diyosan (tingnan sa Exodo 32:15–20, 30). Ipaliwanag na ang mga halimbawang ito ay nagpapaalala sa atin na ang pagiging maamo ay hindi nangangahulugan na ang isang tao ay mahina.

Kuwento

Ipaliwanag na si Joseph Smith ay may mga katangian ng kabutihan at pagpapakumbaba na tutukuyin ng sumusunod na kuwento na isinalaysay ni William F. Cahoon, ang labingpitong taong gulang na tagapagturo ng tahanan ni Joseph Smith. Hilingin sa mga kabataang lalaki na makinig at tukuyin kung paano kapwa naging mapagpakumbaba at madaling turuan ang Propeta at kabataang lalaki.

"Ako ay tinawag at inordenang kumilos bilang isang guro upang dumalaw sa mga mag-anak ng mga Banal. Naging maayos naman ang lagay ko hanggang sa malaman ko na aking tungkulin ang sadyain at dalawin ang Propeta. Sapagkat bata pa, mga labingpitong taong gulang pa lamang, nadama ko ang aking kahinaan sa pagdalaw sa Propeta at kanyang mag-anak sa tungkulin ng isang pagiging isang tagapagturo. Halos ako ay manliit sa aking tungkulin. Sa wakas nilapitan ko ang kanyang pintuan at kumatok, at sa isang minuto ang Propeta ay lumapit sa pintuan. Nakatayo ako roon na nanginginig, at sinabi sa kanya:

" 'Kapatid na Joseph, naparito ako upang dalawin kayo sa tungkulin ng pagiging isang tagapagturo, kung hindi makaaabala sa inyo.'

"Ang sabi niya, 'Kapatid na William, tumuloy ka, ikinagagalak kitang makita; maupo ka sa upuang iyon at iiwanan muna kita't tatawagin ang aking mag-anak.'

"Maya-maya sila ay nagsipasok at nagsiupo. Sinabi niya pagkatapos, 'Kapatid na William, ipinasasailalim ko ang aking sarili at mag-anak sa iyong mga kamay,' at pagkatapos ay naupo. 'Ngayon, Kapatid na William,' ang sabi niya, 'itanong mo ang lahat ng katanungang nais mo.'

"Sa mga oras na ito ang lahat ng aking pangamba at panginginig ay tumigil, at sinabi ko, 'Kapatid na Joseph, pinagsisikapan mo bang ipamuhay ang iyong relihiyon?'

"Sumagot siya ng, 'Oo.'

"Sinabi ko pagkatapos, 'Nananalangin ba kayo sa inyong mag-anak?'

"Sinabi niyang, 'Oo.'

" 'Itinuturo mo ba sa iyong mag-anak ang mga alituntinin ng ebanghelyo?'

"Sumagot siya ng, 'Oo, sinisikap kong gawin ito.'

" 'Ikaw ba ay humihiling na basbasan ang inyong pagkain?'

"Sumagot siya ng, 'Oo.'

" 'Nagsisikap ka bang mamuhay nang payapa at may pagkakaisa sa buo ninyong mag-anak?'

"Sinabi niya na nagsisikap siya.

"Binalingan ko pagkatapos ang Kapatid na Emma, ang kanyang asawa, at sinabi, 'Kapatid na Emma, pinagsisikapan mo bang ipamuhay ang iyong relihiyon? Tinuturuan mo ba ang iyong mga anak na maging masunurin sa kanilang mga magulang? Sinisikap mo bang turuan silang manalangin?'

"Sa lahat ng katanungang ito ang sagot niya ay, 'Oo, nagsisikap akong gawin ito.'

"Binalingan ko pagkatapos si Joseph at sinabi, 'Ngayon ay tapos na ako sa aking mga katanungan bilang isang tagapagturo; at ngayon kung kayo ay may mga tagubilin na nais ibigay, maligaya kong tatanggapin ang mga ito.'

"Sinabi niya, 'Pagpalain ka nawa ng Diyos, Kapatid na William; at kung ikaw ay mapagpakumbaba at tapat, magkakaroon ka ng kapangyarihang lutasin ang lahat ng suliranin na maaari mong kaharapin sa iyong tungkulin bilang isang tagapagturo.'

"Nag-iwan ako pagkatapos ng isang panghuling basbas sa kanya at sa kanyang mag-anak, bilang isang guro, at lumisan" ("Recollections of Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor*, ika-15 ng Agosto 1892, p. 492–93).

Talakayan

• Paano naipakita ng kilos ni Joseph Smith na siya ay mapagpakumbaba at madaling turuan?

• Anu-anong mga kilos ang nagpakita ng pagpapakumbaba ni William Cahoon?

• Ano ang maaari mong matutuhan mula sa kuwentong ito tungkol sa kung gaano kabanal dapat ang pagkilos ng mga tagapaglingkod ng Panginoon?

Magsalaysay ng ilang halimbawa ng pagpapakumbaba na napansin mo sa mga kasapi ng purok o sangay o ibang tao na iyong kilala.

---

**Kailangan Nating Iwasan ang Kapalaluan**

Sipi

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap ni Pangulong Ezra Taft Benson:

"Sa mga banal na kasulatan ay walang anumang bagay na matatawag na makatwirang kapalaluan. Sa tuwina ito ay ipinalalagay na isang kasalanan. Hindi natin pinag-uusapan ang isang mabuting pananaw ng pagpapahalaga sa sarili, na pinakamabuting mapatunayan ng isang malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ngunit ang pinag-uusapan natin ay ang kapalaluan bilang isang pangkalahatang kasalanan. . . .

"Tunay na ang kapalaluan ay isang 'aking kalooban' sa halip na 'iyong kalooban' na pagharap sa buhay. Ang kabaligtaran ng kapalaluan ay pagiging mapagpakumbaba, maamo, napasasakop (tingnan sa Alma 13:28), o madaling turuan. . . .

"Ang kapalaluan ay nagpapakilala sa pamamagitan ng 'Ano ang nais ko sa buhay?' sa halip na 'Ano ang nais ng Diyos na gawin ko sa aking buhay?' Ito ang kalooban ng sarili na siyang kabaligtaran ng kalooban ng Diyos. Ito ay pagkakaroon ng takot sa tao nang higit sa pagkakaroon ng takot sa Diyos" (sa Conference Report, Abr. 1986, p. 5–6; o *Ensign*, Mayo 1986, p. 6–7).

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na nagpapakita ang mga banal na kasulatan ng mga halimbawa ng mga taong puspos ng kapalaluan. Si Haring Noe ay napuspos ng hindi mapigil na kapalaluan at pagiging makasarili (tingnan sa Mosias 11–12, 17). Naging napakasama niyang hari na nag-akalang siya ay napakamakapangyarihan at marunong kung kaya't hindi niya kailangan ang tulong mula sa Panginoon o sa propetang si Abinadias.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Mosias 11:1–5, 27–28; 12:1, 9; at 17:5–13.

• Sa anu-anong mga paraan ipinakita ni Haring Noe ang kanyang kapalaluan? (Hindi niya sinunod ang mga kautusan ng Diyos. Pinahirapan niya nang labis ang kanyang mga tao upang maitaguyod ang kanyang makasalanang uri ng pamumuhay. Ayaw niyang paniwalaan ang mga salita ng propeta ng Panginoon at sa dakong huli ang propeta ay ipinapatay.)

• Paano natutugma ang mga kilos ni Haring Noe sa paglalarawan ni Pangulong Benson sa kapalaluan?

Ituro na sapagkat si Haring Noe at ang kanyang mga tao ay tumangging magpakumbaba ng kanilang sarili, sila ay nadala sa pagkaalipin ng mga Lamanita, at namatay si Haring Noe sa pamamagitan ng apoy (tingnan sa Mosias 19).

• Sa anu-anong kaparaanan natin kung minsan ipinakikita na tayo ay may hindi makatwirang kapalaluan?

Himukin ang mga kabataang lalaki na talakayin ang katanungang ito. Maaari nilang banggitin ang ilang bagay na gaya ng pagsuway sa mga kautusan ng Diyos, pag-aakalang higit nating nalalaman kaysa sa Diyos kung ano ang gagawin sa ating buhay, pagtangging magsisi ng ating mga kasalanan, iniisip na higit tayong mabuti kaysa ibang tao, at pakitunguhan sila nang masama.

### Ang Pagiging Mapagpakumbaba ay Nagdudulot ng mga Dakilang Pagpapala

Talakayan sa larawan

Ipakita ang larawan 16, Hinuhugasan ni Cristo ang mga Paa ng mga Disipulo (tingnan sa Juan 13:3–9).

- Paano naipakikita ng larawang ito ang pagpapakumbaba ni Cristo?

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na ang ilan sa mga pinakadakilang pangako ng Panginoon ay ibinibigay sa mga yaong mapagpakumbaba. Utusan ang bawat kabataang lalaki ng isa sa mga sumusunod na mga sipi mula sa mga banal na kasulatan na hanapin at basahin sa kanyang sarili. Pagkatapos basahin nang malakas ang sumusunod na mga pangako at ipatukoy sa mga kabataang lalaki kung aling banal na kasulatan ang naglalarawan sa bawat pangako. Ipabasa ang mga talata sa buong klase. Kung higit pa sa anim ang mga kabataang lalaki, iatas ang bawat sipi mula sa mga banal na kasulatan sa ilan sa mga kabataang lalaki.

**Mga banal na kasulatan**

1. Doktrina at mga Tipan 136:32
2. Santiago 4:10
3. Doktrina at mga Tipan 112:10
4. Mateo 18:4
5. Doktrina at mga Tipan 1:28
6. Doktrina at mga Tipan 67:10

**Mga pangako**

1. Kung tayo ay mapagpakumbaba ay papatnubayan tayo ng Panginoon at sasagutin ang ating mga panalangin.
2. Kung tayo ay mapagpakumbaba, tayo ay mapalalakas at makatatanggap ng kaalaman.
3. Kung tayo ay mapagpakumbaba, tayo ay itataas ng Panginoon.
4. Kung tayo ay mapagpakumbaba, matututo tayo ng katalinuhan at ang ating mga mata ay mabubuksan.
5. Kung tayo ay magpagpakumbaba, ating makikita at makikilala ang Panginoon.
6. Kung tayo ay mapagpakumbaba, maaari tayong maging dakila sa kaharian ng langit.

### Katapusan

Mga hamon

Ibigay sa mga kabataang lalaki ang mga sumusunod na hamon:

1. Pagmasdan ang mga kilos ng pagpapakumbaba ng ibang tao, lalo na sa mga kasapi ng iyong sariling mag-anak.
2. Timbangin ang iyong ugali at magbantay ng mga pagkakataon na maaari kang tunay na makapagpakumbaba at madaling turuan.

# Talaan ng mga Salita

maamo

mapanghingi

magiliw

mapamintas

tagasunod

mayabang

mapaghimagsik

mapamintas

mapagpahalaga sa sarili

maalalahanin

napasasakop

walang halaga

isip-bata

naglilingkod sa iba

makasarili

mabait

mapagpahalaga sa sarili

mapagpaubaya

parang bata

mapagpaumanhin

mapagmagaling

madaling turuan

# 43 Mga Kaisipan at Pananalita

**LAYUNIN**

Nanaisin ng bawat kabataang lalaki na supilin ang kanyang mga nasasaisip at gumamit ng nakapagpapasiglang pananalita.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Levitico 19:12; Mateo 5:34–35; 15:17–20.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Isang baso na kalahating puno ng tubig.
   c. Iba't ibang kulay ng pangkulay ng pagkain.
   d. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Maghanda ng isang tsart kung saan nakasulat ang 1 Kay Timoteo 4:12.
4. Punuin ang isang malinaw na bote ng likidong pampaputi at markahan ang bote ng "Panlinis ng Isipan at Pananalita."
5. Upang matiyak ang tagumpay, subuking isagawa ang pakay aralin bago ituro ang aralin.
6. Sa magkakahiwalay na piraso ng papel, isulat ang mga kalutasan sa mga pinag-aaralang kalagayan na matatagpuan sa huling bahagi ng araling ito. Bigyan ng isang kalutasan ang bawat kabataang lalaki upang basahin nang malakas sa angkop na oras.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Maraming Paraan Kung Paano Natin Mapananatiling Malinis ang Ating mga Isipan at Pananalita**

Pakay aralin at talakayan sa pisara

• Anu-ano ang ilang bagay sa ating lipunan ngayon ang maaaring may masamang impluwensiya sa ating mga kaisipan at pananalita?

Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara at talakayin ang mga ito. Maaaring kabilang nito ang mga sumusunod:

> Maraming palabas sa telebisyon at pelikula
> Maraming magasin at aklat
> Pagmumura
> Maruruming biro
> Malalaswang bagay
> Pagseselos
> Makasarili

Habang binabanggit ng mga kabataang lalaki ang bawat masasamang impluwensiya, patakan ng pangkulay ng pagkain ang baso ng tubig. Gumamit ng iba't ibang kulay.

Ipaliwanag na ang ating mga kaisipan ay nanlalabo na tulad ng tubig kapag hinahayaan natin ang mga malaswa at maruming kaisipan at salita sa ating mga isipan.

• Paano natin mapananatiling malinis ang ating mga kaisipan nang sa gayon ang Espiritu ng Panginoon ay manahan sa atin?

Sabihin sa mga kabataang lalaki na may mga sangkap na panlinis na makatutulong sa ating panatilihing malinis ang ating mga kaisipan at pananalita.

Ipabuhos sa isang kabataang lalaki ang kaunting likidong pampaputi mula sa boteng minarkahan ng “Panlinis ng Kaisipan at Pananalita” sa tubig na hinaluan ng pangkulay ng pagkain. Sa katapusan ng pagbabasa, ang tubig ay kailangang muling luminaw. Sabihin sa korum na kung gagamitin natin ang ilan sa mga sangkap na panlinis na nabanggit sa ibaba, ang ating kaisipan ay lilinis na gaya ng tubig. Muling balikan at talakayin ang mga sipi at ideya.

---

**Banal na Musika**

“Pumili ng isang itinatanging himno mula sa mga banal na musika ng Simbahan. . . .

“Ngayon, matamang pag-isipan ito sa iyong isipan nang ilang ulit. Isaulo ang mga salita at musika. . . . Gamitin ang himnong ito bilang pagmumulan ng lakas sa oras ng kagipitan. Gamitin ang lugar na ito na patutunguhan ng iyong kaisipan. . . . Babaguhin nito ang buong kalagayan sa tanghalan ng iyong isipan. Sapagkat ito ay malinis at nakapagpapasigla at may pamimitagan, ang mababababang uri ng kaisipan ay aalis” (Boyd K. Packer, *Let Virtue Garnish Thy Thoughts*, Brigham Young University Speeches of the Year [Provo, 26 Set. 1967], p. 10).

---

**Taimtim na Pananalangin**

“Sa pamamagitan ng pagpapairal ng pagpipigil sa sarili at patuloy sa taimtim na pananalangin, maaaring matutunang pigilan ng isang tao ang pananalita” (Henry D. Taylor, sa Conference Report, Abr. 1964, p. 89; o *Improvement Era*, Hunyo 1964, p. 494).

---

**Halimbawa ng Tagapagligtas**

“Ang isang taong nagsisikap na itulad ang kanyang buhay alinsunod sa buhay ng Tagapagligtas ay madadalisay ang isip at kilos. Ang kanyang pananalita ay magiging malinis, marangal, at kagalang-galang” (Henry D. Taylor, sa Conference Report, Abr. 1964, p. 90; o *Improvement Era*, Hunyo 1964, p. 494).

---

**Mabuting Kasama**

Piliin ang iyong mga kasama nang hindi ka matukso. Ang mabubuting pagpili at pagpipigil sa sarili ay kadalasang impluwensiya ng mga yaong nakakahalubilo natin.

---

**Pagpipigil sa Kaisipan**

Tingnan ang iyong isipan ay gaya ng isang malaking tabing ng telebisyon o tanghalan. Kapag may masamang kaisipang pumapasok, baguhin sa isipan ang estasyon o baguhin ang tagpo o kaayusan, at umisip ng isang bagay na nakapagpapasigla.

---

**Isinaulong Banal na Kasulatan**

Pumili ng isang itinatanging banal na kasulatan na may mahalagang kahulugan sa iyo at isaulo ito. Kapag ang tukso na makaisip nang masama ay pumapasok sa iyong isipan, paulit-ulit na banggitin ang mga banal na kasulatan hanggang ang naiisip ay umalis.

---

**Natatanging Bato**

Nagsalaysay ang isang ama ng isang pagkakataon nang bigyan siya ng bato ng kanyang anak na babae bilang isang natatanging handog. Ito ay maliit at kasyang-kasya sa bulsa. Sa tuwing may masamang kaisipang pumapasok sa kanyang isipan, inilalabas niya ang bato at pinagmamasdan ito. Ipinaaalala nito sa kanya ang kalugod-lugod, walang-kamalayang espiritu at pagkatao ng kanyang maliit na anak. Habang iniisip niya ang kanyang anak, walang masamang pag-iisip ang makapananatili sa kanyang isipan. Ang ilang bagay, gaya ng isang bato, ay makapagpapaalala sa atin ng isang taong ating iginagalang nang gayon na lamang kung kaya't hindi tayo makapagtatanim ng masamang kaisipan samantalang naaalala siya.

**Umiwas sa Masama**

Umiwas sa mga larawan, aklat, magasin, pelikula, o anumang bagay na makapagbibigay ng masasamang pag-iisip sa iyong isipan.

Sipi

Basahin ang sumusunod na sipi:

"Ang mga kaisipan ay ang mga kagamitang humuhubog sa ating pagkatao, gaya ng tunay na isang kahanga-hangang eskultor na gamit ang pait at malyete na tinatapyas nang tinatapyas ang magaspang na marmol hanggang sa ito ay magkahubog, marahil, sa . . . isang kahanga-hanga at ganap na gawa ng sining. Gaya ng ginagawang paghubog ng bawat kaisipan sa ating katauhan at, gayon din hinuhubog ang ating kapalaran at ating mga buhay. Samakatwid ang bunga nito, ay nasa lahat ng ating pag-iisip, ang paglikha ng katauhan" (George Q. Morris, *The Importance of Habits*, Brigham Young University Speeches of th Year [Provo, ika-20 ng Mayo 1953], p. 3).

**Dapat Tayong Gumamit ng Malinis na Pananalita sa Lahat ng Pagkakataon**

Mga pinag-aaralang kalagayan

Ipaliwanag na madali ang mangatwiran sa paggamit ng ilang masasamang salita. Ngunit ang mga kabataang lalaki na mga disipulo ng Tagapagligtas ay dapat na magsikap na gumamit ng malinis na pananalita sa lahat ng pagkakataon, gaya ng binibigyang-linaw ng talakayan ng mga sumusunod na pinag-aaralang kalagayan.

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng isang kalutasan sa isa sa mga sumusunod na pinag-aaralang kalagayan at ipabasa ito sa kanya nang tahimik. Ipahayag pagkatapos ang isang pinag-aaralang kalagayan at pahintulutan ang mga kabataang lalaki na talakayin ito. Pagkatapos ay hilingin sa kabataang lalaki na siyang may hawak ng kalutasang ito na ibahagi ito sa korum. Gawin ito para sa bawat pinag-aaralang kalagayan.

1. *Suliranin*: Napuna ni David na nagmumura ang kanyang mga kaibigan sa paaralan sa kanilang pang-araw-araw na pananalita. Sinasabi nila na pangkaraniwan na ang mga salitang ito kung kaya't hindi dapat ituring itong pagmumura. Nalito si David. Nais niyang malaman kung ano ang ibig sabihin ng pagmumura. Masasabi mo ba ito sa kanya?

   *Kalutasan*: Kabilang sa pagmumura ang paggamit sa pangalan ng Panginoon nang walang kabuluhan. Kung minsan ito ay tinatawag na kalapastanganan, at malinaw na ito ay ipinagbabawal ng Panginoon (tingnan sa Exodo 20:7).

   "Walang alinlangan na may ilang hindi matatanggap na mga salita na . . . nakasasama lamang sapagkat sa ganito ito itinuturing ng lipunan. Dapat nating isaisip na maraming mabuting tao (tama o mali) ang nasasaktan ng mga terminong ito at ipinalalagay ang mga itong patunay ng isang kawalang dangal ng Kristiyano o maging kawalan ng kagandahang-asal" (Daniel S. Hess, "Offend Not in Word", *New Era*, Mar. 1975, p. 9).

2. *Suliranin*: Napaniwala ang mga kaibigan ni Jose na ang pagmumura ay ganap na matatanggap. "Ginagawa ito ng lahat," ang sabi nila upang mapangatwiranan ang kanilang kinagawian. Ano ang isasagot mo sa pangungusap na ito?

   *Kalutasan*: "Sa kabila ng paglaganap ng kalapastanganan ay mayroon pa ring mabuting salita at masamang salita, pinong pananalita at magaspang na pananalita, magalang na pananalita at walang galang na pananalita, at ang paglaganap ng ganitong gawa ay hindi nag-aalis ng pagkakaiba sa pagitan ng dalawa" (Richard L. Evans, "The True Use of Profanity," *Improvement Era*, Hunyo 1965, p. 554).

3. *Suliranin*: Naging pangkaraniwan kay Russel na gamitin ang mga banal na pangalan ng Maykapal sa kanyang pagsasalita sa paaralan. Naging maingat siya na huwag gamitin ito sa tahanan, ngunit isang araw ay namutawi ang isa sa mga salita. Nang tinangka ng kanyang ina na siya ay kausapin tungkol dito, ang sagot ni Russel, "mga salita lamang iyan. Hindi nito nagagawang baguhin ang nadarama ko para sa Panginoon. Wala akong makitang masama rito." Kung kayo ang ina ni Russel, ano ang sasabihin mo sa kanya?

   *Kalutasan* : "Sinabi ng Panginoon: 'Kaya nga, anuman ang inyong gagawin, gawin ninyo ito sa aking pangalan. . . . ' (3 Nefias 27:7.)

   "Sa Simbahang itinatag ni Jesucristo, ang lahat ng bagay ay ginagawa sa kanyang pangalan. Binibigkas ang mga panalangin, binabasbasan ang mga bata, nagbibigay ng

patotoo, nangangaral, nagsasagawa ng mga ordenansa, nangangasiwa ng sakramento, pinapahiran ng langis ang nanghihina, itinalaga ang mga libingan.

"Anong laking pangungutya kapag ginagamit natin sa kalapastanganan ang banal na pangalan" (Boyd K. Packer, sa Conference Report, Okt. 1967, p. 128; o *Improvement Era*, Dis. 1967, p. 97).

"Ang gamitin ang mga pangkaraniwang salita ng pagmumura ay masama na—itinuturing nila ito bilang magaspang at walang ingat—ngunit ang paglapastangan sa alinmang pangalan ng ating Panginoon ay ganap na hindi mapapagpaumanhinan. Kung ang isang tao ay malulong sa ganitong paraan siya ay dapat na magsisi na 'may mga damit na sako at abo,' tulad na rin kung siya ay nagkasala ng isa sa mga mabigat na kasalanan" (Spencer W. Kimball, *The Miracle of Forgiveness* [Lungsod ng Salt Lake: Bookctraft, 1969], p. 54).

4. *Suliranin* : Nang hilingin ni John sa kanyang mga kaibigan na huwag magmumura kung nasa paligid niya, sila ay nagtatawa at nilalait siya: "Bakit kailangang magkunwari? Ito ang totoong mundo. Makabubuting tanggapin mo ang buhay kung ano talaga ito." Ano ang masasabi ni John?

   *Kalutasan*: "Maraming bagay na *totoo* ang hindi *tama*. Ang mga mikrobyo ng sakit ay totoo, ngunit kailangan pa ba nating ikalat ang mga ito? . . . Ang katotohanan ng kalapastanganan ay hindi katwiran upang pahintulutan ito" (Boyd K. Packer, sa Conference Report, Okt. 1967, p. 127; o *Improvement Era*, Dis. 1967, p. 96).

5. *Suliranin* : Hindi sang-ayon ang mga magulang ni Ron sa kanyang mga kaibigan dahil sila ay nagmumura. Ang pakiramdam ni Ron ay hinahatulan ng kanyng mga magulang nang hindi makatarungan ang kanyang mga kaibigan. Totoo nga ba?

   Kalutasan: "Ang kalapastangan ay karumihan. Ang isang tao ay nakikilala sa kanyang salita gaya ng uri ng kasamahan na mayroon siya. . . . Ang karumihan sa alinmang anyo ay nakapagpapababa at nakakasira sa kaluluwa at nararapat na iwasan" (Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation*, 3 tomo (Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1954–56), 1–13).

Binigyang-diin ng Panginoon ang kahalagahan ng pagpapatibay sa bawat isa sa ating pananalita at gayon din ang ating mga ikinikilos nang sabihin niya, "patatagin ang iyong mga kapatid sa lahat ng iyong pag-uusap, sa lahat ng iyong panalangin, sa lahat ng iyong paghimok, at sa lahat ng iyong ginagawa" (Doktrina at mga Tipan 108:7).

---

## Katapusan

Mga banal na kasulatan at talakayan

Isulat sa pisara ang Levitico 19:12 at Mateo 5:34–35; 15:17–20.

Ipahanap sa mga kabataang lalaki ang mga banal na kasulatan at ipabasa nang malakas.

Maikling talakayin ang bawat banal na kasulatan, tukuyin na sapagkat iniutos ng Panginoon sa atin na huwag magmumura o manlapastangan, talagang wala nang ibang dahilan upang hindi panatilihing malinis ang ating mga kaisipan at pananalita.

Tukuyin na ang isang kabataang lalaki na espirituwal na nasa hustong gulang ay gagawin ang mga bagay na hinihingi sa kanya ng kanyang Ama sa Langit, na may pananampalataya na walang ipagagawa ang Ama sa Langit sa kanya maliban lamang sa mga bagay na makapagdudulot ng kaligayahan. Pananatilihin niyang malinis ang kanyang pananalita.

Hamon

Hamunin ang mga kasapi ng klase na pagsikapang gawin ang isa sa mga paraan kung paano pipigilin ang kanilang mga kaisipan at pananalita. Bigyang-diin na darating ang araw na sila ay magsisilbing mga halimbawa sa kanilang mga misyon at sa kanilang mga anak. Sila ngayon ay nagsisilbing mga halimbawa sa kanilang mga kaibigan at iba pang kasapi ng mag-anak. Sa pagkakaroon ng ganitong pananagutan, ngayon ang panahon upang bumuo ng mga ugali ng kaisipan at pananalita na karapat-dapat na tularan.

# 44 Paglilingkod sa Iba

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na siya ay maaaring maging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa paglilingkod sa iba.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mateo 20:27; Lucas 9:24; Juan 3:16; 21:15–17; at Mosias 18:7–10.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Larawan 16, Hinuhugasan ni Jesus ang mga Paa ng mga Disipulo (62550; Pakete ng Sining ng Larawan ng Ebanghelyo 226).
   c. Dalawa o tatlong kasangkapan o mga larawan ng kasangkapan, gaya ng isang martilyo, lagare, kalaykay, pala, at distornilyador.
   d. Isang pirasong papel at lapis para sa bawat kabataang lalaki.
   e. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Bago magsimula ang aralin, talakayin sa obispo ang ilan sa mga paraan kung paano makapaglilingkod ang bawat kasapi ng korum, nang isa-isa at bilang isang pangkat. Sa pagtatapos ng oras sa klase, maaaring pumili ang mga kabataang lalaki ng pansarili o pangkatang proyekto ng paglilingkod.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Tayo ay Nakipagtipan na Maglilingkod sa Iba**

Kuwento

Basahin ang mga sumusunod:

Tumanaw si Jim sa paligid ng kapilya habang nasa panimulang himno ng pulong sa pagkasaserdote. Napuna niya si Bill Johnson, na bago pa lamang sa purok, na nag-iisang nakaupo. Maraming ulit habang kumakanta na napagmasdan ni Jim ang nag-iisang tao sa likod na upuan, at tiniyak niya sa kanyang isipan na malugod na batiin si Bill. Mauupo na sana siya sa likuran upang tabihan siya, ngunit sa kanyang palagay ito ay baka maging kahiya-hiya. Naisip ni Jim sa kanyang sarili, “Dapat na mag-isang gumawa si Bill upang higit na makilala. Siya naman ay makauupo na katabi ng kahit sino.”

Natapos ang pagkanta, at lahat ng nasasaisip tungkol kay Bill Johnson ay naglaho nang ibaling ni Jim ang pansin sa sumunod na klase na kasama ng lahat ng kanyang kaibigan. Gayunman, sa kanyang pagtayo upang bigkasin ang pagtatapos na panalangin, napagmamasdan niya si Bill Johnson na nakadarama ng pag-iisa. Siya ay nagpasiya na pagkatapos na pagkatapos ng panalangin ay kanyang pupuntahan at siya ay kakaibiganin. Pagkasabi niya ng siya nawa, sa kanyang pagtingala ay nakita niya si Bill na lumabas ng pintuan.

“O sige,” ang naisip niya sa sarili, “Maaabutan ko siya sa susunod na linggo.”

Mga bagay o larawan

Ipakita ang ilan sa mga kasangkapan o larawan ng mga ito.

- Ano ang nagpapagalaw sa mga kasangkapang ito?

Ipaliwanag na anuman ang gamit ng mga kasangkapang ito, mapapagagalaw lamang ang mga ito ng mga kamay ng isang tao.

Sipi at talakayan

Nangusap si Elder Marion D. Hanks ng tungkol sa uri ng kasangkapang ginagamit ng Ama sa Langit:

“Sinabi ng Panginoon, na tinutukoy ang Kanyang mga tagapaglingkod, ‘Ang kanilang bisig ay magiging aking bisig.’ [Doktrina at mga Tipan 35:14.] Naisip mo na ba ito? Para sa akin

ito ay isa sa pinakabanal at makahulugan at sariling pag-aatas na maaari kong mabasa sa mga banal na talaan o saan mang dako. Sinabi ng Panginoon na ang bisig kong ito ay kanyang bisig. Ang isipang ito, ang dilang ito, ang mga kamay na ito, ang mga paang ito, ang salaping ito—tanging ang mga kasangkapan ito ang Kanyang ginagamit sa ganang akin lamang. . . . Sa ganang inyo, ang inyong bisig, ang inyong mapagkukunan, ang intong talino, ang inyong dila, ang inyong lakas, ang siyang tanging kasangkapan na magamit ng Panginoon" (*Service*, Brigham Young University Speeches of the Year [Provo, ika-15 ng Okt. 1958], p. 3).

• Paano nagawang ipadama sa inyo ng pahayag na ito ang tungkol sa paglilingkod sa ibang tao?

Ipaliwanag na nagkaroon ng pagkakataon si Jim na tulungan si Bill sa panahon ng kanyang pag-iisa at pag-aalinlangan. Ngunit nawala kay Jim ang kanyang pagkakataon dahil sa hindi pagkilos sa kung ano ang idinikta sa kanya na gawin.

• Paano sana higit na napakinabangan ni Jim ang kanyang pagkakataong makapaglingkod sa Diyos sa pamamagitan ng pagtulong sa isang taong nangangailangan? (Kinausap sana ni Jim si Bill pagkatapos ng pambungad na pagsasanay o tinawagan sa telepono pagkatapos magsimba.)

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na noong tayo ay binyagan, nakipagtipan tayo sa Panginoon na ating binabalikan sa tuwing tayo ay tumatanggap ng sakramento.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mosias 18:7–10.

• Ayon sa mga talatang ito, paano tayo maglilingkod sa mga ibang tao?

• Sa inyong palagay, bakit ang Diyos ang ating pinaglilingkuran kapag pinaglilingkuran natin ang kanyang mga anak? (Sapagkat mahal ng Diyos ang kanyang mga anak at nais na matugunan ang kanilang mga pangangailangan.)

Ipaliwanag na ang isang taong nagmamahal sa Diyos ay malayang naglilingkod sa iba. Madalas niyang itinatanong sa sarili, "Sino ba ang natulungan ko ngayong araw na ito? Kaninong pasanin ang gumaan dahil sa siya ay dumaan sa aking daraanan?"

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang paglilingkod ay bunga ng pagmamahal. Ito ang paraan ng pagpapakita natin ng pagmamahal sa Diyos, sa iba, at maging sa ating sarili. Isa sa pinakadakilang kaligayahan sa buhay ay ang kapayapaan at kasiyahan na nagmumula sa kaalamang bumuti ang buhay ng iba dahil sa ating mga pagsisiskap para sa kanyang kapakanan. Ang paglilikod ang pinakadakilang handog ng pagmamahal.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Juan 21:15–17.

• Ano ang utos ng Tagapagligtas kay Pedro? (Kung tunay na siya ay mahal ni Pedro, pakakainin ni Pedro ang kanyang tupa.)

• Ano ang ibig sabihin ni Cristo ng "pakainin ang aking tupa"? (Magturo at maglingkod sa iba.)

Ipaliwanag na kung tunay nating mahal ang Tagapagligtas ay maglilingkod tayo sa iba. Iaangat natin sila, palalakasin sila, hihimukin at tuturuan sila, at gagawin kung ano ang gagawin ng Panginoon kung siya ay narito.

---

### Ang Ating Pinakadakilang Handog ay Paghahandog ng Ating Sarili

Paglalahad ng tagapayo at talakayan

• Ano ang isang tinitikang lapida? (Isang pahayag tungkol sa buhay ng taong namatay. Sa maraming pagkakataon nasasaad sa isang tinitikang lapida kung ano ang nagawa ng isang tao o anong uri ng tao siya noong siya ay nabubuhay pa.)

Basahin ang mga sumusunod na tinitikang lapida tungkol sa buhay ng dalawang lalaki:

"Dito nakahimlay ang isang gahaman na nabuhay para sa kanyang sarili.
At walang pinahahalagahan kundi ang magkamal ng salapi (pera o kayamanan).
Ngayon kung nasaan siya, o ano na ang kalagayan niya,
Walang nakaaalam at walang umaalintana."

"Banal sa alaala si Heneral Charles George Gordon, na siya, sa lahat ng pagkakataon at lugar ay ibinigay ang kanyang lakas sa mahihina, ang kanyang pag-aari sa mga maralita,

ang kanyang pagdamay sa nagdurusa, ang kanyang puso sa Diyos."

- Ano ang pangunahing pagkakaiba sa paraan ng pamumuhay ng dalawang lalaking ito?

Ipaliwanag na sa ating pagmamahal at paglilingkod sa isa't isa, ang pinakadakilang handog na maiaalay natin ay pagkakaloob ng ating sarili.

- Paano natin ipinagkakaloob ang ating sarili? (Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ating oras, mga talino, at kakayahan sa iba kung hinihingi ng pagkakataon, sa pamamagitan ng pagpapakita ng interes sa ibang tao, at sa pagtulong na mapagaan ang pasanin ng iba.)

Talakayan sa pisara

Hilingan ang mga kabataang lalaki na umisip ng dalawa o tatlong katao na nagkaroon ng malakas na impluwensiya para sa ikabubuti ng kanilang buhay.

- Ano ang mga tiyak na bagay na kanilang nagawa na nakatulong sa inyo nang lubos?

Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara.

Bigyang-diin na ang mga taong nakatulong sa atin nang lubos ay kadalasang ang mga tao na—

1. Nag-ukol ng panahon upang tulungan tayo.
2. Tunay na nagmamalasakit sa atin.
3. Nagtuturo sa atin ng mga bagay na kailangan nating malaman.
4. Nakikinig sa atin nang hindi namimintas at maingat na isinasaalang-alang ang damdamin sa kabila ng ating kailangang sabihin.

Gawaing pagsusulat

Bigyan ng isang pirasong papel at lapis ang bawat kabataang lalaki. Utusan silang isulat ang mga salitang *mag-anak*, *simbahan*, at *mga kaibigan.*

Ipasulat sa mga kabataang lalaki sa ilalim ng bawat salita ang ilang paraan kung paano sila makapaglilingkod sa pangkat na iyon. Magbigay ng tatlo o apat na minuto para sa gawain. Anyayahan pagkatapos ang mga kabataang lalaki na ibahagi ang ilan sa kanilang mga ideya sa iba pang mga kasapi ng korum.

---

**Dapat Tayong Magbigay sa Buong Buhay Natin**

Larawan, banal na kasulatan, at talakayan

- Bakit tayo nagpapalitan ng regalo tuwing Pasko? (Ang pagbibigay ng regalo ay sagisag ng pagmamahal ng Diyos para sa bawat isa sa atin sa pagpapadala ng regalo na kanyang Anak.)

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mateo 20:27. Ipaliwanag na itinuro ni Cristo ang alituntunin ng paglilingkod sa kanyang mga disipulo sa pamamagitan ng halimbawa. Ang paghuhugas ng mga paa ng mga tao ay isang gawain na karaniwang nakalaan para sa mga katulong sa bahay, ngunit malaya itong ginawa ng Tagapagligtas para sa kanyang mga disipulo.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Lucas 9:24.

- Paano natin ginugugol ang ating buhay nang alang-alang kay Cristo? (Sa pamamagitan ng pagmamahal at paglilingkod sa iba na gaya ng ginawa ni Jesus sa tulong at patnubay ng Espiritu.)

- Kung ikaw ay nakapaglingkod sa isang tao na hindi nagpasalamat sa iyo o sa wari mo ay hindi nalugod sa iyong kabutihan, paano ka dapat gumanti?

Tulungan ang bawat kabataang lalaki na maunawaan na ang paglilingkod ay hindi dapat ibigay nang may layong makatanggap ng pasasalamat o papuri.

Sipi at talakayan

- Ano ang ibig sabihin ng salitang *pandaigdig* (*mundane*)? (Karaniwan at palasak.)

Basahin ang pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Kadalasan ang ating mga gawa ng paglilingkod ay kinapapalooban ng simpleng panghihikayat o ng pagbibigay ng pandaigdig na tulong na may pandaigdig na gawain— ngunit anong luwalhating kahihinatnan ang maaaring dumaloy mula sa pandaigdig na pagkilos at mula sa maliliit ngunit kusang paggawa" ("There Is Purpose in Life," *New Era*, Set. 1974, p. 5).

- Paano magsisilbing kasangkapan ng Ama sa Langit ang bawat isa sa atin sa pagbibigay ng paglilingkod sa iba?

Talakayin ang mga ideya ng mga kabataang lalaki. Makapagmumungkahi ka ng ilang uri ng paglilingkod, gaya ng pagbabasa para sa nakababatang kapatid, ngitian o magbigay ng mabuting salita sa isang kapitbahay, o sumunod sa utos isang kasapi ng mag-anak.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na hindi tulad ng pagbibigay ng mga regalo minsan sa isang taon tuwing Pasko, ang paghahandog ng sarili ay isang panghabang-buhay na gawain. Gaya ng ebanghelyo na hindi lamang hanggang pagsamba sa araw ng Linggo, ang paglilingkod sa iba ay hindi hanggang isang paggawa lamang, gaya ng minsang pagkalaykay ng mga dahon sa bakuran ng isang balo. Kailangan nating patuloy na mahalin at panglingkuran ang iba. Bilang mga maytaglay ng pagkasaserdote tayo ay may natatanging tungkulin na ibigay ang ating sarili sa pang-araw-araw na paglilingkod sa iba.

Ituro na kung minsan ay inaakala natin na, upang maging epektibo, ay kailangang maging malaki o kahanga-hanga ang gawang paglilingkod. Ngunit ang kasiyahang mga bunga ay maaaring magmula sa wari'y maliit na paggawa.

---

**Katapusan**

Sipi

Basahin ang sumusunod na pahayag:

"Sa pamamagitan ng paglilingkod tayo ay matututo kung paano maglingkod. Kung tayo ay nasa paglilingkod ng ating kapwa, hindi lamang sila natutulungan ng ating mga paggawa, kundi ating nailalagay sa bagong pananaw ang ating mga suliranin. Kapag higit na pinagmamalasakitan ng ating sarili ang iba, nababawasan ang panahong nababahala tayo sa ating sarili!" Sa gitna ng paglilingkod, may pangako si Jesus, na sa pagkawala ng ating mga sarili, natatagpuan natin ang ating mga sarili!" (Spencer W. Kimball, "There Is Purpose in Life," *New Era*, Set. 1974, p.4).

Patotoo at hamon

Magpatotoo na habang ang bawat kabataang lalaki ay naglilingkod sa iba, kanyang mapaliligaya ang iba. Siya rin ay lalong makadadama ng kasayahan sa kanyang sarili, madadama ang lalong kasiyahan sa buhay, at malilimutan ang marami sa kanyang sariling suliranin.

Hamunin ang bawat kabataang lalaki na gumawa ng paglilingkod para sa isang tao bawat araw at itala ito sa kanyang talaarawan. Ipaulat sa mga kabataang lalaki ang kanilang mga pagsisikap sa susunod na pagpupulong ng korum.

Paglalahad ng panguluhan (kung nanaisin)

Ipalahad sa mga panguluhan ng korum o mga katulong ng obispo ang mga plano para sa isang proyekto ng paglilingkod, o magpamungkahi ng isa sa mga kasama ng korum.

# 45 Pagpapatibay sa mga Patotoo sa Pamamagitan ng Pagbibigay ng mga Ito

**LAYUNIN**

Mapalalakas ng bawat kabataang lalaki ang kanyang patotoo sa pamamagitan ng pagbabahagi nito nang madalas.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may pananalangin ang Isaias 43:10–12 at Doktrina at mga Tipan 62:3.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Maghanda ng tatlong sinulatang piraso ng papel:
   a. "Si Jesuscristo ay ang Anak ng Diyos at ang Tagapagligtas ng daigdig."
   b. "Si Joseph Smith ay ang Propeta ng Diyos na sa pamamagitan niya ay naipanumbalik ang ebanghelyo."
   c. "Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw ang 'tanging totoo at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo.' (Doktrina at mga Tipan 1:30)."
4. Maghandang magbahagi ng isang karanasan mo nang pinatibay at pinagpala ka ng patotoo ng ibang tao. O mag-anyaya ka ng isang kasapi sa purok na magbahagi ng gayong karanasan.
5. Maghanda ng bigay-sipi ng Doktrina at mga Tipan 62:3 para sa bawat kabataang lalaki.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Tayo ay Dapat na Maging mga Saksi ng Diyos

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki at pamarkahan ang Mosias 18:8–9.

- Ano ang ibig sabihin ng "tumayong mga saksi ng Diyos'? (Tiyakin na ang ating mga buhay, maging ang ating mga salita, ay nagpapatotoo sa pag-iral ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.)
- Kailan at saan tayo tatayong mga saksi ng Diyos?
- Anu-ano ang ilan sa mga paraan kung paano tayo maaaring maging mga saksi ng Diyos?

Ipaliwanag na tayo ay maaaring maging mga saksi sa paraan ng ating gawa at paraan ng ating pakikitungo sa iba. Tayo rin ay maaaring maging mga makapangyarihang saksi sa pamamagitan ng pagbibigay ng ating mga patotoo sa iba. Pinakaangkop na magbigay ng patotoo sa oras na ang isang tao na ating kausap ay handang-handang tumanggap at makinig.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Isaias 43:10–12.

- Ano ang nais ng Panginoon na gawin ng kanyang mga tagapaglingkod?

### Dapat Tayong Magpatotoo sa mga Katotohanan ng Ebanghelyo

Talakayan at paglalahad ng tagapayo

- Anu-anong uri ng mga bagay ang dapat nating isama kapag tayo ay nagbibigay ng isang patotoo?

Ipaliwanag na dapat nating pag-isipang mabuti ang mga salita na ating sasabihin kapag tayo ay nagbibigay ng patotoo sa iba. Ang ating mga patotoo ay dapat na maikli at taos-puso. Dapat tayong magpatotoo sa mga katotohanan ng ebanghelyo. Makapagsasalaysay tayo ng karanasang makapagpapatibay ng pananampalataya. Ngunit dapat nating iwasan

ang mangaral; pagsasalaysay ng mahabang karanasan; at gumawa ng pangkaraniwan, paulit-ulit na mga pahayag.

Mga sinulatang piraso ng papel at talakayan

Ipaliwanag na tinukoy ni Elder Bruce R. McConkie ang tatlong dakilang katotohanan na dapat na maging bahagi ng isang patotoo (tingnan sa *Mormon Doctrine*, ikalawang edisyon [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1966], p. 786).

Ibigay ang bawat sumusunod na pangungusap na nakasulat sa piraso ng papel sa isang kabataang lalaki:

a. ”Si Jesucristo ay ang Anak ng Diyos at ang Tagapagligtas ng Daigdig.”

b. ”Si Joseph Smith ay ang Propeta ng Diyos na sa pamamagitan niya ay naipanumbalik ang ebanghelyo.”

c. ”Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw ang ‘tanging totoo at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo’ (Doktrina at mga Tipan 1:30).”

Ipabasa nang malakas ang mga sinulatang piraso ng papel at ipakita.

- Bakit mahalagang magkaroon ng matibay na patotoo tungkol sa tatlong katotohanang ito?
- Bakit mahalagang kabilang ang mga katotohanang ito sa pagbibigay ninyo ng inyong patotoo?

---

**Ang Ating mga Patotoo ay Makatutulong sa Iba**

Paglalahad ng tagapayo o panauhin

Magbahagi ng isang karanasan na iyong napagdaanan kung paano ka napatibay at napagpala ng patotoo ng ibang tao. O hilingin sa naatasang panauhin na magbahagi ng gayong karanasan.

- Kanino kayo makapagbibigay ng inyong patotoo?

Ipaliwanag na ang ating mga sariling mag-anak ang dapat na unang makarinig ng ating mga patotoo. Maibibigay rin natin ang ating mga patotoo sa ating mga tinuturuan sa tahanan, sa mga kasapi at hindi kasaping kaibigan, at sa mga kasapi ng purok o sangay sa mga pulong ng patotoo.

Ipaalala sa mga kabataang lalaki ang mga sumusunod na kuwento mula sa aralin 30. Sa kuwentong ito, isang ina ang sumulat sa kanyang anak na ibinabahagi ang kanyang patotoo tungkol sa mga aral ng Tagapagligtas. Ang patotoong ito ay naging malaking pagpapala sa kanyang anak sa oras ng pagsubok.

Si Elder Frank Croft ay naging misyonero sa dakong timog ng Estados Unidos nang mga unang araw ng Simbahan. Itinuro niya ang ebanghelyo sa isang lugar kung saan may ilang taong nagalit nang husto sa kanyang mga aral. Isang pangkat ng armadong kalalakihan ang sapilitan siyang dinala sa kakahuyan, kung saan kanilang inutusan siyang hubarin ang lahat ng kanyang pang-itaas na damit sa itaas ng baywang. Itinali nila ang kanyang mga bisig at katawan sa isang puno at naghandang hagupitin ang kanyang likod hanggang sa umagos ang dugo.

Walang mapagpipilian si Elder Croft kundi gawin ang ipinag-utos ng pangkat, ngunit habang ginagawa niya ito, isang liham ang nahulog mula sa kanyang bulsa. Ito ay isinulat ng kanyang ina na naninirahan sa Utah. Hindi pa natatagalan nang sumulat si Elder Croft sa kanyang mga magulang na sinasabi ang tungkol sa karahasan ng pangkat, at ang liham na ito ng kanyang ina ang tugon sa kanyang ikinababahala. Sinasabi ng liham:

“ ‘Mahal kong anak, kailangang alalahanin mo ang mga salita ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang, “Mapapalad ang mga pinag-uusig dahil sa katwiran: sapagkat kanila ang kaharian ng langit;” gayon din “Mapapalad kayo pagkat kayo’y inaalimura, at kayo’y pinag-uusig, at kayo’y pinagwiwikaan ng sari-saring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin. Mangagalak kayo, at magsayang totoo: sapagkat malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagkat gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nanguna sa inyo.” Alalahanin din nang nagdurusa ang Tagapagligtas sa krus sa kasalanan ng daigdig nang bigkasin niya ang mga walang kamatayang salitang ito, “Ama, patawarin mo sila; sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.” Natitiyak ko, aking anak, na sila na pinakikitunguhan kayong mga Elder nang masama ay hindi nalalaman ang kanilang

ginagawa o kung hindi, ito ay hindi nila gagawin. Darating ang panahon, saan mang lugar, sila'y makakaunawa at doon nila pagsisisihan ang kanilang nagawa at kanila kayong pupurihin dahil sa dakilang gawain na inyong isinasagawa. Kaya magtiis aking anak, mahalin ang mga yaong pinakikitunguhan kayo nang masama at pinagwiwikaan ng sari-saring masama at kayo ay pagpapalain ng Panginoon at dadakilain sa kanilang mga paningin at ang iyong misyon ay magiging maluwalhating tagumpay.' "

Pinulot ng pinuno ng pangkat ang liham at sinimulang basahin ito. Matigas at malupit ang kanyang mukha at mga mata kung kaya't alam ni Elder Croft na walang awa ang manggagaling mula sa kanya. Ipinikit niya ang kanyang mga mata at naghintay na simulan ang paghagupit, tahimik na iniisip ang kanyang tahanan at kanyang minamahal na ina. Ilang saglit iminulat niya ang kanyang mga mata at natuklasan na iniupo ng pinuno ang kanyang sarili sa malapit na tuod ng puno at ulit na binabasa ang liham. Nagkaroon ng malaking pagbabago sa kanyang mukha. Malaki sa katigasan at kalupitan sa kanyang mukha ay nawala; ang kanyang mga mata ay bahagyang lumamlam sa luha. Ang kanyang buong pagkatao sa wari ay nagbago. Babasa siya ng isang pangungusap o dalawa o isang talata at pagkatapos ay uupo at matamang mag-iisip, at sa kaibuturan ng budhi ng Elder ay naroon ang pag-asa, oo, ang matibay na paniniwala na ang puso ng lalaki ay naantig ng karikitan at kagandahan ng liham ng kanyang ina."

Sa wakas tumayo ang lalaki at nagsabi, " 'Lalaki, talagang may kahanga-hanga kang ina. Alam mo, ako rin ay mayroon, noon.' Pagkatapos, kinakausap ang iba pang kasapi ng pangkat, sinabi niya, 'Mga kapanalig, matapos na mabasa ko ang liham na ito ng ina ng isang Mormon, hindi ko magagawang ipagpatuloy ang gawain. Marahil, makabubuting hayaan natin siyang umalis.' Si Elder Croft ay pinawalan at umalis na siya" (Arthur M. Richardson, *The Life and Ministry of John Morgan* [Nicholas G. Morgan Sr., 1965], p. 267–68).

- Anu-anong katotohanan ang pinatotohanan nitong ina sa kanyang anak?
- Paano pinagpala ng kanyang patotoo ang kanyang anak at ang kalalakihang umuusig sa kanya?

Pagbabahagi ng sariling mga karanasan

Anyayahan ang mga kabataang lalaki na magbahagi ng naging karanasan nila sa pagbibigay ng patotoo, pormal o hindi pormal, sa isang kasapi ng mag-anak o kaibigan.

---

**Ang Ating mga Patotoo ay Lalong Tumitibay Habang Ibinabahagi ang mga Ito**

Sipi

Natutuhan ng isang pinuno ng Simbahan na pinatitibay natin ang ating mga patotoo kapag ibinabahagi natin ang mga ito sa iba. Isinalaysay niya ang karanasang ito ng isang labindalawang taong gulang na bata:

"Ang kapangyarihan ng simple, hindi mapalamuting patotoo ay palaging nakapupukaw sa akin. Naaalala ko ang isang labindalawang taong gulang na batang lalaki na nakatayo sa harapan ng isang malaking kongregasyon upang magbahagi ng kanyang patotoo. Habang siya ay nakatayong nanginginig sa pangamba at nadarama, ang kanyang tinig ay ayaw lumabas. Nakatayo siyang walang masabi; naantig ang aming mga puso sa kanya. Mabagal na gumagapang ang segundo, na nagpapatindi sa katahimikan ng paligid. . . . Matapos ang mahabang pagkabalisa. . . . Itinaas niya ang nakayuko niyang ulo at mahinang sinabi, 'Mga kapatid, ang aking patotoo ay napakaliit.' Nilinaw niya ang tinig sa pagsasalita at umupo. Ang kanyang mensahe ay naibigay. Naisip ko noon, gaya ng naiisip ko ngayon, ito'y isang napapanahong pagmamasid. Kaninong patotoo ang hindi napakaliit? Kaninong patotoo ang hindi na kailangang dagdagan? Pagkatapos nitong isang pangungusap na pangaral, kinilala ko sa harapan ng kongregasyon na ang aking patotoo ay napakaliit din at bibigyan ko ito ng pagkakataon na lumaki sa pamamagitan ng madalas na pagbahagi. Ako ay tinuruan ng isang simpleng pahayag" (Marvin J. Ashton, sa Conference Report, Abr. 1977, p. 99; o *Ensign*, Mayo 1977, p. 67).

Talakayan at sipi

- Sa inyong palagay, bakit tumitibay ang ating mga patotoo habang ibinabahagi natin ito sa iba?

Hayaang talakayin ng mga kabataang lalaki; pagkatapos ay basahin ang mga sumusunod na pahayag:

"Kapag ang isang tao ay nagbibigay ng kanyang patotoo, siya ay nakatatanggap ng panibagong lakas at espirituwal na kapangyarihan. Naniniwala ako na ito ay nangyayari sapagkat ang apuhapin ang mga salita upang ipahayag ang ating mga paniniwala kahit paano ay higit na nagiging totoo sa atin. Ang pagsasabi sa isang tao kung paano mo pinahahalagahan ang iyong mga magulang ay kusang nagpapatindi sa mga damdaming iyon. At ang pag-iisip sa pamamagitan ng isang bagay upang masabi mo ito ay nagbibigay ng isang konsepto upang maliwanagan. . . . Kapag ang isang tao ay nagbibigay ng kanyang patotoo sa karamihan, kadalasang natatamo niya ang mahalagang pananaw tungkol sa ebanghelyo.

" . . . Sa pag-uusap tungkol sa ating mga damdamin bigyan natin nang sapat na pansin ang mga ito, upang matanto kung gaano kahalaga ang mga ito sa atin. Ang paulit-ulit na pagbibigay ng patotoo ay nakatutulong na pangibabawin ang ating nalalaman at nadarama at magiging patuloy na bahagi natin" (Margaret Hoopes, "Community and Communing," *Ensign*, Ene. 1978, p. 50).

---

**Katapusan**

Paglalahad ng tagapayo at patotoo

Ipaliwanag na napakahalaga para sa atin na ibahagi ang ating mga patoto sa katotohanan sapagkat ang ating mga patotoo ay lumalaki mula sa pagbabahagi sa mga ito sa iba. Ang pagbibigay ng patotoo ay para sa kapakanan ng mga yaong nagbibigay ng kanilang mga patotoo maging sa mga yaong nakaririnig ng mga ito.

Ibahagi ang iyong patotoo sa mga kabataang lalaki.

Bigay-sipi at hamon

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng isang kard na may sangguniang mga banal na kasulatan na Doktrina at mga Tipan 62:3. Ipahanap sa kanila ang sipi mula sa mga banal na kasulatan at markahan ito. Hamunin sila na isaulo ito sa loob ng linggong iyon.

Sundan ang pagsasaulo ng siping ito mula sa mga banal na kasulatan sa susunod na pagpupulong ng korum.

Mungkahing gawain

Bilang pangsunod na gawain, magplano ng isang pulong patotoo kung saan ang mga kabataang lalaki ay magkakaroon ng pagkakataong magbahagi ng kanilang mga patotoo sa korum.

# 46 Mabisang Pagtuturo sa Tahanan

**LAYUNIN**

Matutuhan ng bawat kabataang lalaki kung paano maging isang mabisang tagapagturo ng tahanan.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Doktrina at mga Tipan 20:46–57.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Gumawa ng kopya sa isang kard o piraso ng papel sa bawat kalagayang ipagaganap na inilarawan sa aralin. Ibigay ang mga ito sa ilang kabataang lalaki sa simula ng pulong ng korum.
4. Pag-aralang mabuti ang bawat kalagayan ng papel na ipagaganap.
5. Kung mayroon nito sa inyong purok, maaari mong ipalabas ang "Following the Spirit," sa *Family Home Evening Video Supplement* (53276).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Tutulungan ng mga Tagapagturo ng Tahanan ang mga Mag-anak na Nakatalaga sa Kanila**

Kuwento

Si Larry Foster, isang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaaron, ay naninirahang kasama ang kanyang ina sa isang maliit na sangay. Namatay sa isang sakuna ng sasakyan ang ama ni Larry noong siya ay bata pa, at si Larry ay nagtatrabaho upang tulungang tustusan ang kanyang ina at mga nakababatang kapatid na babae. Pinili niyang hindi sumama sa korum sa marami nilang gawain nang sa gayon ay makapagtrabaho siya upang tulungang makabili ng pagkain at damit ang kanyang mag-anak. Ni si Larry ni ng kanyang ina ay hindi nadarama na sila ay kabilang sa sangay, kahit na sila ay kapwa aktibo.

- Paano makatutulong kay Larry ang kanyang korum ng pagkasaserdote?

Hayaang talakayin ng mga kabataang lalaki ang kalagayang ito. Tulungan silang maunawaan na ang korum ay may pananagutan na tulungan si Larry at ang mga tagapagturo ng tahanan ay may pananagutang tulungan ang mag-anak.

- Kung ikaw ay isa sa mga tagapagturo ng tahanan, ano ang gagawin mo upang tulungan si Kapatid [babae] na Foster at ang kanyang mag-anak? Paano mo tutulungang madama nila na sila ay kailangan at mahalaga sa sangay?

Tulungan ang mga kabataang lalaking maunawaan na ang pagdalaw sa mga Foster ay mahalaga, subalit kailangan nang higit na pagsusumigasig. Ang mabisang pagtuturo sa tahanan ay hindi lamang ang pagdalaw nang buwanan. Ito ay isang pangako na tulungan na matugunan ang pangangailangang espirituwal at temporal ng mag-anak.

**Mga Tungkulin ng Tagapagturo ng Tahanan**

Banal na kasulatan at talakayan sa pisara

- Ano ang mga tungkulin ng mga tagapagturo ng tahanan?

Itala ang mga kasagutan ng mga kabataang lalaki sa pisara. Ipabasa sa kanila ang Doktrina at mga Tipan 20:46–57. Imungkahi na markahan nila ang mga talata na tila mahalaga sa kanila.

- Alin sa mga talatang ito ang naglalarawan sa mga tungkulin ng isang tagapagturo ng tahanan?

- Sino ang tumatawag sa mga maytaglay ng Pagsaserdoteng Aaron na maging mga tagapagturo ng tahanan? (Ang Panginoon sa pamamagitan ng kanyang mga kinatawan, ang mga lokal na pinuno ng pagkasaserdote.)

Pagpapasadula

Upang tulungan ang mga kabataang lalaking higit na maunawaan ang tungkol sa pagtuturo sa tahanan, gamitin ang mga kalagayang pagsasadula na kahalintulad ng mga sumusunod. Magtalaga ng mga magkaparehang kabataang lalaki upang maging magkasamang tagapagturo ng tahanan sa sumusunod na mga kalagayan. Ibigay sa bawat magkapareha ang isa sa mga kard o papel kung saan ay isinulat mo ang isang kalagayan ng pagtuturo sa tahanan. Ikaw at ang obispo ay maaaring gumanap bilang ilan sa mga kasapi ng mag-anak kung saan nakatalaga ang mga tagapagturo ng tahanan. Maaari mo ring naisin na isama ang ilang kabataang lalaki na gampanan ang mga papel bilang kasapi ng mag-anak.

---

**Kalagayan 1**

Basahin ang sumusunod:

Dalawang tagapagturo ng tahanan ang katatalaga pa lamang sa mag-anak na Allen. Ang mga Allen ay aktibo sa purok at dumadalo sa lahat ng kanilang mga pulong. Si Richard Allen ay isang saserdote at madalas nagbabasbas ng sakramento. Ang nakababatang kasama ng mga tagapagturo ng tahanan ay isang saserdote at kilala si Richard sa paaralan. Alam niya na si Richard ay gumagamit ng mga ipinagbabawal na gamot at alak kasama ang ilan niyang mga kaibigan sa paaralan at napapalayo mula sa simbahan. Ang dalawang bagong tagapagturo ng tahanan ay nagkaroon ng unang pulong sa pagpaplano upang magpasiya kung paano matutulungan ang kanilang mag-anak. Sinasabi ng *senior* na kasama sa kanyang *junior* na kasama na ang mga Allen ay aktibo, at nalalaman niya na walang suliranin sa mag-anak.

Ipaganap ang papel sa dalawang kabataang lalaki kung paano ang pulong sa pagpaplano ay maaaring magpatuloy.

---

**Kalagayan 2**

Basahin ang sumusunod:

Dalawang tagapagturo ng tahanan, isang saserdote at isang mataas na saserdote, ay dinadalaw ang mga Garcia nang mga ilang buwan na. Si Kapatid [lalaki] na Garcia ay matanda na at naka silyang de gulong, at si Kapatid [babae] na Garcia ay hindi na gaanong malakas upang magtrabaho sa labas ng bahay. Napansin ng mga tagapagturo ng tahanan na maraming gawain sa bakuran at nais na tumulong, subalit tuwing magtatanong sila kung mayroon silang maitutulong, tumutugon si Kapatid [lalaki] na Garcia na wala. Tinalakay na ng mga tagapagturo ng tahanan ang kalagayan at nagpasiya na may isang bagay na dapat gawin upang makatulong. Ang dalawang tagapagturo ng tahanan ay dadalaw ngayon sa tahanan.

Ipaganap ang papel sa dalawang kabataang lalaki kung paano makatutulong ang mga tagapagturo ng tahanan sa mga Garcia nang hindi nababawasan ang paggalang ng mga Garcia sa sarili.

---

**Kalagayan 3**

Basahin ang sumusunod:

Ang dalawang tagapagturo ng tahanan ay ilang buwan nang nakatalaga sa isang mag-anak sa purok. Ang ilan sa mga mag-anak ay aktibo at ang ilan ay hindi. Ang *senior* na kasama ay isang mataas na saserdote na hindi gaanong responsable sa pagdalaw sa mga mag-anak. Kapag siya ay dumadalaw, kadalasan siyang nagsasalita tungkol sa panahon at kung ano man ang pumasok sa isipan. Nalalaman ng *junior* na kasama na nangangailangan ng ilang tulong ang mga mag-anak, subalit hindi niya nadarama na pumuntang mag-isa upang dumalaw o kunin ang mga pananagutan ng kanyang *senior*

na kasama. Bawat buwan ay tinatawagan ng maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang *senior* na kasama upang tanungin kung kailan nila dadalawin ang mga mag-anak. Siya ngayon ay tatawag na. Napagpasyahan na niya na hihikayatin niya sa anumang paraan ang kanyang *senior* na kasama na dumalaw at pagbutihin ang pagdalaw nang sa gayon ang mga mag-anak ay matulungan.

Ipaganap sa dalawang kabataang lalaki ang pag-uusap sa pagitan ng dalawang magkasama.

Talakayan

Matapos ganapin ang bawat kalagayan, ipatalakay sa mga kasapi ng korum ang mga karagdagang paraan upang hawakan ang kalagayan. Ibigay ang mga sumusunod na mahahalagang bagay sa talakayan:

1. Ang mga tagapagturo ng tahanan ay kailangang magkasamang magsanggunian bilang mga magkasama.
2. Ang pagtuturo sa tahanan ay higit pa sa pagdalaw lamang sa isang mag-anak. Ito ay pagpapakita ng tunay na pagmamalasakit sa mga kasapi ng mag-anak at sa kanilang mga pangangailangan.
3. Minsan ang *junior* na kasama ay nakagagawa nang higit kaysa sa *senior* na kasama sa mga kasapi ng mag-anak na kasinggulang niya.
4. Ang mga tagapagturo ng tahanan ay dapat gumawa upang mapanatili ang karangalan ng mga tinutulungang mag-anak.
5. Ang pagmumungkahi ng mga tiyak na bagay na gagawin para sa mag-anak ay higit na mabisa sa pagtatanong kung ano ang magagawa upang makatulong.
6. Ang *junior* na kasama ay dapat na maging matalino at maingat kapag kanyang hihimukin ang isang *senior* na kasama na hindi handang mamuno.
7. Ang mga tagapagturo ng tahanan ay dapat gumawa kasama ang ulo ng mag-anak sa pagpaplano ng mga dalaw nang sa gayon ay matutulungan nila siyang matugunan ang mga pangangailangan ng mag-anak.

Magdagdag ng ilang bagay mula sa iyong sariling mga karanasan na maaaring makatulong sa mga kabataang lalaki upang higit na maunawaan ang kanilang mga pananagutan. Gamitin ang mga kalagayang ipagaganap upang tulungan ang mga kabataang lalaking higit na maunawaan ang kahalagahan ng mabisang pagtuturo sa tahanan.

---

**Maaaring Mabago ng mga Tagapagturo ng Tahanan ang Buhay ng mga Tao**

Kuwento

Basahin o isalaysay ang sumusunod na kuwento:

" 'Salamat sa kabutihan ng mga tagapagturo ng tahanan.'

" 'Sinabi ni Kapatid (na lalaki) na Bjarne Engman ang mga salitang yaon nang may pagdidiin habang kanyang naaalala ang mga pangyayari na nagdala ng pagbabalik sa pagiging aktibo sa simbahan ng kanyang mag-anak. . . .

" 'Nakilala ko ang isang babae sa trabaho na hindi naninigarilyo o umiinom ng kape. Nagtanong ako kung siya ay isang Mormon, at ang kanyang sagot ay "oo."

" 'Nagsimula kaming mag-usap at bilang bunga, ang pangulo ng sangay ay dumalaw sa amin. Humiling kami ng mga misyonero,' ang naalaala ni Kapatid na Engman.

" 'Hindi,' ang sabi ng pangulo ng sangay, 'Kayo ay mga kasapi, isusugo namin ang mga tagapagturo ng tahanan.'

" 'Ang mga tagapagturo ng tahanan ay mga dakilang tao. Pinagbago nila ang aming interes sa ebanghelyo. Madalas silang pumunta. Pinangalagaan nila kami sa lahat ng bagay. Sila ay may sapat na kaalaman at gumugol ng maraming oras kaya alam namin na sila ay interesado sa amin. Alam namin na mahal nila kami.

" 'Matagal kaming tumugon, at naisip ko na maaari silang mawalan ng pag-asa. Bawat oras, sila ay nananalanging kasama namin. Ang mga panalangin na iyon ang nakaantig sa

amin sa wakas. Isang gabi, hiniling nila na manalangin kami. Ang sabi ko, "Mananalangin ako kung ang asawa ko ay mananalangin." Siya ay nanalangin, at natamo namin ang isang dakilang espirituwal na karanasan,' ang sabi niya.

"Sa paggawa nang may katalinuhan at tiyaga, ay inihanda ng mga tagapagturo ng tahanan ang daan at inanyayahan sila na dumalo sa Panlinggong Paaralan.

" 'May pagsalubong sa amin na hindi namin kailanman malilimutan,' ang sabi ng Kapatid [babae] na Engman. 'Katulad kami ng alibughang anak na nagbabalik.

" 'Napakagiliw ng mga kasapi. Inaanyayahan kami sa kanilang mga tahanan, at sila ay dumating upang dalawin kami. Hindi naglaon ay tinatamasa namin ang diwa ng ebanghelyo. Ibig namin na mabinyagan ang aming mga anak.'

" . . . Tinuruan ng mga misyonero ang mga bata. Subalit ang mga tagapagturo ng tahanan ang siyang nahilingang magbinyag sa mga nakatatandang anak. Si Kapatid na Engman ay walang taglay na pagkasaserdote.

"Ang mga tagapagturo ng tahanan, sina Svenerik Thompsen at Preben Devantie, ay nagturo sa mag-anak na Engman tungkol sa Gabing Pantahanan ng Mag-anak.

" 'Nagkaroon kami ng Gabing Pantahanan ng Mag-anak kasama ang mga tagapagturo ng tahanan sa unang pagkakataon. Ito ay kahanga-hanga. Mayroon kaming aralin, naglaro ng ilang laro tungkol sa simbahan at may *cake* at inumin' ang paliwanag ni Kapatid [babae] na Engman.

" 'Pagkatapos ay nagsimula kaming magkaroon ng sariling Gabing Pantahanan ng Mag-anak,' dagdag ni Kapatid [lalaki] na Engman. 'At ito ay kahanga-hanga para sa mag-anak.'

"Ngayon ang kanilang gawain at personal na pakikilahok sa simbahan ay buo na. Si Kapatid na Engman ay naging kasapi ng mataas na kapulungan sa Istaka ng Copenhagen, Denmark. Bago ito, siya ay nasa panguluhan ng distrito.

Si Kapatid [babae] na Engman, ay naging pinuno sa paglilingkod sa Primarya, gayon din sa pagiging kalihim ng Primarya at pangulo sa koro ng purok" ("Home Teachers Show the Way," *Church News*, ika-16 ng Nob. 1974, p. 12).

- Ano ang ginagawa ng mga tagapagturo ng tahanan na ito upang pagpalain ang mag-anak na ito?

Mga sariling karanasan

Maaari mong naising ibahagi ang isang karanasan na mayroon ka sa mabisang pagtuturo sa tahanan. Anyayahan ang mga kabataang lalaki na ibahagi rin ang anumang karanasan na mayroon sila.

---

## Katapusan

Patotoo

Magpatotoo na itinatag ng Panginoon ang pagtuturo sa tahanan para sa kapakanan ng mga Banal. Tumawag siya ng maytaglay ng pagkasaserdote upang magampanan ang mahalagang tungkuling ito. Dapat nating gawin ang tungkuling ito nang may katalinuhan. Hinihingi sa atin ng pagtuturo sa tahanan na magkaroon ng patuloy na pag-aalala para sa mga mag-anak kung kanino tayo ay nakatalaga at palaging pag-isipan kung paano tayo makapaglilingkod sa kanila. Hindi natin magagawa ito kung walang tulong mula sa Panginoon, at siya ay laging handang tumulong kung tayo ay hihingi.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na maging higit na mapabilang sa mga mag-anak kung kanino sila ay nakatalaga bilang mga tagapagturo ng tahanan. Hamunin sila na gumawa ng kahit isang paraan buwan-buwan upang ipakita ang kanilang pag-aalala para sa mga mag-anak.

# 47 Katapatan

**LAYUNIN**

Masusuri ng bawat kabataang lalaki ang kanyang sarili at magsusumikap na maging matapat sa lahat ng bagay.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Exodo 20:13–17 at Alma 7:20.
2. Mga kailangang kagamitan;
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang Pagsisinungaling ay Nagdudulot ng Kalungkutan; Ang Katapatan ay Nagdudulot ng Kapayapaan**

Pagtalakay sa sipi

Isalaysay ang sumusunod na karanasan na sinabi ni Elder Gordon B. Hinckley:

"Sa maraming walang pirmang sulat na aking natatanggap ang isa ay bukod tangi. Ito ay kinapalooban ng $20 na salaping papel at maikling sulat na nakasaad na ang sumulat ay nagtungo sa aking tahanan maraming taon na ang nakalipas. Nang walang sumasagot sa timbre, sinubukan niya ang pinto at, napag-alaman na hindi ito nakasara, siya ay pumasok at naglibot. Sa ibabaw ng tokador ay nakakita siya ng $20 na salaping papel, kinuha ito at umalis. Sa buong panahon siya ay binagabag ng kanyang budhi at ngayon ay ibinabalik na niya ang pera.

"Hindi niya isinama ang anumang tubo sa panahon kung saan ginamit niya ang aking pera. Subalit habang binabasa ko ang kanyang nakaaawang sulat, naisip ko ang (tubo) kung saan isinailalim niya ang kanyang sarili sa sangkapat (1/4) ng dantaon nang walang tigil na pagbagabag ng kanyang budhi. Para sa kanya ay walang kapayapaan hanggang hindi siya nakapagsasauli" (sa Conference Report, Abril 1976, p. 90; o *Ensign*, Mayo 1976, p. 60).

- Sa palagay mo, bakit nakapagpapalungkot sa isang tao ang pagsisinungaling?

Sipi

Basahin ang sumusunod na pahayag tungkol sa kahalagahan ng pagpapanatili ng kapayapaan at kagalakan na nagmumula sa pamumuhay nang matwid:

"Kung minsan at sa ilalim ng ilang kalagayan ay maaaring makatakas mula sa maraming bagay—mula sa pader ng bilangguan, mula sa mga hindi tunay na kaibigan, mula sa masasamang kasamahan, mula sa mga nakayayamot na mga tao, mula sa mga dating kapaligiran—subalit hindi kailanman sa ating sarili. Kapag tayo ay nahihiga sa gabi, tayo ay naroroon kasama ang ating sariling isipan—maging ito ay gusto natin (ang ating sarili) o hindi. Ang pinakamapilit na bagay sa ating buhay (at, tayo ay walang alinlangan, sa kamatayan din) ay ating pagkaalam sa ating mga sarili. Dahil sa gayon nga, wala ng higit na kaawa-awang tao kaysa sa kanya na hindi mapalagay sa sarili niyang kasama—hindi mahalaga kung saan siya makakatakbo o gaano kabilis o gaano kalayo" (Richard L. Evans, *Richard Evans' Quote Book* [Lungsod ng Salt Lake: Publishers Press, 1971], p. 214).

Paglalahad ng tagapayo

Ipinaliwanag na hindi natin kailangan na danasin ang kalungkutan ng isang budhi na may sala. Mayroon tayong Espiritu Santo na nagpapatnubay sa ating mga kilos at pag-iisip sa mga paraang magpapahintulot sa atin na magkaroon ng kagalakan. Subalit sa anumang oras na hindi tayo nakinig sa Espiritu ng Panginoon ay mawawala ang ilan sa ating kapayapaan at kaligayahan.

## Ang Katapatan ay Saligan ng Lahat ng Mabubuting Pakikipag-ugnayan

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na ang katapatan ay saligan ng lahat ng mabubuting pakikipag-ugnayan. Marami sa sampung kautusan ang nagtuturo sa atin kung paano mamumuhay nang payapa sa piling ng iba.

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Exodo 20:13–17.

- Sa paanong paraan ang mga talatang ito ay nagtuturo sa atin na maging matapat? Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa pagpapahalaga na ibinibigay ng Panginoon sa katapatan.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang matagumpay na pag-uugnayan ay batay sa pagtitiwala ng mga tao sa isa't isa. Ang mga kasunduan ay ginagawa sa pagitan ng mga bansa batay sa pagtitiwala. Kapag kulang ng pagtitiwala sa pagitan ng mga bansa, ang mga diplomatikong ugnayan ay nasisira at ang kalakalan at iba pang mapayapang gawain ay nahihinto. Digmaan ang maaaring ibunga. Ang muling pagtatatag ng kalakalan at ng diplomatikong ugnayan ay nagaganap lamang dahil ang pagtitiwala ay naitatag lamang sa pagitan ng mga bansa.

Totoo rin ito sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao. Gusto nating makipag-ugnayan sa taong ating pinagkakatiwalaan. Iginagalang natin ang mga taong nagpakita na sila ay matapat sa kanilang pakikitungo sa atin at sa iba. Kapag naiisip natin ang mga taong mataas ang paggalang natin, napapansin natin na sila ang mga tao na pinagkakatiwalaan natin na gagawin kung ano ang sinabi nila at nakikitungo nang matapat sa atin.

Talakayan

- Paano mo malalaman na mapagkakatiwalaan mo ang isang tao? (Batay sa karanasang kasama ang taong iyon).
- Anong mga karanasan mayroon kayo na nagpapakita na mapagkakatiwalaan ninyo ang inyong mga magulang, ang obispo, at ang inyong mga kaibigan.

Ipasalaysay sa mga kabataang lalaki ang ilang karanasan na nagbigay-daan sa kanila na pagkatiwalaan ang iba. Ituro na sa bawat kalagayan ay mayroong pansariling dangal sa panig ng pinagkakatiwalaan.

Banal na kasulatan at talakayan

Ang isa sa pinakamahalagang katanginan ng Panginoon ay palagi niyang tinutupad ang kanyang salita sa atin.

Ipabasa sa isa sa mga kabataang lalaki at pamarkahan ang Alma 7:20

- Sa paanong paraan nakatutulong sa inyo ang talatang ito na malaman na maaari nating pagkatiwalaan ang Panginoon?
- Ano ang ibig sabihin sa atin na ang Panginoon ay hindi pabagu-bago sa kanyang mga sinasabi?
- Paano nakatutulong ang talatang ito na matutunan mo kung paano pakitunguhan ang iba?

Tiyakin na naunawaan ng mga kabataang lalaki na natututuhan natin na magtiwala sa Panginoon dahil alam natin na siya ay matapat sa atin. Dapat din tayong maging matapat sa iba nang sa gayon ay pagkatiwalaan nila tayo.

## Ang Katapatan ay Naghahanda sa Atin na Mapaglingkuran ang Panginoon

Sipi

Ipaliwanag na ang katapatan ay naghahanda sa atin upang maglingkod sa Panginoon. Ang isang kabataang lalaki ay hindi magiging isang mabisang misyonero maliban sa natutuhan niya ang maging matapat. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong N. Eldon Tanner:

"Wala nang hihigit pang katangian ng pagkatao kaysa sa katapatan sa lahat ng ating ginagawa . . . dinaramdam kong ibalita na mayroon tayong mga kaso kung saan ang mga tao, kapwa kalalakihan at kababaihan, ay nagsinungaling upang makapasok sa templo at makapunta sa misyon. Sinabi ng Panginoon na walang maruming bagay ang makapapasok sa templo ng Diyos. (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 97:15.) Kapag ang isa ay kinakapanayam para sa rekomendasyon sa templo o para sa isang misyon, dapat

niyang maunawaan na ang obispo at pangulo ng istaka ay kumakatawan sa Panginoon at ang kanilang mga katugunan ay sa Panginoon at ang kanilang mga pangako ay sa Panginoon. Nalalaman ito ng Panginoon at hindi siya palilibak. . . .

"Ang mga nalalapit na maging misyonero ay dapat maunawaan na ninanais ng Panginoon ang isang tao kung kanino ibibigay ang buong pagtitiwala, ay isang malinis at karapat-dapat sa lahat ng pagkakataon na katawanin siya sa larangan ng misyon. Kung ikaw ay hindi karapat-dapat, huwag tanggapin ang tawag, huwag magsinungaling upang makapunta doon, ngunit sa pamamagitan ng pagsisisi ay maghanda sa sarili upang makapunta (sa Conference Report, Abr. 1976, p. 66–67; o *Ensign*, Mayo 1976, p. 44).

Talakayan

- Bakit napakahalaga na hindi tayo nagsisinungaling sa ating mga pinuno ng pagkasaserdote?

Bigyan-diin ang laking kahalagahan na gawing karapat-dapat ng mga kabataang lalaki ang kanilang mga sarili upang makapunta sa misyon.

Kuwento at talakayan

Ipaliwanag na isa sa mga pinuno ng Panginoon sa Timog Amerika ay natuto noong bata pa na maging matapat. Isalaysay ang sumusunod na kuwento:

"Nang si Ben Pantoja ng Santiago, Chile, ay anim na taong gulang pa lamang, nagtungo ang kanyang mga magulang sa kalapit na lungsod upang mamili ng mga groceri para sa mag-anak. Nang makaalis na sila, ang walong taong gulang na kapatid na lalaki ni Ben ay nagsabi, "Halika bumili tayo ng sorbetes sa apa."

"Para kina Ben at sa kanyang maliit na kapatid na babae na si Mercedes ay isangespesyal na pagkain ang sorbetes sa apa. Tinanong nila ang kanilang kapatid na lalaki kung ano ang gagawin nila upang magkapera. Sinabi niya na sinabihan siya ng kanilang ama na kung gusto nilang bumili, maaari niyang kunin ang pera mula sa kahon kung saan itinatago ang laang-gugulin ng mag-anak. Alam ni Ben sa kanyang puso na hindi iyon totoo, subalit nadaig ng pag-asam sa sorbetes ang kanyang pagpapahalaga sa kung ano ang tama.

"Nakabili sila ng sorbetes sa apa. Nang bumalik sa tahanan ang kanilang mga magulang, ang ina ni Ben ay nagtungo sa kahon upang ibalik ang sukli sa kanilang pagtungo sa pamilihan at nalaman na ang perang iyon ay nawawala. Tinanong ang mga bata at natuklasan ang katotohanan.

"Nagpasiya si Ben Pantoja ng gabing iyon na hindi na siya magsisinungaling muli, na hindi na niya kailanman gagawin ang labag sa alam niyang tama. Ngayon, siya ay isa sa mga piniling pinuno ng Panginoon sa Timog Amerika dahil iningatan niya ang kanyang pangako" (Lynn Mickelsen, "Stretching the Truth," *New Era*, Abr. 1992, p.4)

- Sa palagay mo paano nakatulong ang pasiya ni Ben noong bata pa siya sa paghahanda sa kanya na maging pinuno ng Simbahan?

---

## Katapusan

Paglalahad ng tagapayo

Sabihin sa mga kabataang lalaki na binigyan tayo ng pagkakataon ng Ama sa Langit na maging katulad tayo niya at upang sa wakas ay maging mga diyos. Imposibleng isipin na tayo ay maaaring maging katulad ng Ama sa Langit hangga't hindi tayo natiging matapat sa iba at sa ating mga sarili.

Patotoo at hamon

Magpatotoo sa kahalagahan ng katapatan sa iyong buhay. Hamunin ang mga kabataang lalaki na suriin kung gaano sila katapat at sikaping higit na maging matapat sa pamamagitan ng pagsunod sa mga paghimok ng Espiritu Santo.

# Paghahanda Para sa Paglilingkod sa Pamamagitan ng Edukasyon

# 48

**LAYUNIN**

Matutuhan ng bawat kabataang lalaki ang kahalagahan ng edukasyon sa pagiging isang tagapagtustos sa hinaharap para sa mag-anak at higit na mabisang tagapaglingkod ng Panginoon.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 2 Nefias 9:28–29 at Doktrina at mga Tipan 88:78–80.
2. Mga kailangang kagamitan
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Gumawa ng talaan ng ilan sa mga pagkakataon na makapag-aral na mayroon sa iyong pook.
4. Kung nanaisin: Maghanda ng mga bigay-sipi ng mga hamon sa huli ng aralin.
5. Kung mayroon sa iyong purok, ipalabas ang "Self-Reliance and Service," sa Video Supplement ng Gabing Pantahanan ng Mag-anak (53276).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Tayo ay Inutusan na Hangarin na Matuto

Banal na kasulatan at talakayan sa pisara

Ipabasa sa kasapi ng korum ang Doktrina at mga Tipan 88:77–80. Imungkahi sa mga kabataang lalaki na markahan nila ang mahahalagang salita sa mga talata.

- Ayon sa mga talatang ito, ano ang ibig ng Panginoon na pag-aralan natin? (Ang mga alituntunin, doktrina, at batas ng ebanghelyo; gayon din ang kaalaman hinggil sa mundo, kalangitan, kasaysayan, mga kasalukuyang pangyayari, ang ating sariling bansa, at ibang bansa.)

Itala sa pisara ang mga kasagutan ng mga kabataang lalaki sa mga katanungang ito.

Ipaliwanag na ninanais ng Panginoon na mapag-aralan sa abot ng ating makakaya ang hinggil sa maraming paksa.

- Ano ang pinakamahalagang uri ng kaalaman na maaari nating matamo?

Sipi

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson:

"Ang mga katotohanan kung saan nakasalalay ang ating walang-hanggang kaligtasan ay ang mga pinakamahalagang katotohanan na dapat nating matutuhan. Walang tao ang tunay na nakapag-aral maliban na malaman niya kung saan siya nanggaling, bakit siya narito at saan niya inaasahang mapunta sa kabilang buhay. Dapat niyang matugunan nang husto ang katanungang ibinigay ni Jesus. "Ano ang palagay ninyo kay Cristo?"

"Hindi maituturo ng daigdig ang mga bagay na ito. Samakatwid, ang pinakakailangang kaalaman na dapat nating matamo ay ang makapagliligtas na kaalaman ng ebanghelyo at ang tungkol sa May-akda nito—maging si Jesucristo." ("In His Steps," *Ensign*, Set. 1988, p. 4–5)

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ninanais ng Panginoon na magtamo tayo ng maraming uri ng kaalaman, subalit ang kaalaman na espiritual ay pinakamahalaga at ito ay nakatutulong sa atin na gamitin nang mabuti ang ibang uri ng kaalaman natin. Tinutulungan tayo ng kaalaman na espirituwal na maghanda sa pagsalubong sa Diyos, na siyang layunin ng buhay dito sa daigdig. Ang kaalaman na seglar (secular) ay makatutulong sa atin upang maging katulad ng Diyos, subalit ang kaalaman na espiritual ang siyang magliligtas sa atin.

Banal na kasulatan at talakayan

Hilingin sa mga kabataang lalaking sumangguni sa Doktrina at mga Tipan 88:80.

- Ano ang dapat nating maging layunin sa pagtatamo ng lahat ng uri ng kaalaman?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 2 Nefias 9:28–29. Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang mahahalagang salita.

- Sa palagay mo bakit maaaring mauwi ang tao sa pagtigil sa pakikinig sa payo ng Diyos habang sila ay natututo? (Kung minsan habang nakatatamo ng edukasyon ang mga tao, sila ay nagkakaroon ng kapalaluan sa kanilang sarili dahil sa kanilang bagong kaalaman at mga kasanayan. Maaari nilang madama na makapag-iisa na sila at hindi gaanong mapagpakumbaba at umaasa sa Panginoon.)

- Paano makatutulong sa atin ang siping ito mula sa banal na kasulatan habang pinag-aaralan natin ang mga bagay ng daigdig? (Ito ay nagsisilbing paalala na kung tayo ay mananatiling mapagpakumbaba, ang pag-aaral ay makabubuti para sa atin.)

Paglalahad ng tagapayo

Bigyang-diin na ninanais ng Panginoong magtamo tayo ng kaalaman at katalinuhan subalit habang natututo ay dapat nating ipagpatuloy na kilalanin na tayo ay umaasa sa kanya. Kung susundin natin ang kautusan at patuloy na maniniwala, tayo ay pagpapalain dahil sa ating pagsusumikap at matalinong paghahangad ng kaalaman.

---

**Maaaring Tayong Maihanda ng Edukasyon Para sa Kapaki-pakinabang na Hanapbuhay**

Talakayan

Ipaliwanag na ang pangunahing dahilan para sa pagtatamo ng edukasyon ay upang makakuha tayo ng magandang hanapbuhay at makapaglaang mabuti para sa hinaharap ng ating mga mag-anak. Ang edukasyon ay hindi palaging nakukuha sa paaralan. Mayroong ilang gawain na natututuhan sa pamamagitan ng pagsasanay sa pinapasukan. Gayunman, sa maraming pook sa daigdig ngayon, ang ilang uri ng pag-aaral—sa pamamagitan ng mga paaralang pambokasyonal, kolehiyo, o pamantasan—ay kinakailangan ng karamihan sa mga trabaho.

- Ano ang ilang mga paaralan o pagsasanay na makatutulong sa mga kabataan sa bahaging ito ng paghahanda para sa isang karera?

Isulat ang mga kasagutan ng mga kabataang lalaki at sabihin sa kanila ang hinggil sa iba pang mga pagkakataon na alam mo.

Paglalahad ng tagapayo

- Anong mga bahagi ng iyong buhay ang maiimpluwensiyahan ng uri ng gawain mo? (Maaaring mabanggit ng kabataang lalaki ang mga bagay katulad ng kung saan sila naninirahan, gaanong halaga ang kakailanganin nila para sa kanilang mag-anak, ang uri ng mga taong makakasalamuha nila, ang kanilang kapakanang pisikal at pangkaisipan.)

Ipaliwanag na dahil ang ating gawain ay may malaking epekto sa ating mga buhay, kailangang maghanda tayo na gumawa ng ilang bagay na ikasisiya natin at maaari nating magawa sa mabuti. Dahil sa ang ating mga buhay ay halos ginagamit sa pagtatrabaho, tayo ay dapat maghandang mabuti upang magtrabaho. Mahalaga rin na ang ating gawain ay binibigyan tayo ng pagkakataon na makapaglingkod sa ating kapwa sa ilang mabuting pamamaraan.

Ipinayo ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Kayo ay hindi masisiyahan natitiyak ko, sa paghahanda lamang para sa ikabubuhay, mahalaga tulad nito, subalit ito ay dapat maging pangalawa sa dakila at mahalagang bagay sa pagtulong sa Panginoon upang mangyari na ang kawalang kamatayan at walang-hanggang buhay ng tao, ang walang pag-iimbot na paglilingkod. Umaasa ako na kayo na sinasanay na maging guro ay hindi mag-aaral upang magturo para sa kabayaran na dumarating buwan-buwan, subalit upang bigyang-inspirasyon ang mga tao sa buong buhay ninyo, upang kayo ay makapagpalakas ng pananampalataya at makahubog ng pagkatao sa marami. Umaasa ako na kayo ay tumatahak sa ibang mga larangan ng pagsisikap, nang ang inyong edukasyon at ang hanapbuhay ay maging isang paraan para sa isang layunin at hindi ang katapusan ng layunin mismo. . . . Gumawa ng mga dakilang bagay para sa kaluwalhatian ng Diyos at para sa kapakinabangan ng tao” (*The Teachings of Spencer W. Kimball,* iniwasto ni Edward L. Kimball [Lungsod ng Salt Lake: Bookcraft, 1982], p. 257).

Talakayan at sipi

Sa anong paraan ang isang mekaniko, isang alkalde ng lungsod, isang dentista at isang magsasaka ay naglilingkod sa Diyos habang ginagawa ang kani-kanilang mga trabaho?

Hilingan ang mga kabataang lalaki na magmungkahi ng ilang karaniwang hanapbuhay sa kanilang purok at talakayin kung paano ang mga hanapbuhay na ito ay naglilingkod sa Panginoon.

Ipaliwanag na ang kahit anong marangal na gawain ay nakalulugod sa Panginoon. Sinabi ni Elder Boyd K. Packer: "May malaking karangalan at kahalagahan sa kahit anong matapat na gawain. Huwag gamitin ang salitang hamak sa mga gawaing nakapagpapaunlad daigdig o sa taong naninirahan dito" (sa Conference Report, Abr. 1982, p. 121; o *Ensign,* Mayo 1982, p. 84)

Ipalabas ang pagtatanghal sa video na "Self-Reliance and Service."

---

## Ang Edukasyon ay Dapat na Maging Isang Panghabambuhay na Gawain

Sipi

Ipaliwanag na iniisip ng ibang tao na magagamit ang edukasyon kung ito ay nakatutulong sa kanila sa paghahanda para sa isang trabaho. Subalit ninanais ng Panginoong ipagpatuloy natin ang paghahangad ng kaalaman sa buong buhay natin.

- Maliban sa nakatutulong sa iyo sa paghahanap ng trabaho, sa ano pang paraan pinagpapala ng edukasyon ang iyong buhay?

Himukin ang mga kabataang lalaki na lawakan ang kanilang mga interes. Samantalang sila ay naghahanda sa gawaing misyonero, sila ay makikinabang sa pamamagitan ng pag-aaral ng maraming paksa, katulad ng mga wika, panitikan, heograpiya, at kasaysayan.

---

## Katapusan

Mga hamon

Ibigay ang mga sumusunod na hamon sa mga kabataang lalaki. Itala ang mga ito sa pisara o ipamigay ang mga ito bilang bigay-sipi.

1. Masigasig at may pananalangin na pag-aralan ang ebanghelyo.
2. Magtamo ng kaalaman tungkol sa daigdig upang makapaghanda sa isang karera at upang mapaglingkurang mabuti ang Panginoon.
3. Panatilihing timbang ang pag-aaral sa pagitan ng mga bagay na tungkol sa relihiyon at na walang kinalaman sa relihiyon.
4. Gawing panghabambuhay na gawain ang pagtatamo ng edukasyon.
5. Samantalahin ang mga kasalukuyang pagkakataon sa edukasyon ngayon.

# 49 Tayo ay May Kahanga-hangang Pamana

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng bawat kabataang lalaki na siya ay bahagi ng isang kahanga-hangang pamana dahil siya ay nabibilang sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan ang mga sumusunod na sipi mula sa banal na kasulatan: II Mga Taga Tesalonica 2:2–3, Mateo 24:11–12, Isaias 24:5, II Kay Timoteo 4:3–4, at Amos 8:11–12.
2. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga kopya ng mga banal na kasulatan (dapat magdala ang bawat kabataang lalaki ng sarili niyang banal na kasulatan).
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Kung may makukuha sa inyong pook, ihandang ipalabas ang *Ang Unang Pangitain (The First Vision* at *Pagpapanumbalik ng Pagkasaserdote (Restoration of the Priesthood)* mula sa video cassette na *Moments from Church History* (53145).

**PAALALA**

Ang araling ito ay inihanda upang tulungan ang mga guro na paalalahanan ang mga kabataan tungkol sa kanilang dakilang pamana bilang mga kasapi ng simbahan ng Panginoon sa lupa. Ang aralin ay maaaring sumakop ng dalawang panahon ng klase upang maituro.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Magkaroon ng Isang Malaking Lubos na Pagtalikod sa Katotohanan

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na itinatag ni Jesucristo ang kanyang simbahan nang siya ay nananahan pa dito sa lupa. Nagtalaga siya ng mga Apostol at iba pang mga pinuno upang akayin ang Simbahan pagkatapos ng kanyang pagkamatay. Itinuturo ng mga pinunong ito ang ebanghelyo sa buong daigdig at nagtatag ng maraming sangay ng Simbahan. Gayunman, ang ibang mga tao ay nagsimulang baguhin ang mga turo ng Tagapagligtas, at maraming tao ang nalinlang.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Isulat ang mga sumusunod na sanggunian sa pisara:

II Mga Taga Tesalonica 2:2–3

Mateo 24:11–12

Isaias 24:5

II Kay Timoteo 4:3–4

Amos 8:11–12

Hilingan ang mga kabataang lalaki na hanapin ang mga banal na kasulatang ito at basahin ang mga ito upang malaman kung ano ang nangyari sa Simbahan pagkatapos ng pagkamatay ni Jesus. Matapos pag-aralan ang mga banal na kasulatan, dapat masagot ng bawat isa ang mga katanungang ito:

- Ano ang nangyari sa Simbahan na itinatag ni Jesus nang siya ay nananahan pa sa lupa?
- Paano nangyari ito?

Maaaring naisin mong gamitin ang ilan sa mga sumusunod na ideya sa inyong talakayan:

- Sa sulat niya sa Mga Taga Tesalonica, ano ang sinabi ni Pablo na mangyayari sa Simbahan bago ang ikalawang pagparito ng Tagapagligtas? (Magkakaroon ng isang pagtalikod mula sa katotohanan. (Tingnan sa II Mga Taga Tesalonica 2:2–3.)
- Itinala ni Mateo ang propesiya ng Tagapagligtas tungkol sa mangyayari bago ang Kanyang pagbabalik sa lupa. Ano ang isa sa mga bagay na sinabi ni Jesus na mangyayari? (Malilinlang ang marami ng mga huwad na propeta. Tingnan sa Mateo 24:11–12)
- Ano ang sinabi ni Isaias na mangyayari sa mga ordenansa ng ebanghelyo? (Ang mga ito ay babaguhin. Tingnan sa Isaias 24:5.)
- Bakit tatalikod ang mga tao sa katotohanan? (Hahanapin nila ang mga gurong magsasabi sa kanila kung ano ang gusto nilang marinig, hindi ang talagang katotohanan. Tingnan sa II Kay Timoteo 4:3–4.)
- Anong uri ng pagkagutom ang sinasabi ni Amos na darating? (Isang pagkagutom sa pakikinig sa mga salita ng Diyos. Tingnan sa Amos 8:11–12.)

---

### Ang Ebanghelyo ay Ipinanumbalik sa Lupa

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang pagtalikod na ito sa katotohanan ay tinawag na lubusang Pagtalikod sa Katotohanan. Ito ay tumagal nang maraming dantaon. Pagkatapos ay dumating ang pahanon nang ipanumbalik ng Panginoon ang kanyang totoong ebanghelyo kasama ang lahat ng kapangyarihan at pagpapala nito sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith.

Pagtatanghal ng video

Ipalabas ang video na pinamagatang *Ang Unang Pangitain (The First Vision).*

Banal na kasulatan

Pagbalik-aralang muli na kasama ng mga kabataang lalaki ang ulat ni Joseph Smith tungkol kanyang pangitain na nakatala sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:7–26. Maaari mong naisin na basahin ang ilang bahagi ng pangyayari. Maaari mong atasan ang isang kabataang lalaki upang isalaysay ang kuwento.

Patotoo

Magpatotoo na ang ebanghelyo ay naipanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith. Sabihin ang ilang karanasan o damdamin na nakatulong sa iyo na malaman na ang totoong ebanghelyo ay naipanumbalik.

---

### Dahil ang Ebanghelyo ay Naipanumbalik, Nagkaroon Tayo ng mga Dakilang Pagpapala

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na maraming mahahalagang bagay ang nangyari matapos ang unang pangitain ni Joseph Smith. Ang isa ay ang pagpapanumbalik ng kapangyarihan ng pagkasaserdote. Ang mga Pagkasaserdoteng Aaron at Melguisedec ay pinanumbalik sa lupa.

Habang isinasalin nina Joseph Smith at Oliver Cowdery ang Aklat ni Mormon noong Mayo ng 1829, sila ay nagpasiyang manalangin sa Panginoon para sa patnubay hinggil sa pagbibinyag. Nagtungo sila sa kakahuyan upang manalangin at habang sila ay nananalangin, bumaba mula sa langit si Juan Bautista, ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanilang mga ulo at inordenan sila.

Banal na kasulatan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:69 upang malaman kung ano ang sinabi ni Juan Bautista. Pagkatapos ay pag-aralan muli ang mga talata 70–72.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na pagkatapos na pagkatapos ng pagpanunumbalik ng Pagkasaserdoteng Aaron, sina Pedro, Santiago, at Juan, tatlo sa mga Apostol ng Panginoon, ay iginawad ang Pagkasaserdoteng Melquisedec kina Joseph Smith at Oliver Cowdery. Kabilang sa pagkasaserdoteng ito ang banal na pagkaapostol, na nagbigay sa kanila ng kinakailangang karapatan upang maitatag ang Simbahan.

Noong ika-6 ng Abril 1830, si Joseph Smith at mga limampung iba pa ay nagpulong sa bahay ni Peter Whitmer Sr. sa Seneca County, New York. Dito nila itinatag ang Ang

Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw. Ibinigay ang Bahagi 21 ng Doktrina at mga Tipan sa panahon nang itinatag ang Simbahan.

Mga banal na kasulatan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at mga Tipan 21:1–3.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na mula sa samahang ito sumibol ang Simbahan na kilala natin ngayon. Ginawang maaari ng Simbahan na malaman at sambahin natin ang Panginoong Jesucristo. Makapupunta tayo sa mga bahay-pulungan at templo at matuturuan hinggil sa pagbabayad-sala ni Jesucristo. Makatatanggap rin tayo ng sakramento, na nagpapaalala sa atin sa dakilang sakripisyo na ginawa ni Jesus. Ating matutuhan at masusunod ang mga kautusan ng Diyos, na siyang umaakay tungo sa kaligayahan sa buhay na ito at sa kabila. Maaari tayong mabuklod nang sama-sama bilang mga mag-anak sa mga banal na templo.

Pagtatanghal ng video

Ipalabas ang video na pinamagatang *Pagpapanumbalik ng Pagkasaserdote (Restoration of the Priesthood)*

---

### Tayo ay May Pamana ng Pananampalataya

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na marami sa mga tao na sumapi sa Simbahan sa mga unang taon ng pagpapanumbalik nito ay mga taong may malaking pananampalataya at lakas ng loob. Marami silang pagsubok, lalo na nang sila ay paalisin sa kanilang mga tahanan at napilitang maglakbay ng libu-libong milya upang itayo ang kanilang mga tahanan sa mapanglaw na Salt Lake Valley. Saan man tayo ngayon nakatira, iniwanan nila tayo ng isang halimbawa na susundin.

- Ano sa palagay ninyo ang dahilan at napagtiisan ng mga tagabunsod ang kanilang mabibigat na pagsubok?

Sipi

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley na ang mga kuwento tungkol sa mga tagabunsod ay mga pagpapahayag ng "isang kahanga-hanga subalit simpleng pananampalataya, isang hindi matatawarang pagbabalik-loob, na ang Diyos ng Langit sa kanyang kapangyarihan ay itatama ang lahat ng bagay at mangyayari ang mga walang-hanggang layunin sa mga buhay ng kanyang mga anak.

"Kailangang-kailangan natin ang isang marubdob na pagniningas ng gayong pananampalataya sa Diyos na buhay at sa kanyang nabubuhay, nabuhay na mag-muling anak, sapagkat ito ang dakilang nagpapakilos na pananampalataya ng ating mga ninuno sa ebanghelyo" ("The Faith of the Pioneers," *Ensign*, Hulyo 1984, p. 6).

- Ano ang natutuhan ninyo mula sa mga kuwento tungkol sa mga tagabunsod na maaaring makatulong sa inyong buhay?

---

### Katapusan

Sipi

Basahin ang sumusunod na patotoo mula kay Pangulong Joseph Fielding Smith:

"Naniniwala kami na pagkatapos ng isang mahabang gabi ng kadiliman, kawalang paniniwala at pag-alis mula sa mga katotohanan ng dalisay at ganap na Kristiyanismo, ang Panginoon sa kanyang walang-hanggang karunungan ay ipinanumbalik sa lupa ang kabuuan ng walang- hanggang ebanghelyo.

"Nalalaman namin na si Joseph Smith ay isang propeta, na ang Ama at ang Anak ay nagpakita sa kanya sa tagsibol ng 1820 upang ihatid dito sa huling dispensasyon ng ebanghelyo; na isinalin niya ang Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos; na natanggap niya ang mga susi at karapatan mula sa mga anghel na isinugo sa talagang layuning ito lamang; at na inihayag ng Panginoon sa kanya ang mga doktrina ng kaligtasan.

"Ipinahahayag namin na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw ay kaharian ng Diyos dito sa lupa, ang tanging lugar kung saan ang mga tao ay makapupunta upang matutuhan ang mga tunay na doktrina ng kaligtasan at matagpuan ang karapatan

ng banal na pagkasaserdote" (sa Conference Report, Abr. 1971, p. 5; o *Ensign*, Hunyo 1971, p. 4).

Patotoo

Magpatotoo ka na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay naipanumbalik. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na dahil sa pagiging kasapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw ay mayroon silang dakilang pamana ng pananampalataya at katotohanan. Himukin na magkaroon ng lalong matibay na mga patotoo na ang simbahang ito ay totoo, na ito ay ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith at ang lahat ng mga pagpapala ng walang-hanggang buhay ay makukuha ng matatapat.

# 50 Sa Tagapayo ng Korum: Pagbuo ng mga Aralin mula sa mga Talumpati sa Pangkalahatang Komperensiya

**LAYUNIN**

Ang mga salita ng mga buhay na propeta ay napakagandang pagkunan para sa mga karagdagang aralin. Kapag kailangan mo ang mga karagdagang aralin, pumili sa mga pangkasalukuyang talumpati sa komperensiya na nakalathala sa *Ensign* at sa mga pandaigdig na magasin. Ang paghahanda at pagbibigay ng mga araling ito ay makapagbibigay sa iyo ng mga pagkakataon na mapatnubayan ng Espiritu sa pagsasabi sa mga tiyak na pangangailangan ng mga kabataang lalaki. Paunang sabihin sa mga kabataang lalaki kung aling mga talumpati ang ituturo nang sa gayon sila ay magiging handa para sa talakayan. Sa pagbubuo ng mga araling ito, umasa sa mga turo ng Pangkalahatang Awtoridad, mga talumpati sa komperensiya, at sa mga banal na kasulatan.

**PAGHAHANDA**

Sundin ang gayon ding hakbang na paghahanda at paglalahad ng mga araling ito na sinusunod mo para sa mga aralin sa manwal. Bilang karagdagan, ang mga sumusunod na hakbang ng paghahanda ay makatutulong:

1. Magpasiya nang may pananalangin kung aling alituntunin ng ebanghelyo o ideya ang ituturo sa piniling talumpati. Magbanghay ng dalawa o tatlong tulong na ideya na makatutulong sa pangunahing ideya.
2. Magpasiya kung ano ang gusto mong makamtan bilang bunga ng aralin. Halimbawa, gusto mo bang tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan ang isang alituntunin, madagdagan sa pananampalataya, mahubog ang pag-uugali, o maganyak na baguhin ang kanilang gawi?
3. Isaayos ang mga kagamitan sa aralin. Maghanap ng karagdagang sipi mula banal na kasulatan na ginagamit ang Gabay sa Paksa o talatuntunan sa tatluhang kombinasyon. Tanungin ang katiwala ng aklatan sa bahay-pulungan para sa mga angkop na larawan.
4. Maghanda ng mga katanungan tungkol sa mga piniling sipi at banal na kasulatan sa talumpati. Ano ang ibig sabihin ng mga sipi at mga sipi mula sa banal na kasulatan? Inihalintulad ang mga ito sa mga kabataang lalaki (tingnan sa 1 Nefias 19:23).
5. Pumili ng mga pamamaraan ng pagtuturo na kabibilangan ng mga kasapi ng klase at magtalaga ng mga kasapi ng klase upang makilahok. Sumangguni sa *Teaching—No Greater Call* (33043)para sa mga paliwanag ng mga pamamaraan ng pagtuturo.

Ang kaalaman sa sumusunod na pahina ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa paghahanda ng isang aralin mula sa isang talumpati.

**BANGHAY ARALIN**

Ang sumusunod na tsart ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa paghahanda ng isang aralin mula sa isang talumpati.

Pamagat ng talumpati: ____________________

Alituntunin ng ebanghelyo o pangunahing ideya: ____________________

Mga tulong na ideya: ____________________

| | |
|---|---|
| 1. Ipakilala ang alituntunin ng ebanghelyo at mga tulong na ideya. | • Isulat ang alituntunin ng ebanghelyo at mga tulong na ideya sa pisara. Gumamit ng pakay-aralin, kuwento, larawan o mapamukaw na katanungan sa pagpapakilala ng aralin. |
| 2. Ilahad ang katawan ng aralin. | • Hanapin at talakayin ang mga sipi mula sa mga banal na kasulatan na nasa talumpati at ang anumang karagdagang sipi mula sa mga banal na kasulatan upang liwanagin ang alituntunin ng ebanghelyo. |
| • Talakayin kung ano ang sinasabi ng Panginoon at ng kanyang mga propeta tungkol sa alituntunin ng ebanghelyo. | • Magtanong tungkol sa mga sipi mula sa talumpati. Magsalaysay ng mga kuwento at halimbawa sa mga talumpati upang ilarawan ang alituntunin ng ebanghelyo. |
| • Talakayin kung paanong ang pamumuhay ng alituntuning ito ay maaaring makapagpalaki ng ating pananampalataya at nakatutulong sa atin na gumawa ng mabubuting pasiya at malutas ang ating mga suliranin. | • Magtanong at akayin ang mga talakayan na makatutulong sa mga kabataang lalaki na isagawa ang alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang mga buhay. |
| | • Anyayahan ang mga kasapi ng klase na magbahagi ng mga karanasan, damdamin at patotoo tungkol sa paksa na iyong tinalakay. Idagdag ang iyong mga nararamdaman. |
| 3. Tapusin sa pamamagitan ng pagbubuod sa itinuro. | • Magpatotoo sa katotohanan ng alituntunin ng ebanghelyo na iyong itinuro at kahalagahan nito sa iyong buhay. |



1

© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved





© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved



© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved






© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved



*Jesus Raising Lazarus from the Dead*, by Carl Bloch. Original at the chapel of Frederiksborg Castle, Denmark. Used by permission of the Frederiksborg museum.




© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved





Printed by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.



© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved





© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved





© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved



© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved



© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved



© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved



© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved



© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved



© by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

4 02348 22893 9
34822 893